DICCIONARIO
Hispano - Tagalo

DICCIONARIO

HISPANO - TAGALO

Diccionario Hispano-Tagalo

ó

"AKLAT NG MGA PANGUNGUSAP NA KASTILA AT TACALOG"

Tomado de varios Diccionarios de la Lengua Castellana, especialmente del de la Real Academia Española.

POR

ROSENDO IGNACIO



Primera Edición





TEL. 3099.

Rosario 225, Binondo.

MANILA, ENERO, 1922

PROLOGO

El objeto primordial que me ha impulsado al escribir este DICCIONARIO HISPANO-TAGALO O AKLAT NG MGA PANGUNGUSAP NA KASTILA AT TAGALOG, era el propósito de servir una vez mas y ayudar en cierto modo a muchos de los jovenes que en actualidad estudian en las aulas donde predomina la enseñanza del castellano, porque de el pueden consultar sus dudas acerca del verdadero y acertado significado de un termino castellano en equivalencia del de nuestro propio idioma.

Este Diccionario puede considerarse el mejor con respecto a los otros ya publicados hasta ahora, porque consta de numerosos y abundantes terminos, con inclusion de muchas locuciones latinas usuales tanto en las conversaciones como en algunos libros de texto.

Creo que está por demas decir tantas palabras para convencer a los lectores de la distincion que ofrece este libro; solo les aconsejaría que lo tengan a la vista para su comprobacion. Y como no hay obra humana perfecta, sobre todo en materia lexicografica, espero que mis lectores, si observaren deficiencias en este Diccionario Hispano-Tagalo, sabrán disimularlas en consideración al extremado celo que se ha puesto en mejorarlo y poder ofrecerles un libro tan util é interesante.

El Autor.

Malabon, Rizal, 30 de Enero, 1922.

ABREVIATURAS USADAS EN ESTE DICCIONARIO

MGA DAGLING PANGUNGUSAP NA GINAGAMIT SA DICCIONARIONG ITÓ.

a. activo.
Acad. Academia.
acep. acepción.
adj. adjetivo.
Adm. Administración.
adv. adverbio, adverbial.
adv. af. adverbio de afirmación.
adv. c. adverbio de cantidad.
adv. comp. adverbio de comparación.
adv. d. adverbio de duda
adv. l. adverbio de lugar.
adv. m. adverbio de modo.
adv. n. adverbio de negación.
adv. ord. adverbio de orden.
adv. t. adverbio de tiempo.
Agric. Agricultura.
Agrim. Agrimensura.
Alb. Albañillería.
Alg. Álgebra.
amb. ambiguo.
Amér. América.
Anat. Anatomía.
ant. anticuado.
ár. árabe.
arc. arcaismo.
Aritm. Aritmética.
Arq. Arquitectura.
art. artículo.
Art. Arte.
Artill. Artillería.
Astron. Astronomía.
Astrol. Astrología.
aum. aumentativo.
aux. auxiliar.
Av. Aviación.
B. A. Bellas Artes.
barb. barbarismo.
Bot. Botánica.
Cant. Cantería.
Carp. Carpintería.
Cir. Cirugía.
col. colectivo.
Com. Comercio.
com. común.
conj. adver. conjunción adversativa.
conj. caus. conjunción causal.

conj. comp. conjunción comparativa.
conj. cond, conjunción condicional.
conj. cont. conjunción continuativa.
conj. cop conjunción copulativa.
conj. dist. conjunción distributiva.
conj. disy. conjunción disyuntiva.
conj. fin. conjunción final.
conj. il. conjunción ilativa.
defec. defectivo.
deriv. derivado.
despect. despectivo.
Dib. Dibujo.
dim. diminutivo.
Dro. Derecho.
Ecles. Eclesiástica.
Elec. Electricidad.
elipt. elíptica.
Esc. Escultura.
f. femenino.
fam. familiar.
Farm. Farmacia.
fig. figurado.
Filos. Filosofía.
Fisiol. Fisiología.
For. Foro.
Fot. Fotografía.
frs. frase.
genit. genitivo.
Geog. Geografía.
Geol. Geología.
Geòm. Geometría.
gr. griego.
Gram. Gramática.
hebr. hebreo.
Hig. Higiene.
impers. impersonal.
Impr. Imprenta.
indef. indefinido.
indet. indeterminado.
interj. interjección.
interrog. interrogativo.
irreg. irregular.
lat. latín.
Jurisp. Jurisprudencia.
Liter. Literatura.
loc. locución.
Log. Lógica.
m. masculino.
m. y f. masculino y femenino.
m. adv. modo adverbial,
Mar. Marina
Mat. Matemáticas.
Mecan. Mecánica.
Med. Medicina.
Metal. Metalurgia.
Mil. Milicia.
Miner. Mineralogía.
Mit. Mitología.
Mus. Música.
n. neutro.
negat. negativo ó negativa.
n. pr. nombre propio.
num. numeral.
p. a. participio activo.
pers. personal.
Pint. Pintura.
pl. plural.
Poet. Poética.
Polit. Política.
poses. posesivo.
p. p. participio pasivo.
pref. prefijo.
prep. preposición.
pron. pronombre.
Quim. Química.
r. reflexivo.
rec. recíproco.
rel. relativo.

Rel. Religión.
Ret. Retórica.
s. sustantivo.
sánsc. sánscrito.
sing. singular.
suf. sufijo.
superl. superlativo.
Teol. Teología.
V. Véase,
v. a. verbo activo.
v. n. verbo neutro.
v. r. verbo reflexivo.
Zool. Zoología.



ADVERTENCIA

Las diversas acepciones de una palabra van separadas por dos rayas verticales (‖)

PATALASTÁS

Ang mg̃a ibá't ibáng kahulugan ng̃ pang̃ung̃usap ay pinaghihiwalay ng̃ palatandaang dalawáng guhit na patayô na katulad nitó (‖)

A

A. (sa sánsc. *ákara*: sa gr. *alpha*; sa hebr. *aleph*. f. Unang titik ng̃ abakadáng kastilà at siyáng kaunaunahan sa kaniyáng mg̃a *vocal*. ‖ Ginagamit sa pagyarì ng̃ maraming paug̃ung̃usap, naroón ang gawíng nang̃ung̃unang titik, gaya ng: *Abajar*, *Aminorar*; naroón ang magturò ng̃ pinagbuhatan, gaya ng̃ *Afilar*, *Aleccionar*.

A. (buhat sa lat. *ad.* ó *ab.*) prep. Nagbabadyá ng̃ kinauuwián ng̃ gawain ng̃ verbo, gaya ng̃: *Amo a Dios* ‖ Nagpapakilala ng̃ tung̃uhing tagláy ó kahángganang tinutung̃o ng̃ isáng tao ó bagay, gaya ng̃: *Voy A casa*; *la carta viene dirigida Á ti* ‖ Tumutukoy ng̃ poók ó panahóng pinangyayarihan ng̃ isáng bagay, gaya ng̃: *Me detuve A la puerta*; *saldre A la tarde.* ‖ Tumutukoy gayun din ng̃ katayuan ng̃ mg̃a tao ó mg̃a bagay, gaya ng̃; *A mi derecha: A la orilla del rio* ‖ Nagpapakilala ng̃ agwát ó panahóng humahatì sa mg̃a bagaybagay, gaya ng̃; *De balcon A balcon*; *de mes A mes.* ‖ Nagpapakilala ng̃ ayos ng̃ gawâ, gaya ng̃: *Paso A Paso*; *A palos.* ‖ Nang̃ung̃una sa pagpapakilala ng̃ halagá ng̃ mg̃a bagay, gaya ng̃: *A cinco pesos el metro.* ‖ Nagtuturò ng̃ pamamahagi ng̃ kapakinabang̃án, gaya ng̃: *Dos A dos*; *A seis por ciento.* ‖ Nagbabadyá ng̃ pagkakapnib o pagkakahiwaláy ng̃ mg̃a bagaybagay, gaya ng̃: *A semejanza de, A diferencia de esto.* ‖ Nagbabadyá gayun din ng̃ pagkakaparis ó pagkakasalung̃át ng̃ dalawáng tao ó ng̃ dalawáng paglilining, gaya ng̃: *Va mucho de este A aquel*; *de decirlo A hacerlo.* ‖ Kapág nang̃ung̃una sa mg̃a tiempo ng̃ infinitivo sa mg̃a pananalitâng may pasubaling kahulugán, ay nagiging kaisá ng̃ conj. SI, gaya ng̃: *A decir verdad; A saber de antemano lo que había de ocurrir.* ‖ Nagagamit sa halíp ng̃

CON, 1ª acep.; gaya ng̃: *Labrado A cincél; dorado A fuego.* ‖ Sa halip ng̃ HACIA, gaya ng̃: *Vino A mi como una flecha.* ‖ Sa halip ng̃ HASTÁ, 1ª acep., gaya ng̃: *Caminaba con el lodo A la rodilla.* ‖ Sa halip ng̃ JUNTO Á, gaya ng̃: *A la orrilla del mar.* ‖ Sa halip ng̃ PARA, 1ª acep., gaya ng̃: *A beneficio del público.* ‖ Sa halip ng̃ POR, 1ª acep, gaya ng̃: *A petición suya.* ‖ Sa halíp ng̃ SEGÚN, 1ª acep., gaya ng̃: *A estilo del país; A lo que parece* ‖ Nang̃ung̃una sa maraming "modo ó frase adverbial", gaya ng̃: *A contrapelo; A hurtadillas; A pie juntillas.* ‖ Ipinang̃ung̃usap sa mg̃a salitáng pinagsama ó vocablos compuestos, na may sarisaring pang̃ang̃ahulugán, gaya ng̃: *Acoger, Avenir.* ‖ Ikinakabít sa unahán ng̃ pang̃ung̃usap upáng magbadyá ng̃ alít na kahulugán, gaya ng̃: *Acromatico; Anormal.*

ABA. (sa lat. *abba*; sa hebr. *ab.* amá). m. Pang̃alang itinatawag ng̃ unang panahón ng̃ mg̃a tagá Alejandría sa kaniláng pintakasi ó *patriarca.* ‖ Tawag ng̃ mg̃a kapatid na batà sa kapatid na nakatatandâ sa kanilá, bilang pagpipitagan, at kahalimbawà ng̃ *kuya* sa tagalog.

¡ABÁ! interj. Bukángbibíg na karaniwan sa iláng lahing pilipino, na nagbabadyá ng̃ dusa, panggigilalás at ibp.

AB ABRUPTO. loc. lat. na ginagamit upang ipakilala na ang isáng bagay ay ginagawâ ó sinasabi ng̃ daglîan ó ng̃ hindî nahahandâ.

ABACÁ. m. *Bot.* Abaká

ABACANTO. m. *Zool.* Isdáng waláng tiník.

ABACERÍA. f. Tindahan ng̃ mg̃a sarisaring kinakain. ‖ Tindahan ng̃ mg̃a isdâ ó ng̃ mg̃a lamáng kati.

ABACERO, RA. m. y f. Nagtitindá ng̃ mg̃a sarisarì.

ABAD. m. Ang mataás na namumunò sa monasteryo ó simbahan.

ABADESA. f. Kakapatíd na nakatataas sa isáng kapisanan o kumbento ng̃ mg̃a mongha.

AB ÆTERNO. loc. lat: Mulâ sa waláng hanggá ‖ Pagkaraka na.

ABAJO. adv. l. Sa ibabâ. ‖ Sa hulihán ‖ Dar abajo. Manaog. ‖ Venirse abajo. Mahulog; malagpak.

¡ABAJO! interj. Nagsasaysay ng̃ paguutos at nang̃ang̃ahulugán ng̃ *bumaba ka ó bumaba kayo.* (baja, baje usted ó bajad) ‖ Sigáw na nagpapakilala ng̃ dî pagsangayon.

ABALANZAMIENTO. m. Pagtimbang. ‖ Pagdaluhong.

ABALANZAR. v. a Timbang̃ín. ‖ Iabóy. ‖ v. r. Dumaluhong; sumubò sa pang̃anib.

AB ALIO SPECTES ÁLTERI QUOD FÉCERIS. loc. lat. Sinomang gu-

magawâ nḡ masamà sa kaniyáng kapuwâ ay umasang gagawán din namán nḡ kasamán nḡ ibá.

ABALORIO. m. Manik.

ABANDONABLE. adj. Karapatdapat pabayaan; mapababayaan.

ABANDONADO, DA. p. p. nḡ Abandonar. ‖ adj. Tamád; pabayâ; waláng wastô. ‖ Nakalimutan; waláng magkupkop; tapon.

ABANDONAR. v. a. Ipaubayà; talikdan; pakalátka'atin. ‖ Iwalay, iwang magisá ó sa kahirapan ang isang tao. ‖ Huwag tumupád sa isáng tungkulin. ‖ v. r. Magpabayà sa sariling kapakanan, sa mḡa tungkulin ó sa pagaalagà sa sariling katawán. ‖ Sumukò. ‖ Dumaluhong.

ABANDONATIVO, VA. adj. Mapagpabayà.

ABANDONO. m. Pagpapabayà; kapabayaan. ‖ Kawalán nḡ pagkukupkop. ‖ Di pagtupád sa isáng tungkulin.

ABANICAMIENTO. m. Pagpapaypay.

ABANICAR. v. a. Pumaypay; paypayán. ‖ v. r. Magpaypay. ‖ fig y fam. Dumagok; magparusa.

ABANICAZO. m. Malaking pamaypay. ‖ Hampás nḡ pamaypay ó abaniko.

ABANICO. m. Pamaypay.

ABANILLO. m. Maliit na pamaypay.

ABANIQUEO. m. Pagpapaypay.

ABANIQUERIA. f. Pagawaan nḡ mḡa pamaypay. ‖ Tindahan ó kumpunihan nḡ mḡa pamaypay.

ABANIQUERO, RA. m. y f. Gumagawâ ó nagbibilí nḡ mḡa pamaypay. ‖ m. Poók na pinagtataguan nḡ mḡa pamaypay.

ABARATABLE. adj. Mamumura.

ABARATADOR, RA. adj. Nagpapamura.

ABARATADURA. f Pagkamura; kamurahan.

ABARATAMIENTO. m. Pagkamura; kamurahan.

ABARATAR. v. a. Imura; babaan ang halagà nḡ isáng bagay. ‖ Bumilí ó magbilí nḡ mura. ‖ n. y r. Mamura; mawalán nḡ halagá.

ABARCADOR, RA. adj. Lumalangkom; yumayakap.

ABARCADURA. f. Paglangkom; pagsakmal.

ABARCAMIENTO. m. Paglangkom; pagsakmál.

ABARCAR. v. a. Yakapin. ‖ fig. y fam. Lumangkóm; sumakmál. ‖ *Entre cazadores*; Bumating.

ABARRAGANADO, DA. p. p. nḡ Abarraganarse. ‖ adj. Kalunyà.

ABARRAGANAMIENTO. m. Pañgañgalunyà.

ABARRAGANARSE. v. r. Magsama nḡ labág sa batás ang isáng lalaki at isáng babae. ‖ Magkalunyaan.

ABARRANCADURA. f. Pagkabará; pagkasadsád nḡ alinmáng sasakyángdagat.

ABARRANCAMIENTO. m. Pagkasadsad nḡ alinmang sasakyángdagat; pagkabará.

ABARRANCAR. v. a. Gumawâ nḡ

mĝa libís; ilibís. ‖ v. n. *Mar.* Mabará, masadsád ang isáng daóng. ‖ v. r. Masiló.

ABARREDERA. f. Pangwa'ís; walís.

ABASTECEDOR, RA. adj. Tagapaglaan. ‖ Tagapagimbák; tagapagbilí; mañgañgalakal.

ABASTECER. v. a. Ipagtaan; ipaghandâ nĝ mĝa kailañgan. ‖ Humiñgî nĝ mĝa bagay na kinakain, iniinóm at ibáng kagamitáng kinakailañgan. ‖ v. r. Maglaan.

ABASTECIMIENTO. m. Paglalaan; pagtitinggál nĝ mĝa bagay na kailañgan.

ABASTO. m. Laang mĝa pagkabuhay sa isáng bayan ó kapisanan. ‖ m. pl. Baon.

¡ABATE! interj. Magiñgat ka sa bagay na iyan. ‖ Lumayas ka riyán. ‖ ¡Kaiiñgat!

ABATE. m. Paring may hawak na isá ó iláng mababang orden at nakasuot nĝ damít klerigong tabas romano. ‖ Paring tagaibánglupà.

ABATIDO, DA. p. p. nĝ Abatir. ‖ adj. Alipustâ; mababà; hamak.

ABATIDOR, RA. adj. Dumadagán; umiiníś.

ABATIMIENTO. m. Pagkahapay. ‖ Pagpapakumbabâ; kapakumbabâán. ‖ Panghihinà; panglulumó.

ABATIR. v. a. Maghapay. ‖ Umayop; umalimura. ‖ v. r. Mahapay; máwasák. ‖ v. n. *Mar.* Malihis ang isáng sasakyángdagat sa gawíng patutunĝuhan.

ABDICACIÓN. f. Kusangloób na pagtanggí sa isáng katungkulan. ‖ Pagtiwalág sa isáng pangkating pulítiko.

ABDICAR. v. a. Tanggihán ang isang katungkulan. ‖ Isalin ang kurona ó kaharián sa ibá. ‖ Tumiwalág sa pangkating kinaaaniban

ABDITIVO, VA. adj. Makapagkukublí; makapagtatagò.

ABDITORIO. m. Pagpapahiñgá; pagiisá. ‖ Poók na laang pagtaguan nĝ isáng bagay.

ABDOMEN. m. Pusón; tiyán

ABDOMINAL. adj. Nauukol sa pusón ó tiyán.

ABDOMINIA. f. Malabis na kayamùan.

ABDUCCIÓN. f. Paglalabás. ‖ Pañgañgatuwiran. ‖ Paghihiwaláy nĝ isáng bahaging bumubuô sa pinakakatawán. ‖ Pagagaw sa pamamagitan nĝ paghimok ó nĝ dahás.

ABDUCIR. v. a. Pañgatuwiranan. ‖ Salansañgín ang isáng palagáy.

ABECÉ. m. Abakadâ. ‖ fig. Mĝa pasimulâ nĝ isáng karunuñgan.

ABECEDARIO. m. Abakadâ. ‖ Pagkakasunódsunód nĝ mĝa titik nĝ isáng wikà. ‖ Kartel ó maliít na aklát na kinatatalâan nĝ mĝa titik nĝ abakadâ na ginagamit sa pagtuturò nĝ pagbasa.

ABEJA. f *Zool* Pukyutan; kamumò. ‖ *Astrol.* Lipon nĝ apat na bituin nĝ panglimáng lakí.

ABEJAR. m Poók na kinadoroonan nĝ mĝa bahaypukyutan.

ABEJARÓN. m. *Zool.* Higad.

ABEJARUCO. m. Ibong humahagad

nḡ mḡa pukyutan. ‖ fig. Tao na ang pakikiharán ay nakagagalit.

ABEJÓN. m. *Zool.* Pukyutang lalakí.

ABEJORRO. m. *Zool.* Bubuyog

ABERTURA. f Pagbubukás; pagkabukás. ‖ Biták; butas; siwang ‖ fig. Katapatang loob; kakinisan sa pakikiharáp.

ABESTIADO, DA. adj. Parang hayop.

ABESTIARSE. v. r. Magpakahayop; magasal hayop.

AB HOC ET AB HAC. loc. lat. waláng ayos; gulúngguló.

ABIERTO, TA. p. p irreg. nḡ Abrir. ‖ adj. Bukás. ‖ Waláng bakod; tiwangwáng. ‖ fig. Matapát na kalooban.

ABIGOTADO, DA. adj May bigote ó may balbás sa nḡusò.

AB IMO PÉCTORE. Loc lat. Sa kaibuturan nḡ pusò.

AB INITIO. Loc. lat. Sa mulâ't mulâ pa; sa kaunaunahan.

AB INTESTATO. loc. lat. Waláng testamento ó kasulatan.

ABISMADO, DA. p p. nḡ Abismar. ‖ adj. Lupaypay; lugamì; lubóg. ‖ Natilihan; nawalán nḡ loob. ‖ Waláng imík.

ABISMAR. v. a. Ibulusok; ilubóg. ‖ Lituhín; ibapay. ‖ v. r. fig. Magnilay. ‖ Mabapay.

ABISMO. m. Kailaliman; bulusok. ‖ *Geol.* Bangín. ‖ fig. Impiyerno.

ABJURABLE. adj. Matatalikdan ó dapat talikdan ang kamaliang kinahulugan. ‖ Malî; lisyâ.

ABJURACIÓN. f. Panumpâang pagtalikod sa kamaliang kinahulugan.

ABJURAR. v. a. Tumalikod na may panunumpâ sa kamaliang kinahulugan. ‖ Tumakwíl sa mḡa lumang pagpapalagáy.

ABLANDABLE. adj. Mapalalambót.

ABLANDADOR, RA. adj. Nagpapalambót.

ABLANDAMIENTO. m. Pagpapalambót; panglalambót

ABLANDAR. v. a. Magpalambót; palambutín. ‖ fig. Magpahupâ nḡ kagalitan. ‖ v. n. Lumangbót; magbawas ang bagsík nḡ panahón.

ABLANDATIVO, VA. adj. Nagpapalambót.

ABLEPSIA. f. *Med* Pagkabulag ‖ fig. Pagkasirà nḡ isip.

ABLUCIÓN. f. Paghuhugas. ‖ Paglilinis sa pamamagitan nḡ tubig ayon sa isáng alituntunin nḡ mḡa parì. ‖ Ang kaugaliang ginagawâ nḡ parì sa loob nḡ pagmimisa, na paglilinis nḡ kalis at paghuhugas nḡ mḡa dalirì matapos na maubos ang lamán.

ABNEGACIÓN. f. Pagpapakahirap sa paglilingkód sa Diyos ó sa kabutihan nḡ kapuwâ. ‖ Pakikisangayon.

ABNEGAR. v. a. Tumalikod nḡ kusangloób sa mḡa nasà, damdamin, katuwàan ó mḡa kapakinabanḡan. ‖ Pawalánghalagá; alípustain.

ABOBADO, DA. p. p. nḡ Abobar. ‖ adj. Parang tanḡá; anyô ó ki-

los tangá. || May pagkamapagpatawá.

ABOBAMIENTO. m. Katangahán; kahangalan; pagkahangál.

ABOBAR. v. a. Gawíng tangá. || Ungasín; hangalín; paglibátlibatín ang isip. || v. n. Mahibáng; mabalíw; malibát ang isip.

ABOCAMIENTO. m. Pagtaban sa bibíg. || Paglalapít; paglapit.

ABOCAR. v. a. Tabanan ng bibíg. || Ilapit. || Magbukás ng daan. || v. r. Magkakita; magsalitaan.

ABOCHORNABLE. adj Mangyayaring umalinsangan.

ABOCHORNADO, DA. p. p. ng Abochornar. || adj. Maalinsangan; alinsangan.

ABOCHORNAR. v. a. Magpaalinsangan || *Bot.* Magkasakít ang mga halaman sa init. || fig. Humiyâ.

ABOFETEABLE. adj. Karapatdapat tampalín; matátampál.

ABOFETEADOR, RA. adj. Tumátampál.

ABOFETEADURA. f. Tampál.

ABOFETEAMIENTO. m. Pagtampál.

ABOFETEAR. v. a. Manampál; tampalín.

ABOGACÍA. f. Hanapbuhay sa panananggól; pagtatanggól.

ABOGADA. f. Asawa ng manananggól. || Manananggól na babai. || Tagapamagitang babai.

ABOGADILLO. m. Manananggól na kakauntî ang usapín.

ABOGADO. m. Manananggól na lalaki.

ABOGAR. v. n. Magtanggól. || fig. Mamagitan. || Tumulong; kumalingà; mangatawán.

ABOLENGO m. Ninunò; kanunununuan || Kayamanang minana sa kanunununuan.

ABOLIBLE. adj. Mapawawalángbisà; makakatkat.

ABOLICIÓN f. Pagpapawalángbisà; pagkatkat; pagpawì

ABOLICIONISMO. m. Doktrina ó aral ng mga kumakatig sa pagpapawalángbisà sa isáng batás ó kinaugalìan.

ABOLICIONISTA. m. y f Kapanalig ó kakampí sa ikawawaláng bisà ng isáng batás ó kinaugalian.

ABOLIDOR, RA adj. Nagpapawalángbisà sa isáng batás ó kinaugalìan.

ABOLIR. v. a. Pawalángbisà ang isáng batás ó kinaugalìan || Ihapay; lipulin; siràin; katkatín; alisín; ipagbawal; pawìin.

ABOLSADO, DA. adj. Hugis ó ayos bulsá.

ABOLLADURA. f. Pagyupì; pagkayupì; || Pagkapiíng.

ABOLLAR v. a. Gawíng hugis bola ang isáng bagay. || Yupìin; piingín; || Pamintugín sa hampás. || Magkintál sa isáng bakal sa pamamagitan ng sinsil ó martilyo || v. r. Mayupì; mapiíng.

ABOMBAR. v. a. Magpalukóng; palukungín. || Tuligín; manglitó.

ABOMINABLE. adj. Karapátdapat sumpaín; katakwíltakwil.

ABOMINACIÓN. f. Pagtatakwil.

ABOMINAR. v. a Hatulan at sumpaín ang mğa tao ó mğa bagay; kapootán. || Itakwil

ABONABLE. adj. Nararapat ó mangyayaring pagbayaran ó pagpalwalan.

ABONADO, DA. p. p nğ Abonar. || adj. Pinagpalwalan; pinagkatiwalàan || m. y f. Ang taong kumuha ng isáng likmuan sa dulaan ó alínmang tanghalan nğ panoorín.

ABONADOR, RA. adj. Nagpapalwal. || Nagbabayad.

ABONANZAR. v. n. Luminaw ang panahón; humupâ ang unós ó bagyó

ABONAR. v. a. Pagkatiwalaan. || Pagpalwalan. || Managót sa pagkakautang nğ ibá || Pabutihin ang kalagayan nğ isáng bagay || Patabâan ang lupà. || v. n. Luminaw ang panahón.

ABONARÉ. m. *Com.* Katibayang kinasusulatan nğ kapanğakuan sa pagbabayad ó pagpapalwal.

ABONO. m. Pagpapalwal; palwal. || *Agric.* Patabâ sa lupà.

ABORDABLE. adj. *Mar.* Mapagsasadsarán nğ mğa sasakyán.

ABORDAJE. m. *Mar.* Pagsadsad nğ sasakyán. || *Mar.* Pagkakabanggâ nğ dalawáng sasakyángdagat.

ABORDAR. v. a. *Mar.* Ibanggâ ang isáng sasakyángdagat sa kapwà sasakyángdagat; ilapit ang isáng sasakyángdagat sa isá. || Ipundó; isadsád. || v. n. Sumadsád; pumundó sa baybayin.

AB ORE AD AUREM. loc. lat. Ibulóng sa tainga.

ABORRASCADO, DA. p. p. nğ Aborrascar. || adj. Mapanğanib; nabagyó.

ABORRASCARSE. v. r. Bumagyó; umunós || fig. Magbago; mabalisa. || fig. Maglanğó; malanğó.

ABORRECER. v. a. Kapootan; ipagtaním; kayamután. || Iwan; ipaubayà.

ABORRECIBLE. adj Kapoótpoót; dapat ipagtaním.

ABORRECIDO, DA. p. p. nğ Aborrecer. || adj Napoót; yamót.

ABORRECIMIENTO. m. Pagtataním; pagkapoót: kayámutan.

ABORTAMIENTO. m. Pagkaagas; panğanğanák nğ walâ sa panahón.

ABORTAR. v. a. Manğanák nğ walâ sa panahón; makunan; ma agas. || v. n. *Bot.* Maunsiyamì; malagas ang bulaklak at dî magtulóy na magíng bunğa. || fig. Mabigô.

ABORTIVO, VA. adj. Sumilang nğ walâ sa panahón. || Pangpaagas; pangtunaw.

ABORTO. m. Panğanğanák nğ walâ sa panahón, pagkaagas. || *Bot.* Pagkaunsiyamì nğ mğa halaman. || fig. Ang alinmang pangbihirang likhâ nğ kalikasán.

ABOTAGAMIENTO. m. Pamamanás; pamamagâ nğ katawán.

ABOTAGARSE. v. r. Mamanás; mamagâ ang katawán. || Mamagâ ang mukhâ ó ang mğa matá. || fig. Maunğás.

ABOTONADOR. m. Panglagáy ng̃ bitonis.

ABOTONAR. v. a. Bitonesan; ibitonis. ‖ r. Magbitonis. ‖ v. n. *Bot* Mamuko ang halaman.

ABRACIJO. m. Yakap; kipkip.

ABRASADOR, RA. adj. Nakasusunog; nakapapasò.

ABRASAMIENTO m. Panununog; pagkasunog; pagkapasò

ABRASANTE. p. a. ng̃ Abrasar. Nakasusunog; nakapapasò.

ABRASAR. v. a. Pagbagahin: sunugin; pasuin. ‖ v. r. Masunog; mapasò. ‖ fig. Lugsakín ang kayamanan. ‖ fig. Humiyâ sa pamamagitan ng̃ mg̃a kilos at mabibigát na salitâ. ‖ v. r. fig. Mabalisa sa pagibig ó sa galit.

ABRAZADERA. f. Kasinggáy; pangyakap.

ABRAZADOR, RA. adj Yumayakap. ‖ m. Unang bilóg at mahabà na ikinakatang sa mg̃a bisig ó paá.

ABRAZAMIENTO. m. Pagyakap; pagyapós.

ABRAZANTE. p. a. ng̃ Abrazar. Yumayakap; yumayapós.

ABRAZAR. v. a. Yakapin; yumakap; yumapós. ‖ Tanggapín; sangayunan. ‖ fig. Sumaklaw; sumakop. ‖ fig. Akùin. ‖ v. r. Magyakapán; magyapusan.

ABRAZO. m. Yakap; yapós. ‖ Pagyakap; pagyapós.

ABREVADERO. m. Poók na painuman ng̃ mg̃a alagang hayop.

ABREVADOR, RA. adj. Tagapagpainóm ng̃ alagang hayop.

ABREVAR. v. a Magpainóm ng̃ alagang hayop. ‖ Magdilíg ó magbasâ ng̃ isáng bagay.

ABREVIACIÓN. f. Pagpapaiklî; pagpapadalî.

ABREVIADOR, RA. adj. Nagpapaiklî; nagpapadalî.

ABREVIAR. v. a. Iklîín; padalîín; paliitín. ‖ Daglîín.

ABREVIATURA. f. Daglíng pang̃ung̃usap. ‖ Paraán ng̃ pagsulat ng̃ isáng pang̃ung̃usap sa pamamagitan ng̃ isá ó iláng titik na bumubuô.

ABRIGAÑO. m. Poók na kanlóng sa hang̃in.

ABRIGAR. v. a. Kumutan: balabalan ‖ Magkaroón ng̃ mg̃a diwà, damdamin, alinlang̃an, at ibp. ‖ fig. Ampunín; tulung̃an; kupkupín. ‖ *Mar.* Ikanlóng ang sasakyángdagat sa hang̃in. ‖ v. r. Magkumot; magbalabal; kumanlóng.

ABRIGO. m. Pagkakanlong; pagbabalabal. ‖ Kumot; balabal. ‖ Poók na kublí sa hang̃in. ‖ *Mar.* Poók na pinagkakanlung̃án sa hang̃in ng̃ mg̃a sasakyángdagat. ‖ fig. Pagkupkop: pagtulong; pagampón.

ABRIL. m. Ikaapat na buwán ng̃ taón. ‖ pl. fig. Gulang na taglay sa kabataan.

ABRILLANTADOR. m. Tagapagpakináng ng̃ mg̃a mahalagáng bató. ‖ Pangpakináng; pangpakisláp ng̃ mg̃a mahalagáng bató.

ABRILLANTAR. v. a. Magpakináng; pakislapín. ‖ fig. Bigyán ng̃ higít na halagá ó ningning ang isáng bagay.

ABRIMIENTO. m. Pagbubukás.

ABRIR. v. a. Ibukás; buksán || Ibukadkád. || Busbusín || Biyakín; punitin; hatìin. || v. n Bumukadkád. || v. r. Bumukás; bumuká. || fig. Maghayág; magkatiwalà ng̃ isáng lihim.

ABROCHADOR. m. Tagapagbitonis.

ABROCHAMIENTO. m. Pagbibitonis.

ABROCHAR. v. a. Ibitonis; magbitonis.

ABROGACIÓN. f. Pagpapawaláng bisà; pagpapawaláng halagá.

ABROGAR. v. a. Pawaláng bisà; pawaláng halagá.

ABRUMADO, DA. p p. ng̃ Abrumar. || adj. Hiráp.

ABRUMADOR, RA. adj. Nagpapahirap; sumisiíl.

ABRUMAR. v. a Siilín; pahirapan || fig. Gambalain. || Pagdilimín; panglabuin. || v. r. Magdilím.

ABRUTADO, DA. p. p. ng̃ Abrutar || adj. Parang hayop.

ABSOLUCIÓN. f. Pagpapalayà; pagkalág sa sala. || Kapatawarán. || *For.* Pagpapawaláng sala sa isáng nasasakdál.

ABSOLUTISMO. m. Ayos ng̃ pamahalaan na ang ganáp na kapangyarihan ay nasa isáng tao lamang.

ABSOLUTISTA. adj. Kapanalig ó kasangayon sa pamahalaan na ang ganáp na kapangyarihan ay nasa isáng tao lamang.

ABSOLUTO, TA. adj. Ganáp; lubós. || s. Makapangyarihan.

ABSOLVENTE. p. a. ng̃ Absolver. || adj. Nagpapatawad; nagpapawaláng sala; kumakalág sa talì ng̃ kasalanan.

ABSOLVER. v. a. Patawarin; palayàin. || Kalagán ng̃ parì sa talì ng̃ kasalanan ang isáng nang̃ung̃umpisál. || *For.* Pawalang sala.

ABSORBENCIA. f. Pagsipsip; paghitít.

ABSORBENTE. p. a. ng̃ Absorber. Sumisipsip; humihitít.

ABSORBER. v. a. Sipsipín; higupin; hititín. || fig. Ubusin; lustayín ang kayamanan. || fig. Himukin; lamuyutin.

ABSORBIBLE. adj. Masisipsip; mahihitít.

ABSORCIÓN. f. Pagsipsip; paghitít.

ABSORTO, TA. p. p. ng̃ Absorber. || adj. Napataká; namanghà; natilihan; napagilalás.

ABSTEMIO, MIA. adj. Hindì umiinóm ng̃ alák.

ABSTENCIÓN. f. Pang̃ing̃ilin.

ABSTENERSE. v. r. Mang̃ilin; magpigil ng̃ kagustuhan.

ABSTINENCIA. Pang̃ing̃ilin. || Pagpipigil ng̃ pagkain ng̃ lamáng kati sa pagtupád sa ipinaguutos ng̃ pananampalataya.

ABSTINENTE. p. a. ng̃ Abstenerse. Nang̃ing̃ilin. || adj. Katamtaman sa pagkain at paginóm.

ABSTRACCIÓN. f. Pagtataimtím. || Pagilag sa pakikiharáp sa tao.

ABSTRACTO, TA. p. p. irreg. ñg Abstraer. || adj. Nauukol sa mña karunuñgan ó pagaaral na nasa pagkukurò lamang at walâ sa gawáng hayagan

ABSTRAER. v. a. Paghiwalayín sa isip. || v. n. Magpabayà; huwag pansinín. || v. r. Taimtimin.

ABSTRAIDO, DA. p. p. ñg Abstraer. || adj. Ilág sa pakikiharáp sa mña tao. || Libáng.

ABSUELTO, TA. p. p. irreg. ñg Absolver. || adj. Pinalayà; pinawaláng sala; pinatawad.

ABSURDO, DA. adj. Alít sa katuwiran; tiwalî. || m. Sabi ó gawáng alít sa katuwiran.

ABUELA. f. Iná ñg amá ó ñg iná; nunong babae. || fig. Matandang babae.

ABUELASTRA. f. Iná ñg amá ó ñg iná sa pakinabang. || Asawang kaulî ñg nunong lalaki.

ABUELASTRO. m. Amá ñg amá ó ñg iná sa pakinabang. || Asawang kaulî ñg nunong babae.

ABUELO. m. Amá ñg amá ó ñg iná; nunong lalaki. || Ninunò || fig. Matandang lalaki.

ABULTADO, DA. p. p. ñg Abultar. || adj. Matambók; makapál; malakí.

ABULTAMIENTO. m. Pagtambók; paglakí; katambukán; kalakihán.

ABULTAR. v. a. Patambukín. || Palakihín; palaparin. || fig. Palabisin. || v. n. Tumambók; umumbók.

ABUNDANCIA. f. Kasaganaan; karamihan; pagpapasasà.

ABUNDANTE. p. a. ñg Abundar. || Saganà; pasasà. || Marami; masaganà.

ABUNDAR. v. n. Sumaganà; magpasasà. || Dumami.

ABURAR. v. a. Pasuin; sunugin.

ABURRIDO, DA. p. p. ñg Aburrir. || adj. Nayayamót; namumuhî; napopoót.

ABURRIDÓR, RA. adj. Nangyayamót; nagpapagalit.

ABURRIMIENTO. m. Pagkayamót; pagkagalit.

ABURRIR. v. a. Mamagod; mangyamót; mangmuhî; mangabala; magpagalit. || v. r Mapagod; mayamót; mamuhî

ABUSADOR, RA. adj. Lumalabis; sumasagwâ

ABUSAR. v. n. Lumabis; sumagwâ; lumampás. || Magpakalabis sa paggamit ñg anománg bagay.

ABUSIÓN. f. Pamahiin; abubot.

ABUSO. m. Kalabisan; kasagwaan. || Kalabisan sa paggamit ñg anomang bagay. || Paglalò; paglampás; pagpapakalabis; pagpapakasagwâ.

ABYECCIÓN. f. Kababaan; pagkahamak; kawaláng halagá.

ABYECTO, TA. adj. Hamak; waláng halagá. || Alipustâ

ACÁ. adv. l. Dito; dini; sa gawing itó. || adv. t. (Pinañguñgunahan ñg iláng preposición at ñg ibáng adverbio, na nagbabadya ñg kasalukuyang pangyayari). Sa araw na itó; ñgayón.

ACABABLE. adj. Matatapos; mayayarì; mauubos.

ACABADO, DA. p. p. ñg **Acabar.** ‖ **adj. Tapós;** yarì; ubós. ‖ Sirâ; lumà.

ACABADOR, RA. adj. Tumatapos; yumayarì.

ACABAMIENTO. m. Pagtapos; pagyarì; pagkatapos; pagkaubos. ‖ Wakás; hanggá. ‖ fig. Kamatayan.

ACABAR. v. a. **Tapusin; yariin; wakasán.** ‖ **Ubusin.** ‖ **Sirain; lipulin.** ‖ v. r. **Maubos;** matapos; **mayarì;** malipol. ‖ v. n. **Mamatáy.**

ACADEMIA. f. **Kaakitakit na poók** sa **isáng** nayon ñg **Atenas,** na **pinagtuturuan** ni **Platón at** ñg **ibáng mñga** pahám ñg *filosofia.* ‖ **Paaralán** ñg *filosofia* **na itinatág ni Platón.** ‖ **Kapisanan** ñg **mñga taong** bihasa **sa** wikà. ‖ **Ba hay Paaralán.**

ACADÉMICO, CA. adj. **Nauukol sa paaralán** ñg *filosofia* ni **Platón.** ‖ **Nauukol sa akademya.** ‖ m. y f. **Kagawad sa isáng akademya**

ACADEMISTA. m. **Nagtuturò ó nagaaral** sa **isáng akademya.**

ACAECER. v. n. **Magkataón; mangyari; sumapit.**

ACAECIMIENTO. m. **Pagkakataón; pangyayaring** dî **sinasadyâ.**

ACALENTURADO, DA. p. p. ñg **Acalenturarse** ‖ **adj. May sinat; sinisinat.**

ACALENTURARSE. v. r. **Magkasinat; sinatin.**

ACALORADO, DA. p. p. ng **Acalorar** ‖ **adj. Nagaalab; nagniniñgas; nagaapóy.** ‖ **fig. Nagñgañgalit; nagaapóy ang kalooban.**

ACALORAMIENTO. m. **Init; pagiinit; pagniniñgas.** ‖ **fig. Pagñgañgalit; pagaapóy ñg kalooban.**

ACALORAR. v. a. **Painitin.** ‖ **Pagurin sa pamamagitan ñg malabis na paggawâ.** ‖ **fig. Pasiglahín sa paggawâ.** ‖ **v. r. Maginit.** ‖ **v. r. fig. Magapóy ang kalooban sa pakikipagusap.** ‖ **Sumiglá; uminit ang** usapan.

ACALLAR. v. a. **Patahanín.** ‖ **fig. Patahimikin; patiwasayin; awatin.**

ACAMALEONARSE. v. r. **Magsahunyañgò.**

ACANALADO, DA. p. p. **ñg Acanalar.** ‖ **adj. May kanál; nakakanalán.**

ACANALADOR, RA. adj. **Nagkakanál.** ‖ m. *Carp.* **Katám na pangkanál.**

ACANALAR. v a. Kanalán.

ACAÑONEAMIENTO. m. **Pagtudlâ; pagkanyón.**

ACAÑONEAR. v. a. **Tudlâín; kanyunin ang mñga kaaway.** ‖ **Dumigmâ sa pamamagitan ñg mñga kanyón.**

ACAPARADOR, RA. adj. **Sumasakmál; lumalangkóm.**

ACAPARAMIENTO. m. **Pagsakmál ñg mñga kalakal; paglangkóm.** ‖ **Pagiimbák.**

ACAPARAR. v. a. **Sumakmál ñg mñga kalakal; lumangkóm.** ‖ **Magimbák.** ‖ **Kumamkám.**

ACARDENALADO, DA. p. p. ñg **Acardenalar.** ‖ **adj. Namamasâ; nañgiñgitím.**

ACARDENALAR. v. a. Pagpasaín; paglatayin ang katawán. ‖ v. r. Magpasâ; maglatay.

ACAREAR. v. a. Ipamukhâ; sabihin sa haráp.

ACARICIADOR, RA. adj. Umaamò; nagaamòamò.

ACARICIAR. v. a. Amúamúin; pagpakitaang giliw. ‖ fig. Pakiharapán ang sinomán ng̃ buong giliw. ‖ fig. Sumagì; humampás ng̃ dahandahan (nauukol lagi na sa hang̃in). ‖ v. r. Magpakitaang giliw; magmahalan. ‖ fig. Magalák sa paggunitâ ng̃ isáng bagay, dahil sa hang̃ád ó pagasang makamtán.

ÁCARO. m. *Zool.* Maliít na hayop na kahawig ng̃ gagambá, waláng mg̃a matá, may mg̃a pang̃áng hugis sipit at dî nakikita kungdî sa pamamagitan ng̃ mikroskopio. ‖ Kagaw (kung sa galís.)

ACARREADOR, RA. adj. Humahakot. ‖ m. Tagapaghakot.

ACARREAR. v. a. Hakutin sa pamamagitan ng̃ karo. ‖ Ilipat ‖ fig. Pagbuhatan ó magíng sanhî ng̃ anománg bagay.

ACARREO. m. Paghakot ‖ Paglilipat; pagdadalá sa isáng dako.

ACASO. m. Pagkakataón; pangyayaring dî sinasadyâ. ‖ adv. m. Sa isáng pagkakataón. ‖ adv. d. Marahil; bakâ. ‖ *interrog.* ¿Diyatà? ¿bá?

ACATABLE. adj. Kagalanggalang; marapat pagpitaganan.

ACATAMIENTO. m. Paggalang. ‖ Kasunuran; pitagan.

ACATAR. v. a. Igalang; pagpitaganan.

ACATARRARSE. v. r. Sipunín; masipón.

ACAUDALADO, DA. p. p. ng̃ Acaudalar. ‖ adj. Masalapî; mayaman.

ACAUDALAR. v. a. Magpayaman; magtipon ng̃ salapî. ‖ Tumuklás ng̃ higít ng̃ kabanalan ó karunung̃an.

ACAUDILLAMIENTO. m. Paguutos ó pamamahalà ng̃ mg̃a kawal sa digmâ.

ACAUDILLAR. v. a. Magutos ó mamahalà sa mg̃a kawal sa digmâ. ‖ fig. Mang̃ulo sa alinmáng lapian ó pangkatin.

ACCEDENTE. p. a. ng̃ Acceder. ‖ adj. Pumapayag.

ACCEDER. v. n. Pumayag sa hinihing̃î ó ninanasà; sumangayon. ‖ Sumunód sa diwà ng̃ ibá. ‖ Pahintulutan; ayunan.

ACCESIBILIDAD. f. Paglapit; pagdaiti.

ACCESIBLE. adj. Malalapitan; mapapasok; madadaitihan. ‖ fig. Nauukol sa taong may magiliw na pakikiharáp. ‖ Nahahandâ ó may hilig na gumawâ, umisip ó dumamdám ng̃ anománg bagay.

ACCESIÓN. f. Pagpayag; pagsangayon. ‖ Paglapit, pagdaiti. ‖ *For.* Isá sa mg̃a kaparaanan ng̃ pagtatamó ng̃ kapangyarihan ó pag mamay-arì ng̃ mg̃a bagay.

ACCÉSIT. m Gantingpalang mababà.

ACCESO. m. Paglapit; pagsapit ‖ Pagsisiping ng̃ isáng lalaki at isáng babae.; pagaagulo. ‖ Landás; pasukán. ‖ fig. Pakikipagharáp sa kapuwâ. ‖ *Med.* Sumpóng ng̃ karamdaman.

ACCESORIA. f. Tahanang maliit na malapit ó karatig ng̃ malakí.

ACCESORIO, RIA. adj. Karatig; kasama. ‖ Kakabít sa malakí.

ACCIDENTADO, DA. p. p. ng̃ Accidentar. ‖ adj. Nasaktan; napapang̃anyayà.

ACCIDENTAL. adj. Hindî dakilà. ‖ Nagkataón.

ACCIDENTAR. v. a. Lumikhâ ng̃ pagkakataón ó pangyayari; magpang̃anyayà; magpahamak. ‖ v. r. Masaktág; mapang̃anyayà; mapahamak.

ACCIDENTE. m. Isáng bagay na hindî dakilà. ‖ Pagkakataón; pangyayaring dî sinasadyâ. ‖ Sakunâ; kapahamakan. ‖ *Med.* Biglang paglubhâ ng̃ karamdaman, na dî inaantay na mangyayari.

ACCIÓN. f Gawâ. ‖ Paggaláw ng̃ anománg kasangkapan ng̃ katawán ‖ Kilos; anyô. ‖ Kumpás; galáw; hikas. ‖ *Com* Bawa t bahaging bumubuô sa puhúnan ng̃ isáng samahán sa pang̃ang̃alakal. *For.* Karapatáng tinataglay sa paghing̃î ng̃ isáng bagay sa paglilitis. *Mil.* Paglalaban. ‖ *de gracia.* Pagpapasalamat.

ACCIONAR. v. n. Kumumpás upang maipaaninaw ang isáng bagay; lakipan ng̃ mg̃a kilos at kumpás ang pagsasalaysay upang magkaroon ng̃ lalong bisà at lakás. ‖ Magmímika sa pagsasalitâ.

ACCIONISTA. com. *Com.* Kasamá sa isáng samahán sa pang̃ang̃alakál.

ACECINADOR, RA. adj. Pumipindang. ‖ s. Tagapagpindang.

ACECINADURA. f. Pagpipindang; pagtutuyô ng̃ karné.

ACECINAR. v. a. Pindang̃ín

ACECHADERA. f. Pánubukan.

ACECHADOR, RA. adj. Nanunubok. ‖ s. Tagapanubok.

ACECHANZA. f. Panunubok; paniniktik.

ACECHAR. v. a. Subukan; tiktikán; manmanán.

ACECHO. m. Panunubok; paniniktik; pagmamanmán.

ACEDABLE. adj. Mangyayaring umasim.

ACEDAR. v. a. Paasimin. ‖ fig Pasamâín ang loób. ‖ v. r. Umasim. ‖ fig. Sumamâ ang loób. ‖ *Bot.* Maniláw at magkasakít ang mg̃a halaman.

ACEDÍA. f. Kaasiman. ‖ Pang̃ang̃asím ng sikmurà. ‖ fig. Kasung̃itán ng asal sa pakikiharáp.

ACEDO, DA. adj. Maasim. ‖ fig. parang sukà

ACÉFALO, LA. adj. Waláng ulo. ‖ fig. y fam. Kapós sa isip; alisagság.

ACEGUERO m. Mang̃ang̃ahoy ó namumulot ng̃ mg̃a kahoy na panggatong.

ACEITAR. v. a. Lang̃isán; pahiran ng̃ lang̃ís.

ACEITE. m. Langís.

ACEITERA. f. Babaing naglalakô ng langís. ‖ Lalagyán ng langís.

ACEITERÍA. f. Paggawâ ng langís. ‖ Tindahan ng langís.

ACEITERO. m. Lalaking naglakô ng langís.

ACEITOSO, SA. adj. Naglalangís.

ACEITUNA. f. Bunga ng olibo; asetunas.

ACELERACIÓN. f. Pagtulin.‖ Pagsulong; paguna; pagdalî.

ACELERADOR, RA. adj. Nagpapatulin.

ACELERAR. v. a. Patulinin; padaliin. ‖ v. r. Tumulin; magtulin; magmadalî

ACENDRADO, DA. p. p. ng Acendrar ‖ adj. fig. Dalisay; waláng bahid dungis

ACENDRAMIENTO. m. Pagdalisay; paglilináng.

ACENDRAR. v. a. Dumalisay ng gintô, pilak, tansô at ibá pa sa pamámagitan ng apóy. ‖ fig. Linangín; linisin.

ACENTO. m. *Gram* Diín ng pagbibigkás. ‖ Kudlít na pahiwás, na ipinaiibabaw sa isáng *vocal* ng sílaba ó pantig na binibiglâ kung bigkasín. ‖ Puntó ó tunóg ng pagsasalitâng gawî sa bawa't bayan. ‖ Wikà; awit; tinig. ‖ *agudo* Biglâ. ‖ *circunflejo.* Sinalakót. ‖ *grave.* Banayad.

ACENTUABLE. adj Malalagyán ng kudlít ó diín.

ACENTUACIÓN. f. Paglalagáy ng kudlít ó diín.

ACENTUADO, DA. p. p. ng Acentuar. ‖ adj. May kudlít. ‖ adj. fig. Masagwâ; nakauslî; matambók.

ACENTUAR. v. a. Lagyán ng diín sa pagbibigkas ang mga pangungusap. ‖ *Gram.* Lagyáng ang ibabaw ng *vocal* ng nauukol na kudlít ó *acento.* ‖ fig. Malakás na bigkasín ang isang pangungusap ó salitâ upang tumawag ng damdamin.

ACEPAR. v. n. Magugát.

ACEPCIÓN f. *Gram.* Kahulugáng ibinibigáy sa isáng pangungusap; katuturán.

ACEPILLADOR, RA. adj. Kumakatám; sumusupilyo. ‖ s. Tagakatám; tagasupilyo.

ACEPILLADURA. f. Pagkakatám; pagsusupilyo

ACEPILLAR. v. a. Katamín. ‖ Supilyuhín.

ACEPTABLE. adj. Matatanggáp; masasangayunan.

ACEPTACIÓN. f. Pagtanggáp; pagsangayon. ‖ Pagpuri.

ACEPTAR. v. a. Tanggapín; magalingín; sangayunan. ‖ *Com.* Mangakò sa pagbabayad. (nauukol sa letra de cambio, pagaré, libranza at ibp.)

ACEQUIA. f. Sangkáng padaluyan ng tubig; bangbáng.

ACEQUIAR. v. a. Gumawâ ng sangkáng padaluyan ng tubig.

ACERA. f. Tabí ng daan; bangketa. ‖ Hanáy ng mga bahay sa magkabiláng tabí ng daan.

ACERABLE. adj. Magagawáng asero ó patalím.

ACERACIÓN. f. Paggawâ ng asero ó patalím.

ACERADO, DA. p p. ng̃ Acerar. || adj. Yaring asero ó patalím. || fig. Matigás; matibay. || Matalím.

ACERAR v. a. Gawíng asero. || fig. Palakasín. || v. r. Magpalakás.

ACERBIDAD. f. Kasaklapán; kalupitán; kabagsikán.

ACERBO, BA adj. Masakláp. || Malupít; mabagsík.

ACERCA. adv. y prep. Sa malapit. || m. adv. Hinggíl sa; tungkol sa; bagay sa.

ACERCAMIENTO. m. Kalapitan; pagkakadulot. || Paglalapít ó paglapit.

ACERCAR. v. a. Ilapit; idulot. || v. r. Lumapit; dumulot.

ACERNADAR. v. a. Tabunan ng̃ abó.

ACERO. m. Asero; bakal na di-nalisay. || fig. Patalím. || fig. Lakás; tapang.

ACÉRRIMO, MA. adj. Napakalakás.

ACERTABLE. adj. Mangyayaring tiyakín; matatamaan.

ACERTADO, DA. p. p. ng̃ Acertar. || adj. Tiyák; tamà. || Nababagay; ganáp; tumpák.

ACERTAMIENTO. m. Pagkatiyák; pagkatamà; pagkatumpák.

ACERTAR. v. a. Itumpák; itamà; matamaan; matumpakán. || Matagpuán; masumpung̃án. || v. n. Matiyák; mapalaran.

ACERTIJO. m. Palaisipán; bugtóng.

ACESCENCIA. f. Pagasim; pamamanis.

ACESCENTE. adj. Umaasim; napapanis.

ACETRE. m. Tabò. || Bebenditahang muntî; lalagyán ng̃ iwiniwisík na bendita.

ACEZAR. v. n. Huming̃al.

ACEZO. m. Paghing̃al.

ACEZOSO, SA. adj. Humihing̃al; naghihigpit ang paghing̃á.

ACIAGO, GA. adj. Kulangpalad; sinasamâ.

ACÍBAR. m. Aksibal; isáng bagay na mapaít. || fig Kapaitan

ACIBARADOR, RA. adj. Nagpapapaít.

ACIBARAMIENTO. m. Pagpapapaít.

ACIBARAR. v. a. Lagyán ng̃ aksibal ang isáng bagay; papaitín. || fig. Pasukalin ang kalooban.

ACIBERAR. v. a. Pulbusín; durugíng pinongpino.

ACICALADO, DA. p. p. ng̃ Acicalar. || adj. Malinis; makintáb.

ACICALADOR, RA. adj. Lumilinis; nagpapakintáb. || m. Panglinis; pangbuli.

ACICALAMIENTO. m. Paglilinis; pagpapakintáb.

ACICALAR. v. a. Bulihin; linisin; pakintabin. || fig. Palamutihan.

ACIDEZ f. Kaasiman; asim.

ACIDIOSO, SA. adj. Tamád; pataypatay.

ÁCIDO, DA. adj. Maasim.

ACIDULADO, DA. p. p. ng̃ Acidular. || adj. Maasim ng̃ bahagyâ; maasímasím.

ACIDULAR. v. a. Lagyan ng̃ maasim ang pagka'n ó iniinó n.|| v. r. Umasim.

ACIERTO. m. Pagkatiyák; pagkatumpák; pagtamà || fig. Kabihasnán; katalinuhan; pagkatuto.

ACLAMABLE. adj. Karapatdapat ipagpuri ó itangbál.

ACLAMACIÓN. f. Paghahalál ng̃ karamihan, sa ilalim ng̃ pagkakaisá, sa isáng tao upang humawak ng̃ tungkól. || Sigáw ng̃ karamihan sa pagpupuri sa iláng tao. || Pagmamakaamò || Pagtawag sa mg̃a hayop na may pakpak.

ACLAMADOR, RA. adj Nagpupuri; nagdidiwang.

ACLAMAR. v. a. Maghalál ang karamihan sa ilalim ng̃ pagkakaisá. || Magdiwang ang karamihan sa kapurihán ng̃ iláng tao. || Magmakaamò || Tumawag ng̃ mg̃a hayop na may pakpak.

ACLARABLE adj. Mangyayaring lumiwanag.

ACLARACIÓN. f. Pagpapaliwanag; pagpapaaninaw; pagliwanag; paglinaw.

ACLARADO, DA. p. p. ng̃ Aclarar. || adj. Naipaliwanag; naipaaninaw. || Naliwanagan.

ACLARADOR, RA. adj. y s. Nagpapalinaw; tagapagpaliwanag.

ACLARAR. v. a. Hawanan || Binlawán ang damít. || fig. Ipaliwanag; ipaaninaw. || v. n. Mahawì ang dilím; magliwanag ang panahón. || v. r. Lumiwanag; umaliwa'as.

ACLARATORIO, RIA. adj. Nagpapaliwanag; nagpapaaninaw.

ACLIMATABLE. adj. Mangyayaring mahirati sa sing̃áw ng̃ lupà ó klima.

ACLIMATACIÓN. f. Paghirati ó kahiratihan sa sing̃aw ng̃ lupà ó klima.

ACLIMATAR. v. a. Hiratihin sa sing̃áw ng̃ lupà ó klima. || v. r. mahirati sa sing̃áw ng̃ lupà ó klima.

ACLOCAMIENTO. m. Paghalimhim ng̃ manók.

ACLOCARSE. v. r. Humalimhím; lumimlím ang manók ó ibon. || fig. Magpakabutibuti sa kinauupán.

ACOBARDADOR, RA. adj. Nagpapaduwág; nagpapahinà ng̃ loob.

ACOBARDAMIENTO. m. Pananakot. || Kaduwagán.

ACOBARDAR. v. a. Takutin; pahinain ang loob; gulatin. || v. r. Maduwág; matakot.

ACOCEADOR, RA. adj. Naninikad.

ACOCEAMIENTO. m. Paninikad

ACOCEAR. v. a. Manikad; manipà || fig. y fam. Yumurak; umalipustâ; umalimura.

ACOCOTAR. v. a. Mang̃otè; mangbatok.

ACOCHARSE. v. r. Yumukô.

ACOCHINADO, DA. p. p. ng̃ Acochinar. || adj. Marumí; nakaririmarim.

ACOCHINAMIENTO. m. Pagpatáy ng̃ kapuwà na ginagapos na katulad ng̃ baboy.

ACOCHINAR. v. a. Pumatáy nğ kapuwà na ginagapos na katulad nğ baboy. || fig. Hiyaín; lituhín.

ACODAR. v. a. Itukod ang siko upang maikatang ang ulo sa kamáy. || *Agric*. Magpasupling.

ACODICIAR. v. a.. Imbutín || v. r. Magimbót.

ACODO. m. *Agric*. Suplíng sa lupà.

ACOGEDIZO, ZA. adj Madalíng malikom at waláng pilì.

ACOGEDOR, RA. adj. Umaampón sa kapuwà; tumatangkilik.

ACOGER. v. a. Magpatuloy sa tahanan. || fig. Umampón; tumangkilik. || fig. Mabutihin ang isáng palagáy ó panukalà || v. r. Paampón; patangkilik; sumilong. || fig. Sumangayon sa kalooban ó pagkukurò nğ kapuwà.

ACOGETA. f. Poók na matutuluyan sa pagilag sa anománg kapanğaniban.

ACOGIBLE. adj. Mangyayari ó karapatdapat patuluyín ó ampunín.

ACOGIDA. f. Pagpapatuloy sa tahanan; pagampón. || Pagsilong; pagpapaampón. || Poók na pinagpipisanan nğ iláng mğa bagay, lalunglalu nanğa nğ mğa tubig.

ACOGIDO, DA. p. p. nğ Acoger. || m. y f. Marálitâng inaampón sa isáng bahay ampunan. || m. Pulutóng nğ mğa kabayong pinapanğinğinain sa panğinainan nğ ibá sa pamamagitan nğ naukol na kaupahan.

ACOGOLLAR. v. a. *Agric* Takpán ang mğa halamam upang huwag matunaw sa ulán || v. n. Magusbóng ang mğa halaman.

ACOGOMBRADOR, RA. adj. Nagtatabon nğ lupà sa punò nğ mğa halaman.

ACOGOMBRADURA. f. *Agric*. Pagtatabon nğ lupà sa punò nğ mğa halaman.

ACOGOMBRAR. v. a. Tabunan nğ lupà sa punò ang mğa halaman.

ACÓLITO. m. Ministro nğ simbahan na may mababang orden. || Sakristan. || *Astrol*. Ang bituing pinakamahinà ang ningning.

ACOLLONAR. v. a. fam. Manakot.

ACOMETEDOR, RA adj. Nangbabanggâ; dumadaluhong.

ACOMETER. v. a. Bumanggâ; dumaluhong; lumaban.

ACOMETIBLE. adj Malalabanan; mababanggâ.

ACOMETIDA. f Pagbanggâ; pagdaluhong.

ACOMODABLE. adj. Maibabagay; maiaayos.

ACOMODACIÓN. f. Pagbabagay; pagaayos; pagaakmâ.

ACOMODADIZO, ZA. adj Madalíng maibagay; waláng dî binabagayan.

ACOMODADO, DA. p. p. nğ Acomodar. || adj. Bagay; ayos. || Mayaman. || Maibigín sa kaginhawahan. || Katamtaman sa halagá.

ACOMODADOR, RA. adj. Nagbabagay; nagaayos. || Nagpapakasundô. || m. y f. Ang pinagkatiwalaan sa mĝa dulaan ó poók na hayág na magturò sa bawa't nagsisipanood nĝ gawíng dapat na likmuán.

ACOMODAMIENTO. m. Pagbababagay; pagaayos. || Kasunduan; kaayusan.

ACOMODAR. v. a. Ibagay; iakmâ. || Ayusin. || Ilagáy ang isáng tao ó bagay sa poók na karampatan || Pagkasunduín ang nagkakagalít. || Bigyán ang isáng tao nĝ hanapbuhay. || v. n. Matamà sa loob nĝ isáng tao ang anománg bagay. || v. r. Makipagkasundô.

ACOMODATIVO, VA. adj. Madalíng maibagay; waláng dî binabagayan.

ACOMODO. m. Pagkakabagay; katungkulan; hanapbuhay.

ACOMPAÑABLE. adj. Mangyayari ó nararapat samahan.

ACOMPAÑAMIENTO. m. Pagakbáy; pagsama. || *Mús.* Akbáy sa tugtóg.

ACOMPAÑAR. v. a. Umabay; sumama. || fig. Isama ó idagdag ang isáng bagay sa isá. || v. r. Magsamasama ang kapuwâ maalam upang tumalós nĝ isáng bagay.

ACOMUNARSE. v. r. Magsapisapì para sa isáng tunĝuhing hayág.

ACONGOJAR. v. a. Pagdusahin; pagdalambatìin; duhagihin. || v. r. magdusa; magdalambatì; maduhagi.

ACONSEJABLE. adj. Mapagpapayuhan.

ACONSEJAMIENTO. m. Pagpapayo.

ACONSEJAR. v. a. Magpayo; humatol. || v. r. Tumanggáp nĝ hatol ó payo nĝ ibá.

ACONTECER. v. n. Mangyari; magkataón

ACONTECIMIENTO. m. Pangyayari; pagkakataón.

ACOPIAR. v. a. Magbuntón; magtipon

ACOPIO. m. Pagbubuntón; pagtitipon.

ACOQUINAMIENTO. m. Pananakot. || Kaduwagán.

ACOQUINAR. v. a. Takutin; pahinàin ang loob.

ACORAZADO, DA. p. p. nĝ Acorazar. || adj Nababalot nĝ matitibay na bakal. || m Sasakyangdagat na malakí na nababalot ang labás nĝ bakal.

ACORAZAMIENTO. m. Pagpapatibay nĝ sasakyángdagat.

ACORAZAR. v a. *Mar.* Pagtibayin ang mĝa sasakyángdagat sa pamamagitan nĝ mĝa balot na bakal ó asero.

ACORDADA. f. *For* Kautusáng lagdâ nĝ isáng hukuman upang ipatupád sa mababang hukuman ang isáng bagay.

ACORDADO, DA. p. p. nĝ Acordar || adj. Gawáng pinagkayarian. || *Mus* Pinagtumâ ang tunóg.

ACORDAR. v. a. Pagkaisahán nĝ marami. || Ipaalaala; ipagunitâ. || Iayos; iakmâ || v. r. Maalaala; magunitâ. || Magkaayos; magkaakmâ,

ACORDE. adj. Kasangayon sa isáng bagay; kaisá. || m. *Mus.* Pagkakatugmâ ng̃ mg̃a tunóg.

ACORDEÓN. m. *Mus.* Istrumentong kilalá sa tawag na kurdiyón sa tagalog.

ACORNEAR. v. a. Manuwág.

ACORRALAMIENTO. m. Pagkukulóng sa kurál.

ACORRALAR. v. a. Ikulóng ang mg̃a alagang hayop sa kurál. || fig. Pahinàin ang loób; takutin. || Magbakod || fig. Kulung̃ín.

ACORTABLE. adj. Mangyayaring umiklî.

ACORTAMIENTO. m. Pagpapaiklî; pagiklî.

ACORTAR. v. a. Iklîan. || v. r. Umiklî. || v. r. fig. Madung̃ô; maumíd.

ACORVAR. v. a. Hubugin; hutukin.

ACOSADO, DA. p. p. ng̃ Acosar. || adj. Pinaguusig.

ACOSADOR, RA. adj Umuusig. || m. y f. Tagáusig.

ACOSAMIENTO. m. Pagusig.

ACOSAR. v. a. Usigin; umusig; tugisin; habulin.

ACOSTADO, DA. p. p. ng̃ Acostar. || adj. ant. Kamaganak; hinlóg. || ant. Nililing̃ap.

ACOSTAMIENTO. m. Paghihigâ; paghigâ.

ACOSTAR. v. a. Ihigâ. || *Mar.* Ipadpád sa tabí ang anománg sasakyángdagat. || v. r. Humigâ; humilig.

ACOSTUMBRADO, DA. p. p. ng̃ Acostumbrar. || adj Namihasa; nahirati.

ACOSTUMBRAR. v. a. Pamihasahin; hiratihin. || n. y r. Mamihasa; mahirati.

ACOTACIÓN. f. Paglalagáy ng̃ koto ó hanggá. || Tandang inilalagay sa panig ng̃ isang kasulatan.

ACOTADO, DA. p. p. ng̃ Acotar. || adj. May mg̃a koto ó hanggá. || May mg̃a tandang nagpapaliwanag.

ACOTADOR, RA. adj. Nagbibigáy koto ó hanggá. || Nagsisilbing magbigáy ng̃ mga tandang nagpapaliwanag.

ACOTAR. v. a. Lagyán ng̃ mg̃a tandâ ang isáng kasulatan. || Lagyán ng̃ hanggá ó koto; kotohan.

ACOYUNDAR. v. a. Lagyán ng̃ suga ó talì ang mg̃a baka.

ACOYUNTAR. v. a. Magbalansáng.

ACOYUNTERO. m. Tagapagbalansáng.

ACRÁNEO, A. adj. Waláng bung̃ô.

ACRE. adj. Masakláp sa panglasa at pangamóy; maasim. || fig. Magaspáng sa paguugalì ó sa pagsasalitâ.

ACRECENCIA. f. Pagdaragdag.

ACRECENTADOR, RA. adj. Nagpapalakí; nagdaragdag.

ACRECENTAMIENTO. m. Pagdaragdag; pagpapalakí.

ACRECENTAR. v. a. Dagdagán; palakihín. || Itaás ang isáng tao sa tungkól ó kapangyarihan. || v. r. Magdagdag; dumami.

ACRECER. v. a. Paramihin; dagdagán. ‖ v. n. Dumami; magdagdag.

ACRECIMIENTO. m. Pagdaragdag; pagpaparami.

ACREDITADO, DA. p. p. nḡ Acreditar. ‖ adj. May kabantugan; balitá. ‖ Nauukol sa sugò nḡ isáng bansâ na may taglay na kapahintulutan sa panunupád nḡ kaniyáng tungkól.

ACREDITAR. v. a. Patunayan ang isáng bagay. ‖ Ibunyî; ibantóg. ‖ Patutohanan na ang isang tao ó bagay ang siyáng kumakatawán. ‖ *Com* Pagpalwalán. ‖ v. r. Mabantóg; mabunyî.

ACREDITATIVO, VA. adj. Nagpapatutoo.

ACREEDOR, RA. adj y s May karapatáng suminḡíl; pinagkakautanḡan. ‖ fig. Karapatdapat magkamít nḡ anománg bagay.

ACRIBADOR, RA. adj. y s. Bumibitháy.

ACRIBADURA. f. Pagbitháy.

ACRIBAR. v. a. Bithayín. ‖ fig. Lagyán nḡ maraming butas ang isáng bagay.

ACRIBILLADOR, RA. adj. y s. Gumagawâ nḡ mḡa butas; tagabutas.

ACRIBILLAR. v. a. Lagyán nḡ maraming butas ang isáng bagay. ‖ Tadtarín nḡ maraming sugat ó kagát ang isáng tao ó hayop.

ACRIDOFAGIA. f. Pagkain nḡ balang.

ACRIDÓFAGO, GA. adj. y s. Kumakain nḡ balang.

ACRIMINABLE. adj. Karapatdapat paratanḡan.

ACRIMINACIÓN. f. Pagpaparatang.

ACRIMINADOR, RA. adj. y s. Nagpaparatang.

ACRIMINAR. v. a. Paratanḡan; buhatan. ‖ Bigyang sala.

ACRIMONIA. f. Kasaklapán. ‖ fig. Kagaspanḡan sa paguugalì ó sa pagsasalitâ.

ACRIMONIAL. adj. Nauukol sa kasaklapan.

ACRIMONIOSO, SA. adj. Labis nḡ sakláp.

ACRISOLACIÓN. f. Pagdalisay.

ACRISOLADOR, RA. adj. y s. Dumadalisay.

ACRISOLAR. v. a. Dalisayin sa pamamagitan nḡ apóy ang mḡa metal. ‖ fig. Liwanagan; subukin ang isáng bagay.

ACRISTIANADO, DA. p. p. nḡ Acristianar. ‖ adj. ant. Nagpakakristiyano; nagaasal binyagan.

ACRISTIANAR. v. a. fam. Gawíng kristiyano; binyagán.

ACRITUD. f Kasaklapán.

ACRÓBATA. com. Ang sumasayáw ó tumutuláy sa lubid ó kawad.

ACTA. f. Kasulatang kinatatalaan nḡ pinagusapan ó pinagkayarián sa isáng pulong. ‖ Kasulatang kinatatalâán nḡ naging wakás sa paghahalál nḡ isáng taong hahawak nḡ alínmang tungkól. ‖ pl. Kasaysayan nḡ búhay nḡ isáng martir.

ACTITUD. f. Astâ; anyô ng̃ katawán; pagkalagáy.

ACTIVAR. v. a. Padaliín; buhayin ang loób; pagalawín.

ACTIVIDAD. f. Paggawâ ‖ Kasipagan; kaliksihán sa paggawâ.

ACTIVO, VA. adj. Gumagawâ ‖ Masipag; mabísà. ‖ Maliksíng gumawâ ‖ *Gram.* Nagbabadyá ng̃ anyông gumagawâ ‖ m. *Com.* Kabuuan ng̃ lahát ng̃ mg̃a kuwalta, pautang at katibayan ng̃ isáng tao.

ACTO. m. Kilos; gawâ ‖ Pagdiriwang sa isáng bagay. ‖ Bawà't isá sa mg̃a bahagi na humahatì sa isáng dulâ; yugtô. ‖ *Log.* Gawáng hayág. ‖ de atrición. *Teol.* Pagsisisi sa pagkakasala sa Diyos, sa takot sa nalalaang kaparusahán. ‖ de contrición. *Teol.* Pagsisisi sa pagkakasalá sa Diyos, aláng-alang lamang sa Kaniyá. ‖ de posesión. Panunungkól. ‖ Acto continuo ó seguido. loc. adv. Karakaraka. ‖ En acto. m. adv, Sa ayos ng̃ paggawâ. ‖ En el acto. m. adv. Noón din

ACTOR. m. Lalaking lumalabás sa dulàan. ‖ *For.* Ang naghahablá.

ACTRIZ. f. Babaing lumalabás sa dulàan.

ACTUACIÓN. f. Paggawâ.‖pl. *For.* Kasulatan sa kinalalabasán ng̃ kahatulán ng̃ hukumang pinagsakdalán.

ACTUAL. adj. Kasalukuyan. ‖ Gumagawâ; gumaganáp.

ACTUALIDAD. f. Panahong kasalukuyan.‖Mabuting pagkakataón.

ACTUALMENTE. adv t. Panahóng kasalukuyan; sa mg̃a sandalîng ipinagbabadyá.

ACTUAR. v. n. Tumupád ang isáng tao ó bagay ng̃ kaniyang mg̃a tungkulin. ‖ Gumawâ. ‖ v. a. Isagawâ.

ACUARIO. m. Lalagyán na karaniwa'y bubog o kristal, na punô ng̃ tubig at ginagamit sa pagtitinggál ng̃ mg̃a isdâng buháy.

ACUÁTICO, CA. adj. Nabubuhay sa tubig. ‖ m pl. Ang mg̃a nagpapalagáy na ang mundó ay binubuô lamang ng̃ tubig.

ACUCLILLARSE. v r. Maningkayád

ACUCHILLADOR, RA. adj. y s nananagâ.‖Paláawáy; nangaaway

ACUCHILLAR. v. a. Managâ; mamoók; mang iwà. ‖ Patayin sa tagâ

ACUDIMIENTO. m. Pagdaló.

ACUDIR. v. n. Dumoón; gumibík ‖ Sumaklolo; umabuloy.‖Dumaló ‖ Paampón.

ACUEDUCTO. m. Padaluyangtubig; alulód.

ACUERDAMIENTO. m. Pagpipisì.

ACUERDAR. v. a. Magpisì.

ACUERDO. m. Pinagkayarìán sa isáng pulong. ‖ Pasiyá. ‖ Hatol palagáy. ‖ A'aala ‖ *Pint.* Pagkakaakmâ ng̃ mg̃a kulay ng̃ isáng kuwadro. ‖ De acuerdo. m. adv. Sangayon.

ACULEBRAR. v. a. Lumakad ng̃ paligoyligoy.

ACULLÁ. adv. l. Sa kabiláng dako; sa gawî roón.

ACUMULABLE. adj. Mapagsasama sama; mapagtitipontipon.
ACUMULACIÓN. f. Pagbubuntón, pagtitipon.
ACUMULADO, DA adj p. p. ng̃ Acumular. || adj. Buntónbuntón; pisánpisán.
ACUMULADOR, RA. adj Nagbubuntón; tumitipon. || m. Apa ratong tumitipon ng̃ elektrisidad.
ACUMULAR v. a. Magbuntón; magtipon || Magparatang.
ACUÑACIÓN. f. Pagkikintal sa pamamagitan ng̃ matulis na bakal; paggawâ ng̃ salapî.
ACUÑAR. v. a. Magkintal sa bakal. || Gumawâ ng̃ salapî. || Magpasak.
ACUOSO, SA. adj Matubig. || Makatás.
ACURRUCADO. DA. p. p. ng̃ Acurrucarse. || adj. Nakaulungkót.
ACURRUCARSE. v. r. Mang̃ulungkót upáng magkublí ó umilag sa lamíg ó sa hang̃in.
ACUSABLE adj. Maipagsusumbóng
ACUSACIÓN. f. Paratang; Sumbóng; pagsasakdal.
ACUSADO. DA. p. p. ng̃ Acusar. || m. y f Ang nasasakdal sa isáng kasalanan. || Ang nahahabla.
ACUSADOR, RA. adj. y s. Ang nagsasakdál; ang naghahablá
ACUSAR. v. a. Paratang̃an.||Ipagsumbóng; ipagsakdál; ihablá || Magbigáy alám sa pagtanggap ng̃ anománg bagay.||Magbigáy ng̃ resibo ó katunayan ng̃ pagkatanggáp
ACUSE. m. Pagbibigáy ng̃ resibo ó katunayan ng̃ pagkatanggáp.

ACHACAR. v. a. Iukol; dahilanin; iparatang.
ACHACOSO, SA. adj. Maydamdam || May bahagyang sakít.
ACHAQUE. m. Karamdamang magaan || fam. Panahón ng̃ babai. fig. Dahilán; pinagkamihasahan.
ACHAROLAR. v. a. Barnisán ng̃ makintab.
ACHETA. f. Kuliglig
ACHICADOR, RA. adj. Nagpapaliít. || m. *Mar.* Panglimás ng̃ tubig sa sasakyángdagat.
ACHICADURA f. Pagpapaliít; pagliít.
ACHICAMIENTO. m. Pagpapaliít; pagliít.
ACHICAR. v. a. Paliitín. || *Mar.* Limasín ang tubig ng̃ isáng sasakyángdagat || v. r. Lumiít. || v. r. fig Madung̃ô.
ACHICHARRADERO. m. Poók na napakainit.
ACHICHARRADOR, RA. adj. y s. Tumatayangtang; sumusunog.
ACHICHARRADURA. f. Pagtayangtang; pagkatayangtang.
ACHICHARRAR. v. a. Tayángtang̃ín; tigang̃in. || v. r. Matayangtáng. || fig. v. r. Madaráng ng̃ labis sa init.
ACHINELADO, DA. p. p. ng̃ Achinelar || adj. Hugis sinelas.
ANATOMÍA. f. Pagbusbós ó paghihiwaláy ng̃ mg̃a bahagi ng̃ katawán ng̃ tao ó hayop. ‖ Karunung̃ang nagtuturò ng̃ pagkilala ng̃ bilang, pagkakayarì, kinalalagyán at pagkakakabít ng̃ mg̃a ibá't ibáng bahagi ng̃ katawán ng̃ tao.

ANCA. f. Ang alinmán sa dalawáng bahaging humahatì sa dakong puwitan ng̃ isáng hayop. ‖ ant. Pigî.

ANCIANIDAD. f. Katandâán. || ant. Kalumàan.

ANCIANO, NA. adj. y s Matandâ. || ant. Lumà.

ANCLA. f. *Mar.* Sinapete.

ANCLADERO. m. *Mar.* Padparan ng sasakyángdagat.

ANCLAJE. m. *Mar* Pagpapadpád ng̃ sasakyángdagat.

ANCLAR. v. n. *Mar.* Pumadpád ang sasakyángdagat sa pamamagitan ng̃ sinapete.

ÁNCORA. f. *Mar.* Sinapete.

ANCORADO, DA. adj. Hugis sinapete.

ANCUVIÑA. f. *Amer.* Sa Chile, libing̃an ng̃ mg̃a taong katutubò sa isáng bayan.

ANCHICORTO, TA. adj. Malapad at maiklî.

ANCHO, CHA. adj. Malapad; maluang. || m. Kalaparan.

ANCHOA. f. Isdáng halubebay.

ANCHOR. m. Lapad; luang.

ANCHURA. f. Kalaparan. || fig. Layà; luag.

ANCHUROSO, SA. adj. Napakalapad; napakaluang.

ANDADERAS. f. pl. Sanayán sa paglakad ng̃ mg̃a batà.

ANDADOR, RA. adj. y s. Malakás lumakad. || Palakadlakad.

ANDADURA. f. Paglakad.

ANDAMIO. f. Gabáy. || Palapala.

ANDANTE. p. a. ng̃ Andar. Lumalakad. || m. *Mus.* Isá sa mg̃a kumpás ng̃ musika.

ANDAR. v. n. Lumakad. || Gumaláw ang mákina. || m. Paglakad; lakad.

ANDARIEGO, GA. adj y s. Palakadlakad.

ANDAS. f. pl. Andás. || Langkayan

ANDRAJO. m. Gulanít na basahan; pamunas.

ANDRAJOSO, SA. adj. Gulágulanít.

ANÉCDOTA. f. Maiklíng kasaysayan ng̃ isáng mahalagáng pangyayari.

ANEGABLE. adj. Inaapawan ng̃ tubig.

ANEGACIÓN. f. Pagapaw ng̃ tubig; paglubóg.

ANEGAR. v. a. Paapawin; palubugín. || Lunurin. || v. r. Umapaw; lumubóg.

ANEGO. m. *Amér.* Pagapaw.

ANEJO, JA. adj. Naaanib.

ANEMIA. f. Pamumutlâ; kakulang̃án sa dugô.

ANÉMICO, CA. adj. Maputlâ; kulang sa dugô.

ANESTESIA. f Kawalán ng̃ pakiramdam; pamamanhíd.

ANESTESIAR. v. a. Alisán ng̃ pakiramdám; pamanhirín.

ANEXAR. v. a. Ianib.

ANEXIÓN. f. Pagaanib.

ANEXO, XA. adj. Kaanib.

ANFIBIO, BIA. adj. *Zool.* y *Bot.* Nauukol sa mg̃a hayop at mg̃a halamang nabubuhay sa tubig at sa katihan.

ANFIBOLOGÍA. f. Pang̃ang̃ahulugáng dalawá.

ANFIBOLÓGICO, CA. adj. May dalawáng pang̃ang̃ahulugán.

ANFITEATRO. m. Pánooran ng̃ mg̃a sarisaring palarô. || Dulàan.

ANGARILLAS. f. pl. Hakután ng̃ mg̃a ginagamit sa pagtatayô ng̃ bahay at ibá pang bagay.

ÁNGEL. m. Sugò ng̃ Diyos; anghél.

ANGELICAL. adj. Nauukol sa mg̃a anghél.

ANGINA. f. Pamamagâ ng̃ lalamunan.

ANGOSTAR. v. a. Pakiputin. || v. r. Kumipot.

ANGOSTO, TA. adj. Makipot; masikíp.

ANGOSTURA. f. Kakiputan.

ANGUILA. f. *Zool.* Palós. || Igat.

ANGULAR. adj. Nauukol sa panulukan. || Hugis panulukan.

ÁNGULO. m. *Geom.* Panulukan.

ANGUSTIA. f. Pighatî; hinagpis.

ANGUSTIAR. v. a. Pighatìin; paghinagpisín. || v. r. Mamighatî; maghinagpís.

ANGUSTIOSO, SA. adj. Lipós ng̃ pighatî. || Nagpapahinagpís. || Namimighatî.

ANHELAR. v. n. Magsikíp ang paghing̃á. || Magnais.

ANHELO. m. Masidhîng nais.

ANHELOSO, SA. adj. Nagsisikíp ang paghing̃á. || Nagnanais ng̃ masidhî.

ANIDAR. v. n. Magpugad. || fig. Mamahay; mamugad.

ANIEBLAR. v. a. Pagulapin. || v. r. Magulap.

ANILLAR. v. a. Hugising singsing. || Singsing̃án.

ANILLO. m. Singsing. || Buklód. || Tagikáw.

ÁNIMA. f. Kaluluwá. || Kaluluwá sa purgatoryo. || fig. *Artill.* Butas ng̃ kanyón na nilalabasán ng̃ punlô. || pl. Tugtóg ng̃ kampanà sa ganáp na oras ng̃ gabí na tumatawag sa mg̃a tao upáng ipanalang̃in ang mg̃a kaluluwá sa purgatoryo.

ANIMACIÓN. f. Pagpapasiglá; pagsiglá. || Siglá; tapang.

ANIMADO, DA. p. p. ng̃ Animar. || adj. Masiglá; matapang. || fig. Masayá.

ANIMAL. m. Hayop. || adj. Napakamangmáng.

ANIMALIDAD. f. Kahayupan.

ANIMAR. v. a. Buhayin ang loób. || fig. Pasiglahín; patapang̃in. || fig. Bigyán ng̃ búhay at lakás. || v. r. Mabuhay ang loób. || v. r. fig. Sumiglá; tumapang.

ÁNIMO. Kaluluwá. || fig. Tapang; lakás. || fig. Akalà. || fig. Pagiisip. || *¡Animo!* interj. Katatapang.

ANIMOSIDAD. f. Siglá; tapang; lakás. || Matindíng galit.

ANIMOSO, SA. adj. Masiglá; matapang.

ANIQUILABLE. adj. Malilipol.

ANIQUILACIÓN. f. Paglipol; pagkalipol.

ANIQUILADOR, RA. adj. y s. Lumilipol.

ANIQUILAR. v. a. Lipulin. || Igibâ. || v. r. Malipol; magibâ. || v. r. fig. Masirà. || v. r. Mauwî sa walâ.

ANIVERSARIO, RIA. adj. Taón taón. ‖ m. Dasál at isang ginagawâ na patungkól sa kaluluwá ng namatáy sa ganáp na iká sangtaóng pagkamatáy.

ANO. m. *Anat*. Butas ng puwít.

ANOCHE. adv. t. Kagabi; kahapon sa gabí.

ANOCHECER. v. n. Gumabí. ‖ Gabihín. ‖ v. r. *Poet*. Magdilím.

ANODINO, NA. adj. y s. Nagpapahupâ ng sakít.

ANOMALÍA. f. Alít sa kalakarán.

ANONADAR. v. a. Lipulin; gibâín. ‖ fig. Pauntîín. ‖ v. r. Malipol; magibâ. ‖ v. r. fig. Umuntî.

ANÓNIMO, MA. adj. Waláng lagdá ng may gawâ; waláng pangalan ‖ m. Sulat na waláng lagdâ ng sumulat. ‖ Lihim ng kumathâ na nagkukublí ng kaniyáng pangalan.

ANORMAL. adj. Alít sa karaniwan.

ANORMALIDAD. f. Pagkakaalít sa karaniwan.

ANOTACIÓN. f. Pagtatandâ; pagtatalâ.

ANOTAR. v. a. Itandâ. ‖ Italâ.

ANSIA. f. Balisa. ‖ Masidhîng nais; paglulunggatî.

ANSIADOR, RA. adj. y s. Naglulunggatî.

ANSIAR. v. a. Paglunggatîán; naising labis.

ANSIEDAD. f. Paglulunggatî; pagnanais ng labis.

ANSIOSO, SA. adj. Naglulunggatî; nagnanais ng labis.

ANTAGÓNICO, CA. adj. Alít.

ANTAGONISMO. m. Pagkakaalít.

ANTAGONISTA. com. Kaalít.

ANTAÑO. adv. t. Ng taóng lumipas. ‖ Noóng unang panahón.

ANTÁRTICO, CA. adj. Nauukol sa gawíng timóg.

ANTE. prep. Sa haráp.

ANTEANOCHE. adv. t. Kamakalawá sa gabí.

ANTEAYER. adv. t. Kamakalawá

ANTEBRAZO. m. *Anat*. Bisig.

ANTECÁMARA. f. Tanggapan ng bahay.

ANTECEDENTE. p. a. ng Anteceder. Nangunguna ‖ m. Gawâ; salitâ ó pangyayaring nauna. ‖ *Gram* Sinusundán.

ANTECEDER. v. a. Ipagpauná. ‖ fig. Magpauná.

ANTECESOR, RA. m. y f. Ang nauna sa karangalan ó tungkulin. ‖ pl. Ninunò

ANTEDILUVIANO, NA. adj. Una sa paggunaw ng lupà.

ANTELACIÓN. f. Pagkauna.

ANTEMANO (DE) m. adv. Kapagdaka.

ANTEMURAL. m. Kutà; muóg.

ANTENA. f *Zool*. Sungay ng mga hayop na kapara ng alupihan, gagambá at ibp.

ANTENOCHE. adv. t. Kamakalawá sa gabí.

ANTENOMBRE. m. Pangalung ipinagpapauná sa ngalan, gaya ng *don*, *san*, at ibp.

ANTEOJO. m. Pangtanáw sa malayò. || Salamín sa matá.

ANTEPASADO, DA. adj. Nakaraáng panahón. || m. pl. Ninunò.

ANTEPECHO. m. Hadláng na umaabót hanggáng sa dibdib upang huwág mahulog; palábabahan.

ANTEPENÚLTIMO, MA. adj. Una sa sumunód sa hulí.

ANTEPONER. v. a. Ipagpauná; ilagáy sa unahán. || v. r. Magpauná; lumagáy sa unahán.

ANTEPUESTO, TA. p. p. irreg. ng̃ Anteponer. || adj. Nasa unahán.

ANTERIOR. adj. Nauuna; sinusundán.

ANTERIORIDAD. f. Pagkauna sa panahón.

ANTES. adv. t. y l. Una; bago. || adv. ord. Muna. || conj. adver. Bagkús. (Antes bién).

ANTESALA. f. Bahagi ng̃ bahay na dinadaanan sa pagpasok sa tanggapan.

ANTEVÍSPERA. f. Ang ikáwalóng araw ng̃ siyám.

ANTICIPACIÓN. f. Pagpapauna; pagkauna.

ANTICIPADO, DA. p. p. ng̃ Anticipar. || adj. Maaga.

ANTICIPAR. v. a. Ipagpauná. || Maguna ng̃ bayad; magpating̃a. || v. r. Magpauná; mauna.

ANTICIPO. m. Paunang bayad; pating̃a.

ANTICRISTO. m. Ang magdarayang sisipót sa lupà bago maghulíng araw na magtatatag ng̃ mg̃a aral na laban sa itinurò ni Jesucristo.

ANTICUADO, DA. p. p. ng̃ Anticuar. || adj. Lumà; hindî na ginagamit.

ANTICUAR. v. a. Lumàin; lipasin. || v. r. Malumà; lumipas.

ANTÍDOTO. m. Panglaban sa lason. || fig. Lunas.

ANTIECONÓMICO, CA. adj. Laban sa pagtitipíd.

ANTIFAZ. m. Takíp sa mukhâ.

ANTIFEBRIL. adj. Kumakalaban sa lagnát.

ANTÍFONA. f. Maiklíng panalang̃ing dinarasál ng̃ una at hulí sa isáng mahabang dasál.

ANTIFONAL. m. Aklát ng̃ maiiklíng panalang̃in.

ANTÍFRASIS. f. *Ret.* Pagpapalít sa isáng pang̃ung̃usap ng̃ ibáng alít ang kahulugán.

ANTIGUAMENTE. adv. t. Nang unang panahón.

ANTIGÜEDAD. f. Kalaunang panahón. || Ang nangyari nang unang dako.

ANTIGUO, GUA. adj. Lumà; laón. || Matandâ. || pl. Mg̃a tao nang unang panahón.

ANTIPARA. f. Pang̃anlóng; panghalang sa bahay.

ANTIPARRAS. f. pl. Salamín sa matá.

ANTIPATÍA. f. Kawalán ng̃ giliw sa kapuwà; pagkamuhî. || fig. Pagkakaalít.

ANTIPÁTICO, CA. adj. Hindî kagiliwan; nakamumuhî.

ANTÍPODA. m. adj. *Geog*. Ang nauukol sa mğa tao sa kabiláng panig nğ mundó.

ANTIPÚTRIDO, DA. adj. Laban sa pagkabulók.

ANTITUBERCULOSO, SA. adj. Laban sa sakít na pagkatuyô.

ANTOJADIZO, ZA. adj. Mapagpitang madalás.

ANTOJARSE. v. r. Magnasang mahigpit nğ mğa bagay sa udyók nğ sariling kagustuhan.

ANTOJO. m. Kagustuhang walang tuto; pitang mahigpit nğ sariling kagustuhan.

ANTORCHA. f. Sulô. || fig. Ilaw; tangláw.

ANTROPOFAGÍA. f. Pagkain nğ lamán nğ tao.

ANTROPÓFAGO, GA. adj. y s. Kumakain nğ lamán nğ tao; taong kumakain nğ kapuwà tao.

ANTRUEJO. m. Ang tatlong araw bago sumapit ang miyerkoles nğ abó.

ANUAL. adj. Taóntaón.

ANUALIDAD. f. Halagáng ibinabayag sa taóntaón.

ANUALMENTE. adv. t. Taóntaón.

ANUBLAR. v. a. Pagkulimlimín. || fig. Ikublí; ilinğíd. || fig. Lantahín. || v. r. Magkulimlim. || v. r. fig. Malantá.

ANUDAMIENTO. m. Pagbubuhól; pagkabuhól.

ANUDAR. v. a. Magbuhól. || Pagbuhulín. || v. r. Mabuhól; magkabuhól. || v. r. Maudlót ang paglakí; mabensót.

ANUENCIA. f. Kapahintulután.

ANULABLE. adj. Mapawawaláng bisà.

ANULACIÓN. f. Pagpapawaláng bisà; pagpapawaláng saysáy.

ANULAR. v. a. Pawaláng bisà; pawaláng saysáy. || adj. Nauukol sa singsíng. || Hugis singsíng.

ANUNCIACIÓN. f. Pagbabalità. || Pagbatì.

ANUNCIAR. v. a. Magbalità; magbalà. || Manghulà.

ANUNCIO. m. Pagbabalità; pagbabalà. || Balità; babalâ. || Hulà.

ANZUELO. m. Tagâ; bingwít.

AÑADIDURA. f. Dagdág.

AÑADIR. v. a. Dagdagán. || Palakihín.

AÑAGAZA. f. Panğatî. || fig. Laláng.

AÑEJAR. v. a. Lumàin ang isáng bagay. || v. r. Malumà. || v. r. Malipas.

AÑEJO, JA. Lumà; laón. || fig y fam. Lipás.

AÑICOS. m. pl. Pinagpilasan; pinagbasagan.

AÑIL. m. Tinà.

AÑO. m *Astron*. Taón.

AORTA. f. *Anat*. Malakíng ugát na tinatakbuhán nğ dugông nagbubuhat sa pusò.

AOVADO. DA. p. p. nğ Aovar. || adj Hugis itlóg, initlóg.

AOVAR. v. n. Manğitlóg.

APACENTAR. v. a. Magpakain nğ mğa hayop. || v. r. Manğinain.

APACIBILIDAD. f. Kaamùan; kababàang loób.

APACIBLE. adj. Maamò; malumanay. ‖ Payapà

APACIGUAMIENTO. m. Pagpayapà; pagawat; pamamayapà.

APACIGUAR. v. a. Payapàin; awatin. ‖ v. r. Mamayapà; tumahimik,

APACHE. m. Masamáng tao.

APADRINAMIENTO. m. Pagaanák.

APADRINAR. v. a. Maganák. ‖ fg. Magtanggól; tumangkilik.

APAGABLE. adj. Mapapatáy ang ilaw.

APAGADIZO, ZA. adj. Patayin; matagál magningas.

APAGADO, DA. p. p. ng̃ Apagar. ‖ adj. fig. May uga'ing napakalubáy. ‖ fig. Mahinà; bahagyâ. (kung ginagamit sa mg̃a salitâng *color*, *voz*, at ibp.)

APAGAMIENTO. m. Pagpatáy ó pagkamatáy ng ilaw.

APAGAR v. a. Patayín ang apóy ó ilaw. ‖ fig. Pawìin; tighawín. ‖ v. r. Mamatáy ang apóy ó ilaw. ‖ v. r. fig. Mapawì; matighaw. ‖ *Pint* Pahinàin ang kulay ó liwanag.

APALABRAR. v. a. Katipanín. ‖ v. r. Makipagtipán; makipagkayarî.

APALANCAR. v. n. Pinggahín; pasanín sa pamamagitan ng̃ pinggá.

APALEAMIENTO. m. Pagpalò; paghampás.

APALEAR. v. a. Palùin; hampasín. ‖ Pagpagín ang mg̃a damít, alpombra at ibp. sa pamamagitan ng̃ palò.

APALMADA. adj. Nakabukáng palad.

APAÑAR. v. a. Pulutin ang isáng bagay. ‖ Damputín. ‖ Umitín ‖ fam Tagpîán ó ayusin ang isáng bagay na sirâ.

APARADOR. m. Tagûán ng̃ mg̃a damít ó ulam,

APARAR. v. a. Sumaló ‖ Ihandâ, gayakán. ‖ v. r. Maghandâ; maggayák.

APARATO. m. Kagayakan. ‖ Kasangkapan,

APARCERÍA. f. Kasunduan sa pakikipagsamá,

APARCERO, RA. m. y f. Kasamá.

APARECER. v. n. Lumitáw; sumipót; pakita.

APAREJAR. v. a, Ihandâ; igayák. ‖ v. r. Maghandâ; maggayák.

APAREJO. m. Kagayakan.

APARENTAR. v. a. Magkunwarî,

APARENTE. adj. Kunwarî. ‖ Marapat. ‖ Namamalas,

APARICIÓN. f. Paglitáw; pagsipót.

APARIENCIA. f Anyô ó ayos ng̃ isáng tao ó bagay sa biglang ting̃ín.

APARROQUIAR. v. a. Magbigáy ng̃ mg̃a sukì sa nagsisipagtindá.

APARTADO, DA. p. p. ng̃ Apartar. ‖ adj. Hiwaláy; nalalayô; nabubukód. ‖ Kaibá. ‖ m. Silíd na nabubukód sa bahay. ‖ Lalagyán ng̃ sulat.

APARTADOR, RA. adj. Naghihiwaláy; nagbubukód

APARTAMIENTO. m. Paghihiwaláy; paghiwaláy. ‖ Tahanan; tirahan.

APARTAR. v. a. Ihiwaláy; ibukód; ilayô. ‖ v. r. Humiwaláy; bumukód; lumayô.

APARTE. adv. l. Sa ibáng bandá. ‖ Sa agwat; mulâ sa malayò. ‖ adv. m. Hiwaláy; may kaibahán.

APARVAR. v. a. Maghanáy nğ mğa hayà sa paggigiikán.

APASIONADO, DA. p. p. nğ Apasionar ó apasionarse. ‖ adj. Sakbibi nğ damdamin ó paggiliw.

APASIONAMIENTO. m. Pagdaramdám; paggiliw.

APASIONAR. v. a. Pagdamdamín; pasakitan. ‖ v. r. Magdamdam. ‖ v. r Mahilig nğ labis ang kalooban sa isáng tao ó bagay.

APATÍA. f. Katigasan nğ loób. ‖ Kapabayàan; katamaran.

APÁTICO, CA. adj. Matigás ang loób; pabayà; tamád.

APATUSCO. m. Gayák; palamutì.

APEAR. v. a. Iibís; ilunsád. ‖ v. r. Umibís; lumunsád. ‖ v. n. ant. Maglakád.

APECHUGAR. v. n. Itulak nğ dibdib. ‖ fig. y fam. Pumayag nğ laban sa kalooban.

APEDREAMIENTO. m. Pangbabató.

APEDREAR. v. a. Bumató. ‖ Pagbatuhanan; patayín sa pukól nğ bató. ‖ v. impers. Umulán nğ bubuúng hamóg. ‖ v. r. Magbatuhan.

APEGO. m. Hilig; pagkabuhos nğ loób; hangád; giliw.

APELABLE. adj. Maipaghahabol.

APELACIÓN. f. *For.* Paghahabol sa mataas na hukuman.

APELADO, DA. p. p. nğ Apelar. ‖ adj. y s. Ang nanalo sa usapíng pinaghahabol nğ natalo sa mataas na hukuman.

APELANTE. p. a. nğ Apelar. Naghahabol.

APELAR. v. n. *For.* Maghabol sa mataás na hukuman. ‖ fig. Makiusap sa isáng tao upang magkaroon nğ hanapbuhay ó nğ kinakailangan.

APELMAZAR. v. a. Kuyumpisín; tipiin. ‖ v. r. Makumyupis; matipì.

APELLIDAR. v. a. Tumawag at magipon nğ mğa tao sa pakikidigmâ. ‖ Tawagin ang sinoman sa kaniyáng apelyido ó pangalan. ‖ v. r. Magnğalan; magpamagát.

APELLIDO. m. Pangalawáng ngalan; pamagát; apelyido.

APENAR. v. a. Pasakitan; pagdalamhatìin. ‖ v. r. Magdalamhatì.

APENAS. adv. m. Bahagyâ. ‖ Halos hindî.

APÉNDICE. m. Bagay na kalakip ó karagdagang inihahabol sa mğa aklát.

APEÑUSCAR. v. a. Yamukusin.

APEO. m. Pagibís; paglunsád.

APERAR. v. a. Magayos ó gumawa nğ mğa karitóng panghakot.

APERCIBIMIENTO. m. Paghahandâ; paglalaan. || Babalâ.

APERCIBIR. v. a. Ihandâ; ilaan; igayàk. || Magbalà; magpahayag. || v. r. Humandâ; lumaán.

APERITIVO, VA. adj. y s. Nagbibigáy gana nḡ pagkain.

APERO. m. Katipunan nḡ mḡa kasangkapan at ibáng bagay na ginagamit sa alinmáng gawain.

APERSONARSE. v. r. Humaráp; makipagkita.

APERTURA. f. Pagbubukás.||Pagsisimulâ.

APESADUMBRAMIENTO. m. Pagnapis; pagkahapis. || Kabigatan nḡ katawán.

APESADUMBRAR. v. a. Pasamaín ang kalooban; hapisin || v. r. Sumamâ ang kalooban; mahapis; magdalamhatì.

APESGAR. v. a. Daganán; bigatán. || v. r. Bumigát.

APESTAMIENTO. m. Pagkakamatáy; salot.

APESTAR. v. a. Gumawâ nḡ ipagkakamatáy nḡ tao. || fig. Bulukín. || fig. y fam. Yamutín. || v. r. Magkamatáy ang mḡa tao.

APESTOSO, SA. adj. Sumasalot. || Mabahò. || fig. y fam. Nakagagalit.

APÉTALO, LA. adj. *Bot.* Nauukol sa mḡa bulaklak na waláng mḡa talulot.

APETECEDOR, RA. adj y s. Pumipita.

APETECER. v. a. Pumita; pakanaisin.

APETECIBLE. adj. Kapitapita; kanaisnais.

APETECIMIENTO. m. Pagpita; pagnanáis.

APETENCIA. f. Pita nḡ pagkain. || Pagnanais.

APETITO. m. Pita nḡ kalooban. || Pagkaibig sa pagkain. || fig. Pithayà.

APETITOSO, SA. adj. Tumatawag nḡ pita nḡ pagkain. || Masaráp.|| Maibigín sa maseselang na pagkain.

APIADAR. v. a. Kaawàán. || v r. Maawà.

ÁPICE. m. Dulo. || fig. Bahaging kaliítliitan.

APIÑADO, DA. p. p. nḡ Apiñar.|| adj. Hugis pinyá.

APIÑAR. v. a. Pagtipuntipunin nḡ siksikán ang mḡa tao o bagay. || v. r. Magsiksikan.

APIO. m. *Bot.* Kinsay.

APISONAR. v. a. Pisunín ang lupà nḡ pamisón.

APLACABLE. adj. Mapahuhupâ; mapalulubáy.

APLACAMIENTO. m. Pagpapahupâ; pagpapalubáy; paglubáy.

APLACAR. v. a. Pahupaín; palubayín; palubagin. || v. r. Humupâ; lumubáy.

APLANADOR, RA. adj. y s. Pumapatag || m. Pamatag.

APLANAMIENTO. m. Pagpapatag pagpapantáy.

APLANAR. v. a. Patagin; pantayín || v. r. Lumagpák; mahulog.

APLANCHADO. m. Pagpipirinsa. || Pinirinsa; pirinsahin.

APLANCHAR. v. a. irinsahín; mamirinsa.

APLASTAR. v. a Pipi-ín; pisáín. ‖ v. r. Mapipís

APLAUDIBLE. adj Kapuripuri.

APLAUDIDOR, RA. adj. y s. Nagpupuri.

APLAUDIR. v. a. Palakpakán bilang pagpupuri. ‖ Papurihan.

APLAUSO. m. Pagpupuri; pagpalakpák.

APLAYAR. v. n. Bumahâ.

APLAZAMIENTO. m. Pagtawag; pagabá.

APLAZAR. v. a. Tawagin; ababín; taningan. ‖ Ipagpaliban.

APLICABLE. adj. Maibabatay; maikakapit.

APLICACIÓN. f. Pagbabatay; pagkakapít. ‖ Gayák sa palabás na ipinaiibabaw sa mga kasuutan ng babai ‖ fig. Pagsusumikap.

APLICADO, DA. p. p. ng Aplicar. ‖ adj. Masikap; masipag.

APLICAR. v. a. Itapal. ‖ Ikapit; ibatay. ‖ fig. Ibagay; ilapat. ‖ fig. Iukol. ‖ fig. Ihinggíl ang isáng tao sa hanapbuhay. ‖ v. r. Magsikap; magsumakit sa pagaaral.

APOCADO, DA. p. p. ng Apocar. ‖ adj. Mangmáng. ‖ fig. Alipustâ; hungháng.

APOCALIPSIS. m. Aklát na kinatatalaan ng mga pahayag na sinulat ni S. Juan Evangelista.

APOCAR. v. a. Pauntiín. ‖ fig. Liitán. ‖ v. r. fig. Magpakababà; magpakaliit.

APÓCRIFO, FA. adj. Gawágawâ lamang; hindi tutoo.

APODAR. v. a. Palayawan; ngalanan ng kaibá sa tunay na pangalan ang isáng tao.

APODERADO, DA. p. p. ng Apoderar ‖ adj. Maykapangyarihan.

APODERAR. v. a. ant. Magbigáy ng kapanayarihan sa isáng tao. ‖ v. r. Magmay-arì ng isáng bagay.

APODO. m. Palayaw.

APOGEO. m. *Astron.* Gawíng kinalalagyán ng isáng bituing nasa sa malayòng agwát ng lupà.

APOLILLARSE. v. r. Kanin ng tangà ang mga damít.

APOMAZAR. v. a. *Pint.* Bugàin.

APOPLEJIA. f. Pagpipisan ng maraming dugô sa utak na siyáng ikinawawalâ ng pagiisip.

APORCADURA. f. Pagtatabon ng lupà.

APORCAR. v. a. Tabunan ng lupà sa punò ang mga halaman.

APORRAR. v. n. fam. Maumíd; hindî makahumá.

APORREADO, DA. p. p ng Aporrear. ‖ adj. y fam. Bugbóg; lamóg.

APORREAR. v. a. Bugbugín; lamugín. ‖ v. r. Malamóg; mabugbóg.

APORREO. m. Pagbugbóg; paglamóg; pagkabugbóg; pagkalamóg.

APORTAR. v. n. Pumundó sa daungan; dumaóng. ‖ fig. Sumapit sa gawíng dî sinasadyâ, pagkatapos na maligáw ang sasakyán. ‖ Magbigáy dahilán. ‖ *For.* Dalhín ng bawa't isá ang natutungkól sa samahang kinaaaniban; taglayin ang kayamanan ng lalaki ó ng babae sa loób ng pagsasama.

APOSENTAR v. a. Patuluyin; patirahín. || v. r. Manirahan; tumuloy.
APOSENTO. m. Silíd. || Pánuluyanan; tirahan.
APOSESIONAR. v. a. Papágmayarìin. || v. r. Magmayarì.
APOSTAR. v. a. Mamustá; pumustá. || Palagayín ang isá ó maraming tao ó kabuhayan sa isáng handáng poók. || v. r. Magbantáy. || v. r. Magpustahan.
APOSTASÍA. f. Pagtalikod sa pagkakristiyano. || Pagtalikod sa pananampalatayang kinamulatan.
APÓSTATA. com. Ang tumalikod sa pagkakristiyano. || Ang paring tumiwalág sa ordeng kinaaaniban. || Ang tumiwalág sa lapìang kinaaaniban upáng lumipat sa ibá.
APOSTATAR. v. a Tumalikod sa pagkakristiyano. || Tumiwalág ang isáng parì sa ordeng kinaaaniban. || Tumiwalág sa lapìang kinaaaniban upáng lumipat sa ibá.
APOSTEMA. f. Bagâ; pigsá.
APOSTEMARSE. v. r. Magkabagâ; magkapigsá.
APÓSTOL. m. Sugòng tagapangãral ng̃ Ebanghelyo; alagad ni Jesucristo.
APOSTOLADO. m. Tungkuling pagkasugòng tagapang̃aral ng̃ Ebanghelyo. || Kapisanan ng̃ mg̃a alagád ni Jesucristo || Katipunan ng̃ mg̃a larawan ng̃ labıngdalawang apostol.
APOSTÓLICO, CA. adj. Nauukol sa papa ó sa kapangyarihan nitó.
APÓSTROFO. m. *Gram.* Kudlít na kaparis nito (') na ginagamit sa iláng salitâ upáng magbadyá ng̃ pagbabawas ng̃ isáng *vocal* sa hulí ng̃ pang̃ung̃usap.
APOYAR. v. a. Itukod. || fig. Tangkilikin; tulung̃an. || fig. Patutohanan; patunayan. || v. a. Tumukod. || v. r. Pumigil; manghawak; sumandíg.
APOYO. m. Tukod; tungkód. || fig. Tangkilik; tulong.
APRECIABLE. adj. Karapatdapat halagahán. || fig. Minamahál.
APRECIACIÓN. f. Paghahalagá; pagpapahalagá.
APRECIAR. v. a. Halagahán. || fig. Mahalín.
APRECIO. m. Paghahalagá; pagpapahalagá || fig. Pagmamahál.
APREHENDER. v. a. Hulihin; dakipín. || *Filos.* Gunigunihín.
APREHENSIBLE. adj. Mahúhuli.
APREHENSIÓN. f. Paghuli; pagdakíp. || Guníguní.
APREHENSIVO, VA. adj. Mapaggunígunî; matátakutín.
APREHENSOR, RA adj. y s. Humuhuli; manghuhuli.
APREMIAR. v. a. Higpitán; pilitin. || Inisín.
APREMIO. m. Paghigpit; pagpilit. || Paginís.
APRENDER. v. a. Mágaral. || Magtandâ.
APRENDIZ, ZA. m. y f. Ang nagaaral ng̃ anománg gawâ ó hanapbuhay.

APRENSAMIENTO. m. Pagdadagán; pag mpít.

APRENSAR. v. a. Daganán; impitín. || fig. Inisín.

APRENSIÓN. f. Pagdakíp; pag huli. || Guníguní.

APRESADOR, RA. adj. y s. Dumadagit; manngdaragit.

APRESAMIENTO. m Pangdaragit.

APRESAR. v. a. Dagitin; sagpangín. || Dahasin ang isáng sasakyángdagat.

APRESTAR. v. a. Igayák ang mğa kinakailanğan; ihandâ. || v. r. Gumayák.

APRESTO. m Paggagayák ó paghahandâ nğ mğa kinakailanğan. || Handá.

APRESURADO, DA. p. p. nğ Apresurar. || adj. Dalidalì; dalosdalos.

APRESURAMIENTO. m. Pagpapadalî o pagdadalidalí.

APRESURAR. v. a. Delídaliín. || v. r. Magdalidali; magbiglâ.

APRETABLE adj. Mahihigpít.

APRETADERA. f. Taling panghigpit.

APRETADERO, RA. adj. Humihigpít. || m. Bahág.

APRETADO, DA. p. p. nğ Apretar. || adj fig. Mahirap; mapanğanib. || fig. y fam. Maramot. || Masikíp; mahigpít.

APRETADOR, RA. adj. y s. Humihigpit. || m Panghigpít.

APRETADURA. f. Paghigpit.

APRETAR. v. a. Higpitán; impitín; pisilín. || fig. Usigin. || fig. Pagpigbatíín. || fig. Sigasigin.

APRETÓN. m. Pagpisíl na malakás at biglâ || fig. Paghihikahós; kagìpitan.

APRIESA. adv. m. Madalî.

APRIETO. m. Kasikipán. || fig. Paghihikahós; pagsasalát; kagipitan.

APRISA. adv. m. Madalî.

APRISCAR. v. a. Isilong ang mğa hayop sa panğinainán.

APRISIONAMIENTO. m. Pagpiít; pagbibilanggô.

APRISIONAR. v. a. Piitín; ibilanggô || fig. Igapos.

APROBACIÓN f. Pagpapatunay. || Pagsuyok.

APROBADO, DA. p. p. nğ Aprobar || adj. Tinanggap; sinangayunan || Nakalampás sa pagsusulit.

APROBAR. v. a. Palampasín sa pagsusulìt. || Magalinğín.

APRONTAR. v. a. Ihandang madalî. || Ibigáy nğ waláng lìwag ang salapî ó ibáng mğa bagay.

APROPIACIÓN. f. Pagarì; pagkaniyá.

APROPIADO, DA. p p. nğ Apropiar. || adj. Bagay; kapit.

APROPIAR. v. a. Ipasarili; ipaarì || Ipagkaloób sa bawa't bagay ang nauukol || fig. Ibagay ó ikapit ang nauukol na pangyayari sa pinaguusapan. || v. r, Arìin; kaniyahín.

APROVECHABLE. adj. Mapakikinabanğan.

APROVECHADO, DA p. p. nğ Aprovechar || adj. May pakinabang; pinakikinabanğan. || Masikap; masipag.

APROVECHAMIENTO. m. Kapakinabangan. ‖ Pagkakasulong sa karunungan.

APROVECHAR v. n. Pakinabangan ‖ v. a. Gamitin ng may pakinabang ang isáng bagay. ‖ v. r. Samantalahin.

APROXIMACIÓN. f. Paglalapit; paglapit.

APROXIMADAMENTE. adv. c. Humigít kumulang.

APROXIMADO, DA. p. p. ng Aproximar. ‖ adj. Malapit.

APROXIMAR. v. a. Ilapit; idaiti. ‖ v. r. Lumapit; dumaiti.

APTERO, RA. adj. *Zool.* Waláng pakpák.

APTITUD. f. Kakayahán ó karapatán sa paghawak ng isáng tungkól ‖ Kaalaman ó kasanayan sa paghawak ng isáng kalakal.

APTO, TA. adj. May kaya; may karapatán sa paggawâ ng isáng bagay.

APUESTA. f. Pagpustá. ‖ Pustahan.

APUNTADO, DA. p. p. ng Apuntar. ‖ adj. Tinulisan. ‖ Nakatalâ.

APUNTADOR, RA adj. y. s. Nagtatalâ. ‖ m. Ang tagápagbulóng sa mga nagsisilabás sa dulàan sa oras ng palabás.

APUNTALAR. v. r. Maghusay; magtukod.

APUNTAR. v. a. Tudlâín. ‖ Iturò ‖ Italâ; itandâ ‖ Tulisan. ‖ Basahing iparinig sa mga nagsisilabás sa dulaan ang kasaysayan ng palabás upáng huwag malimutan.

APUNTE. m. Pagtudlâ. ‖ pl. Listahan; talaan.

APUÑALADO, DA. p. p. ng Apuñalar ‖ adj. Hugis sundang.

APUÑALAR. v. a. Saksakín ng sundang.

APUÑAR. v. a. Dakutín.

APURADO, DA. p. p. ng Apurar ‖ Mahirap; dukhâ.

APURAR. v. a. Dalisayin. ‖ Ubusin ‖ fig. Yamutín ang isáng tao hangang sa magalit. ‖ fig. Pagmadalîín ‖ v. r. Maghinagpís; magdalamhatì.

APURO. m. Kagipitan; paghihikahós sa kabuhayan. ‖ Dalamhatì.

AQUEJAR. v. a. fig. Pagdalamhatìin; pasakitan; pahirapan.

AQUEL, LLA, LLO. pron. Yaón; iyón.

AQUENDE. adv. l. Sa dako rito.

AQUESE, SA. SO. pron. Iyán.

AQUESTE, TA, TO. pron. Itó.

AQUÍ. adv. l. Dito; dini ‖ adv. t. Ngayón; sa panahóng kasalukuyan.

AQUIETAR. v. a. Patahimikin; payapàin. ‖ v. r. Tumahimik; pumayapà.

AQUILATACIÓN. f. Pagkilatis; pagurì.

AQUILATAR. v. a. Kilatisin; urìin ‖ fig. Surìin at pahalagahán ang kagalingan ng isáng tao ó ng isáng bagay.

AQUILÓN. m. Hilagà. ‖ Hanging humihihip sa hilagà.

A QUO. loc. lat. Nauukol sá hukóm na ang kahatulán ay pinaghahabol sa mataás na hukuman.

ARA. f. Altá; dalanĝinán. || Batóng binasbasán, na pinagpapatunĝan nĝ parì sa oras nĝ pag mimisa nĝ kalis, at ibá pang kagamitán.

ARADA. f. Lupàng inararo.

ARADO. m. Pagararo.

ARADOR, RA adj. y s. Magararo || m. *Zool.* Kagaw.

ARADURA. f. Pagaararo.

ARANCEL. m. Bayad na natatakdâ.

ARANDELA. f. Panĝalang sa mĝa gulóng upáng huwág magasgás sa pagkakakiskisan.

ARANERO, RA. adj. y s. Sinunĝaling; magdarayà.

ARANZADA. f. Panukat nĝ lupà.

ARAÑA. f. *Zool* Gagambá. || Ilawáng kumpúlkumpól na ibinibitin. || Lambát na panghuli nĝ mĝa ibon.

ARAÑAZO. m Kamot; galos.

ARAÑO. m. Kamot.

ARAR. v. a. Magararo; ararubin

ARBITRADOR, RA. adj. y s. Humahatol.

ARBITRAJE. m. Paghatol. || Pasyá nĝ tagahatol.

ARBITRAR. v. a, Humatol ayon sa sariling paglilining.

ARBITRARIEDAD. f. Gawáng laban sa matuwíd.

ARBITRARIO, RIA. adj. Laban sa matuwíd.

ARBITRIO. m Kapangyarihang makapagpasya sa sarili. || Pasyá nĝ tagahatol. || pl. Buwís.

ÁRBITRO, TRA. adj. y s. Ang humahatol sa kaniyáng sarili.

ÁRBOL. m. Punungkahoy.

ARBOLADO, DA. adj. Mapunungkahoy. || m. Kakahuyán.

ARBOLAR. v. a Magtaás nĝ bandilà; magladlád nĝ watawat. || *Mar.* Maglagáy nĝ layag ang sasakyángdagat.

ARBOLARIO, RIA adj y s. fig. y fam. Mangmáng. || Ang maalam sa mĝa kahoy at damó.

ARBOLEDA. f. Kakahuyán.

ARBORECER. v. n. Lumakí ang punungkahoy.

ARBÓREO, REA. adj. Nauukol sa punungkahoy.

ARBORESCENCIA. f. Paglakí nĝ punungkahoy.

ARBUSTO. m. Kahóykahóy.

ARCA. f. Kabáng malakíng may susì na pinagtataguan nĝ sarìsarìng bagay. || *Arca de Noé.* || Daóng ni Noé. || *Arca del pan.* fig. y fam. Tiyán. || fig. y fam. Slsidlán

ARCABUZ. m. Baríl.

ARCADA. f. Hubog ó arko nĝ mĝa simbahan ó tuláy. || Alibadbád nĝ sikmurà.

ARCADUZ. m. Padaluyangtubig; alulód.

ARCAISMO. m Paggamit nĝ mĝa panĝunĝusap na lipás na ó lumà.

ARCÁNGEL. m. Sugò nĝ Diyós.

ARCANO, NA. adj. Lihim; tagô; kublí. || m. Dakilàng lihim; bagay na nakatagò; poók na kublí || fig. Taong malihim

ARCEDIANO. m. Parìng may mataás na katungkulan sa simbahan.

ARCILLA. f. Lupàng putîng ginagamit sa paggawâ ng mga kasangkapang lupà.

ARCO. m. *Geom.* Bahagi ng isáng bilog; hubog. || Busog. || Balantók. || *Arco iris.* Bahághari.

ARCHIPIÉLAGO. m. Sangkapuluan.

ARCHIVAR. v. a. Ingatan at itagò ang mga kasulatan at katibayan.

ARCHIVERO. m. Ang nagiingat ng pinagtataguan ng mga kasulatan at katibayan

ARCHIVO. m. Taguán ng mga katibayan at kasulatang mahalagá.

ARDER. v. n. Magalab; magningas. || fig. Magapóy ang kalooban.

ARDID. m. Laláng; dayà.

ARDIENTE. p. a. ng Arder. Nagaalab. || adj. Nagpapainit. || fig. Masigabo; maalab.

ARDOR. m. Malakíng init. || Kasiglahán. || fig. Nais; hangád. || Tapàng; kapangahasan.

ARDOROSO, SA. adj. Mainit || fig. Maalab; masiglá; mabisà.

ARDUO, DUA. adj. Napakahirap gawín.

ÁREA. f. Sukat ng lupàng kinatatayuan ng isáng bagay. || Sukat ng lupàng may isángdaáng metrong parisukát.

ARENA. f. Buhangin.

ARENAL. m. Buhanginán.

ARENAR. v. a. Tabunan ng buhangin || Kuskusín ng buhangin.

ARENGA. f. Talumpating patungkol sa isáng taong kagalang-galang ó sa isáng kapisanan ng mga tao.

ARENOSO, SA adj. Mabuhangin, || Binuhangin.

ARENQUE. m. *Zool.* Isdáng lapád.

ARETE. m. Hikaw.

ARFADA. f. *Mar.* Paggiwanggiwang ng sasakyángdagat.

ARFAR v. n. *Mar.* Gumiwanggiwang ang sasakyangdagat.

ARGAMASA. f. Apog, buhangin at tubig na pinaghalò na ginagamit sa pagpapatongpatong ng mga bató.

ARGOLLA. f. Singsíng na bakal ó tansóng makapál.

ARGÜIR. v. n. Mangatuwiran; magbigáy ng matuwíd. || Makipagtalo.

ARGUMENTACIÓN. f. Pagmamatuwíd. || Katuwiran.

ARGUMENTAR. v. n. Mangatuwiran; magmatuwíd.

ARGUMENTO. m. Katuwiran; matuwíd.

ARIDECER. v. a. Patuyuín ang isáng bagay. || v. r. Matuyô.

ARIDEZ. f. Katuyuán; pagkakutád.

ÁRIDO, DA. Tuyô; kutád.

ARILLO. m. Hikaw.

ARISTA. f. Sungót ng̃ palay.

ARISTOCRACIA. f. Pamahalaan na ang mg̃a humahawak ng̃ tungkulin ay pawang mg̃a tanyág na tao sa bayan. ‖ Kataasang uri ng̃ mg̃a tao sa isáng bansâ.

ARISTÓCRATA. com. Tanyág na tao. ‖ Kapanalig sa pamamahalà ng̃ mg̃a tanyág na tao.

ARISTOCRÁTICO, CA adj. Nauukol sa pamahalaan ng̃ mg̃a tanyág na tao.

ARITMÉTICA. f. *Mat.* Karunung̃an sa pagbilang.

ARITMÉTICO, CA adj. Nauukol sa karunung̃an sa pagbilang. ‖ m. y f. Ang may tang̃ing kaalaman sa karunung̃an sa pagbilang.

ARLEQUÍN. m. Ang mapagpatawa sa dulaan.

ARMA. f. Sandatà. ‖ *de fuego* Baríl. ‖ p.l. Húkbô ng̃ isáng bansâ.

ARMADA. f. Hukbúngdagat.

ARMADIJO. m. Bitag, silò lambát na panghuli ng̃ mg̃a hayop.

ARMADURA f Kasuutang pananggaláng ng̃ nakikidigmâ.

ARMAMENTO. m. Kasangkapan sa digmâ.

ARMAR. v. a. Sandatahan. ‖ Pag buuin; pagkabítkabitín. ‖ fig. y fam Ihandâ. ‖ fig. y fam. Gumawâ ng̃ guló, usap at ibp. ‖ v. n. Maayos. ‖ v. r. Maghandâ sa pakikidigmâ. ‖ v. r. Magsandata.

ARMARIO. m. Taguán ng̃ mg̃a sandata. ‖ Taguán ng̃ mg̃a aklát, damít at ibp.

ARMAZÓN. f. Almasón.

ARMERÍA. f Bahay ó poók na pinagtataguan ng̃ lahát ng̃ uring sandata. ‖ Tindahan ng̃ mg̃a sandata.

ARMERO. m. Manggagawà ng̃ sandatà ‖ Manglalákò ng̃ sandatà.

ARMISTICIO. m. Pagtitigil ng̃ digmaan sa pamamagitan ng̃ kasunduan ng̃ dalawáng bansang naglalaban.

ARMONÍA. f. Pagkakatugmâ ng̃ mg̃a tunog ‖ Pagkakaayos ng̃ mg̃a bahagi ng̃ isáng kabuuan. ‖ fig. Pagkakasundô; pagkakaagpang ng̃ kalooban.

ARMÓNICO, CA. adj. Nauukól sa pagkakatugmâ ng tunóg ó pagkakasundô ‖ m. *Mus* Masaráp na tunóg ng̃ istrumentong tinutugtóg ng̃ mg̃a dalirì.

ARMONIOSO, SA. adj. Matunóg at masaráp sa pandinig.

ARMONIZACIÓN. f. *Mus.* Pag tutugmâ ng̃ mg̃a tunóg.

ARMONIZADO, DA. p. p. ng̃ Armonizar. ‖ adj. *Mus.* Magkatugmâ ang tunóg.

ARMONIZAR. v. a. Pagkasunduín; pagtugmaín. ‖ v. r. Makibagay.

ARO. m. Buklód. ‖ Singsíng na malakíng bakal.

AROMA. f. Bulaklák ng̃ aroma. ‖ Samyô; bang̃ó.

AROMATICIDAD. f. Kabang̃uhán.

AROMÁTICO. CA. adj. Mabang̃ó; masamyô.

AROMATIZACIÓN. f. Pagpapabañgó.

AROMATIZADOR, RA. adj. y s. Nagpapabañgó.

AROMATIZAR. v. a. Pabañgubín; pasamyuín.

ARPA. f. *Mus*. Alpá.

ARPADURA. f. Kamot; galos.

ARPAMIENTO. m. Pagkamot; paggalos

ARPAR. v. a. Kamutin; galusan || Pagtilástilásin.

ARPAZ. adj Mangdaragit.

ARPISTA. com. Manunugtóg ng alpá

ARPÓN. m Kalawit na bakal;

ARQUEAR. v. a. Hubugin; hutukin. || *Mar* Sukatin ang lulan ng isáng sasakyángdagat. || v. r. Mahubog

ARQUEO. m. Paghubog. || *Mar*. Lulang kaya ng isáng sasakyángdagat.

ARQUERO, m. Manggagawà ng kanán || Manggagawà ng buklód.

ARQUITECTO. m. Ang marunong sa paggawâ ng mga bahay na batò.

ARQUITECTURA. f Karunungan sa paggawâ ó pagtatayô ng mga bahay na bató at ibp.

ARRABAL. m. Nayon. || Alinmán sa mga poók na nadudulo sa isáng bayan.

ARRACADA. f. Hikaw.

ARRAIGADAS. f. pl. *Mar*. Mga lubid na pangpatibay sa mga palo ng sasakyangdagat.

ARRAIGADO, DA. adj. Nagmamayarì ng mga pagaaring lupà.

ARRAIGAR. v. n. Magugát || fg. Lumipanà || v. r. Manirahan sa isáng poók at magkaroón ng mga pagaaring lupà.

ARRAIGO. m. Paguugát. || Kayamanang mga pagaaring lupà.

ARRALAR. v. n. Dumalang.

ARRANÇA. f. Pagpitás ng mga bunga.

ARRANCADO, DA. p. p' ng Arrancar || adj. fig. y fam. Naghirap || Bunót.

ARRANCADOR, RA. adj. y s. Bumubunot.

ARRANCAR. v. a. Bunutin. || Hugutin. || fg Alising biglâ. || v. n. Sumibad ng takbó || v. r. Maghirap || v. r. Mabunot.

ARRANQUE. m. Pagbunot. || fig. Sigabo ng galit || fig. Kabiglaanan.

ARRAS. f. pl. Sanglâ. || Ang salapíng iniaabot ng lalaki sa babai sa oras ng pagkakasál.

ARRASAR. v. a. Patagin. || Gibâín; iwasák. || Punuíng punungpunô ng tubig ang isáng lalagyán || v. n. y r. Umaliwalas ang langit. || v. r. f.g. Mamalisbis ang mga luhà sa matá.

ARRASTRADA. f. fam. Masamáng babai

ARRASTRADIZO, ZA. adj. Makakaladkád,

ARRASTRADO, DA. p. p. ng Arrastrar. || adj. fig. y fam. Dukhâ; sayád ang kabuhayan. || fig. y fam. Hampáslupà.

ARRASTRAR. v. a. Kaladkarín. || fig. Hikayatin || v. r. Magisód; magipód. || v. r. fig. Magpakumbabâng labis.

ARRASTRE. m. Pagkaladkád.

ARREAR. v. a. Iabóy ang mğa hayop upáng magpatuloy nğ paglakad.

ARREBAÑAR. v. a. Pulutin hanggáng kaliítliitan. || Simutín.

ARREBATADO, DA. p. p. nğ Arrebatar || adj. Biglábiglâ || fig. Walâng hunusdilì; nalalabuan nğ isip.

ARREBATAR. v. a. Agawin; digulin. || Saklutíng biglâ ang isáng bagay. || v. r. Patanğáy sa udyók nğ damdamin; magdaláng galit.

ARREBATIÑA. f. Pakikipanğagaw

ARREBATO. m. Pagagaw. || Pagkabiglâ. || fig. Galit.

ARREBOL. m. Pulá nğ lanğit. || Kulay na mapuláng inilalagáy nğ mğa babai sa mukhâ.

ARREBUJAR. v. a. Sunggabán nğ waláng wastô ang anománg bagay na natitiklóp, gaya nğ damit, basahan at ibp.; sambilatin. || v. r. Magbalot na mabuti nğ kumot sa hihigán.

ARRECIAMIENTO. m. Paglakás; pagtindí.

ARRECIAR. v. n. Lumakás; tumindí || v. r. Lumakás ang katawán.

ARRECIFE. m. Daang hayág; landás na maluang at tinambakán nğ bató. || Mğa batóng malalakí sa dagat.

ARREDRAR. v. a. Ilayô; ihiwaláy. || fig. Pauruñgin; paudlutín. || Takutin. || v. r. Lumayô. || v. r. fig. Umurong; umudlót. || v. r. Matakot.

ARREGLADO, DA. p. p. nğ Arreglar || adj. Maayos. || Husáy.

ARREGLAR. v. a. Ayusin. || Husayin. || v. r. Sumangayon; umayos; humusay.

ARREGLO. m. Pagaayos; paghuhusay; pagayos.

ARRELLANAMIENTO. m. Pagpapakabuti sa upô.

ARRELLANARSE. v. r. Magpakabuti sa upô. || fig. Manahimik sa pinapasukang hanapbuhay

ARREMANGADO, DA. p. p. nğ Arremangar || adj. fig. Nakalilís.

ARREMANGAR. v. a. Ililís ang manggás || v. r. Lumilis ang manggás.

ARREMANGO. m. Paglililís ó paglilís nğ manggás.

ARREMETEDOR, RA. adj. y s. Dumadaluhong.

ARREMETER. v. a. Daluhunğin. || v. n. Dumaluhong; lumusob.

ARREMETIDA. f. Pagdaluhong; paglusob.

ARRENDADOR, RA. m. y f. Nagpapabuwís ó nagpapaupá sa kaniyáng lupà.

ARRENDAMIENTO. m. Pagpapabuwís.

ARRENDAR. v. a. Pabuwisan; paupahan. || Buwisán; upahan. || Rendahán ang kabayo.

ARRENDATARIO, RIA. adj. Namumuwisan ó nanğunğupahan nğ lupà.

ARREPENTIMIENTO. m. Pagsisisi,
ARREPENTIRSE. v. r. Magsisi,
ARRESTAR. v. a. Ibilanggô; piitin. || v. r. Sumubò sa isáng mabigát na gawàin.
ARRESTO. m. Pagbibilanggô; pagpipiit.
ARRIAR. v. a. *Mar.* Ibabâ ang layag ó bandilà.
ARRIBA. adv. l. Sa itaás. || Sa dakong itaás.
ARRIBAR. v. n. Dumaóng ang sasakyangdagat; pumundó sa tabí. || fig. y fam. Magpalakás ng̃ katawán. || fig. y fam. Sumapit sa wakás.
ARRIBO. m. Pagdaóng ng̃ sasakyangdagat || Pagdatíng
ARRIESGADO, DA. p. p. ng̃ Arriesgar. || adj. Sapalarán; pang̃anib. || Pang̃ahás.
ARRIESGAR. v. a. Ilagáy sa pang̃anib. || v. r. Magsapálaran; mang̃ahás.
ARRIMAR. v. a. Ilapit. || Idagdág. || v. r. Lumapit. || v. r. Maniín; sumandíg. || v. r. fig. Makipisan; makisama.
ARRIMO. m. Paglalapít ó paglapit. || Tungkód. || fig. Ling̃ap; kaling̃à.
ARRINCONAR. v. a. Ilagáy sa sulok; itabí. || v. r. fig. y fam. Lumigpít sa pakikiharáp sa tao.
ARROBA. f. Timbáng na dalawampu't limang libra.
ARROBADO, DA. p. p. ng̃ Arrobarse. || adj. Napatigagal; namanghâ
ARROBAMIENTO. m. Pagkatigagal; pagkamanghâ
ARROBARSE. v. r. Mapatigagal; mamanghâ.
ARRODILLAMIENTO. m. Pagluluhód; pagluhód.
ARRODILLAR. v. a. Iluhód. || v. n. y r. Lumuhód; maniklühód.
ARROGANCIA. f. Kapalalùan; kasuwailán; kataasan.
ARROGANTE. p. a. ng̃ Arrogar. || adj Palalò; suwaíl. ||Matapang; makisig.
ARROGAR. v. a. *For.* Parahing anák ang batang waláng nagisnang amá. || v. r. Umangkín; kumamkám.
ARROJADIZO, ZA. adj. Magaang ipukó'.
ARROJADO, DA. p. p. ng̃ Arrojar. || adj. Pang̃ahás; waláng takot.
ARROJAR. v. a. Itabóy; itulak. || v. r. Magbiglâbiglâ; magpatihulóg. || v. r. fig. Sumugbá; dumaluhong.
ARROJO. m. fig. Kapang̃ahasan; katapang̃an.
ARROLLABLE. adj. Mababalumbón.
ARROLLADOR, RA. adj. y s. Bumabalumbón.
ARROLLADURA. f. Balumbón,
ARROLAR. v. a. Balumbunín. || fig. Siràin; Sagasaan. || Talunin ang kaaway. || v. r. Mabalumbón.
ARROPAR. v. a. Damitán. || Maglutò ng̃ tubâ.
ARROPE. m. Ginaok.

ARROSTRAR. v. n. fig. Mahilig; kumiling sa isáng bagay. || v. a. fig. Sagasain ang mg̃a kapang̃aniban. || v. r. Mang̃abás; makipagharápharapan.

ARROYO. m. Batis; saluysóy.

ARROZ. m. *Bot.* Bigás; palay.

ARROZAL. m. Palayan.

ARRUAR. v. n, Umang̃il ang baboy damó.

ARRUGA. f. Kulubót ng̃ balát sa katandaán. || Kubót ng̃ damít.

ARRUGACIÓN. f. Pagkulubót.

ARRUGAMIENTO. m. Pagkulubót.

ARRUGAR. v. a. Pakulubutín; pakubutín. || v. r. Kumulubót; makubót.

ARRUINADOR, RA. adj. y s. Nagpapaguhò.

ARRUINAR. v. a, Iguhò. || Papaghirapin. || fig. Sirain. || v. r. Maguhò. || Maghirap. || v. r. fig. Masirà.

ARRULLAMIENTO. m. Pagalò; paghehele.

ARRULLAR. v. a. Mang̃ibig sa pamamagitan ng̃ mg̃a huni ang kalapating lalaki sa kalapating babae. || fig. Magpatulog ng̃ batà sa pamamagitan ng̃ hele ó alò. || fig. Mang̃ibig sa pamamagitan ng̃ matatamís at kaakitakit na salitâ. || v. r. Magibigan ang mg̃a kalapati.

ARRULLO. m. Huni ng̃ mga kalapati kung nang̃ing̃ibig. || fig. Alò; kantá sa pagpapatulog ng̃ batà

ARRUMBAR. v. a. Iligpit ang isáng bagay na hindî kailang̃an. || v. r. *Mar.* Magtung̃o ang sasakyángdagat sa gawíng parúruunan.

ARRUNFLAR. v. a. Pagsamásamahin ang mg̃a barahang magkakamukhâ. || v. r. Magkasamasama ang mg̃a barahang magkakamukhâ.

ARSENAL. m. Poók na malapit sa dagat na pinaggagawaan, pinagaayusan at pinagtataguan ng̃ mg̃a sasakyángdagat.

ARTE amb. Kagaling̃an sa pagyarì ng̃ isáng bagay. || Butingting. || Katipunan ng̃ mg̃a alituntunin sa pagpapabuti ng̃ isáng bagay. || Kasangkapang pang̃isdâ.

ARTEFACTO. m. Bagay na yarìng butingtíng.

ARTEJO. m. Bukó ng̃ dalirì; kasúkasuan.

ARTERIA. f. Ugát na pinagdadaanan ng̃ dugông nagbubuhat sa pusò at sumasabog sa buong katawán.

ARTERÍA. f. Katalasang ginagamit sa ikapagtatamó ng̃ isáng bagay.

ARTERO, RA. adj. Mapaglaláng

ARTESA. f. Batyâng kahoy.

ARTESANO, NA. m. y f. Manggagawà sa mg̃a butintíng̃in ó makina.

ÁRTICO, CA. adj. Nauukol sa dakong hilagàan ng̃ lupà.

ARTICULACIÓN. f. Pagbibigkás ng̃ mg̃a pang̃ung̃usap. || *Anat.* Kasúkasuan.

ARTICULAR. v. a. Isugpóng. || Bigkasín ng̃ maliwanag ang mg̃a pang̃ung̃usap. || v. r. Magkasugpóng.

ARTÍCULO. m. Isá sa mĝa bahaging humahatì sa mĝa kasulatan. || Ang bawa't isá sa mĝa hatì ng isáng batás, kautusán, alituntunin at ibp. || Pangkát. || Bagay na kinakalakal.||*Anat* Kasúkasuan. || *Gram.* Ang bahagi nĝ kawikaang nanĝunĝuna sa pangalan.

ARTÍFICE. com. Ang gumagawâ nĝ mĝa butintinĝin.

ARTIFICIAL. adj. Gawâ sa kamáy.

ARTIFICIO. m. Kagalinĝan nĝ pagkakayarì nĝ isáng bagay. || fig. Katalasan; laláng.

ARTIFICIOSO, SA. adj. Binutingting. || fig. Mapaglaláng.

ARTILLAR. v. a. Sandatahan ang mĝa tanggulan ó sasakyangdagat.

ARTILLERÍA. f. Paraán nĝ paggawâ, pagiinĝat at paggamit nĝ lahát nĝ kasangkapang pangdigmâ. || Mĝa kanyón, punglô at ibá pang kagamitán sa digmâ.||Pangkát nĝ mĝa kawal na nalalaang gumamit nĝ mĝa kanyón at ibá pang kagamitán sa digmâ.

ARTILLERO. m. Ang nagaaral nĝ paggawâ nĝ mĝa sandata. || Kawal na naglilingkód sa artilyeria.

ARTIMAÑA. f. Pakanâ || fam. Laláng.

ARTISTA. adj Nauukol sa nagaaral nĝ mĝa butintinĝing ó arte. || com. Ang gumagawâ ng marikít na butintínĝin.

ARTÍSTICO, CA. adj. Nauukol sa maririkít na butintinĝin.

ARZOBISPADO. m. Tungkuling pagkaarsobispo. || Nasasakupan nĝ arsobispo.

ARZOBISPO. m. Punò nĝ mĝa parì sa isáng siyudad.

AS. m. Salapíng tansô nĝ mĝa romano na nagkakahalagá nĝ humigít kumulang sa pitúng sentimos. || Alás.

ASA. f. Bitbitan; hawakán nĝ anománg kasangkapan. || Dagtâ nĝ iláng halaman.

ASADO, DA. p. p. nĝ Asar || m. Inihaw.

ASADOR. m. Duruáng pinagiihawan.

ASADURA. f. Mĝa lamán sa loob. || Atáy.

ASAETEADOR, RA. adj. y s. Namamanà.

ASAETEAR. v. a. Mamanà. || Manugat ó pumatáy sa pamamagitan nĝ panà. || fig. Magpasamâ nĝ loób.

ASALARIADO, DA. p. p. nĝ Asalariar. || m. y f. Ang sumasahod nĝ upa sa kapagalan.

ASALARIAR. v. a. Pasahurin; upahan.

ASALTADOR, RA. adj. y s. Nangloloób.

ASALTAR. v. a. Pasukin ang isáng tanggulan. || Looban; haranĝin. || fig. Salakayin; mangyari ang isáng bagay nĝ daglî.

ASALTO. m. Panglolooób; pangharang; pagsalakay.

ASAMBLEA. f. Kapulunĝan.

ASAMBLEÍSTA. com. Kinatawán sa isáng kapulungan.

ASAR. v. a. Magihaw, ‖ v. r, fig. Magdamdám ng malabis na init.

ASCENDENCIA. f. Pagakyát; pagtaás. ‖ Ninunò.

ASCENDER. v. n. Umakyát; pumailanláng. ‖ fig. Tumaás sa katungkulan. ‖ Magkahalagá

ASCENDIENTE. m. Magulang ó ninunò.

ASCENCIÓN. f. Pagakyát; pagilánglang. ‖ Pagkataás sa kapangyarihan.

ASCENSO. m. Pagakyát. ‖ Pagkataás sa tungkól.

ASCÉTICO, CA. adj. Nauukol sa taong nawiwili sa gawáng kabanalan.

ASCO. m. Diri; suklám. ‖ fig. Rimarim. ‖ fig. y fam. Takot.

ASCUA. f. Baga.

ASEADO, DA. p. p. ng Asear. ‖ adj. Malinis; maayos.

ASEAR. v. a. Palamutihan; ayusin ang isáng tao ó bagay. ‖ v. r. Magayos; maglinis.

ASECHANZA. f. Dayà; laláng.

ASECHAR. v. a. Umangan ng dayà.

ASEDIAR. v. a. Kubkubín ang muóg upáng huwág makalabás ang nangasa loób.

ASEDIO. m. Pagkubkób.

ASEGURAR. v. a. Tibayan. ‖ Ilagáy sa poók na waláng tigatig ‖ fig. Patunayan ang isáng bagay. ‖ fig. Iligtás sa anománg kapahamakán ang mga tao ó bagay. ‖ fig. Ipanagót. ‖ v. r. Tumibay. ‖ v. r. fig. Maligtás sa anománg kapahamakán.

ASEMEJAR. v. a. Iwangis; imukhâ. ‖ v. r. Mawangis; makawangkî; makamukhâ.

ASENTADERAS. f. pl. fam. Mga pigî

ASENTADILLAS. (A) m. Sakáy babai sa pangangabayo.

ASENTAR. v. a. Iupô. ‖ Ilagáy ang isáng bagay ng panatag. ‖ ‖ Patagin ó pakinisin sa pirinsa, dagán at ibp. ‖ Papinuhin ang ta'ím ng labasa ó ng alinmáng kasangkapan. ‖ Ipalagáy; magpalagáy. ‖ Patunayan; patutohanan ang isáng bagay. ‖ Italâ; itandâ. ‖ v. r. Umupô; lumikmô.

ASENTIMIENTO. m. Pagayon. ‖ Kapahintulután.

ASISTIR. v. n. Sumangayon; makiayon sa isáng pagkukurò.

ASENTISTA. m. Ang nakikipagkayarî sa paghahandâ ng mga pagkain at ibáng bagay na kailangan ng hukbó, mga bilanggô at ibá pa.

ASEO. m. Kalinisan; kaayusan.

ASEQUIBLE. adj. Makakamtán; matatamó.

ASERCIÓN. f. Pagpapatunay; pagpapatutoo.

ASERRADERO. m. Lagarián

ASERRADOR, RA. adj. Naglalagarì. ‖ m Maglalagarì.

ASERRADURA. f. Paglalagarì. ‖ Daán ng lagarì. ‖ pl. Kusot.

ASERRAR. v. a. Lagariín.

ASERRÍN. m. Kusot; pinaglagarìan.

ASERTO. m. Pagpapatutoo.

ASERTORIO, RIA. adj. Nauukol sa panunumpâ sa pagpapatibay ng̃ katotohanan ng̃ isáng bagay

ASESINAR. v. a. Pumatáy ng̃ kapwâ sa pamamagitan ng̃ kataksilán.

ASESINATO. m. Taksíl na pagpatáy sa kapwâ.

ASESINO. com. Ang pumatáy sa pamamagitan ng̃ kataksilán.

ASESOR, RA. adj. y s. Ang humahatol na kasama ng̃ hukóm. ‖ Katulong ng̃ hukóm sa pag hatol.

ASESTADURA. f. Pagtudlâ

ASESTAR. v. a. Tudlâín. ‖ Patamâán ng̃ putók ó hampás ng̃ isáng sandata

ASEVERACIÓN. f. Pagpapatutoó sa sinasabi

ASEVERAR. v. a. Patutohanan ang sinasabi

ASFIXIA. f. Pagtigil ng̃ hining̃a; pagkamatáy na gawâ ng̃ pagkainís sa tubig, sakál ó sa usok.

ASFIXIANTE. p. a. ng̃ Asfixiar. Lumulunod sa paghing̃á; pumapatáy.

ASFIXIAR. v. a. Lunurin. ‖ v. r. Malunod; mawalán ng̃ hining̃á

ASÍ. adv. m. Ganitó; ganiyán ‖ conj. comp. Gaya; gayún din; yayamang

ASIDERO. m. Hawakán; tatangnán. ‖ fig. Pangyayari; dahilán.

ASIENTO. m. Likmuan; upuan. ‖ Puwít ng̃ anománg lalagyán na itinatatáy. ‖ Pagtatandâ ng̃ isáng bagay sa pamamagitan ng̃ sulat. ‖ Tining

ASIGNACIÓN. f. Paglalaan. ‖ Halagáng laan upang ipasahod ó sa ibáng bagay.

ASIGNAR v. a. Ilaan; iukol.

ASIGNATURA. f. Aklát na pinagaaralan sa loób ng panahón ng̃ pagaaral.

ASILO. m. Poók na pinagtataguan ó pinagpapahing̃ahán. ‖ fig. Ampunan.

ASIMILACIÓN. f. Pagwawang̃is; pagkawang̃is.

ASIMILAR. v. a. Iwang̃is; itulad ‖ v. n. y r. Mawang̃is; matulad.

ASIMISMO. adv. m. Gayún din.

ASIR. v. a. Hawakan; tabanan ‖ v. r Mang̃apit; tumang̃an. ‖ v. r. fig. Magaway; magtalo.

ASISTENCIA. f Pagdaló; pagharáp. ‖ Saklolo; tulong.

ASISTENTA. f. Babaing gumaganáp ng̃ tungkuling tagaharáp ó tagaayos. ‖ Utusáng babae sa palasyo ó kumbento.

ASISTENTE. p. a. ng̃ Asistir. Humaharáp ó nagaayos. ‖ m. Ang alinmán sa dalawáng obispong tumutulong sa kumokonsagrá sa ibáng nagoobispo. ‖ Kawal na naglilingkod sa isáng opisyál.

ASISTIR v. a. Samahan ang sinomán sa isáng hayág na pagtitipon. ‖ Paglingkurán. ‖ Saklolohan; tulung̃an. ‖ Bantayá ang maysakít. ‖ v. n. Dumaló; humaráp.

ASMA. f Hikà.

ASMÁTICO, CA. adj. y s. Hikain.

ASOCIACIÓN. f. Pagsasapì; pagsasamahán. || Samahán; kapisanan.

ASOCIAR. v. a. Isama. || Ilakip; ianib. || v. r. Magsapisapì; magsamahán.

ASOLACIÓN. f. Pagsirà; paglipol.

ASOLAR. v. a. Sirain; igubò; lipulin. || v. r. Tumining.

ASOLEAR. v. a. Ibilád; paarawan. || v. r. Magpaaraw. || Umitím sa araw.

ASOLEO. m. Pagbibilád.

ASOMADA. f. Pagdungaw; pagsungaw.

ASOMAR. v. n. y r. Dumungaw; sumungaw. || v. a. Idungaw; isungaw.

ASOMBRADIZO, ZA. adj Magugulatín; magiklahin.

ASOMBRADOR, RA. adj. Lumililim. || Gumigiklá.

ASOMBRAR. v. a. Lliman. || fig. Giglahín; gulatin. || fig. Makamanghà. || v. r. fig Magiklá; magulat; mamanghà.

ASOMBRO. m. Giklá; gulat. || Pagkamanghà.

ASOMBROSO, SA. adj. Nakagigiklá; nakagugulat; nakamamanghà.

ASOMO. m Palatandaan ng̃ isáng bagay. || Hinuhà; alinlang̃an.

ASONANCIA. f. Pagkakatugmâ ng̃ dalawáng tunóg. || fig. Pagkakawastô ng̃ dalawáng bagay.

ASONANTE. p. a. ng̃ Asonar. Nagkakasingtunóg. || fig. Magkasíngtinig.

ASONAR v. n. Magkatugmâ ang dalawáng tunóg.

ASORTADO, DA. adj. Mapalad.

ASPA. f Pagkakaekis ng̃ dalawáng putol na kahoy; kidkiran ng̃ pisì.

ASPAR. v. a. Magkidkid ng̃ pisì sa pinagekis na dalawáng putol na kahoy. || Iparipá sa krús ang isáng tao. || fig. y fam. Pahirapan; pasakitan.

ASPECTO. m. Aniyó; ayos. || fig. mukhâ

ASPEREZA. f. Kagalasan. || Kabakilan ng̃ lupà. || Katigasan ng̃ ugalì; kabagsikán.

ASPERGES. m. Pagwiwisík ng̃ bendita.

ÁSPERO, RA adj. Magalás. || Bakílbakíl. || fig. Masakláp sa panglasa ó sa pangdiníg. || fig. Mahirap gawín.

ASPID. m. *Zool.* Maliít na ahas na tutoóng makamandág.

ASPIRACIÓN. f. Pagsinghót. || Hang̃ád; nais.

ASPIRANTE. p. a. ng̃ Aspirar. Naghahang̃ád.

ASPIRAR. v. a. Singhutín ang hang̃in. || Maghang̃ád; magnais.

ASQUEAR. v. n. Mangdiri; marimarim.

ASQUEROSIDAD. f. Karumiháng nakapangdidiri; kasalaulaan.

ASQUEROSO, SA. adj. Nakapangdidiri; nakaririmarim.

ASTA. f. Sandata. || Sibát. || Tagdán. || Sung̃ay.

ASTIL. m. Tagdán ng̃ palakó', asaról at ibp || Pahalang na kinasasabitan ng̃ mg̃a bilao ng̃ timbang̃an.

ASTILLA f. Tatal.

ASTILLAR. v. n. Tatalin.

ASTILLAZO. m. Tamà ng̃ tatal na umiilandáng.

ASTILLERO. m. Sabitán. || Póók na gawàan ó ayusán ng̃ mg̃a sasakyangdagat. || ant. Lunas ng̃ daóng.

ASTRO. m. Ang alinmán sa dî mabilang na tangláw ng̃ lang̃it, gaya ng̃ araw, talà, mg̃a bituin at ibp.

ASTROLABIO. m. *Astron*. Kasangkapang ginagamit sa pagkilala ng̃ taás, kinalalagyán at galáw ng̃ tangláw ng̃ lang̃it

ASTROLOGÍA. f. Karunung̃an sa mg̃a tangláw ng̃ lang̃it, gaya ng̃ araw, mg̃a bituin at ibp.

ASTRÓLOGO. m. Ang marunong sa mg̃a tangláw ng̃ lang̃it.

ASTRONOMÍA. f. Karunung̃ang nagtuturò ng̃ kalagayan at galáw ng̃ mg̃a tangláw ng̃ lang̃it

ASTRÓNOMO m. Ang marunong ng̃ kalagayan at galáw ng̃ mg̃a tangláw ng̃ lang̃it.

ASTUCIA. f. Laláng; talas.

ASTUTO TA. adj. Mapaglaláng; matalas sa paggawâ ng̃ anomán

ASUMIR. v. a. Akuin; sarilinin.

ASUNCIÓN. f. Pagakó; pagsarili. || Ang pagaakyát sa lang̃it sa mahál na Birhen.

ASUNTO, TA. p. p. ng̃ Asumir. || m. Bagay na pinaguusapan || Kalakal.

ASURCAR. v. a. Magtudlíng.

ASUSTADIZO, ZA. adj. Magugulatín

ASUSTAR. v. a. Gulatin. || v. r Magulat

ATABAL. m. Tamból

ATACAR. v. a. Ilapat ang damít sa katawán. || Isoót at higpitín ang tako ng̃ isáng baríl. || Salakayin; lusubin. || v. r. Lumapat ang damít sa katawán.

ATADERO. m. Panalì; panggapos. || Tatalìán || Pagtatalì

ATADO DA. p. p. ng̃ Atar. || Gapós. || m. Tangkás; bigkís.

ATADOR, RA. adj. y s. Nagtatalì; gumagapos || m. Tagapágbigkís.

ATADURA. f. Pagtatalì. || Talì. || fig. Pagkakaanib ó pagkakatalì

ATAJAR. v. n. Bumagtás. || v. a. Sabatín; saguparin. || Tabing̃an. || fig. Putulin; sansalàin; pigilin ang takbó ng̃ isáng bagay. || v. r. Masansalà sa hiyâ, pitagan ó takot.

ATAJO. m. Bagtasan. || Pagsabát; pagputol; pagsansalà. || ant. Halang; tabing.

ATALAYA. f. Bantayan; tanawan. || m. Tanod; bantáy.

ATALAYAR. v. a. Magbantáy sa isáng poók na mataás. || fig. Manmanán; tiktikán. || v. r. Magmanmán; maniktík.

ATALAYERO. m. Nagtitiktik mulâ sa kinalalagyáng mataás.

ATAÑER. v. n. Tumugtóg; mukol.

ATAQUE. m. Pagsa'akay; paglusob, || fig. Pagaaway; pagtu tunggalî; pagtatalo. || fig. Sumpong na biglâ ng karamdaman.

ATAR. v. a. Gapusin; talìan. || Balitìin. || v. r. fig. Magipít; magapos.

ATARANTAMIENTO. m. Paglitó; pagtarantá. || Pagkalitó; pagkatarantá.

ATARANTAR. v. a. fig. y fam. Lìtuhín; tarantahín. || v. r. Ma litó; matarantá; matulíg.

ATARDECER. v. n; Lumuat; lumiwag.

ATAREAR. v. a. Pagawín; bigyán ng magagawâ. || v. r. Ma sikap sa paggawâ.

ATARRAJAR. v. a. Magroskas.

ATARRAYA. f, Dala; lambát.

ATASCAR v. a. Magsiksík; siksikán || v. r. Mabalahò; makumunóy.

ATAÚD. m. Ataól; kabáong.

ATAVIAR. Palamutihan; hiyasán; gayakán. || v. r. Maggayák.

ATAVÍO. m. Palamuti; gayák.

ATEDIAR. v. a. Yamutín; mu hiín. || v. r. Mayamót.

ATEMORIZAR v. a. Takutin; manakot || v. r. Matakot.

ATEMPERAR. v. a. Ilagáy sa katamtaman || Ibagay ang isáng bagay sa isá. || v. r. Malagay sa katamtaman; mabagay; magkabagay.

ATENCIÓN. f. Pagtaimtím. || Galang. || Kalingâ. || pl. Mga hanap buhay; mga gawain. || *En atencion.* m. adv. Sa pagkalingâ

ATENDER v. a. y n. Taimtimin. || Kalingain. || Ipagmasakít; lingapin; saklolohan.

ATENTADO, DA. adj. Mabaít. || m. Kagagawán ng hukóm ó ng sinománg namumunò na laban sa ipinaguutos ng batás. || Paglabág ó malakíng pagmamalabis.

ATENTAR. v. a. Gumawâ ng anománg bagay ng laban sa ipinaguutos ng batás. || Magtangkâ ó gumawâ ng anománg paglabág sa matuwíd.

ATENTO, TA. p. p. irreg. ng Atender. || adj. Taimtím. || Magalang.

ATENUACIÓN. f. Pagpapagaan.

ATENUANTE. p. a. ng Atenuar. Na papagaan.

ATENUAR. v. a. Pagaanín. || fig. Bawasan.

ATEO, A. adj. y s. Hindî naniniwalang may Diyós.

ATERIMIENTO. m. Pangangaligkig sa gináw.

ATERIRSE. v, r. Mangaligkig sa gináw

ATERRAR. v. a. Ihagis sa lupà. || Tabunan ng lupà. || Sindakín. || v. n Tumuntóng ng lupà. || v. r. Masindák. || v. r. Sumadsád sa pangpáng.

ATERRORIZAR. v. a. Sindakín; takutin ng labis. || v. r. Masindák; matakot ng labis.

ATESORAR. v. a. Tipunin at itagò ang salapî ó mga bagay na mahalagá.

ATESTAR. v. a. Siksikín. || Lamnán. || *For.* Saksihán.

ATESTIGUACIÓN. f. Pagsaksí.

ATESTIGUAMIENTO. m. Pagsaksí.

ATESTIGUAR. v. a. Saksihán; sumaksí.

ATEZADO, DA. p. p. ng̃ Atezar ‖ adj. Maitím.

ATEZAMIENTO. m. Pagpapaitím.

ATEZAR. v. a. Paitimín. ‖ v. r. Umitím.

ATINAR. v. a. Matamàan; matiyakán ‖ fig. Mabisàan; mahulàan.

ATISBAR. v. a. Matyagán; masdáng maigi.

ATIZADERO. m. Pangpaalab ng̃ apóy

ATIZADOR, RA. adj y s. Nagpapaalab ng̃ apóy. ‖ m. Kasangkapang ginagamit sa pagpapaalab ng̃ apóy.

ATIZAR. v. a. Paalabin ang apóy ‖ Kahigan ang mitsá ng̃ ilawán upáng magliwanag na mabuti ‖ fig. Pasiglahín ang mg̃a damdamin. ‖ fig. y fam. Hampasín.

ATLAS. m. Katipunan ng̃ lahát ng̃ mapa sa buong mundó. ‖ Katipunan ng̃ mg̃a larawang kalakip ng̃ isáng akdâ.

ATLETA. m. Mangbubunô.

ATLÉTICO, CA. adj. Nauukol sa larông pangpalakás.

ATMÓSFERA. Hang̃ing banayad at laganap.

ATOLONDRAMIENTO. m. Paglitó; pagkalitó.

ATOLONDRAR. v. a. Lituhín. ‖ v. r. Malitó.

ATOLLADERO. m. Putikan; bahò.

ATOLLAR. v. n. y r. Maputik; mabalahò

ÁTOMO. m. Ang kaliítliitang bahagi na dî mangyaring masukat

ATÓNITO, TA. adj, Ling̃áw; hindî magkamayaw.

ATONTAR. v. a. Lituhín; tuligín ‖ v. r. Malitó

ATORAR. v. n. y r. Mabalahó. ‖ v. r. Mabilaukan; mahirinan

ATORMENTADOR, RA. adj. y s. Nagpapasákit, nagpapahirap

ATORMENTAR. v. a. Pasakitan. pahirapan. ‖ fig. Pasamâín ang loob; pagalitin. ‖ v. r. Maghirap; magdusa.

ATORNILLAR. v. a. Pakùan ng̃ turnilyo; turnilyuhán.

ATRABILIS. f. *Med.* Sakít na pagtatapón.

ATRACAR. v. a. fam. Pakasandatín sa pagkain. ‖ Ilapit. ‖ *Mar*. Ipundó; ilapít ang isáng sasakyán sa kapuwâ sasakyán. ‖ v. r. Magpakabusóg; magpakasandát.

ATRACCIÓN. f. Pagakit; paghalina.

ATRACTIVO, VA. adj. Nakaaakít; nakahahalina. ‖ m. Pangakit.

ATRAER. v. a. Kabigin. ‖ fig. Akitin; halinahin.

ATRAGANTAMIENTO. m. Pagkakahirin; pagkasamíd.

ATRAGANTARSE. v. r. Mabilaukan; mahirinan; masamid. ‖ fig. y fam. Maputol ó mabalam ang pagsasalitâ.

ATRAIBLE. adj. Makakabig; maaakít.

ATRANCAR. v. a. Tarangkahán; ipinid. || v. r. Mataranka; mapinid. || v, n. fam. Humakbáng ng̃ maluluang.

ATRAPAR. v. a. fam. Hulihin ang tumatakas ó tumatakbó.

ATRÁS. adv. l. Sa dakong hulihán ng̃ anománg bagay. || Sa lumipas na panahón. || ¡Atrás! interj. Urong.

ATRASAR. v. a. Luatán; paliwagin. || Mahulí sa oras ang takbó ng̃ relós. || v, r. Máhu'í; lumiwag.

ATRÁSO. m. Pagliwag; pagkahulí.

ATRAVESADO, DA. p. p. ng̃ Atravesar. ||adj. Sulipát || fig. May masamáng budhî.

ATRAVESAÑO. m. Pahaláng; barakilan.

ATRAVESAR. v. a. Ihalang. || Paglagusin; palampasín sa katawán ang anománg gaya ng̃ gulok; punglô at ibp. || Maglagós. || Mamustá sa sugál, gaya ng̃ sabong. || v. r. Pumagitnâ; humambalang. || v. r. fig. Sumabád; lumahók sa salitaan.

ATREGUAR. v. a. Magbigáy ng̃ palugit.

ATREVERSE. v. r. Mang̃ahás; || Mawalán ng̃ pitagan.

ATREVIDO, DA. p p ng̃ Atreverse. || adj. y s. Pang̃ahás; waláng pitagan.

ATREVIMIENTO. m. Kapang̃ahasan; kawalán ng̃ pitagan.

ATRIBUCIÓN. f. Pagbubuhat. || Ang bawa't isá sa mg̃a kapangyarihang ipinagkakaloób sa isáng tao ng̃ tungkuling hinahawakan.

ATRIBUIR. v. a. Ibuhat; iparatang; ipaghinalà.

ATRIBUTO. m. Ang bawa't isá sa mg̃a kagalingang bumubuô sa isáng bagay. || *Teol.* Alinmán sa kadakilaang angkín ng̃ pagkadiyós ng̃ Diyós.

ATRICIÓN. f. *Teol.* Pagsisisi sa pagkakasala sa Diyos.

ATRIL. m. Sanda'an ng̃ binabasang aklát ó papél ng̃ músika.

ATRINCHERAR. v. Bakurin ng̃ mg̃a kanlung̃an ang isáng poók upáng maipagsanggaláng sa kaaway. || v. r. Lumagáy sa mg̃a kanlung̃an upáng huwág makita ng̃ kaaway.

ATRIO. m; Liwasan ng̃ bahay ó simbahan.

ATRITO, TA. adj. May pagsisising lubós.

ATROCIDAD. f. Kalupitáng malakí. || fam. Kalabisan. || fam. Salitâ ó gawáng ung̃ás ó dalosdalos.

ATRONADO, DA. p. p. ng̃ Atronar. || adj. Nauukol sa gumagawâ ng̃ mg̃a bagay ng̃ pabiglabiglâ; waláng hunusdilì at baít

ATRONAR. v. a. Tuligín; bing̃awin ng̃ tunóg na parang kulóg. || Tarantahín. || v. r. Matulíg sa malakás na kulóg.

ATROPELLADO, DA. p. p. ng̃ Atropellar. || adj. Nagsasalitâ ó gumagawâ ng̃ waláng hunusdilì.

ATROPELLAR. v. a. Managasà. ‖ Lakbangán ang batás. ‖ fig. Alipustaín ‖ v. r fig. Magmadalî ng̃ labis sa mg̃a gawain ó sa pagsasalitâ.
ATROPELLO. m. Pagsagasà. ‖ Pag lakbáng sa batás. ‖ Pagalipustâ.
ATROZ. adj. Malupít; mabang̃ís.
ATUFAR. v. a. fig. Pagalitin ‖ v. r. Magalit.
ATUFO. m. Galit; poót.
ATURDIDO, DA. p. p. ng̃ Aturdir. ‖ adj. Tulíg; litó.
ATURDIDOR, RA. adj. Nakatutulíg; nakalilitó.
ATURDIMINTO. m. Katuligán; kaling̃awán. ‖ fig. Kaung̃asán.
ATURDIR. v. a. Tuligín; lituhín; ling̃awín. ‖ fig. Hang̃ain ng̃ labis. ‖ v r. Matulíg; malitó; maling̃áw. ‖ v. r. fig. Mahang̃à ng̃ labis.
ATURRULAR. v. a fam. Guluhín ang isáng tao, sa paraang di magkatuto ng̃ pagsasabi ó paggawâ ng̃ isáng bagay.
ATUSAR. v. a. Pantayín ng̃ guntíng ang buhók. ‖ Pantayín ang buhók, sa pamamagitan ng̃ hagod ng̃ basáng kamáy ó sukláy. ‖ v. r. Mapantáy ang hubók. ‖ fig. Magayos ó maggayák na tutoó.
AUDACIA. f. Kapang̃ahasan; kawalán ng̃ pitagan.
AUDAZ. adj. Pang̃ahás; waláng pitagan.
AUDICIÓN. f. Pagdiníg.
AUDIENCIA. f. Pakikiníg. ‖ Pakikinig ng̃ mg̃a harì, ng̃ mg̃a kagawad nitó sa naghahayág ó nagmumungkahì ng̃ isáng bagay ‖ Poók na laang pagpakinigan. ‖ Hukuman.
AUDITIVO, VA. adj. Nakaririnig ‖ Nauukol sa pangdiníg. ‖ m. Pangdiníg.
AUDITORIO m. Katipunan ng̃ mg̃a nagsisipakiníg.
AUGE. m. Pagtaás sa tungkulin ó sa kayamanan.
AUGURACIÓN. f. Panghuhulà sa pamamagitan ng̃ lipád ó huni ng̃ mg̃a ibon.
AUGURAR. v. a. Manghulà sa pamamagitan ng̃ pamahîín.
AUGURIO. m. Pamahîín; abubot.
AUGUSTO, TA. adj. Kapitapitagan; kagalanggalang.
AULA. f. Paaralán.
AULLAR. v. n. Humagulhól; umung̃ol ang lobo, aso at ibp.
AULLIDO. m. Hagulhól; ung̃al ng̃ lobo, oso at ibp.
AUMENTABLE. adj. Madáragdagán.
AUMENTADOR, RA. adj. Nagdaragdág.
AUMENTAR. v. a. Dagdagán; punán. ‖ v. n. y r. Madagdagán; mapunán; dumami; lumakí.
AUMENTATIVO, VA. adj. *Gram.* Nagpapalakí ng̃ kahulugán ng̃ isáng pang̃ung̃usap sa pamamagitan ng̃ pagbabago ng̃ hulíng pantíg.
AUMENTO. m. Dagdág; kapupunán. ‖ Pagkakasulong sa isáng pinapasukang hanapbuhay.

AÚN. adv. t. y m. Pa. || *Aun cuando* conj adver. Kahiman; bagamán.

AUNAR. v. a. Pagisahín. || Ilakip; pagsamahin. || v. r. Magkaisá; magkalakíp; magkasama.

AUNQUE. conj adver. Kahi't; kahiman; bagamán.

AUREO, A. adj. Ginintûan.|| Nahahawig sa gintô.

AUREOLA. f. Sinag na inilalagáy sa ibabaw ng̃ ulo ng̃ mg̃a larawan ng̃ santo. || fig. Luwalhatìng kinakamtán ng̃ isáng tao dahil sa kaniyang kagalinğan ó kabanalan. || *Med.* Paligid na namumulá ng̃ mg̃a butlíg.

AURÍCULA. f. Ang bawa't isá sa dalawang hukay sa gawíng itaás ng̃ loób ng̃ pusò. .

AURÍFERO, RA. adj. May gintô

AURIGA. m. Kutsero.

AURORA. f. Liwaywáy; liwanag na nang̃ung̃una sa silang̃anan bago sumikat ang araw.

AURRAGADO, DA. adj. *Agric.* Lupàng masamâ ang pagkakabungkál.

AUSCULTACIÓN. f. *Med.* Pakikiníg sa pamamagitan ng̃ diít ng̃ taing̃a ó ng̃ aparato ng̃ tibók ng̃ pusò, at ibp.

AUSCULTAR. v. a. *Med.* Pakinggan sa pamamagitan ng̃ diít ng̃ taing̃a ó ng̃ aparato ang tibók ng̃ pusò at ibp.

AUSENCIA. f. Pagalís sa poók na kinadoroonan.

AUSENTARSE. v. r. Umalís sa poók na kinadoroonán.

AUSENTE. adj. Umalís; walâ.

AUSPICIO. m. Pamahîín. || Kalingà; lingap.

AUSTERIDAD. f. Kasaklapán.

AUSTERO, RA. adj. Maasim; masakláp sa panglasa.

AUSTRAL. adj. Nauukol sa Habagatán.

AUSTRO. m. Hang̃ing humihihip sa dakong timóg.

AUTO. m. *For.* Kapasyahán ng̃ hukuman.

AUTOCRACIA. f. Pamahalaang ganáp, na ang kalooban ng̃ isá katao ang siyang makapangyarihang batás.

AUTÓCRATA. com. Ang gumaganáp sa kaniyang sarili ng̃ lubós na kapangyarihan sa isáng bansâ.

AUTOCRÁTICO, CA. adj. Nauukol sa pamahalaang ganáp, na ang kalooban ng̃ isá katao ang siyang makapangyarihang batás.

AUTOMÓVIL. adj Gumagaláw sa sarili. || m. Sasakyáng lumalakad sa sarili.

AUTONOMÍA. f. Katayuan at kalagayan ng̃ isáng bayan na nagtataglây ng̃ lubós na pagsasarilí at namamahalà sa pamamagitan ng̃ sariling mg̃a batás. || fig. Kalagayan ng̃ tao na malayà sa kaniyang sarili.

AUTOPSIA. f. Pagsisiyasat sa bangkáy sa pamamagitan ng̃ pagbiyák ó pagbusbós.

AUTOR, RA. m. y f. Mayakdá; may gawâ.

AUTORIDAD. f. Kapangyarihan. || Karapatán ng̃ isáng tao dahil sa kagalingan ó kabantugán ng̃ isáng ginawâ.

AUTORIZACIÓN. f. Pagbibigáy ng̃ kapangyarihan. || Kapangyarihan.

AUTORIZAR. v. a. Bigyán ng̃ kapangyarihan upáng makagawâ ng̃ isáng bagay. || Papagtibayin ng̃ eskribano ó notario ang isáng kasulatán. || Patunayan ang isáng akdá.

AUXILIAR. v. a. Tulung̃an. || adj. Tumutulong. || m. Katulong.

AUXILIO. m. Tulong; saklolo; kupkóp.

AVALORAR. v. a. Halagahán || fig. Patapang̃in.

AVALUACIÓN. f. Paghahalagá.

AVALUAR. v. a. Halagahán.

AVALÚO. m. Paghahalagá.

AVANCE. m. Paguna. || Patinĝa.

AVANZADO, DA. p. p. ng̃ Avanzar. || adj. Una; maagap.

AVANZAR. v. a. Iuna. || *Mil.* Lusubin; salakayin. || v. r. Umuna; magpauna.

AVARICIA. f. Kasakimán sa yaman; karamutan.

AVARIENTO, TA. adj. y s. Masakím sa yaman; maramot.

AVARO, RA. adj. y s. Masakím sa yaman; maramot.

AVASALLAMIENTO. m. Pangaalipin; pagpapaalipin.

AVASALLAR. v. a. Alipinin. || v. r. Maglingkód sa harì ó prínsipe. || Paalipin.

AVE. f. *Zool.* Ibon. || *de paso.* Ibong palipatlipat sa bayánbayán sa bawa't pagbabago ng̃ panahón. || *de rapiña.* Lawin; mangdaragit. || *nocturna.* Ibong kung araw ay nagtatagò at lumilipád kung gabí. || *silvestre.* Ibong hindî nagtitirá sa kabayanan at mahirap na paamuin. || *tonta.* Ibong maamò.

AVECINAR. v. a. Ilapit. || v. r. Lumapit.

AVECINDAR. v. a. Ibilang na mamamayan sa isáng bayan. || Ilapit. || v. r. Makipamayan. || Lumapit.

AVEJENTAR. v. a. Pagmukhâíng matandâ. || v. r. Magmukhâng matandâ.

AVENENCIA. f. Pagkakasundô; Pagkakaayos || Pagkakaisá.

AVENIDA. f. Pagapaw na biglâ ng̃ tubig sa ilog ó sapà. || Landás; daán. || fig. Pagtitipon ng̃ iláng bagay.

AVENIR. v. a. Pagkasunduín; ayusin || v. r. Magkasundô; magkaayos. || v. r. Makipagalám; makipagkasundô.

AVENTAJAR. v. a. Pahigitán; lamang̃án. || Ipagpauná; ilagáy sa mabuting katayuan. || v. r. Makahigít; makalamáng.

AVENTAR. v. a. Pahang̃inan. || Itahíp ang palay. || v. r. Mapunô ng̃ hang̃in || fig. y fam. Tumakas.

AVENTURA. f. Pangyayaring dî sinasadyâ. || Pagkakataón. || Pagsasapalarán.

AVENTURAR. v. a. Ipagsapalarán. || v r. Magsapalarán.
AVENTURERO, RA. adj y s. Humahanap nḡ mḡa pagkakataón. || Nagsasapalarán.
AVERGONZAR. v. a. Humiyâ; humalay. || v. r. Mahiyâ.
AVERÍA. f Poók na alagâán nḡ mḡa hayop na may pakpák. || Kasiràán nḡ mḡa kalakal sa paglalakbáy lupà ó dagat || *Mar* Kasiràáng nangyayari sa alin máng bahagi nḡ sasakyangdagat
AVERIARSE. v. r. Masirà ang isáng bagay.
AVERIGUACIÓN. f. Pagsisiyasat nḡ katutohanan.
AVERIGUAR. v. a. Siyasatin ang katutohanan; magusisà.
AVERSIÓN. f. Pagkakasalungát. || Kawaláng giliw.
AVIACIÓN. f. Pagpapalakad nḡ sasakyán sa hanḡin.
AVIADOR, RA. adj. y s Ang naghahandâ nḡ isáng bagay. || m. y f. Ang manglilipad.
AVIAR. v. a. Maghandâ ó maggayák nḡ babaunin sa paglakad. || fam. Bigyán ang isáng tao nḡ kinakailanḡan sa isáng pakay, gaya nḡ salapî. || fam. Dalîdalîín ang ginagawâ. || v. r. ant. Tumumpá sa isáng dako.
AVILANTEZ. f. Kapanḡahasan; katampalasanan.
AVINAGRAR. v. a. Paasimin ang isang bagay. || v. r Umasim; magíng sukà.
AVÍO. m. Handâ; baon.
AVISADO, DA. p. p. nḡ Avisar. || adj Mabaít; bihasa; matalino.
AVISAR v. a. Ipagbigáyalám; ipasabi. || Ipatalastás; magpayo.
AVISO. m Balità || Patalastás; paunawà. || Payo.
AVISPA f. *Zool.* Putaktí.
AVISPERO. m. Bahay putaktí. || Kawan nḡ mḡa putaktí. || fig. y fam. Kalakal na maguló at nagbibigáy nḡ mḡa samâ nḡ loób.
AVISTAR v. a. Abutin nḡ tinḡín ang isáng bagay. || v. r. Makipagkita ang isáng tao sa kapuwâ upáng magusap sa isáng kalakal.
AVITUALLAR. v. a. Laanan nḡ mḡa pagkabuhay.
AVIVAMIENTO m. Pagpapalakás nḡ loób; pagpapasiglá; pagsiglá.
AVIVAR. v. a. Pasiglahín; palakasín ang loób. || fig. Pagningasin; papáginitin || fig. Papagalabin ang apóy || v. n. y r. Mabúhay; magsauling lakás.
AXILA. f. Kilikili.
AXIOMA m. Simulain; palagáy na napakaliwanag na dî nanḡanḡailanḡan nḡ anománg pagpapatutoo.
¡AY! interj. Bukáng bibíg dahil sa pighatî ó sákit; ay. || m. Buntúnghininḡá; daíng.
AYER. adv. t. Kahapon. || *tarde.* Kahapon nḡ hapon
AYO, YA. m. y f. Tagapagalagà ó tagapagturò sa isáng batà.
AYUDA. f. Pagtulong || Pangtulong; panaklolo. || Gamót na inilalabat ba. || Labatiba. || m. Katulong || *de cámara.* Utusán na ang tungkulin ay tagapagbihis sa kaniyáng panḡinoon.

AYUDANTE. p. a. nḡ Ayudar. Tumutulong; katulong || m. Opisyál na mababà ang urì || Guròng nagtuturò sa ilalim nḡ pamamahalà nḡ mataás sa kaniyá.

AYUDAR. v. a. Tulunḡan. || Kupkupín; lingapin. saklolohan.

AYUNAR. v. n. Manḡilin sa pagkain.

AYUNO. m. Panḡinḡilin sa pagkain.

AYUNQUE. m. Palihán.

AYUNTAMIENTO. Kapulunḡang bayan; bahay na pinagdadausán nḡ pulong nḡ bumubuô nḡ kapulunḡang bayan. || Pagsisiping nḡ isáng lalaki at isáng babae.

AYUSO. adv. l. Sa ibabâ.

AYUSTAR. v. a. *Mar.* Pagdugtunḡín.

AYUSTE. m. *Mar.* Pagdudugtóng. || Dugtóng.

AZADA. f. Panghukay; asaról.

AZADÓN. m. Asaról.

AZADONAR. v. a. Hukayin nḡ asaról; asarulín.

AZADONERO. m. Ang nagaasaról.

AZAFRÁN. m. *Bot.* Luyang diláw; kasubhâ.

AZAFRANAR. v. a. Tinàin nḡ luyang diláw ó kasubhâ. || Haluan nḡ diláw ó kasubhâ ang tubig.

AZAHAR. m. Bulaklák nḡ suhà.

AZAR. m. Pagkakataón; pangyayáring dî sinasadyâ || Pagsasapalarán.

ÁZIMO, MA. adj. Waláng halòng galapóng.

AZOCAR. v. a. *Mar.* Higpitán ang mḡa talì.

AZOGAR. v. n. Lagyán nḡ asoge ang isáng bagay. || Patayín ang apog sa pamamagitan nḡ tubig. || v. r. Magkasakít sa gawâ nḡ asoge, na nakikilala sa pamamagitan nḡ panḡinḡiníg nḡ katawán.

AZOGUE. m. Lusáw na metál; asoge.

AZOGUERO. m. Magaasogé.

AZOLAR. v. a. *Carp.* Tabtabín ang kahoy sa pamamagitan nḡ darás.

AZORADO, DA. p. p. nḡ Azorar || adj. Takót; balisá.

AZORAR. v. a. fig. Balisahin. || v. r. Mabalisa; maligalig.

AZORRARSE. v. r. Magparang tulóg dahil sa matinding bigát nḡ ulo.

AZOTACALLES. com. fig. y fam. Ang tamád at pagalagalà sa lansanḡan; hampáslupà.

AZOTAR. v. a. Palùin; hagupitín; hampasín. || v. r. Maghampás; magpalùán.

AZOTAZO. m. Hampás nḡ pamalò. || Dagok sa pigî.

AZOTE. m. amalò. || Hampás nḡ pamalò || Tampál sa pigî.

AZOTEA. f. Pasyalan sa itaás nḡ bahay; sutea.

AZÚCAR. amb. Asukal.

AZUCARADO, DA. p. p. nḡ Azucarar. || adj. Kalasa nḡ asukal. || fig. y fam. Malambót; mahinahon.

AZUCARAR. v. a. Lagyán nḡ asukal; asukalan. || fig. y fam. Palambutín at patamisín ang isáng bagay

AZUCARERO, RA. adj. Nauukol sa asukal. ‖ m. Gurô sa pagaasukal. ‖ Lalagyán ng̃ asukal sa lamesa.

AZUCARILLO. m. Karamelo.

AZUELA. f. Darás.

AZUFRE. m. Asupré.

AZUL adj. Bughâw. ‖ *celeste* Bughâw langit. ‖ *de ultramar*. Tinà. ‖ *marino*. Bughâw na kakulay ng̃ dagat. ‖ *turqui* Bughâw na napakatingkád.

AZULADO, DA. p. p. ng̃ Azular. ‖ adj. Kulay bughâw ó mang̃a súlng̃asúl.

AZULAR. v. a. Tinain ng̃ bughâw.


AZULEJO. m. Baldosang may ibá't ibáng kulay na pintá na inilalatag sa loób ng̃ simbahan, kusinaán at ibp.

AZUZADOR. RA. adj. y s. Nagpapahiyá.

AZUZAMIENTO. m. Pagpapahiyá

AZUZAR. v. a. Magpahiyá. ‖ fig. Pagalitin; sulsulán.

AZUZÓN, NA. m. y f. fig. y fam. Mapagsulsól.



B

B. f. Ang pañgalawáng titik nğ abakadáng kastilà at ang una sa kaniyáng mğa *consonante*.

BAALITA. adj. y s. Sumasambá kay Baal.

BAAZAS. f. Istrumentong nğ musikang kahawig nğ gitara. May apat na kuwerdas at ginagamit nğ mğa taong gubat sa Amerika.

BABA. f. Laway na tumutulò sa bibíg.

BABADA. f. Butó sa balakáng.

BABADOR. m. Kapirasong damít ó uli na ibinababát sa dibdib nğ mğa batà.

BABEAR. v. n. Maglawáy. ‖ fig. y fam. Magpakita sa isáng babae nğ malabis na gilas.

BABEO. m. Paglalawáy. ‖ Malabis na pagpapakitang gilas sa babae.

BABERO. m. Kapirasong damít ó uli na ibinababát sa dibdib nğ mğa batà.

BABOR. m. *Mar*. Tagilirang kaliwâ nğ sasakyángdagat.

BABOSO, SA. adj. Naglalawáy.

BABUCHA. f. Isáng klaseng sinelas.

BACALAO. m. *Zool*. Isdáng bakaláw. ‖ fig. y fam. Taong payát.

BACANAL. adj. Nauukol kay Baco. ‖ m. pl. Kapistahan ni Baco.

BACÍA. f. Sisidláng yaring luad ó metál, na malandáy at malapad ang labì. ‖ Lalagyán nğ tubig na ipinagbabasâ sa balbás.

BACILO. m. Hayop na maliít na pumapatáy sa tao.

BACÍN. m. Taian. ‖ fig. y fam. Taong alipustâ dahil sa kaniyáng mğa kilos.

BACINERO, RA. m. y f. Ang nanghihingî nğ limós sa simbahan.

BACO. m. Diyós nğ alak.

BÁCULO. m. Tungkód nğ matatandâ. ‖ fig. Kupkóp; siglá; alíw.

BACHE. m. Lubák nğ daang gawâ nğ gulóng nğ mğa sasakyán.

BACHEAR. v. a. Patagin ang mğa lubáklubák nğ daán.

BACHILLER, RA. m. y f. Ang nakatapos ng̃ pagaaral sa mataás na paaralan.

BACHILLEREAR. v. n. Magsasalitâ ng̃ waláng kamunasan.

BACHILLERÍA. f. fam. Kadalahiràang waláng kamunasan. ‖ fam. Pagsabád na waláng katuturán.

BADAJEAR. v. n. fig. y fam. Dumaldál ng̃ panáy na kaung̃asân.

BADAJO. m. Panugtóg ng̃ kampanà. ‖ fig. y fam. Taong imbí at daldál.

BADIL. m. Pang̃ahig ng̃ baga

BADULAQUE. m. fig. y fam. Taong kapós sa isip.

BAGAJE. m. Mg̃a daládalahang taglay ng̃ mg̃a kawal sa paglakad. ‖ Hayop na tagapagpasán ng̃ mg̃a daládalahan ng̃ mg̃a kawal, ng̃ mg̃a tao ng̃ hukbó ó ng̃ kanilang mg̃a kamaganakan.

BAGASA. f. Babaing nang̃ang̃alakal ng̃ lamán; puta.

BAGATELA. f. Bagay na waláng gaanong kabuluhán at halagá.

BAGAZO. m. Pinagbalatán; ipá. ‖ Sapal.

BAGUIO. m. Malakás na hang̃in sa kapuluang Pilipinas.

BAHÍA. f. Bung̃ad ng̃ dagat.

BAILABLE. adj. Masasayawán.

BAILADOR, RA. m y f. Mananayaw.

BAILAR. v. n. Sumayáw; umindák. ‖ v. a. Isayáw.

BAILARÍN, NA. adj. Sumasayaw ‖ m. y f. Mananayaw.

BAILE. m. Sayáw. ‖ Sayawan.

BAJA. f. Pagbabawas ng̃ halagá. ‖ Pagkabawas ng̃ isáng kawal dahil sa pagkamatáy ó pagkakasugat sa digmâan.

BAJADA. f. Pagbabâ; pagpanaog ‖ Landás na pababâ.

BAJAMAR. f. Hanggá ng̃ pagkati ng̃ dagat.

BAJAMIENTO. m. Pagbabâ; pagbababâ.

BAJAR. v. n. Bumabâ; manaog. ‖ Magbawas ang isáng bagay. ‖ v. a. Ibabâ; ipanaog. ‖ v. a. Babàan ó bawasan ang halagá. ‖ Iyukô; itung̃ó. ‖ v. r. Magpakumbabâ; yumukô.

BAJEL. m. Sasakyángdagat; daóng.

BAJELERO. m. May arì ng̃ isáng sasakyángdagat ó daóng.

BAJEZA. f. Gawáng dî marapat; kilos hamak.

BAJÍO. m. Poók na mababà; puntód.

BAJO, JA. adj. Mababà; pandák ‖ Tung̃ó. ‖ Mababàng loób; hamak ‖ m. Poók na malalim ‖ *Mus.* Istrumentong pinakamaugong ang tunóg. ‖ pl. Ibabâ ng̃ damít; silong ng̃ bahay. ‖ *Ba;* akv. l. Sa ibabâ ‖ adv. m. Marahan. ‖ prep. Sa ilalim.

BAJÓN. m. Malaking pagbabâ. ‖ fig. y fam. Bigláng pagbabawas ng̃ isip, kagaling̃an ng̃ katawán ó ng̃ kayamanan.

BAJURA. f. Kababaan. ‖ Poók na mababà.

BALA. f. Punglô; bala.

BALADÍ. adj. Waláng gaanong kasaysayan at halagá.

BALADRO. m. Sigáw; hagulhól.

BALADRÓN, NA. adj. Hambóg; masalitâ at duwág na nagbabansâg na matapang.

BALADRONADA. f. Gawâ ó salitáng kahambugán.

BALADRONEAR. v. n. Maghambog; magbanság na matapang bago'y duwág.

BÁLAGO. m. Dayami; giniikan. ‖ Bulâ ng̃ sabón.

BALANCE. m. Galáw na pagiwanggiwang ng̃ isáng bagay. ‖ *Com.* Aklát na pinagtatalaan ng̃ mang̃ang̃alakal ng̃ kaniyáng mg̃a utang at pautang. ‖ *Com.* Pagtutuús na ginagawâ ng̃ mang̃ang̃alakal upang malaman ang katayuan ng̃ puhunan kung nagtutubò ó nang̃ung̃ulugi.

BALANCEAR. v. n. Magtuós. ‖ v. r. Gumiwanggiwang ang isang sasakyángdagat. ‖ fig. Magalinlang̃an sa paggawâ ng̃ isáng bagay. ‖ v. a. Pagtimbang̃ín.

BALANCEO. m. Pagtimbáng; pagtutuós. ‖ Paggiwang.

BALANO. m. Dulo ng̃ pagaarì ng̃ lalaki; turát.

BALANZA. f. Timbang̃an.

BALAR. v. n. Umiyák ang tupa.

BALAUSTRE. m. Halang; barandilya.

BALAZO. m. Tamà ng̃ punglò. ‖ Sugat na likhâ ng̃ punglô.

BALBUCEAR. v. n. Umutálutál.

BALBUCENCIA. f. Pagutál.

BALBUCEO. m. Pagutál.

BALBUCIENTE. p. a. ng̃ Balbucir. Umuutál; utál.

BALBUCIR. v. n. Umutálutál.

BALCÓN. m. Palababahán.

BALDAQUIN. m. Lang̃itlang̃it.

BALDAR. v. a. Salantaín ng̃ karamdaman ang mg̃a bahagi ng̃ katawán. ‖ v. r. Masalantâ; Mabaldá.

BALDE. m. Timbâ; taóng. ‖ *de balde.* m. adv. Waláng upa; waláng anománg halagá. ‖ *en balde.* Waláng kabuluhán.

BALDEAR. v. a. *Mar.* Baldihán ang mg̃a sasakyángdagat. ‖ Salukin ang tubig sa lubák sa pamamagitan ng̃ timbâ ó taóng.

BALDÍO, DÍA. adj. Lupang hindî pinagaanihan. ‖ Hampáslupà.

BALDÓN. m. Alimura; siphayô.

BALDONADOR, RA. adj. Umaalimura; sumisiphayò.

BALDONAR. v. a. Alimurahin; siphayuin.

BALDOSA. f. Ladrilyong parisukát na ginagamit sa sahíg.

BALOTA. f. Maliít na bolang ginagamít ng̃ iláng kapisanan sa paghahalál.

BALSA. f. Lubák. ‖ Lamò; balsá.

BALSAMERITA. f. Sisidlán ng̃ pabang̃ó.

BÁLSAMO. m. Dagtáng mabang̃ó na kumakatás sa ibá't ibáng punungkahoy.

BALSEAR. v. a. Maglamo; magbalsá.

BALUARTE. m. Kutà. ‖ fig. Tanggulan.

BALLENA. f. *Zool.* Dambuhalà.

BALLENATO. m. Anák ñg dambuhalà.

BALLESTA. f. Kasangkapang ginagamit ñg unang dako sa digmâ upang maghagis ñg mg̃a bató ó ñg mg̃a busog. || Sandatang tumutudlâ ñg mg̃a busog.

BAMBOCHE. m. fam. Taong napakatabâ at pandák na ang mukhâ ay matambók at mapulá.

BAMBOLEAR v. n. y r. Sumuraysuray; pumalingpaling.

BAMBOLEO. m. Pagsuraysuray; pagpalingpaling.

BANANO. m. Saging.

BANASTA. f. Batuláng; kaíng.

BANCA. f. Upuang kahoy na waláng sandalan. || Sugál sa baraha. || Bangkâ || *Com.* Bangko.

BANCARIO, RIA. adj. Nauukol sa bangko.

BANCARROTA. f. Pagkalugi; pagkahapay ñg kalakal.

BANCO. m. Upuang kahoy na may sandalan.||Bahay na pinaglalagakan at pinagpapalitán ñg sa apî ñg madlâ.

BANDA. f. Talìng malapad na isinasakbát magmulâ sa balikat na kanan hanggang sa tagilirang kaliwâ. || Sakbát. || Pulutóng ñg mg̃a taong sandatahán. || Katipunan ñg mg̃a taong sumusunód sa lapìan. || Kawan ñg mg̃a ibon. || Dako. || *Mar.* Tagiliran ñg daóng. || Banda ñg músiko.

BANDADA. f. Kawan ñg mg̃a ibon.

BANDEJA. f. Pinggáng malandáy na pinagdudulutan ñg matamís at ibp; bandeha.

BANDERA. f. Bandilà; watawat

BANDERILLA. f. Pangulos sa batok ñg mg̃a baka. || fig. Palatandaan.

BANDEROLA. f. Bandilàng maliít.

BANDIDO, DA, p. p. ñg Bandir. || adj. Tumakas sa kapangyarihang tumatawag. || m. Manghaharang.

BANDO. m. Utos ñg maykapangyarihang ipinahahayág sa madlâ || Tawag. || Lapìan.

BANDOLA. f. Instrumento ñg músikang may tatlóng kuwerdas

BANDOLERISMO. m. Panghaharang.

BANDOLERO. m. Manghaharang.

BANDOLÍN. m. Maliít na gitara.

BANDOLÓN. m. Malakíng gitara.

BANDUJO. m. Bitukang malakí ñg baboy, baka ó tupa na may palamáng tinadtád ó ginisáng karné.

BANDULLO. m. fam. Tiyán ó bituka.

BANDURRIA. f. Instrumento ñg musika na may labingdalawang kuwerdas. || Lambát na pañgisdâ.

BANQUERO. m. Mayarì ó kasapì sa bangko. || Ang mamumuhunan sa sugál; ang nagbabangkâ sa palarô.

BANQUETA. f. Uupáng maliít na waláng sandalan. || Bangkong mababà na patuñgán ñg mg̃a paá. || Tabí ñg lansañgang dinadaanán ñg mg̃a nagsisipaglakád.

BANQUETE. m. Handàan; pigíng.

BANQUETEAR. v. a. Ipagpigíng || v. n. Maghandâ; magpigíng.

BANQUILLO. m. Bankông inuupân ng̃ nililitis sa haráp ng̃ hukóm.

BAÑADERO. m. Lubák na pinaglulublubán nu mg̃a hayop.

BAÑAR. v. a. Magpaligò; paliguán. || Basâín. || fig. Paapawan, punuín ó libirin ng̃ tubig || *Pint.* Paraanang minsan ng̃ pintá. || v. r. Maligò.

BAÑISTA. com. Ang naliligò.

BAÑO. m. Pagpapaligò; paliligò. || Páliguan || *de Maria.* Tubig na kumukulông ginagamit sa paglulutò ng̃ anománg bagay na nasa isáng sisidlán.

BAPTISTERIO. m. Poók na pinagbibinyagán.

BAQUETA. f. Paniksík sa tako ng̃ baríl || pl. Panugtóg ng̃ tamból.

BAQUETEADO, DA. p. p. ng̃ Baquetear. || adj. Hiratí sa pang̃ang̃alakal at paggawâ.

BAQUETEAR. v. a. Parusahan ng̃ hampás sa likód. || fig. Pagaliting mabuti.

BARAJA. f. Baraha.

BARAJAR. v. a. Bumalasa ng̃ baraha. || fig. Paghaluin ang mg̃a tao ó bagay sa kapuwâ nilá. || v. r. Magkahalòhalò.

BARANDA. f. Palábababan. || Gilid ó sanggá sa tabí ng̃ mg̃a mesa ng̃ bilyár.

BARANDILLA. f. Palábababan.

BARANGAY. m. Bangkâng gaurán.

BARATERO. m. Mapangbalato.

BARATILLO. m. Mg̃a bagay na mura. || Tindahan ng̃ mg̃a bagay na mura.

BARATO, TA. adj. Mura. || m. Pagbibilí ng̃ mg̃a bagay na mababà ang halagá. || Balato.

BÁRATRO. m. *Poet.* Impiyerno.

BARATURA. f. Kamurahan ng̃ mg̃a bagay na ipinagbibilí.

BARAUNDA. f. Malakíng kaing̃ayan.

BARBA. f. Babà. || Balbás.

BARBADA. f. Babà ng̃ kabayo. || Tanikalâng bakal na nakasaló sa baba ng̃ kabayo.

BARBADO, DA. p. p. ng̃ Barbar. || May balbás. || m. Paugát.

BARBAQUEJO. m. Tanikaláng nakasalumbabâ sa babà ng̃ kabayo.

BARBAR. v. n. Magkabalbás. || *Agric.* Magugát ang mg̃a halaman.

BARBARIDAD. f. Kalupitán; kabang̃isan. || fig. Salitâ ó gawáng hindî tuto.

BARBARISMO. m. Paggamit ng̃ mg̃a salitâng hindî nauukol sa isáng wíkà. || Salitâ ó gawáng hindî tuto.

BARBARIZAR. v. a. Gawíng malupít ang isáng bagay ó ang isáng tao. || v. n. fig. Magsalitâ ng̃ hindi tuto.

BÁRBARO, RA. adj. Nauukol sa tao ñg mña bayan ñg siglo V. na sumirà ñg kaharìán ñg mña romano at kumalat sa boong Europa. ‖ fig. Malupít; mabañgís. ‖ fig. Walang hunusdilì; waláng pinag-aralan; magaspáng na ka ugalian.

BARBEAR. v. n. Masayad ang babà. ‖ fig. Pumantáy.

BARBECHAR. v. a. Ararubin; linañgín ang lupà.

BARBECHO. m. Lupàng inararo ó nilináng.

BARBERO. m. Mangaahit ñg balbás.

BARBICANO, NA. adj. May uban ang balbás.

BARBILAMPIÑO, ÑA. adj. Madalang ang balbás.

BARBILLA. f. Tulís ó dulo ñg babà.

BARBO. m. *Zool.* Isdáng ilog.

BARBÓN. m. Lalaking balbasin

BARBOQUEJO. m Salumbabâ ñg sumbrero.

BARBOTAR. v. n. Magsalitâ ñg mahinà at maguló. ‖ v. a. Pagsalitaín ñg mahina.

BARBUDO, DA. adj. Mabalbás.

BARCA. f. Bangkáng maliít na pañgisdaan.

BARCADA. f. Lulang itinatawid ñg isáng bangkâ. ‖ Bawa't tawíd ñg isáng bangkâ.

BARCAJE. m. Upa sa tawíd ñg bangkâ.

BARCO. m. Sasakyangdagat.

BARDAR. v, a. Lagyán ñg mña siít ang bakod.

BARGA f. Bañgín.

BARLOVENTO m. Gawíng pinagmumulán ñg hañgin.

BARNIZ. m. Pangpakináng.

BARNIZADO, DA. p. p. ñg Barnizar. ‖ m. Pangpakináng,

BARNIZADOR, RA. adj. y s. Nagpapakináng.

BARNIZAR. v, a. Pakinañgín.

BARÓMETRO. m. Kasangkapang kinakikilanlán ñg lakás ñg hañgin.

BARÓN. m. Katibayan ñg pagkamahál na tao.

BARONESA. f. Asawa ñg may katibayan ñg pagkamahál na tao.

BARONÍA. f. Karapatáng pagkabarón.

BARQUEAR. v, n. Mamangkâ.

BARQUERO. RA m. y f. Mámamangkâ.

BARQUILLA. f. Hulmahang hugis bangkâ na ginagamit sa paggawà ñg tinapay. ‖ *Mar.* Kasangkapang panukat ñg takbó ñg daóng.

BARQUILLERO, RA. m. y f. Ang gumagawâ ó nagtitindá ñg binalumbóng tinapay. ‖ m. Hulmahan sa paggawâ ñg binalumbóng na tinapay.

BARQUILLO. m. Tinapáy na binalumbón na kasamang kinakain sa sorbetes.

BARQUÍN. m. Panghihíp na malakí na ginagamit sa pandayan, bakalán at ibp.

BARRA. f. Piraso ñg bakal na bilóg at mahabà. ‖ Pangsikuwát na bakal. ‖ Balumbón ñg gintô ó

pilak na ginagawáng salapî. || Pulóng buhangin.

BARRACA. f. Dampâ; kubò. || Tahanan sa bukid.

BARRAGANA. f. Babaing kalunyâ.

BARRANCA. f. Libis; bangín.

BARRANCO. m. Libís; bangín.

BARRANCOSO, SA. adj. Mabangín.

BARREAR. v. a. Sarhán ó tibayan ang isáng poók || Guhitan ang ibabaw ng sulat bilang tandâ ng pagkatkat.

BARREDERA. f. Pangwalís ng daan.

BARREDOR, RA. adj. y s. Nagwawalís.

BARREDURA. f. Pagwawalís. || pl. Mga dumíng sumasama sa walís sa pagwawalís.

BARRENA. f. Pangbutas na bakal.

BARRENAMIENTO. m. Pagbabarena.

BARRENAR. v. a. Barenahin. || Butasin ang sasakyángdadat upáng lumuhóg.

BARRENDERO, RA. m. y f. Mangwawalis.

BARRENO. m. Pangbutas. || Butas ng barena.

BARREÑO. m. Pasô.

BARRER. v. a. Magwalís. || fig. Tangayíng lahát ang nasa isáng poók.

BARRERA. Poók na kinukunan ng luad na ginagawáng mga palayók at ibp. || Halang. || fig. Sagwíl.

BARRERO. m. Manggagawà n mga kasangkapang lupà.

BARRETA. f. Tiras na balát na ipinangsasapín sa loób ng sapatos.

BARRIGA. f. Tiyán. || fig. Bahaging matambók ng isáng sisidlán.

BARRIGUDO, DA. adj. Malakí ang tiyán;

BARRIL. m. Taóng; bariles.

BARRILLA. f. *Bot* Halamang ang abó ay kinukunan ng lihiyá.

BARRIO. m. Nayon.

BARRIZAL. m. Putikan.

BARRO. m. Putik; luad. || Sisidláng lupang may ibá't ibáng hugis at lakí.

BARROSO, SA. adj. Maputik; maluad || Kulay putik ó luad.

BARROTE. m. Putol na bakal na pangpatibay sa isáng bagay. || *Carp.* Pahaláng na kahoy na pinagpapakuan ng mga tablá.

BARRUNTAR. v. a. Sapantahain: hulaan. || Halataín.

BARTOLINA. *Amer.* Bilangguan.

BÁRTULOS. m. pl. fig. Mga kasangkapang pinamamahalaan.

BARULLO. m. Kaingayan; kaguluhan.

BASA f. *Arq.* Bató na kinatataniman ng haligi ó larawang bató. || fig. Batayan ng isáng bagay.

BASAMENTO. m. Punò ng haliging may pinakapaá.

BASAR. v. a. Itaním sa pinakapunò. || fig. Ibatay; isalig. || v. r. Pagbatayan; pagsaligan.

BASCA fi. Samâ ng̃ sikmurà; alibadbád.

BÁSCULA. f. Timbaug̃an ng̃ malalakíng bagay.

BASE. f. Bató na kinatataniman ng̃ haligi. ‖ fig. Saligán; batayán

BASÍLICA. f. Palasyo ó tahanan ng̃ harì. ‖ Simbahang bantóg dahil sa katagalán.

BASILICÓN. m *Farm.* Panapal.

BASILISCO m. Hayop sa paghahakà lamang na pinaguukulan ng̃ kapangyarihang makamatáy sa pamamagitan ng̃ ting̃ín.

BASQUIÑA f. Sayang itím.

BASTA. f. Tutós sa damít bago tahîín; hilbana.

BÁSTAGO. m Suplíng

BASTANTE p. p. ng̃ Bastar Nagkakasya; sapát. ‖ adv. c. Hindî marami hindî kauntî; katatagán

BASTANTEAR. v. n. *For.* Kumilala ang isáng mananang̃gól sa kapangyarihang iniatas sa isáng tao at lagdâán sa ilalim ng̃ pagsasabing sapát na sa bagay na pinaghahabol.

BASTAR. v. n. Magíng sapát at kasiya sa isáng bagay; maka; sapát.

BASTARDO, DA. adj Kaibá sa pinagmulán ó likás. ‖ *Hijo bastardo.* Anák sa ligaw. ‖ Ulupóng.

BASTIDOR. m. Kabitan ng̃ mg̃a kayo ó damít na binuburdahán ó pinipintahán

BASTILLA. f. Lupî sa dulo ng̃ damít na tinatahî upang huwág mang̃alás.

BASTIMENTO. m. Laang pagkabubuhay sa isáng siyudad ó bukbó. at ibp. ‖ Sasakyangdagat.

BASTIÓN. m. Kutà; tanggulan.

BASTO, TA. adj. Magaspáng. ‖ m. Ang alinmán sa barahang bastós.

BASTÓN. m. Tungkód. ‖ Sagisag ng̃ kapangyarihang tinatagláy ng̃ isáng punò.

BASTONAZO. m. Hampás ng̃ tungkód.

BASTONEAR. v. a. Hampasín ng̃ tungkód. ‖ Haluin ng̃ isáng putol na kahoy ang alak sa baso upang mawalâ ang pamumuô.

BASTONERA f. Sabitán ó lalagyán ng̃ tungkód.

BASTONERÍA f. Tindahan ng̃ mg̃a tungkód.

BASTONERO. m. Manggagawà ng̃ tungkód. ‖ Naglalakô ng̃ tungkód. ‖ Ang nang̃ang̃asiwà sa mg̃a sayawan. ‖ Katulong ng̃ punò sa bilangguan.

BASURA. f. Sukal.

BASURERO. m. Tagahakot ng̃ mg̃a sukal sa lansang̃an. ‖ Poók na pinagtitipunan ng̃ mg̃a sukal.

BATA f. Damít na pangbahay.

BATACAZO. m. Kalabóg ng̃ isáng lumalagpák. ‖ fig. Pagkabigô.

BATALLA. f. Paglalaban; pagbabaka.

BATALLADOR. RA. adj y s. Bumabaka. ‖ m. Kabantugan ng̃ isáng nagdaán sa maraming pakikibaka.

BATALLAR. v. n. Bumaka; dumigmâ ‖ fig. Makipagtalo; makipagtungalî,

BATALLÓN. m. *Mil.* Bahagi ng̃ hukbó.

BATEA. f Batiyâ. || Bandeha. || Daóng na maliit.

BATEL. m. *Mar*. Bangkáng ta wiran.

BATELERO, RA. m y f. Tagapagtawíd sa bangkâ.

BATERÍA. f. Hanáy ng̃ mg̃a kasangkapang pangdigmâ. || fig. Ang alinmáng bagay na bumabalisa sa kalooban.

BATIDERA. f. Panghalò ng̃ apog at buhang̃ing tinubigan.

BATIDOR, RA. adj Pumupukpók; gumigibâ || m. Tagapagsiyasat ng̃ parang ó landás upang alamín kung waláng kaaway || Ang bawa't kawal na nang̃ung̃una sa Harì, mg̃a heneral at ibp.

BATIR. v. r. Pukpukín. || Igibâ; ilugsô. || Galawín ng̃ malakás ang isáng bagay. || Suklayín ang buhók. || Ihapay ang kaaway. || Ihulog ang isáng bagay mula sa itaás. || v. r. Makipagaway; makipaglaban.

BATISTA. f. Damít na manipís at pino.

BATUTA. f. Bastóng maiklíng ginagamit sa pagkumpás ng̃ nanang̃ang̃asiwà ng̃ isáng orkesta.

BAÚL. m. Kabán; sisidlangkahoy ||fig. y fam. Tiyán.

BAUSAN, NA. m. y f. Panakot; pamaoy.

BAUTISMO. m. Pagbibinyag.

BAUTISTA. m. Ang nagbibinyág.

BAUTISTERIO. m. Poók na pinagbibinyagán.

BAUTIZANTE. p. a. ng̃ Bautizar. Nagbibinyág.

BAUTIZAR. v. a. Buminyág; magbinyág. || fig. y fam. Palayawan. || fig. y fam. Maghalò ng̃ tubig sa alak.

BAUTIZO. m. Pagbibinyág.

BÁVARO, RA. adj. y s. Tubò sa Baviera.

BAYETA. f. Damít na lanang manipís.

BAYETÓN. m. Damít na lanang mabalahibo.

BAYO, YA. adj. Kulay na maniláwniláw.

BAYONETA. f. Sandatang matulis na kahugis ng̃ punyál na ikinakabít sa dulo ng̃ baríl.

BAYONETAZO. m. Hampás ng̃ bayoneta. || Sugat na gawâ ng̃ bayoneta.

BAZA. f. Bilang ng̃ barahang nililikom ng̃ nananalo sa sugál.

BAZAR. m. Tindahan ng̃ mg̃a ibá't ibáng uríng kalakal,

BAZO, ZA. adj. Kulay kayumanggiing madiláwdiláw. || m. *Anat.* Lapáy.

BAZOFÍA. f. Pinagpispisán; simì.

BE. m. Tiníg ng̃ tupa.

BEATA. f. Babaing nakaábito. || Babaing may loób sa Diyós.

BEATERIO. m. Bahay na tinitirhan ng̃ mg̃a babaing nakaábito.

BEATIFICACIÓN. f. Paghahayág ng̃ papa na ang isáng tao ay banál.

BEATIFICAR. v. a. Ipahayag ng̃ papa na ang isáng tao ay banál.

BEATITUD. f. Kaluwalhatiang waláng hanggá.

BEATO, TA. adj. Maligaya; mapalad.

BEBEDERO, RA. adj. Mabuting inumín. ‖ m. Sisidlán nğ tubig na ipinaiinóm sa mğa hayop.

BEBEDIZO, ZA. adj. Maiinóm. ‖ m. Inumíng gamót. ‖ Inumíng may lason.

BEBEDOR, RA. adj. y s, Manğinğinom. ‖ Umiinóm nğ labis nğ alak.

BEBER. m. Paginóm.

BEBER. v. a. Inumín; tunggâín. ‖ fig. Higupin; hititín. ‖ fam. Umiinóm na madalás nğ alak. ‖ v. r. Gumawâ nğ isáng bagay nğ buúng liksí.

BEBIDA. f. Ang alinmáng iniinóm. ‖ Gamót na painóm.

BECA. f. Tandáng ginagamit nğ mğa nagsisipagaral sa kaniláng damít.

BECADA. f Isáng klaseng ibon.

BECERRA. f. Babaing bulô nğ baka.

BECERRO. m. Lalaking bulô nğ baka. ‖ Balát na kinulti nğ bulô.

BEFA. f. Libák; uyám.

BEFADURA. f. Paglibák; paguyám.

CEFAR. v. a. Libakín; uyamín.

BEJUCAL. m. Poók na mayantók.

BEJUCO. m. Yantók; uwáy; palasan.

BEJUQUILLO. m. Tanikaláng gintóng ginagawâ sa China na ipinapalamuti sa liíg nğ mğa babai. ‖ Pangpasuka.

BELCEBÚ. m. Si Lusuper na demonyo.

BELDAD. f. Karikitan; kagandahan. ‖ Babaing tanğì sa kagandahan.

BELFO, FA. adj. Makapál ang nğusò at labì.

BELGA. adj. y s. Tubò sa Bélgica

BÉLICO, CA. adj. Nauukol sa digmâ.

BELICOSO, SA. adj. Mangdidigmâ; paladigmâ

BELIGERANCIA. f. Katuwirang kinikilala sa isáng bansâ upáng magtaás nğ mğa sandata at dumigmâ laban sa ibá.

BELIGERANTE. adj. y s. Nakikipagdigmâ.

BELLACO, CA. adj. y s. Masamâ; tampalasan. ‖ Matalas ang isip.

BELLAQUEAR. v. n. Gumawâ nğ katampalasanan; manampalasan.

BELLAQUERÍA. f. Katampalasanan.

BELLEZA. f. Karikitan; kagandahan.

BELLO, LLA. adj. Marikít; magandá.

BENDECIR. v. a. Purihin; padakilain. ‖ Pagpalain nğ Maykapál. ‖ Basbasán; gawaran nğ krus.

BENDICIÓN. f. Pagbasbás; paggagawad nğ krus. ‖ Pagpapalà. ‖ pl. Panalanğing ginagawâ sa pagkakasál.

BENDITO, TA. adj. Mapalad. ‖ Maligaya.

BENEFICENCIA. f. Gawáng magalíng sa kapuwâ.

BENEFICIADO, DA. p. p. ñg Beneficiar. || m. y f. Ang taong nagpapalabás ñg dulâ sa kapakinabañgán niyá.

BENEFICIAR. v. a, Gumawâ ñg magalíng. || Gawán ang isáng bagay ñg kapakinabañgán. || Tamnán ang isáng lupà upang pakinabañgan.

BENEFICIARIO. m. *For.* Ang nagtatamó ñg kapakinabañgán ñg isáng bagay.

BENEFICIO. m. Kagalingañg ginagawâ ó tinatanggáp. || Kapakinabañgán. || Palabás sa dulàan sa kapakinabañgán ñg iláng tao ó kapisanan. || Pakinabang na tinutubò ñg nagpalabás ñg dulâ.

BENEFICIOSO, SA. adj. Mapakinabang; may kapakinabañgán.

BENÉFICO, CA. adj. Gumagawà ñg mabuti ó magalíng.

BENEMÉRITO, TA. adj. Karapatdapat.

BENEPLÁCITO. m. Pagbibigáy buti; pahintulot.

BENEVOLENCIA. f. Kabutihang loób sa kapuwâ.

BENEVOLENTE. adj. Mabuting loób sa kapuwâ.

BENÉVOLO, LA. adj. May mabuting kalooban sa kapuwâ.

BENIGNIDAD. f. Kababaan ñg loób; kabutihan ñg damdamin.

BENIGNO, NA. adj. Mababang loób; mabuting kalooban. || fig. Katamtaman; banayad.

BENJUÍ. m. Katás na mabangóng nakukuha sa balát ñg isáng punongkahoy na nagtataglay ñg ganyáng pañgalan.

BEODEZ. f. Kalañguhán.

BEODO, DA. adj. Lañgó; lasíng.

BERBIQUÍ. m. Kasangkapang pangbutas.

BERENJENA. f. *Bot.* Talóng.

BERENJENAL. m. Poók na taniman ñg talónt; talungan.

BERGANTE. m. Tampalasang walanghiyâ.

BERGANTÍN. m. *Mar.* Sasakyángdagat na may dalawáng palo at parisukát na layag.

BERLINA. f. Sasakyáng kulóng na may dalawáng upuan.

BERMEJO, JA. adj. Mamulámulá.

BERMELLÓN. m. Pulbós na mapulá.

BERREAR. v. n. Umiyák ang mña bulô ó ibáng mña hayop. || Sumigáw; dumaíng. || v. r. Magtapát; maghayág ñg isáng bagay.

BERRENCHÍN. m. Masamáng amóy na sumisiñgáw sa baboydamóng nagagalít. || Galit at iyák ñg mña batà.

BERRINCHE. m. fam. Matinding galit ñg mña batà.

BESAMANOS. m Paghalík ñg kamáy. || Batì sa ñgalan ñg harì na tinatanggáp ñg mña maykapangyarihan kung dumaratíng ang kasayahan sa kaharian

BESAPIÉS. m. Paghalík sa paá. || Pagbibigáy galang sa mña babai.

BESAR. v. a. Halikán; hagkán. || v. rec. fig. y fam. Magkabunggô sa mukhâ ó sa ulo.

BESO. m. Paghalík. ‖ Halík.‖ fig. Pagkakabungguan nğ mukhâ ó ulo nğ dalawáng taong nagkasagupà. ‖ *de Judas.* Halík sukáb ‖ *de paz.* Halík sa pagmamahál.

BESTIA. f. Hayop. ‖ fig. Taong mangmáng.

BESTIALIDAD. f. Kahayupan; pagkahayop.

BESTIALIZARSE. v. r. Magpakahayop; magasal hayop; magbuhay hayop.

BESUCADOR, RA. adj. y s. fam. Mamumupog nğ halík.

BESUCAR. v. a. fam. Pupugin nğ halík.

BESUGO. *Zool.* Isdâng bisugo.

BETA. f. Nğalan nğ be sa abakadâng g r i y e g o. ‖Kaputol na talì.

BETEL. m. *Bot.* Ikmó.

BÉTICO, CA. adj. Tubò sa bayan nğ Bética.

BETÚN. m. Galagala; bitón.

BEZAR. m. Batóng nakukuha sa sikmurà nğ kambíng sa India at nagsisilbíng gamót.

BEZO. m. Labìng makapál.

BEZUDO, DA. adj. Labián; makapál ang mğa labì.

BIBLIA. f Ang santong kasulatan.

BIBLIOTECA. f. Aklatan.

BIBLIOTECARIO. m. Ang nagiingat nğ isáng aklatan.

BICENAL. adj. May dalawampûng taón.

BICOCA. f. Baháybahayan sa mğa daángbakal na sinisilunğan nğ mğa kawaní. ‖ fig. y fam. Bagay na waláng gaanong kabuluhán.

BICOLOR. adj. May dalawáng kulay.

BICÓNCAVO, VA. adj. *Geom.* Hungkág magkabilâ.

BICONVEXO, XA. adj. *Geom.* Malukóng magkabilâ.

BICHO. m. Ang alinmáng hayop na maliít. ‖ fig. Taong may panğit na pagbibikas.

BIELDO. m. Panğalahig.

BIEN. m. Buti; kagalinğan. ‖Kapakinabanğán. ‖ adv. m. -Mabuti; maayos.‖Ginagamit kung minsan na conjunción disyuntiva ó distributiva gaya halimbawà: *Hemos de llegar, bien por la derecha, bien por la izquierda. Darating kami, kungdi sa gawing kanan, sa gawing kaliwa.* ‖ pl. Kayamanan; puhunan.

BIENAL. adj. Tumatagál nğ dalawáng taón.

BIENAMADO, DA. adj. Pinakaiibig.

BIENANDANTE. adj. Maligaya; mapalad.

BIENANDANZA. f. Kaligayahan; kapalaran.

BIENAVENTURADO, DA. p. p. nğ Bienaventurar. ‖ adj. y s. Ang nagtatamó sa lanğit nğ katuwaan sa Diyós. ‖ Maligaya; mapalad.

BIENAVENTURANZA. f. Pagkakita sa Diyós sa lanğit. ‖ Kapalaran; kaligayahan.

BIENESTAR. m. Kagalinğan nğ sarili; kalagayang mabuti.

BIENGRANADA. f. *Bot.* Isáng klaseng halaman.

BIENHABLADO, DA. adj. Magalang magsalitâ.

BIENHECHO, CHA. adj. Mabuting pagkakaayos ng̃ katawán.

BIENHECHOR, RA. adj. y s. Gumagawâ ng̃ magalíng sa kapuwâ

BIENIO. m. Panahón ó sa loób ng̃ dalawáng taón.

BIENMANDADO, DA. adj. Ma sunurin sa mg̃a nakatataás sa kaniyá.

BIENQUERENCIA. f. Mabuting kalooban.

BIENQUERER. m. Mabuting kalooban; paggiliw.

BIENQUERER. v. a. Ibiging mabuti; mahalín

BIENQUISTO, TA. adj. Minamahál na mabuti.

BIENVENIDA. f. Maligayang pagdatíng. || Batì na isinasalubong sa isáng taong dumatíng ng̃ waláng sakunâ.

BIFTEC. m. Bistík

BIGAMIA. f. *For.* Kalagayan ng̃ isáng lalaking nakakasál sa dalawáng babai ó dalawáng babaing nakakasál sa dalawáng lalaki. || Pagaasawa sa dalawá.

BÍGAMO, MA. adj. y s. Kasál sa dalawá; may dalawáng asawa

BIGARDEAR. v. n. fam. Maglagalág.

BIGORNIA. f. Palihán.

BIGOTE. m. Balbás sa ng̃usò.

BIGOTUDO, DA. adj. Malagô ang balbás sa ng̃usò.

BILBAINO, NA. adj. y s. Tagá Bilbao.

BILINGÜE. adj. Dalawáng wikà.

BILLAR. m. Laróng bilyar.

BILLETE. m. Maiklíng sulat. || Bilyete.

BILLÓN. m. Isáng libong ang̃aw; ang̃awang̃aw.

BÍMANO, NA. adj. May dalawáng kamáy.

BIMESTRE. adj. Sa dalawáng buwán. || m. Dalawáng buwán.

BINARIO, RIA. adj. Binubuô ng̃ dalawáng bagay na magkalakíp.

BIOGRAFÍA. f. Kasaysayan ng̃ buhay ng̃ isáng tao.

BIOGRAFIAR. v. a. Gumawâ ng̃ kasaysayan ng̃ buhay ng̃ isáng tao.

BIOGRÁFICO, CA. adj. Nauukol sa kasaysayan ng̃ buhay ng̃ isáng tao.

BIOLOGÍA. f. Karunung̃an sa pagsiyasat ng̃ mg̃a alituntunin ng̃ búhay.

BIOLÓGICO, CA. adj. Nauukol sa pagsisiyasat ng̃ mg̃a alituntunin ng̃ buhay.

BIOMBO. m. Halang; panabing sa loób ng̃ bahay.

BIPARTIDO, DA. adj. Lapiang nahahatì sa dalawá; hatì sa dalawánng piraso.

BÍPEDE adj. May dalawáng paá.

BÍPEDO, DA. adj. May dalawáng paá.

BIRICÚ. m. Pamigkís sa baywang na pinagsasabitan ng̃ sable

BIRLAR. v. a. fig. y fam. Patayín ang kapuwâ sa pamamagitan ng̃ sandata. || Kunin sa pamamagitan ng̃ laláng ang nauukol sa ibá.

BIRLOCHO m. Sasakyáng magaán na waláng takíp, na may apat na gulóng at apat na upuan.
BIRRETE. m Bunete ng̃ parì.
BISABUELO, LA. m. y f. Amá ó iná ng̃ nunong lalaki ó babae.
BISAGRA. f. Kasangkapang bakal na nagpapaikit sa pintô ‖ Kasangkapang kahoy na ginagamit ng̃ sapatero upáng bulihin ang mg̃a sapatos.
BISIESTO. m. Taóng may tatlungdaan at anim napu't anim na araw.
BISNIETO, TA. m y f. Anák na lalaki ó babae ng̃ apóng lalaki ó babae.
BISOJO, JA adj. Sulipát ang matá; dulíng.
BISTURÍ. m. *Cir.* Pang̃adít.
BIZANTINO, NA. adj y s Tagá Constantinopla.
BIZARREAR. v. n. Magpakitang tapang. ‖ Magmagandáng loób; magmagilas.
BIZARRÍA. f. Gilas; tapang; ‖ Kagandahang loób.
BIZARRO, RA. adj. Matapang; magilas; magandáng loób.
BIZCO, CA. adj. Dulíng; sulipát ang matá.
BIZCOCHAR. v. a. Palutung̃ín ang tinapay.
BIZCOCHO. m. Tinapay na malutóng.
BIZMA. f. Tapal na pangpalakás ng̃ katawán.
BIZNIETO, TA. m. y f. Anák ng̃ apó; apó sa tuhod.
BIZQUEAR. v. n. Tuming̃ín ng̃ padulíng; magdulíng.
BLANCA. f. Salapî ng̃ unang panahón.
BLANCO, CA. adj. Maputî; putî ‖ fig. y fam. Duwág. ‖ m. Kulay na putî. ‖ Pagitan ng̃ guhit na waláng sulat. ‖ Pagitan ng̃ bawa't yugtô ng̃ palabás. ‖ *En blanco.* loc. adv. Waláng sulat.
BLANCOR. m. Kaputîán; putî.
BLANCURA. f. Kaputîán; putî.
BLANDEADOR, RA. adj Nagpapalambót.
BLANDEAR. v. n. y r. Mangluág; sumunód. ‖ v. a. Pagbaguhin ng̃ akalà ó palagáy.
BLANDIR. v. a. Iwasiwas ang sandata. ‖ v. r. Kuminígkiníg.
BLANDO, DA. adi. Malambót; malatâ. ‖ fig. Malumanay; banayad. ‖ fig. y fam. Duwág.
BLANDÓN. m. Tirikáng malakí ng̃ kandilà
BLANDURA. f, Kalambután; kalataán. ‖ Tapal na pangpalambót ‖ fig. Katámisan; kalambután ng̃ loób sa pakikiharáp. ‖ fig. Kahinhinán ng̃ ugalì. ‖ fig. Pang̃ung̃usap na nakahahalina.
BLANQUEADOR, RA. adj. y s. Nagpapaputî.
BLANQUEAR. v. a. Magpaputî ‖ Pahiran ng̃ putî. ‖ v. n. Pumutî.
BLANQUECER. v. a. Pakinang̃ín ang gintô, pilak at ibá pâng metál. ‖ Paputîín
BLANQUECINO, NA. adj. Mamutîmutî.
BLANQUEO. m. Pagpapaputî.

BLANQUERÍA. f. Paputian.

BLANQUETE. m. Pangpaputî sa mukhâ; pulbós na ipinapahid ng̃ mg̃a babai sa kaniláng mukhâ.

BLANQUIZCO, CA. adj. Mamutîmutî.

BLASFEMADOR, RA. adj. y s. Palatung̃ayáw.

BLASFEMAR. v. n. Magtung̃yáw sa Diyós. || fig. Lumait; sumumpâ ng̃ kapwâ.

BLASFEMIA. f. Tung̃ayaw sa Diyós || fig. Salitáng lumalait sa kapuwâ.

BLASFEMO, MA. adj. Tung̃ayaw sa Diyós. || s. Nanunung̃ayaw sa Diyós. ó sa kapwâ tao.

BLASONAR. v. a. Ihandâ ang kalasag ng̃ isáng siyudad sang-ayon sa mg̃a alituntunin ng̃ arte || v. n. fig. Magparang̃alan ng̃ isáng bagay na pinupuri sa sarili.

BLINDA. f. Kanlung̃an.

BLINDAJE. m. Pang̃anlóng; kanlung̃an.

BLINDAR. v. a. Kanlung̃an.

BLONDA. f. Inkaheng sutlâng ginagawang kasuutan ng̃ babai.

BLOQUEAR. v. a. Kubkubín ang kaaway. || *Mar*. Sarhán ang lahát ng̃ pahatirang balità sa mg̃a daung̃an ng̃ kaaway.

BLOQUEO. m. Pagkubkób sa kaaway.

BLUSA. f. Damít na panggawâ. || Damít na isinusuót ng̃ mg̃a batà.

BOA. f. *Zool*. Sawá. || m. Balabal na mahabàng ginagamit ng̃ mg̃a babai na ibinibilibid sa liíg.

BOBADA. f. Kaung̃asán; kahang̃alân.

BOBEAR. v. n. Gumawâ ó magsaitâ ng̃ kaung̃asán. || fig. y fam. Magaksayá ng̃ panahón sa mg̃a bagay na walang kabuluhán.

BOBERÍA. f. Kaung̃asán; kahang̃alán.

BOBO, BA. adj. y s. Ung̃ás; hang̃ál.

BOCA. f. Bibíg; bung̃ang̃à. || fig. Bung̃ad. fig. Pasukán ó labasan

BOCADILLO. m. Ang pagkain ng̃ mg̃a magsasaka sa pagitan ng̃ agahan at tanghalian.

BOCADO. m. Subò. || Kauntíng pagkain. || Kagát ó sugat na gawâ ng̃ mg̃a ng̃ipin. || Bakal na ipinapasok sa bibíg ng̃ kabayo na kinakabitán ng̃ renda upang mapigil sa pagtakbó.

BOCALLAVE. f. Sulután ng̃ susì sa kandado.

BOCAMANGA. f. Dulo ng̃ manggás; punyós.

BOCANADA. f. Dami ng̃ tubig na minsanang naglululan sa bibíg ó naiuluwâ. || Dami ng̃ asóng lumalabás sa bibíg kung naniniga-rilyó.

BOCEAR. v. n. Pagaláwgalawín ang ng̃uso t labì ng̃ kabayo. || ant. Maghikáb.

BOCERA. f. Ang naiiwan sa bibíg matapos makakain at makainóm; mumo.

BOCINA. f. Tambulì.

BOCINAR. v. n. Tumambulì.

BOCÓN, NA. adj. fam. Malakí ang bibíg

BOCHORNO. m. Alinsangan.||Init sa pagkadaráng. || fig. Pamumulá ng̃ mukhâ dahil sa kahihiyán.

BOCHORNOSO, SA. adj. Maalinsang̃an.

BODA. f. Pagkakasál; pagiisáng dibdib. || Kasalan.

BODEGA. f. Taguán ng̃ mg̃a bagaybagay; tinggalan.||Kasaganaan sa alak sa isáng poók.

BODEGÓN. m. Karihan; tindahan ng̃ sarisaring makakain. || Tindahan ng̃ alak.

BODEGUERO, RA m. y f. Ang nagiing̃at sa taguán ó tinggalan ng̃ mg̃a bagaybagay.

BODIGO. m. Tinapay na maliít.

BODOQUE. m. Barokis. || fig. y fam. Taong maiklíng isip

BODOQUERA. f. Hulmahan ng̃ barokis.

BOFE. m, Bagà.

BOFETADA. f. Tampál; sampilong

BOFETÓN. m. Tampál na mariín.

BOGA. f. Paggaod; pagsagwán.

BOGADOR, RA. m. y f. Mang gagaod; mananaguwán.

BOGADURA. f. Paggaod; pagsagwán.

BOGAR. v. n. *Mar.* Gumaod; sumagwán.

BOHÉMICO, CA. adj. Nauukol sa kaharian ng̃ Bohemia.

BOICOTEAR. v. a. Pagkaisáisaháng huwág bilhán ng̃ anománg kalakal ang isáng tindahan.

BOICOTEO. m. Pagkakaisáisá sa di pagbilí sa isáng tindahan.

BOINA. f. Gorang bilóg at mababà na ginagamit sa mg̃a lalawigan ng̃ Vascongada at Navarra.

BOJAR. v. a. *Mar.* Sukatin ang binilogbilog ng̃ isáng pulô.

BOLA. f. Ang lahát ng̃ bagay na mabilog. || fig. Kabulaanan; kasinung̃aling̃an.

BOLAZO. m. Palò ng̃ bola,

BOLEAR. v. n. Maglarô ng̃ bola || Magpalayuan ng̃ hagis ng̃ bola. || Magsinung̃alíng.

BOLERO, RA. m. y f. Ang mananayaw ng̃ libad. || fig. y fam. Mapagsalitâ ng̃ kasinung̃aling̃an.

BOLETÍN. m. Papeleta sa paniniñgíl ó sa pagpasok sa dulàan.

BOLICHADA. f. Bawa't kapalaran sa larông bola ||*De una bolichada.* m. adv. fig. y fam. Sa minsanminsan.

BOLILLO. m. Putol ng̃ kahoy na hinugisan na ginagamit sa paggawâ ng̃ ingkahe. || Ang itinatayô sa gitnâ ng̃ mesa ng̃ bilyar na pinaglalaruan.

BOLO. m. Piraso ng̃ kahoy na bilóg at malakí ang punò na nakatayô sa sahíg. || Isáng bagay na mabilog; bola. || Gulok. || Unánunáhang ginagamit sa paggawâ ng̃ ingkahe. || *Farm.* Pildorás na malakí. || fig. y fam. Taong mangmáng at hang̃ál. || pl. Laróng bilyar.

BOLSA. f. Supot na lalagyán ng̃ isáng bagay; bulsá. || fig. Kayamanan ó salapî.

BOLSILLO. m. Bulsá.
BOLSO. m. Supot na taguán ng̃ isáng bagay.
BOLLAR. v. a. Lagyán ng̃ tandâ ang isáng bagay upáng makilala kung saán gawâ.
BOLLO. m. Tinapay na maliít na minasahan ng̃ ibá't ibáng bagay, gaya ng̃ itlóg, gatas at ibp. ‖ Pamumukol ng̃ ulo sa pagkauntóg.
BOMBA. f. Mákinang pangpaakyát ng̃ tubig. ‖ Punglóng inihahagis mulâ sa itaas.
BOMBARDA. f. Mákinang ginagamit ng̃ unang dako na pamukól ng̃ mg̃a bató. ‖ Sasakyán ng̃ unang panahóng ginagamit sa paghahagis ng̃ mg̃a bomba.
BOMBARDEAR. v. a. Hulugan ng̃ mg̃a bomba. ‖ Tudlaín ang loób ng̃ bayan sa pamamagitan ng̃ malalakás na kanyón.
BOMBARDEO. m. Paghuhulog ng̃ mg̃a bomba; pagtudlâ sa pamamagitan ng̃ mg̃a kanyón.
BOMBAZO. m. Putók ng̃ bombáng bumabagsak. ‖ Kapinsala ang nililikhâ ng̃ pumuputók na bomba.
BOMBEAR. v. a. Maghulog ng̃ mg̃a bombang pumuputók.
BOMBO, BA. adj. Ling̃áw; tulíg dahil sa isáng pangyayaring dì pangkaraniwan ó matindíng sakít. ‖ m. Tamból na malakíng tinutugtóg sa banda ng̃ musika. ‖ Ang tumutugtóg.
BONACHÓN, NA. adj. y s. fam. Mabuti; masunurin; mapaniwalà; at magiliw. ‖ fig. y fam. Pinaniniwalàan ang lahát nang wala nang siyasat.
BONANCIBLE. adj. Matahimik; mapayapang dagat ó panahón.
BONANZA. f. Panahóng matahimik ó mapayapà sa dagat. ‖ fig. Kasaganaan.
BONDAD. f. Kabutihan. ‖ Kagaling̃an. ‖ Kalambután ng̃ ugalì.
BONDADOSO, SA. adj. Tigíb ng̃ kabutihan; butihíng ugalì.
BONETE. m. Sumbrero ng̃ parì. ‖ Sisidlang bubog ng̃ matamís.
BONITO, TA. adj. Marikít; magandá.
BOÑIGA. f. Tae ng̃ hayop.
BOQUEADA. f. Pagbuká ng̃ bibíg; pagng̃ang̃á.
BOQUEAR. v. n. Bumuká ang bibíg; ng̃umang̃á. ‖ Maghing̃alô. ‖ v. a. Bigkasín ang isáng bagay.
BOQUERÓN. m. Butas na malakí.
BOQUETE. m. Pasukáng makipot sa isáng poók ó bundók.
BOQUIABIERTO, TA. adj. Nakang̃ang̃á. ‖ fig. Nakatung̃ang̃à.
BOQUIANCHO, CHA. adj. Maluáng ang bibíg.
BOQUIANGOSTO, TA. adj. Makipot ang bibíg.
BOQUICONEJUNO, NA. adj. Bibíg koneho.
BOQUIDURO, RA. adj. Nauukol sa kabayong matigás ang ng̃usò.
BOQUIFRESCO, CA. adj. Nauukol sa kabayong malambót ang ng̃usò.

BOQUILLA. f. Buká ng̃ salawal. ‖ Butas na kinukunan ng̃ tubig sa mg̃a patubig. ‖ Hinihipan sa mg̃a kasangkapan ng̃ musika. ‖ Hititan ng̃ sigarilyo ó tabako.

BOQUIMUELLE. adj. Nauukol sa kabayong malambót ang ng̃usò. ‖ fig. Nauukol sa taong madalíng dayàin.

BOQUINATURAL. adj. Nauukol sa kabayong hindî matigás ni malambót ang ng̃usò.

BOQUINEGRO, GRA. adj. Nauukol sa hayop na may maitím na bibíg. ‖ Isáng klaseng susô.

BOQUIRRASGADO, DA. adj. Maluang na bibíg.

BOQUIROTO, TA. adj. fig. y fam. Palaging nakasabád.

BOQUIRRUBIO, BIA. adj. fig. Nagsasabi ng̃ lahát ng̃ nalalaman kahit di kailang̃an.

BOQUISECO, CA. adj. Bibíg na tuyô. ‖ Nauukol sa bibíg ng̃ kabayong hindî bumubulâ.

BOQUITUERTO, TA. adj. Ng̃iwíng bibíg.

BORBOLLAR. v. n. Bumulabók ang tubig.

BORBOLLÓN. m. Bulabók ng̃ tubig.

BORBOTAR. v. n. Kumulô ó sumulák ang tubig.

BORBOTÓN. m. Kulô; sulák.

BORCEGUÍ. m. Sapatos na abót hanggáng bukongbukong.

BORDA. f. Dampâ. ‖ *Mar.* Layag na malakí.

FUNCIONARIO. m. Nanunungkól; kawaní sa pamahalaán.

FUNDA. f. Balot sa labás.

FUNDACIÓN. f. Pagtatatag; pagtatayô.

FUNDADOR, RA. adj. y s. Nagtatág.

FUNDAMENTAL. adj. Dakilà; pang̃una.

FUNDAMENTO. m. Simu'â; batayán. || Katuwirang pinagsasaligan. || fig. Ugát.

FUNDAR. v. a. Magtatag; magtayô. || fig. Ibatay; isalig. || v. r. Mabatay; masalig.

FUNDICIÓN. f. Pagbububò.|| Pagawaang pinagbubuán ng̃ mg̃a bakal.

FUNDIDOR. m. Mangbububò.

FUNDIR. v. a. Tunawin ang bakal, tansô at ibp.; magbubò. || v. r. Matunaw; mabubò. || fig. Magkapisan ang mg̃a diwà, hang̃arin ó lapiang nagkakaalít.

FÚNEBRE. adj. Nauukol sa patáy || fig. Napakalungkót.

FUNERAL. adj. Nauukol sa paglilibíng. || m. pl. Paglilibíng.

FUNERARIO, RIA. adj. Nanukol sa libíng.

FUNESTO, TA. adj. Kulangpalad. || Malungkót

FURIA. f. Pagng̃ang̃alit. || Poót. || Sumpóng ng̃ kabaliwán. || Karahasán ng̃ panahón. || fig. Kaliksihán sa paggawâ ng̃ isáng bagay.

FURIBUNDO, DA. adj. Galit; poót. || fig. Nahihibáng.

FURIOSO, SA. adj. Nagngañgalit; poót. ‖ Balíw. ‖ fig. Marahás; nakatatakot. ‖ fig. Napakalakí.

FUROR. m. Galit; poót. ‖ Sumpóng na daglî ng kabaliwán.

FURTIVO, VA. adj. Patagô; panakáw.

FUSÍL. m. Baríl.

FUSILAMIENTO. m. Pagbaríl.

FUSILAR. v. a. Barilín.

FUSIÓN. f. Pagkatunaw. ‖ fig. Pagpipisan ng mga diwà ó pangkating dating magkahiwaláy.

FUTILIDAD. f. Kawaláng kabuluhán ó halagá.

FUTURO, RA. adj. Darating; sasapit. ‖ m. y f. Katipán sa pagiisáng dibdib. ‖ *De futuro.* m. adv. Sa haharapín.





G

G. f. Ikawalóng titik ñg abakadáng kastilà at panganim sa kaniyáng mğa consonante.

GABÁN. m. Amerikanang mahabà.

GABARRA. f. Sasakyáng maliít sa tubig na may layag at mğa gaod.

GABAZO. m. Sapal.

GABELA. f. Buwís sa Pamahalaán.

GABINETE. m. Silíd na karatig. || Tanggapan ñg mğa babae sa panauhing kapalagayan ñg loób. || Katipunan ñg mğa sarisaring bagay na pinatitingnán sa madlâ ó pinagaaralan. || Katipunan ñg matataás na tao ñg pamahalaan.

GACETA. f. Pahayagáng pinaglalathalaan ñg mğa balità sa pamahalaan.

GACETILLA. f. Pitak ñg pahayagáng pinaglalathalaan ñg maiiklíng balità. || Maiklíng balità. || fig. y. fam. Ang mahilig sa pagdadalá ñg mğa balità sa ibá't ibáng dako.

GACHO, CHA. adj. Hukót; yukô.

GAFO, FA. adj. Pingkók ang mğa dalirì ñg kamáy at paá.

GAJE. m. Gantíngpalang nauukol sa isáng tungkulin.

GAJO. m. Sañgá ñg punungkahoy. || Pilíng.

GALA. f. Damít na mariñgal. || Kisig sa paggawâ ó pagsasalità ñg anomán. || pl. Kasuutang mariñgal.

GALÂN. m. Lalaking may magandáng tindíg || Ang nagmamakisíg sa dalaga.

GALANO, NA. adj. Makisig ang gayák. || Magilas. || fig. Magarà.

GALANTE. adj. Magalang; magandáng loób sa babae.

GALANTEAR. v. a. Magmagilas; magmakisig sa dalaga upang maibig.

GALANTEO. m. Pagmamagilás; pagmamakisig.

GALANTERÍA. f Pagmamagilás; pagmamakisig; pagmamagalang. || Inam at garà na namamalas sa isáng bagay. || Kakisigan.

GALANURA. f. Gayák na mainam sa matá; kagalingang likhâ ng̃ gayák. || fig. Kagalingan; garà sa pananalitâ.

GALÁPAGO. m. Pagóng.

GALARDÓN. m. Gantíngpalà sa mg̃a karapatán ó paglilingkód.

GALARDONAR. v. a. Gantihíngpalà ang mg̃a karapatán ó paglilingkód ng̃ isáng tao.

GALENO, NA. adj. *Mar*. Nauukol sa hang̃in ó simoy na banayad. || m. fam. Manggagamot.

GALERÍA. f. Bahaging mahabà at maluang ng̃ bahay na napapalamutihan at may maraming bintanà, na ginagamit na palamigan. || Katipunan ng̃ mg̃a pintura.

GALILLO. m. Gutil ng̃ lalamunan.

GALOPAR v. n. Tumakbó ang kabayo ng̃ matulin.

GALOPE. m. Takbóng matulin ng̃ kabayo. || *A, ó de galope*. m. adv. fig. Madalian; biglaan.

GALLARDÍA. f. Kakisigan; kagilasan.

GALLARDO, DA. adj. Magilas; makisig. || Matapang || fig. Dakilà sa mg̃a bagay na nauukol sa damdamin.

GALLERA. f. Sabung̃án.

GALLERO. m. Mananabóng.

GALLINA. f. Manók na babae.

GALLINÁCEO, A. adj. Nauukol sa manók.

GALLINAZA. f. Taing manók.

GALLINERÍA. f. Poók na pinagtitindahán ng̃ mg̃a manók.

GALLINERO, RA. m. y f. Magmamanók. || m. Manukan; hapunán ng̃ manók.

GALLO. m. Manók na lalaki.

GANA. f. Hang̃ád; pita sa isáng bagay.

GANABLE. adj. Maipananalo.

GANADERÍA. f Karamihan ng̃ mg̃a alagang hayop. || Pagaalagà ng̃ mg̃a hayop.

GANADO, DA. p. p. ng̃ Ganar || adj. Nanalo. || m. Katipunan ng̃ mg̃a hayop na alagà.

GANADOR, RA. adj. y s. Mananaló.

GANANCIA. f. Pananalo. || Kapakinabang̃án; tubò.

GANANCIAL. adj. Nauukol sa pakinabang ó tubò.

GANANCIOSO, SA. adj. Pinakikinabang̃an; pinagtutubuan.

GANAPÁN. m. Mamamasan.

GANAR. v. a. Makinabang; magtubò. || Maakit ang loób ng kapuwà. || Kamtán ang isáng bagay. || Manalo.

GANCHO. m. Kalawit.

GANDUL, LA. adj. y s. fam Tamád; hampáslupà; alisagâ.

GANGA. f. fig Pagbibilí ng̃ mura ng̃ mg̃a bagay na mahalagá.

GANGOSO, SA. adj. y s. Humál.

GANGRENA. f. Pagkabulók ñg sugat; kangrena.

GANGRENARSE. v. r. Mabulók ang sugat.

GANGUEÀR. v. n. Mahumál.

GANGUEO. m. Pagkahumál.

GANSO, SA. m. y f. Gansâ. ‖ fig. Taong batugan, tamád at pabayâ. ‖ fig. Taong hamák, waláng pinagaralan at ungás.

GANTA. f. Salóp.

GANZÚA. f. Bakal na baluktót na ginagamit na pangbukás sa mg̃a kandado kung waláng susì.

GAÑIDO. m. Hagulgól ñg aso kung pinapaló. ‖ Ung̃al ñg ibáng hayop.

GAÑIR. v. n. Humagulhól ang aso kung pinapalò ‖ Umung̃al ang mg̃a hayop. ‖ fig. y fam. Magsalitâ ñg mahagong ang boses.

GARABATO. m. Sabitán; kawitán.

GARANTE. com. Ang umaakò sa paghabayad.

GARANTÍA. f. Pananagutan sa kasunduan.

GARANTIR. v. a. Panagután; tayuán.

GARANTIZAR. v. a. Umakò; sagután.

GARBO. m. Gilas; kisig. ‖ fig. Garà at gandáng tinatagláy ñg mg̃a bagay. ‖ fig. Kagandahang-loób.

GARBOSO, SA. adj. Magilas; makisig. ‖ fig. Magandángloób.

GARDUÑA. f. Alamíd.

GARFIO. m. Kalawit.

GARGAJEADA. f. Dahák.

GARGAJEAR. v. a. Dumahák.

GARGAJEO. m. Pagdahák.

GARGAJO. m. Luráng kalanghagâ.

GARGAJOSO, SA. adj. Paladahák.

GARGANTA. f. Lalamunan. ‖ fig. Bahaging itaás ñg paá na nadudugtóng sa bintî. ‖ fig. Katipunan ñg bundók, ilog at iba pang poók.

GARGANTADA. f. Suka.

GARGANTILLA. f. Palamuti sa liíg ñg mg̃a babae.

GÁRGARA. f. Pagmumumog ñg tubig, na pinabubulabók sa may lalamunan.

GARGARIZAR. v. n. Magmumog.

GARITA. f. Kublihan ñg mg̃a bantáy. ‖ Maliít na silíd na kublihan ñg tanodpintô.

GARITO. m. Poók na sugalan; pasugalan. ‖ Pakinabang na nakakamtán sa pagpapasugál.

GARLOPA. f. Carp. Katám na malakíng ginagamit na pamantáy sa kahoy.

GARRA. f. Kamáy ó paá ñg mg̃a hayop na may kukó. ‖ fig. Kamáy ñg tao.

GARRAFA. f. Boteng maliít.

GARRAPATA. f. Zool. Limatik; tung̃áw.

GARRÓN. m. Tahíd.

GARROTAZO. m. Hampás ñg malakíng pamalò.

GARROTE. m. Pamalóng malakí. ‖ Bibitayán.

GARROTILLO. m. Pamamagâ ng̃ lalamunan.

GARZA. f. *Zool.* Kandanaok.

GASEOSO, SA. adj. Nauukol sa tubig na sumisingãw.

GASTABLE. adj. Magugugol. ‖ Magagasgás.

CASTADO, DA. p. p. ng̃ Gastar. ‖ adj. Gasgás.

GASTADOR, RA. adj. y s. Mapaggugol. ‖ Bilanggóng nahatulan ng̃ mabibigát na gawâ.

GASTAMIENTO. m. Pagkagasgás; pagkaubos ng̃ isáng bagay.

GASTAR. v. a. Gugulin. ‖ Iwasák ang isáng bayan. ‖ Sirain. ‖ Gasgasín ang damít, lakás at ibp. ‖ v. r, Magasgás.

GASTO. m. Paggugol. ‖ Gugol.

GASTOSO, SA. adj. Mapaggugól.

GASTRALGIA. f. Sakít ng̃ sikmurà.

GASTRITIS. f. Pamamagâ ng̃ sikmurà.

GASTRONOMÍA. f. Karunung̃an sa paglulutò ng̃ masasaráp na pagkain. ‖ Hilig sa pagkain ng̃ masaráp.

GASTRÓNOMO, MA. m. Maalam sa paglulutò ng̃ masasaráp na pagkain. ‖ Mahilig sa masaráp na pagkain.

GATA. f. Pusang babae. ‖ fig. Manipís na ulap sa ibabaw ng̃ mg̃a bundók na umaakyát ng̃ dahandahan.

GATAS (A) m. adv. Pagapáng.

GATEAR. v. n. Umakyát na kapara ng̃ pusà. ‖ fam. Gumapang. ‖ v. a. Kumamot ang pusà. ‖ fam. Mang̃umít.

GATERA. f. Butas na lusutan ng̃ mg̃a pusà.

GATO. m. Pusang lalaki. ‖ Supot ng̃ salapî. ‖ Salapî sa supot. ‖ fig. y fam. Tekas; mangduduwít.

GAVILÁN. m. *Zool.* Lawin. ‖ fig. y fam. Tekas.

GAZMOÑERÍA. f. Pagbabanálbanalan.

GAZMOÑO, ÑA. adj. y s. Nagbabanálbanalan.

GAZNATE. m. Lalamunan.

GEMALÍPARO, RA. adj. Nang̃ang̃anák ng̃ kambál.

GEMELO, LA. adj. y s. Kambál. ‖ m pl Pangmalayong ting̃ín. ‖ Ang dalawáng botones ng̃ punyós.

GEMIDO. m. Paghibík. ‖ Hibík.

GEMIDOR, RA. adj. Humihibík.

GEMIR. v. n. Humibík; dumaíng. ‖ fig. Umiyák ang mg̃a hayop.

GENDARME. m. Pulís.

GENEALOGIA. f. Angkán. ‖ Kasulatang kinatatalaán ng̃ pagkakasunúdsunúd ng̃ mg̃a angkáng pinanggaling̃an ng̃ isáng tao.

GENERACIÓN. f. Pagpaparami ng̃ tao. ‖ Lahì; angkán. ‖ Katipunan ng̃ magkakasíngpanahón.

GENERAL. adj. Hayág; pangkalahatán. ‖ m. Punong pangkalahatán ng̃ hukbó.

GENERALIDAD. f. Madlâ; kalahatán. ‖ Karaniwan sa mg̃a sinasabi ó sinusulat.

GENERALISIMO. m. Punò ng̃ mg̃a punò.

GÉNERO. m. Urì; ayos. ‖ Ayos ó kaparaanan sa paggawâ ng̃ isáng bagay. ‖ Bagay na kalakal. ‖ *Gram*. Kiyás.

GENEROSIDAD. f. Kamahalang asal na minana. ‖ Kagandahang loób. ‖ Katapang̃an ng̃ loób sa pagsasagawâ ng̃ anomán. ‖ Ka dakilaan.

GENEROSO, SA. adj. Mahál na asal. ‖ Matapang sa pagsasagawà ng̃ anomán. ‖ Tapát na loób; mapagbiyayà. ‖ Magalíng ang urì.

GENIO. m. Asal; ugalì. ‖ Hilig, ‖ Kakayahán sa isáng bagay.

GENITAL. adj. Ginagamit sa pagpaparami gg̃ tao. ‖ m. Bayág.

GENITIVO, VA. adj. Makalilikhâ ng̃ isáng bagay. ‖ m. *Gram* Isá sa mg̃a kasong nang̃ang̃ahulugán ng̃ pagmamay-arì.

GENTE. f. Mg̃a tao. ‖ Katipunan ng̃ mg̃a tao sa isáng bayan. ‖ Pulutóng ng̃ mg̃a kawal.

GENTIL. adj. y s. Hindî binyagan. ‖ Magilas; makisig.

GENTILEZA. f. Kakisigan; kagandahan ng̃ tindíg. ‖ Galang; kabutihang asal.

GENTÍO. m. Kakapalán ng̃ tao.

GENUFLEXIÓN. f. Pagluhód.

GENUINO, NA. adj. Waláng halò; dalisay; ganáp.

GEOGRAFÍA. f. Karunung̃ang nagtuturò ng̃ pagkilala ng̃ kalagayan ng̃ lupà.

GEOMETRÍA. f. Karunung̃an sa pagsukat ng̃ lupà.

GERENTE. m Nang̃angasiwà; namamahalà sa bahay-kalakal.

GERMEN. m. Hayop na maliít. ‖ Binhî. ‖ fig. Simulâ; pinanggaling̃an.

GERMINACIÓN. f. Pagtubò; pagnanawnáw.

GERMINAR. v. n. Tumubò; magnawnáw. ‖ fig. Umunlád.

GESTICULACIÓN. f. Galáw ng̃ mukhâ, na nagpapakilala ng̃ tuwâ ó galit.

GESTICULAR. v. n. Kumumpás; gumaláw ang mukhâ, kamáy at ibp.

GESTIÓN. f. Pagsasagawà; pagsisikap sa ikapapanuto ng̃ isáng kalakal.

GESTIONAR. v. n. Magsagawâ; magsikap sa ikapapanuto ng̃ isáng kalakal.

GESTO. m. Galáw ng̃ mukhâ ayón sa ibá't ibáng damdamin ng kalooban; kumpás. ‖ Pagng̃iwî. ‖ Pagmumukhâ.

GESTOR, RA. adj. y s. Nagsasagawâ. ‖ m. *Com*. Kasapì sa isáng samahán na tumutungkól ng̃ pang̃ang̃asiwà.

GIGANTA. f. Babaing napakatangkád.

GIGANTE. m. Lalaking napakatangkád. ‖ fig. Ang namumukód sa ibá sa tagláy na lakás at ibá pang kagaling̃an.

GIGANTESCO, CA. adj. Nauukol sa taong napakatangkád. ‖ fig. Napakatayog.

GIGANTEZ. f. Katangkaráng labis.

GIMNASIA. f. Pagpapalakás.
GINEBRA. f. Kasangkapang pangtugtóg na isinasalíw sa kantá || fig. Kaguluhan; kagusután. || fig. Kaingayan ng maraming taong dî magkamayaw. || Alak na kinukuha sa mga butó ng bunga ng *enebro*.
GIRAR. v. n. Umikit; magpaikitikit. || *Com*. Gumawâ ng pagbabayad sa pamamagitan ng *letra de cambio*.
GIRO. m. Ikit. || Pagikit. || Pagpapaligoy ng salitâ. || *Com*. Pagpapapalít ng salapíng pilak na ipinadadalá sa ibáng dako.
GLANDE. m. Turát; dulo ng pagaarì ng lalaki.
GLOBO. m. Bagay na bilóg at hungkág. || Lupà.
GLORIA. f. Kaluwalhatian; langit. || Kapurihán; kabantugan. || Tuwâ. || Ang nagpaparilág sa isáng bagay.
GLORIAR. v. a. Papurihan; itanghál. || v. r. Purihin ang sarili; magbanság. || Matuwâ ng labis.
GLORIFICACIÓN. Pagpupuri. || Pagluwalhatì
GLORIFICADOR, RA. adj. y s. Nagpapaluwalhatì.
GLORIFICAR. v. a. Paluwalhatiin. || Ibantóg; papurihan. || v. r. Lumuwalhatì; lumigaya.
GLORIOSO, SA adj. Karapatdapat purihin. || Nauukol sa kaluwalhatian. || Maluwalhatì; maligaya. || Pumupuri sa sarili; nagbabanság.
GLOSITIS. f. Pamamagâ ng dilà.
GLOTÓN, NA. adj. y s. Matakaw; masibà.
GLOTONEAR. v. n. Magmatakáw; magmasibà.
GLOTONERÍA. f. Katakawan; kasibaan.
GLUTEN. m. Ang alinmáng bagay na malagkít.
GLUTINOSIDAD. f. Kalagkitán.
GLUTINOSO, SA. adj. Malagkít.
GOBERNADOR, RA. adj. y s. Namamahalà. || m. Punong mataás sa isáng lalawigan, siyudad ó bansâ.
GOBERNANTE. p. a. ng Gobernar. || adj. y s. Namamahalà; namumunò.
GOBERNAR. v. n. Mamahalà; mamunò || Patnubayan; patnugutan.
GOBIERNO. m. Pamamahalà; pamumunò. || Pamahalaan.
GOCE. m. Pagtatamasa; pagkakamít.
GOLETA. f. Sasakyángdagat na maliít.
GOLFO. m. Dagátdagatan. || Laot; kalawakan ng dagat.
GOLONDRINA. f. Ibong langáylangayan.
GOLOSINA. f. Kakanín. || Pagnanasà ó pita sa isáng bagay. || fig. Bagay na masaráp.
GOLOSO, SA. adj. y s. Mapagkain ng mga kakanín; matakaw.
GOLPE. m. Hampás. || Banggâ; dagok. || Karamihan; kasaganaan. || Kapahamakáng bigláng dumadatíng. || fig. Pagtataká; panggigilalás.

GOLPEAR. v. a. Dagukan. || Tumuktók sa pintô.
GONCE m. Iniikitan ng̃ pintô sa pagbubukás at pagsasará.
GORDO, DA. adj. Matabâ; malakí ang pang̃ang̃atawán || Matambók at malakí. || Mamantikà. || m. Sebo: tabâ.
GORDURA. f. Tabâ. || Aligí. || Katabaán.
GORGOJARSE. v. r. Magkabukbók.
GORGOJO. m. Bukbók.
GORGOJOSO, SA. adj. Bukbukin.
GORJEAR. v. n. Humuni.
GORJEO. m. Huni
GORRA. f. Panakíp na malambót sa ulo.
GORRINO, NA m. y. f. Biík.
GORRIÓN. m. Ibong maya.
GOTA. f. Paták; tulò.
GOTEAR. v. n. Pumaták; tumulò. || fig. Magbigáy ó tumanggáp ng̃ untíuntî ng̃ isáng bagay.
GOTERA. f. Tulò; paták ng̃ tubig sa loób ng̃ bahay. || Butas ng̃ bubung̃áng pinanggagaling̃an ng̃ tulò.
GOZAR. v. a. Kamtán; tamasahin. || v. n. Matuwâ; malugód. || v. r, Magalák; magtamasa.
GOZO. m. Tuwâ; galák. || Kaligayahan. || fig. Liyáb ng̃ gatong na maliliít at tuyô.
GOZOSO, SA. adj. Matuwâ; magalák.
GRABADO. m. Karunung̃an sa paguukít. || Paraán ng̃ pagukit. || Larawang limbág.
GRABADOR, RA. m. y f. Mangukit sa bakal ó bató ng̃ larawan.
GRABAR. v. a. Magukit sa bató ó bakal ng̃ larawan. || fig. Itaimtím sa loób ang isáng diwà, damdamin at ibp.
GRACIA. f. Biyayà. || Panghalinang tagláy ng̃ pagmumukhâ ng̃ mg̃a tao. || Kapakinabang̃án; tangkilik; ling̃ap. || Kabutihang loób. || Pagpapatawá. || Kapatawarán. || fam. Pang̃alan ng̃ bawa't tao. || *¡Gracias!* Salamat; pasasalamat.
GRACIOSIDAD. f. Karikitan; kagandahan ng̃ isáng bagay.
GRACIOSO, SA. adj. Nakaaakit; nakaliligaya. || Masayá; mapagpatawá. || m, y f. Ang mapagpatawá sa dulaan; bubo.
GRADA. f. Baytáng. || Likmuang baytángbaytáng.
GRADADO, DA. adj. May mg̃a baytáng.
GRADO. m. Baytáng. || fig. Sukat ng̃ urì at kalagayan ng̃ isáng bagay.
GRADUACIÓN f. Pagbibigáy ng̃ urì ó taás sa isáng bagay.
GRADUAL. adj. Baytángbaytáng.
GRADUANDO. m, Ang nagtatapos sa isáng paaralán.
GRADUAR. v. a. Bigyán ang isáng bagay ng̃ urì ó taás na nararapat. || Sa mg̃a paaralán, magkaloób ng̃ katibayan sa isáng nagaaral sa karunung̃ang natapos. || v. r. Maggrado.

GRÁFICO, CA. adj. Nauukol sa mĝa pagpapaliwanag sa pamamagitan nĝ larawan ó guhit.
GRAJO. m. Uwák. ‖ fig. Taong masalitâ.
GRAMA. f. *Bot.* Damóng kawádkawaran.
GRAMÁTICA. f. Kaalaman sa pagsasalitâ at pagsulat nĝ isáng wikà.
GRAMATICAL. adj. Nauukol sa gramátika.
GRAMÁTICO, CA. adj. Nauukol sa gramátika. ‖ m. Ang bihasá ó sumulat nĝ gramátika.
GRAMIL. m. Kasangkapan nĝ anluwagi na ipinangguguhit sa kahoy.
GRAN. adj. Apócope nĝ Grande. Malakí; dakilà.
GRANADERO. m. Kawal na mataás ang tindíg. ‖ fig. y fam Taong napakatangkád.
GRANDE. adj. Malakí. ‖ Dakilà; marilág; marangál.
GRANDEZA. f. Kalakbán. ‖ Kapangyarihan. ‖ Kadakilaan; kamahalan.
GRANDIOSIDAD. f. Kalakháng kahanĝahanĝà; kadakilaan.
GRANDIOSO, SA. adj. Dakilà.
GRANDOR. m. Lakí nĝ mĝa bagay.
GRANEL. (A) m. adv. Butilbutil. ‖ fig. Buntúnbuntón.
GRANERO. m. Banĝán nĝ palay at ibp. uring butil ‖ fig. Lupaíng masaganà sa mĝa butil, na gaya nĝ palay, maís at ibp.
GRANJEAR. v. a. Paramihin ang kayamanan sa panĝanĝalakal nĝ mĝa hayop at ibá pang bagay. ‖ fig. Akitin; tamuhín. ‖ v. r. fig. Maakit; magtamó.
GRANO. m. Butil. ‖ Binhî. ‖ Butlíg.
GRANUJA. f. Ubas na nilalagas sa buwíg ‖ Butó nĝ bunĝa nĝ ubas. ‖ fam. Katipunan nĝ mĝa batang hampáslupà. ‖ m. fam. Batang hampáslupà; pilyo.
GRANULOSO, SA. adj. Butílbutíl.
GRASA. f. Tabâ; lináb.
GRATIFICACIÓN. f. Pabuyà; gantsngpalà; upa.
GRATIFICAR. v. a. Upahan; pabuyaan; gantihíngpalà. ‖ Pagbigyang loób.
GRATIS. adv. m. Waláng bayad.
GRATITUD. f. Gantíng loób; pagkilala nĝ utang na loób.
GRATO, TA. adj. Masaráp; kalugódlugód. ‖ Waláng bayad.
GRATUITO, TA. adj. Waláng bayad; bigáy.
GRATULAR. v. n. Pasalubungan nĝ batì ang isáng tao. ‖ v. r. Magalák; malugód.
GRAVAMEN. m. Pataw; pasanin. ‖ Buwís.
GRAVAR. v. a. Ipataw; ipapasán. ‖ Pabuwisán.
GRAVE. adj. Mabigát. ‖ Malakí; malubhâ. ‖ Waláng kibô. ‖ Mahirap gawín. ‖ Nakaaabala; nakagagalit.
GRAVEDAD. f. Bigát. ‖ Kawaláng kibô. ‖ Kalakiháng labis. ‖ fig. Kadakilaan; kabalagahan.

GRAVOSO, SA. adj. Mabigát. || Magugol; mahál
GREDA. f. Luad na magalás at mapute.
GREMIO. m. Kandungan. || Kapisanan. || Balangay.
GREÑA. f. Buhók na sabóg at guló.
GRESCA. f. Kaingayan; hiyawan. || Batág; away.
GREY. f. Kawan ng alagang hayop. || Kapisanan ng mga binyagang may sariling namumunò.
GRIETA. f. Biták; lahang. || Singáw sa bibíg.
GRIETADO, DA. adj. May biták
GRIETARSE. v. r. Magbiták; magkabiták.
GRIETOSO, SA. adj. Mabiták; bitákbiták.
GRILLETE. m. Pangáw sa paá ng mga bilanggô.
GRILLO. m. Kamaksì. || Sibol ng binhî kapág nagsisimulâ na ng pagtubò. || pl. Pangáw sa paá ng mga bilanggô.
GRIMA. f. Kawaláng lasa; sukal ng loób; sindák.
GRITAR. v. n. Sumigáw; humiyáw.
GRITERÍA. f. Sigawan; hiyawan.
GRITO. m. Sigáw; hiyáw.
GRITÓN, NA. adj. fam. Palasigáw; palahiyáw.
GROSERÍA. f. Kagaspangán ng asal; kawalán ng pitagan. || Kagaspangán; kawalán ng kinis. || Kamangmangán.
GROSERO, RA. adj. Magaspáng; waláng ayos. || Magaspáng na asal; bastós.
GROSOR. m. Kapál; lakí ng katawán.
GROSURA. f. Tabâ. || Pagkain ng lamang kati, laban sa pangingilin.
GRUESO, SA. adj. Makapál. || Malakí. || fig. Nauukol sa pag-iisip na masagal at malabò. || m. Kapál ng isáng bagay.
GRUMETE. m. Magdaragát na mababà ang tungkól.
GRUMO. m. Pamumuô ng butílbutíl ng isáng bagay na lusáw, gaya ng gatás at ibp.
GRUMOSO, SA. adj. Maraming pamumuô ng butílbutíl.
GRUÑIDO. m. Ngalngál ng baboy. || Angil ng aso at ibá pang hayop.
GRUÑIR. v. n. Ngumalngál ang baboy. || fig. Magpakita ng muhì at suklám sa paggawâ ng isáng bagay.
GRUPA. f. Gawíng pawitan ng kabayo.
GRUPO. m. Lipon; tumpók.
GRUTA. f. Yungíb.
GUACHAPEAR. v. a. Tampisawín ng mga paá ang tubig. || fig. y fam. Gawín ang isáng bagay ng padalosdalos. || v. n. Tumunóg ang kalang na bakal na maluwág ang pagkakapakô.
GUADAÑA. f. Lilik.
GUANTADA. f. Tampál.
GUANTE. m. Balot sá kamáy; guantes. || pl. Paragala; pabuyà.
GUAPO, PA. adj. fam. Masiglá; makisig; waláng takot. || Magandá.

GUARDA. com. Tagapagingat; tanod. || f. Pagbabantáy; pagiingat. || Pagtupád sa isáng utos, batás ó alituntunin.

GUARDABOSQUE. m. Tanod; gubàt.

GUARDACABRAS. com. Tagapagalagà ng kambíng.

GUARDACOSTAS. m *Mar.* Sa sakyángdagat na nagtatanod sa baybayin ng dagat.

GUARDADO, DA. p. p. ng Guardar. || adj. Malihim; naiingatan.

GUARDADOR, RA adj. y s. Nag iingat; nagtatanod. || Nanunupád sa kautusán ó batás. || Kuripot; matipíd.

GUARDAJOYAS. m. Ang tanod sa mga hiyás ng harì; || Poók na pinagtataguan ng mga hiyás ng harì.

GUARDAMONTE m. Tanod bundók.

GUARDAR. v, a. Ingatan; tanuran; bantayán. || Tumupád sa tungkulin. || Magtipíd. || v. r. Magingat. || Magpigil sa pagsasagawâ ng isáng bagay.

GUARDASOL. m. Payong.

GUARDIA. f. Pulutóng ng mga taong nagtatanod sa isáng tao ó poók. || Pagtatanggól pagbabantáy; pagaalagà; pagtatangkilik. || m. Kawal na nagtatanod.

GUARDIÁN, NA. m. y f. Taga pagingat ng isáng bagay.

GUARECER. v. a. Kupkupín; saklolohan ang isáng tao. || Ingatan ang isáng bagay. || v. r. Magkublí; magkanlóng.

GUARIDA. f. Yungíb na pinagtataguan ng mga hayop. || Kanlungan. || fig. Poók na tagpuan.

GUARNECER. v. a. Gayakán; palamutihan; damtán. || Kalupkupán

GUARNICIÓN. f. Palamuting inilalagáy sa damít. || Kalupkóp na gintò, pilak at ibá pa na pinagtatampukán ng mga batóng mahalagá. || Hukbóng nagtatanod sa isáng kastilyo, muóg at ibp. || pl Gurnasyón ng kabayo.

GUAYABA f. Bunga ng bayabas.

GUAYABAL. m. Bayabasán.

GUAYABO. m. *Bot.* Punò ng bayabas

GUBERNAMENTAL. adj. Nauukol sa pamahalaán ng isâng bayan.

GUBERNATIVO. VA. adj. Nauukol sa pamahalaan.

GUBIA. f. Lukób.

GUERRA. f. Pagbabaka; digmaan. || Pagkakagalít ng dalawá ó maraming tao. || fig. Pagkakagalít ng dalawáng tao. || *Guerra abierta* Paglalamas. || *Guerra civil.* Pagbabaka ng mga mamamayán sa isáng bansâ.

GUERREADOR, RA. adj. y s. Mangdidigmâ.

GUERREAR. v. n. Dumigmâ; bumaka. || fig. Lumaban; sumalungát.

GUERRERO, RA. adj. Nauuko sa digmâ. || Dum digmâ. || Mahilig sa digmâ. || m. Kawal

GUÍA. com. Patnubay. || fig. Ta gapagturò.

GUIAR. v. a. Patnubayan; patnugutan; iturò ang daán. || Pañgasiwaan ang isáng tao sa pañgañgalakal. || Paturò; padalá sa kapuwà.

GUILLOTINA. f. Makinang ginagamit sa Francia sa pagpugot ng̃ ulo ng̃ mga salarin. || Pamu tol ng̃ papel.

GUILLOTINAR. v. a. Pugutan ng̃ ulo.

GUINCHAR. v. a. Sundutín.

GUINDAR. v. a. Iakyát ang isáng bagay sa mataás at isabit doón. || fam. Bitayin

GUIÑADA. f. Pagkindát. || *Mar.* Pagpaling ng̃ daóng sa magkabikabiláng panig sa masamáng pagpapalakad.

GUIÑAR. v. a. Kumindát. || *Mar.* Papaling̃in ang daóng sa magkabikabiláng panig.

GUIÑO. m. Kindát.

GUIÓN. m. Krus na ipinang̃ung̃una sa prusisiyón. || Watawat. || fig. Ang nang̃ung̃una, pumapatnubay sa ibá. || *Gram.* Maiklíng guhit na pahaláng na inilalagáy sa hulí ng̃ talatà kapág ang salitá'y hindî nagkakasiyá at sinusundán ng̃ kapupunán sa kasunód na talatà.

GUIRIGAY. m. fam. Salitáng malabò at waláng kawawaan.

GUIRNALDA. f. Putong na bulaklák, mg̃a damó ó sang̃á.

GUISADO. m. Ginisá.

GUISAR. v. a. Maggisá; igisá. || fig. Iayos; husayin.

GULA. f. Kayamuan sa pagkain at paginóm.

GULOSO, SA. adj. y s. Waláng habas; matakaw.

GURDO, DA. adj. Hang̃ál; tang̃á.

GUSANIENTO, TA. adj. May uod; inuuod.

GUSANO. m. Uod. || fig. Taong mahinhín at alimura.

GUSANOSO, SA. adj. Inuuod. || fig. Bulók.

GUSTAR. v. a. Lasahin; namnamín; lasapín. || v. n. Magalák; malugód. || Magnasà; magustuhán; maibigan.

GUSTO. m. Panglasa; pangnamnám. || Lasang tagláy ng̃ mg̃a bagay || Lugód; galák. || Kagustuhan; pagkaibig.

GUSTOSO, SA. adj. Masaráp. || Nakalulugód; kaligaligaya.

GUTURAL. adj. Nauukol sa lalamunan.

GUZMAN. m. Kawal na marilág.

GUZMANADA. f. Libák; uyám; dayà.



H

H. f. Ikasiyám na titik ng̃ abakadáng kastilà at ikapitó sa kaniyáng mg̃a consonante.

HABA. f. Patanì.

HABANERO, RA. adj. y s. Tagá Habana.

HABAR. m. Patanián.

HABEAS CORPUS. m, Karapatán ng̃ lahát ng̃ mamamayáng napipilt na litisin ng̃ hukóm sa lalong madalíng panahón upang makilala kung maysala ó walâ at nang makalayà; karapatáng makalayà ng̃ sinomán.

HABER v. a. Magkaroón. || Mahuli ang isáng tao ó bagay; masumpung̃án. || v. impers. Mangyari; magkataón; may. || v. r. Magpakahusay ó magpakasamâ. || m. Pahám sa mg̃á hudyó. || m. pl. Kayamanan.

HÁBIL. adj. May kakayahán; sanáy; bihasa. || *For*. May kaya sa isáng bagay.

HABILIDAD. f. Kakayahán; kasanayán. || Kasanayán sa paggawâ ng̃ isáng bagay.

HABILIDOSO, SA. adj. Sanáy; bihasa.

HABILITACIÓN. f. Pagbibigáy pahintulot sa pagsasagawâ ng̃ isáng bagay. || Kakayahán.

HABILITAR. v. a. Bigyáng pahintulot sa pagsasagawâ ng̃ isáng bagay. || Bigyáng puhunan ang isáng tao upang makapang̃alakal sa sarili. || Ipaghandâ ng̃ mg̃a kailang̃an sa paglalakbáy.

HABITABLE. adj. Matitirahán; mapamamahayan.

HABITACIÓN, f. Tahanan; bahay. || Silíd ng̃ bahay. || Pagtahán.

HABITANTE. p a. ng̃ Habitar. Tumatahán. || m Ang mamamayán.

HABITAR v a. Tumirá; tumahán sa isáng poók ó bahay.

HÁBITO. m. Kasuutan ng̃ bawa't tao sangayon sa kaniyáng kalagayan, tungkulin at ibp. || Kaugalian; pinagkamihasahan. || pl. Damít ng̃ parì.

HABITUAL. adj. Pinagkamihasahan; kinagawián.

HABITUALIDAD. f. Kinagawián; kinahiratihan.

HABITUAR. v. a. Igawî; hiratihin; pamihasahin. || v. r. Magawî; mahiratì; mamihasa.

HABLA. f. Pagsasalitâ. || Wikà; salitâ.

HABLADOR, RA. adj. y s. Masalitâ; daldál.

HABLADURÍA. f. Salitáng waláng kasaysayan.

HABLAR. v. n. Magsalitâ; mang̃usap; magbadyá || v. rec. Magusapan; magsalitaan.

HABLILLA. f. Usapusapan; bulungbulung̃an.

HABLISTA. com. Ang magalíng at mahusay mang̃usap.

HACEDERO, RA. adj. Magagawâ; madalíng gawín.

HACEDOR, RA. adj. y s. Gumagawâ; lumikhâ || m. Tagapang̃asiwâ.

HACENDADO, DA. p. p. ng̃ Hacendar || adj y s. May kayamanang lupà.

HACENDAR. v. a. Bigyán ng̃ kayamanang lupà ang isáng tao.|| v. r. Bumilí ng̃ kayamanang lupà upang tahanán.

HACENDERO, RA. adj. Masikap sa ikalalakí ng̃ kayamanang bahay at lupà.

HACENDISTA. m. Ang maalam sa pang̃ang̃asiwà ng̃ kayamanang bayan

HACENDOSO, SA. adj. Masipag at maayos sa mg̃a gawaing bahay.

HACER v. a. Gumawâ. || Yumarì; itatag ang isáng bagay. || fig. Umisip. || Magkasiyá; maglulan. || Maghandâ; magayos. || Makapagbigáy. || v r. Lumakí; magdagdág || Magulì; magbago. || v. impers. Magdanas; mangyari.

HACIA. prep. Dako; sa gawî.

HACIENDA. f. Lupang pinagsasakahan || Kayamanan; pagaarì. || pl. Mg̃a gawain sa bahay.

HACINA. f. Mandalâ. || fig. Buntón; timbón.

HACINAR. v. a. Imandalâ; ibuntón; isalansán.

HACHA f. Kandilang malakí. || Palakól. || Sayáw kastilà nang unang dako.

HACHEAR. v. a. Palakulín. || v. n. Hampasín ng̃ palakól.

HACHERO. m. Tirikan ng̃ kandilà. || Mamamalakól.

HALAGAR. v. a. Amuamuín; suyuin || Hibuan. || fig. Bigyáng lugód.

HALAGO. m. Pagamô; pagsuyò. || fig. Bagay na nakalulugód.

HALAGÜEÑO, ÑA. adj. Nakaaamukî || Humihibò. || Nakahahalina.

HÁLITO. m. Hiningá. || Sing̃áw ng̃ isáng bagay. || poét. Hihip na banayad ng̃ hang̃in.

HALLAR, v. a. Masumpungán; mapulot. || Tuklasín. || Tingnán; matyagán. || Siyasatin. || Kilalanin; unawain. || v. r. Makaharáp; nasa

HALLAZGO. m. Pagkatagpô; pagkasumpóng; pagkapulot. || Bagay na napulot.

HAMACA. f. Duyan; aluyan.

HAMAQUERO. m. Manggagawà ng̃ duyan. || Mamamasan ng̃ duyang may lulang tao.

HAMBRE. f. Gutom. || Kasalatán sa ani. || fig. Pagnanasang mapilí sa isáng bagay. || *Hambre canina* Karamdamang tinatagláy ng̃ isáng tao na sabík sa pagkain, ng̃uni't hindî makakain. || fig. Kadayukdukán.

HAMBREAR. v. a. Gutumin; dayukdukín. || v. n. Magutom; madayukdók.

HAMBRIENTO, TA. adj. y s. Gutóm; dayukdók. || fig. Nagnanais.

HAMBRÓN, NA. adj. y s. fam. Gutóm na gutóm; palakadlakad sa paghanap ng̃ makakain.

HARAGÁN, NA. adj. y s. Alisagâ; batugan.

HARAGANEAR. v. n. Magpalaboylaboy; magpakabatugan.

HARAGANERÍA. f. Kaalisagaan; katamaran.

HARAPIENTO, TA. adj. Gulagulanít ang pananamít.

HARAPO. m. Gulanít na damít.

HARAPOSO, SA. adj. Gulagulanít; sirasiráng damít.

HARINA. f. Pinulbós na trigo; harena.

HARINADO. m. Harenang nilunaw sa tubig.

HARINERO, RA. adj. Nauukol sa harena. || m. Mang̃ang̃alakal ng̃ harena || Poók na pinagiimbakán ng̃ harena.

HARINOSO, SA. adj. Maharena. || Parang harena.

HARNERO. m. Bitháy.

HARÓN, NA. adj. Tamád; batugan. || Ayaw magtrabaho.

HARTAR. v. a. Busugín; bundatín. || fig. Bigyáng kasiyahán. || fig. Yamutín; pagurin || v r. Mabusóg; mabundát. || fig. Masiyahán. || fig. Mayamót; mapagod.

HARTAZGO. m. Kabundatán sa pagkain at paginóm ng̃ labis.

HARTO, TA. p. p. irreg. ng̃ Hartar. || adj. Malabis; sapát.

HARTURA. f. Kabusugáng labis; kasandatán. || Kasaganaan. || fig. Pagkakamít ng̃ buóng kasiyahang loób ng̃ isáng nasà ó pita.

HASTA. prep. Hanggán.

HASTIAR. v. a. Yamutín; muhiín || v. r. Mayamót; mamuhî.

HASTÍO. m. Pagkasuyà sa pagkain. || fig. Yamót; muhî.

HAZ. m. Bigkís. || Hukbóng maayos ang hanáy. || f. Mukhâ || Kariyagán ng̃ damít ó tela.

HAZAÑA. f. Kabayanihang gawâ.

HAZMERREIR. com. fam. Taong aliwan ng̃ kapuwà.

HEBILLA. f. Hibilya.

HEBRA. f. Hiblá. || pl. poét. Mga bubók.

HECATOMBE. f. Patayan.

HECTÁREA. f. Sukat na may isáng daáng area.

HECTOGRAMO. m. Sukat na may isáng daáng gramo.

HECTOLITRO. m. Sukat na may isáng daáng litro.

HECTÓMETRO m. Sukat na may isáng daáng metro.

HECHICERÍA. f. Panggagaway.

HECHICERO, RA. adj. y s. Manggagaway; mangkukulam. || fig. Mapamihag; mapangakit.

HECHIZAR. v. a. Kulamin. || || fig. Akitin; bihagin ang damdamin.

HECHIZO, ZA. adj. Kunwarì. || Tanggalin; buhatín. || m. Kulam; gaway. || fig. Taong mapangakit sa damdamin ng̃ ibá.

HECHO, CHA. p. p. irreg. ng̃ Hacer. || adj. Yarì; ganáp. || Pangyayari. || m. Gawâ

HECHURA. f Paggawâ. || Kinapál. || Kayarian. || Anyô; bikas

HEDENTINA. f. Bahong umaalingasaw. || Poók na mabahò.

HEDER. v. n. Bumahò. || fig Pagalitin; pagurin; yamutín.

HEDIONDEZ. f. Kabahuan; bahò.

HEDIONDO, DA. adj. Mabahò. || fig. Nakayayamót; nakagagalit. || Marumí at nakasusuklám; salaulà.

HEDOR. m. Bahò na karaniwang nagmumulâ sa mg̃a bagay na nabubulók.

HELABLE. adj. Mapamumuô sa lamíg; mapagyeyelo.

HELADA. f. Pamumuô ng̃ tubig sa lamíg; pagiiyelo.

HELADIZO, ZA. adj. Madalíng mamuô sa lamíg.

HELADO, DA. p. p. ng̃ Helar. || adj. Napakalamíg. || fig. Hindî magkamayaw; tigíl; natilihan. || m Inumín ó pagkaing malamíg. || Surbetes.

HELAR. v. a. Pamuuín; patigasín sa lamíg. || fig. Guluhín ang loób ng̃ isáng tao. || fig. Panghinain ang loób; panglamigín ang loób; takutin. || v. r. Mamuô sa lamíg. || v. r. Manglamíg ang isáng tao ó bagay.

HÉLICE f. Pakawáy.

HEMATOSO, SA adj. Nauukol sa dugô.

HEMBRA. f. Hayop na babae. || fig. Hulmahan. || Buntót ng̃ kabayong madalang ang balahibo. || Babae.

HEMISFERIO m. *Geom.* Kalahatì ng̃ isáng kabilugan.

HEMORRAGIA. f. Paglabás ng̃ dugô sa alinmáng bahagi ng̃ katawán.

HEMORROIDE. f. Almuranas.

HENCHIDURA. f. Pagpapapintóg; pagpintóg.

HENCHIMIENTO. m. Pagpapapintóg; pagpintóg.

HENCHIR. v. a. Punuín; pamintugín. || v. r. Mamintóg.

HENDEDOR, RA. adj. Nagpapabiták; nagpapalahang.

HENDEDURA. f. Lahang; biták; lama'.
HENDER. v. a. Palahangin; pag lamatin; pagbitakín. ‖ fig. Hawiin ang kakapalán ng̃ tao upang magkaroón ng̃ daán. ‖ v. r. Lumahang; maglamat; magbiták.
HENDIBLE. adj. Mapaglalahang; mapagbibiták; mapaglalamat.
HENDIDURA. f. Lahang; biták; lamat.
HENDIMIENTO. m. Paglahang; pagkabiták.
HEÑIR. v. a. Lamasin ng̃ kamáy ang masang tinapay. ‖ fig. Ha wanin ang sagabal.
HERALDO. m. Harì ng̃ mg̃a sandata.
HERBÁCEO, A. adj. May uring damó.
HERBAJE. m. Damuhán. ‖ Bayad na sinising̃íl sa pagpapakain ng̃ mg̃a alagang hayop sa isáng damuhán.
HERBAZAL. m, Damuhán.
HERBECER. v. n. Magsimuláng tumubò ang damó.
HERBÍVORO, RA. adj. Nauukol sa hayop na kumakain ng̃ damó.
HERBOLARIO, RIA. adj. y s. fig. y fam. Mangmáng; masagal ang isip; lukúlukó. ‖ m. Ang nanggagamót sa pamamagitan ng̃ mg̃a damódamó.
HEREDAD. f. Bukiran. ‖ Kayamanang lupà.
HEREDAR. v. a. Magmana. ‖ Pamanahan ‖ Makamana.
HEREDERO, RA. adj. y s. Mag mamana. ‖ Nakamana ng̃ hilig at ugalì ng̃ magulang.
HEREDITARIO, RIA. adj. Nauukol sa mana ó nagmamana. ‖ fig. Nauukol sa mg̃a hilig, sakít at gawíng minamana ng̃ anák sa magulang.
HEREJE. com. Binyagang namamalî sa pananampalataya. ‖ adj. fig. y fam. Walánghiyâ; tampalasan; pang̃ahás.
HEREJÍA. f. Kamalian sa pananampalataya. ‖ fig. Salitáng lumalait sa kapuwà.
HERENCIA. f. Mana. ‖ Kayamanang minana.
HERIDA. f. Sugat.
HERIDO, DA. adj. May sugat; nasugatan.
HERIDOR, RA. adj. Sumusugat.
HERIMIENTO. m, Panunugat.
HERIR. v. a. Manugat; sumugat. ‖ Tumampalasan; bumugbóg. ‖ fig. Sumugat ng̃ damdamin; umalimura; dumustâ. ‖ v. r. Masugatan.
HERMAFRODITA. adj. Binabaé.
HERMANAR. v, a. Pagkapatirín; paglapitín ang loób; pagisahín. ‖ Kapatirín. ‖ v. r. Magkalapít ang loób; magkaisá; magkapatiran.
HERMANDAD. f. Pagkakapatiran. ‖ fig. Pagkikilalang matalik. ‖ fig. Pagkakaisá ng̃ dalawáng bagay.
HERMANO, NA. m. y f. Kapatíd ‖ Manong ó manang. ‖ *Medio Hermano*. Kapatíd sa hulí ó sa una.
HERMÉTICO, CA. adj. Lapat; waláng puang.

HERMOSEADOR, RA. adj. y s. Nagpapaganda.
HERMOSEAR. v. a. Pagandahín; painamin. || v. r. Gumandá; uminam.
HERMOSEO. m. Pagpapagandá. || Kagandahan; kariktán.
HERMOSO, SA. adj. Magandá; marikít. || Aliwalas at tahimik.
HERMOSURA. f. Kagandahan; kariktán.
HERNIA f. Luslós.
HERNIOSO, SA. adj. y s. Nilulusluslusán.
HÉROE. m. Bayani; magiting.
HEROICIDAD. f. Kabayanihan; kagitingan.
HERÓICO, CA. adj. Bayani; magiting.
HEROINA. f. Bayaning babae.
HEROISMO. m. Kabayanihan; kagitingan.
HERPE. amb. Buni.
HERPÉTICO, CA. adj. y s. Nauukol sa buni. || Bunihin.
HERRADURA. f. Bakal ng kabayo.
HERRAMIENTA. f. Kasangkapang bakal na ginagamit ng mga anluwagi. || fig. y fam. Mga ngipin
HERRAR. v. a. Magbakal ng paá ng kabayo. || Kalupkupán ng bakal ang isáng bagay.
HERRERÍA. f. Pagbababakal. || Bakalán; pandayan.
HERRERO. m. Magbababakál; pandáy.
HERRÍN. m. Kalawang.
HERRUMBRAR. v. a. Pagkulayin ó maglasang kalawang ang isáng bagay. || v. r. Magkulay ó maglasang kalawang ang isáng bagay.
HERRUMBRE f. Kalawang. || Paglalasang bakal ng isáng bagay, gaya ng tubig at ibá pa.
HERRUMBROSO, SA. adj. Kalawangín; may kalawang.
HERVENTAR. v. a. Pakuluán.
HERVIDERO. m. Kulô; sulák ng tubig na kumukulô.
HERVIR. v. n. Kumulô. || Umalon ang dagat na mabuti. || fig. Sumilakbó ang damdamin.
HERVOR. m. Pagkulô. || fig. Silakbó; kainitan ng damdamin.
HERVOROSO, SA. adj. Masilakbó; mapusók; masiglá.
HETEROGENEIDAD. f. Pagkakahalò ng mga bagay na magkakaibáng urì.
HETEROGÉNEO, A. adj. Magkahalò ang mga bagay na magkakaibá ang urì.
HÉTICO, CA. adj. y s. Natutuyô; tisikó. || fig. Payát na payát.
HEZ. f. Latak; tining. || fig. Ang lalong hamak at alipustâ. || pl. Dumí; tai.
HIDALGO, GA. m. y f. Taong may pagkadugóng mahál; maginoó. || adj. Nauukol sa dugóng mahál. || fig. Nauukol sa taong may magandáng loób at mahál na asal.
HIDALGUÍA. f. Kamahalang dugô; pagkamaginoó. || fig. Kágandahang loób; kamahalang asal.

HIDRÁULICA. f. Bahagí ng̃ mekanika na pinagaaralan ng̃ pagkakatimbáng at galáw ng̃ sing̃áw ng̃ tubig. ‖ Kaparaanan sa pagpapatakbó, pagpigil at pagpapaakyát ng̃ tubig.

HIDROGRAFÍA. f. Bahagi ng̃ *geografia fisica* na tumutukoy sa pagsasalaysáy ng̃ mg̃a dagat at ng̃ mg̃a agos ng̃ tubig.

HIDROPATÍA f. *Med* Paraán ng̃ paggamót sa pamamagitan ng̃ tubig.

HIDROPESIA. f Pamamanás.

HIEL. f. Apdó. ‖ fig. Kapaitan; kasaklapán. ‖ pl. fig. Mg̃a kasawiang palad; mg̃a sukal ng̃ loób.

HIELO, m. Yelo ‖ Pamumuô ng̃ tubig sa lamig. ‖ fig. Panglalamíg ng̃ damdamin. ‖ fig. Pag kabiglâ ng̃ loób.

HIERBA. f. Damó.

HIERRO. m Bakal. ‖ Hero ng̃ bakal na nagbabagang inialagáy sa mg̃a alipin, salarín at mg̃a hayop. ‖ fig. Sandata; kasangkapang patalím.

HÍGADO. m. Atáy. ‖ fig Lakás ng̃ loób; katapang̃an.

HIGIENE. f. Kalinisan upang maligtás sa karamdaman.

HIGIÉNICO CA. adj. Nauukol sa kalinisan ó ihiene

HIGRÓMETRO. m. Kasangkapang ginagamit sa pagkilala ng̃ lamíg ng̃ panahón.

HIJASTRO, TRA m. y f. Pamangkín sa pakinabang.

HIJO, JA. m. y f. Anák. ‖ fig. Ang taong katutubò sa isáng bayan ó bansâ. ‖ fig. Ang alinmáng bung̃a ng̃ isip ó kathâ. ‖ m. Suwí; usbóng. ‖ *Hijo adoptivo* Anákanakan ‖ *Hijo bastardo* Anák sa kalunyâ. ‖ *Hijo de Dios*. Diyos anák. ‖ *Hijo legitimo*. Anák na tunay. ‖ *Hijo unigenito*. Anák na bugtóng.

HILACHA. f. Himulmól; hilatsá

HILACHOSO, SA. adj. Mahimulmol

HILADA. f. Hanáy.

HILADIZO, ZA. adj. Magagawáng sinulid

HILADOR, RA. m. y f. Magsisinulíd.

HILANDERÍA. f. Pagsisinulid. ‖ Pagawaan ng̃ sinulid.

HILANDERO, RA. m. y f. Magsisinulíd. ‖ m. Poók na pinaggagawaán ng̃ sinulid.

HILAR. v. a. Gawíng sinulid. ‖ fig Kuruin.

HILERA. f. Hanáy

HILO. m. Sinulid. ‖ fig. Paták na maliliít ng̃ tubig. ‖ fig. Pagkakasunúdsunúd ng̃ talumpati, paguusap at ibp.

HILVÁN. m. Tutós; hilbana.

HILVANAR. v. a. Magtutós; maghilbana. ‖ fig. y fam. Magdalosdalos sa paggawâ.

HIMENEO m. Pagiisángpalad; kasalan.

HIMNO m. Awit sa pagpupuri sa Diyos, mahál na Birhen ó mg̃a Santo.

HINCADURA. f. Pagpapakò ó pagtitirik ng̃ isáng bagay.

HINCAPIÉ. m. Pagtutukod ng̃ paá upang tumatág. ‖ fig. Pagpipilit.
HINCAR. v. a. Itirik. ‖ Itukod.
HINCHA. f. Poót; galit.
HINCHADO, DA. p. p. Hinchar. ‖ adj. fig. Mayabang; palalò.
HINCHAR. v. a. Pamintugín; pamagaín. ‖ fig. Palakihín ang tubig sa ilog ó sapà. ‖ v. r. Mamintóg. ‖ v. r. fig. Lumakí ang tubig sa ilog ó sapà. ‖ v. r. Mamagâ ang isáng bahagi ng̃ katawán dahil sa sugat ó bugbóg. ‖ v. r. fig. Magyabáng; magpalalò.
HINCHAZÓN. f. Pamamagâ. ‖ fig. Kayabang̃an; kapalaluan.
HIPAR. v. n. Magsinók. ‖ Huming̃al ang mg̃a aso kapag hu mahabol ng̃ hayop. ‖ Mapagod sa karamihan ng̃ gawâ.
HIPÉRBATON. m. *Gram*. Pagpapalit ng̃ hanáy ng̃ mg̃a pang̃ung̃usap sa isáng kawikaan.
HÍPICO, CA. adj. Nauukól sa kabayo.
HIPNOTIZAR. v. a. Patulugin sa pamamagitan ng̃ kaparaanan.
HIPO. m. Sinók. ‖ fig. Pagnanais; pitang mahigpít sa isáng bagay. ‖ fig. Poót; galit.
HIPOCRESÍA. f. Pagpapakunwarî; pagbabanálbanalan.
HIPÓCRITA. adj y s. Mapagpakunwarî; mapagbanálbanalan.
HIPODÉRMICO, CA. adj. Sa ilalim ng̃ balát.
HIPÓDROMO. m. Patakbuhan ng̃ kabayo.
HIPOSO, SA. adj. Sinukin; may sinók.
HIPOTECA. f. Sanglâ sa ikatutupád ng̃ pagbabayad sa isáng utang.
HIPOTECABLE. adj. Maisasanglâ.
HIPOTECAR. v. a. Isánglâ ang lupà ó bahay dahil sa pagkakautang.
HIPOTECARIO, RIA. adj. Nauukol sa pagsasanglâ ng̃ lupà ó bagay.
HIPÓTESIS. f. Palagáy.
HISOPO. m. Pangwisík ng̃ tubig na binasbasán.
HISPANIZAR. v. a. Kastilain.
HISPANO, NA. adj. Kastilà.
HISPANÓFILO, LA. adj. y s. Mahilig sa pagaaral ng̃ wikang kastilà.
HÍSPIDO, DA. adj. Magaspáng at matigás ang buhók.
HISTÉRICO, CA. adj. Nauukol sa bahay-batà. ‖ May sakít na pagkalibát ng̃ isip.
HISTORIA. f. Aklát ng̃ buhay; kasaysayan. ‖ fig. Salitang nauukol sa isáng pangyayari. ‖ fig. Kasaysayang dî tutoó; kuwento.
HISTORIAL. adj. Nauukol sa aklát ng̃ buhay.
HISTORIAR. v. a. Salitín ó sulatin ang aklát ng̃ buhay ng̃ kapuwà; saysayín ang mg̃a pangyayaring nakaraán.
HISTÓRICO, CA adj. Nauukol sa aklát ng̃ buhay ó kasaysayan.
HISTORIETA. f. Maiklíng aklát ng̃ buhay ó kasaysayan. ‖ Salitáng dî tutoó; kuwento.

HITO, TA. adj. Karatig; kalapít. || fig. Gawíng pinatatamaan ng̃ ting̃ín ó tinutuunán ng̃ tudlâ. || *Mirar de hito en hito*. Ipakò ang ting̃ín sa isáng bagay; titigan ng̃ matá.

HOCICADA. f. Dunggól ng̃ ng̃usò ng̃ hayop; sungkál.

HOCICAR. v. a. Sungkalín ang lupà ng̃ ng̃usò ng̃ hayop. || v. n. Masung̃aban; mababag ang ng̃usò sa lupà, padér ó pintô.

HOCICO. m. Ng̃usò ng̃ iláng hayop. || Bibíg ng̃ tao na makapál ang ng̃uso't labì. || fig. y fam. Mukhâ. || fig. y fam. Kilos na nagpapakilala ng̃ galit ó sukal ng loób; pagng̃usò.

HOCICUDO, DA. adj. Ng̃usuán.

HOCIQUEAR. v. a. Hagkán. || v. n. Humalík.

HOGAÑO. adv. t. fam. Sa taóng itó.

HOGAR. m. Kusinaán. || Sigâ. || fig. Tahanan.

HOGUERA. f. Sigâ.

HOJA. f. Dahon. || Talulot ng̃ bulaklák. || Dahon ng̃ mg̃a aklát. || Talím ng̃ sandata. || Bawa't panig ng̃ pintuan, bintanà, tabing at ibp.

HOJALATA. f. Latang manipís.

HOJALATERÍA. f. Pagawaan ng̃ mg̃a lata. || Pagawaan ng̃ mg̃a bagay na yaring lata. || Tindahan ng̃ mg̃a lata.

HOJALATERO. m. Manggagawà ng̃ mg̃a bagay na yaring lata.

HOJARASCA. f. Mg̃a dahong lugás sa punò. || Kalaguang labis ng̃ mg̃a punungkahoy. || Bagay na waláng kabuluhán.

HOJEAR. v. a. Buklatín ang mg̃a dahon ng̃ isáng aklát.

HOJOSO, SA. adj. Madahon.

HOJUDO, DA. ad.. Madahon.

HOLGADO, DA. p. p. ng̃ Holgar. || adj. Waláng ginagawâ. || fig. Maluag sa kabuhayan; nakaririwasâ.

HOLGANZA. f. Pagpapahing̃á. || Katamaran. || Tuwâ; galák; pagliliwalíw.

HOLGAR. v. n. Magpahing̃á; maghintô sa paggawâ. || Huwág gumawâ. || Magalíw.

HOLGAZÁN, NA. adj. y s. Tamád; alisagâ.

HOLGAZANEAR. v. n. Maghampáslupà; magpagayóngayón.

HOLGAZANERÍA. f. Katamaran; paghahampáslupà.

HOLGORIO. m. fam. Pagkakatuwâ; pagsasayá.

HOLGURA. f. Pagkakatuwâ; pagliliwalíw ng̃ maraming tao.

HOLOCAUSTO. m. Paghahaing ginagawâ ng̃ mg̃a israelita na sinusunog ang hain sa apóy. || fig. Pagpapakahirap.

HOLLADURA. f. Pagyapak; pagyundák.

HOLLAR. v. a. Yapakan; yundakín. || fig. Alimurahin; hamakin; alipustaín.

HOLLEJO. m. Balát na manipís ng̃ bung̃ang kahoy.

HOLLÍN. m. Agiw.

HOLLINIENTO, TA. adj. Maagiw.

HOMBRACHO. m. Lalaking matabâ at malakás.
HOMBRE. m. Tao. || Lalaki. || Ang nasa hustúng gulang.
HOMBRO. m. Balikat. || *A hombro*. m. adv. Pasán.
HOMBRUNO, NA. adj. fam. Babaing nahahawig sa lalaki ang pangangatawán at kilos.
HOMENAJE. m. Panunumpâ ng̃ hayág sa pagtatapát sa harì ó pang̃inoón. || fig. Pagalang; pagpipitagan sa isáng tao.
HOMICIDA. adj. y s. Nakamatáy ng̃ kapuwà.
HOMICIDIO. m. Pagpatáy ng̃ kapuwà.
HOMILIA. f. Aral sa pananampalataya.
HOMOGENEIDAD. f. Pagkakapareho ng̃ urì.
HOMOGÉNEO, A. adj. Nauukol sa kaisáng urì; magkamukhâ.
HONDA. f. Paniradór ng̃ bató.
HONDO, DA. adj. Malalim. || Nauukol sa bahagi ng̃ lupang mababà. || m. Ang bahaging mababà ng̃ isáng bagay na hungkág ó malukóng.
HONDURA. f. Kalaliman ng̃ isáng bagay.
HONESTIDAD. f. Kahinhinán ng̃ kilos at pananalitâ ng̃ isáng tao. || Kalinisang asal. || Kabaitan; kakinisan ng̃ kilos.
HONESTO, TA. adj. Mahinhín; malinis na asal. || Makatuwirán. || May puri; marang̃ál.
HONGO. m. *Bot.* Kabutí.
HONOR. m. Puri. || Karang̃alan. || Karapatán; tungkulin. || pl. Kapurihán.
HONORABLE. adj. Karapatdapat purihin; kagalanggalang.
HONORARIO, RIA. adj. Nagpaparang̃ál. || m. Upa ó sahod.
HONORÍFICO, CA. adj. Nagpaparang̃ál.
HONRA. f. Pitagan. || Kabantugan; kapurihán. || Puri, kalinisan at hinhín ng̃ mg̃a babae. || pl. Misang patungkól sa kaluluwá ng̃ mg̃a patáy.
HONRADEZ. f. Karang̃alan; kapurihán.
HONRADO, DA. p. p. ng̃ Honrar. || adj. May puri; may dang̃ál.
HONRAR. v. a. Pagpitaganan; igalang ang isáng tao. || Papurihan; parang̃alán. || v. r. Ikarang̃ál; ipagkapuri.
HONROSO, SA. adj. Nagbibigáy puri at kamahalan. || Kapuripuri.
HORA. f. Oras. || Panahóng tiyák ng̃ isáng bagay.
HORADACIÓN. f. Pagbutas.
HORADAR. v. a. Butasan ang isáng bagay ng̃ tagusan.
HORARIO, RIA. adj. Nauukol sa oras. || m. Ang panurò ng̃ oras sa relós. || Relós.
HORCA. f. Bibitayán.
HORCAJADAS. (A) m. adv. Pabisaklát na sakáy sa kabayo.
HORIZONTAL. adj. Pahigâ; pahilíg.
HORIZONTE. m. Karurukan.
HORMA. f. Hulmahan.

HORMERO. m. Manggagawà ng̃ hulmahan.
HORMIGA. f. Langgám.
HORMIGÓN. m. Batóng maliliít; urnigón.
HORMIGOSO, SA. adj. Nauukol sa mg̃a langgám. || Malanggám.
HORMIGUEAR. v. n. Makaramdám sa katawán ng̃ parang gapang ng̃ mg̃a langgám. || fig. Magkawangkawan.
HORMIGUEO. m. Pagkaramdám sa katawán ng̃ parang gapang ng̃ mg̃a langgám. || fig. Pagkakawangkawan.
HORMIGUERO. m. Pugad ng̃ langgám. || fig. Poók na pinagkakatipunan ng̃ maraming tao.
HORNO. m. Hurnuhan.
HORQUILLA. f. Ipit; sabitán.
HORRENDO, DA. adj. Kakilakilabot; katakottakot.
HORREO. m. Bang̃án ng̃ palay, mais at ibp.
HORRIBLE. adj. Kakilakilabot.
HORRIPILACIÓN. f. Paninindíg ng̃ buhók.
HORRIPILAR. v. a. Papanindigín ang buhók. || Makapang̃ilabot. || v. r. Manindíg ó mang̃alisag ang buhók. || v. r. Kilabutan sa takot.
HORRIPILATIVO, VA. adj. Nakapang̃ing̃ilabot; nakapang̃ang̃alisag ng̃ buhók.
HORRÍSONO, NA. adj. Nakapang̃ing̃ilabot na tunóg.
HORROR. m, Pang̃ing̃ilabot; takot.
HORRORIZAR. v, a. Makapang̃ilabot. || v. r. Mang̃ilabot; matakot.
HORROROSO, SA. adj. Nakakikilabot. || fig. Napakapang̃it.
HORTALIZA. f, Halamang mg̃a gulay.
HORTELANA. f, Asawa ng̃ maghahalamán.
HORTELANO, NA. adj. Nauukol sa halamanán. || Maggugulày; maghahalamán.
HORTICULTURA. f. Pagtataním ng̃ mg̃a halamang gulay.
HOSPEDAJE. m. Pagpapatuloy. || Bayad sa panunuluyan.
HOSPEDAR. v. a. Patuluyin sa bahay. || v. r. Tumuloy; manuluyan.
HOSPEDERÍA. f. Tuluyáng bahay.
HOSPEDERO, RA. m. y f. Nagpapatuloy; nagpapasunò.
HOSPICIO. m. Bahay ampunan sa mg̃a dukhâ.
HOSPITAL m. Pagamutan. || Bahay ampunan sa mg̃a dukhâ.
HOSPITALARIO, RIA. adj. Umaampón; kumakaling̃à; nagpapatuloy.
HOSPITALIDAD. f. Pagaampón at pagpapatuloy sa kapuwà. || Pagtirá ng̃ mg̃a maysakít sa pagamutan.
HOSTERÍA. f. Bahay patuluyang may pagkain.
HOSTIGAR. v. a. Paluin; hampasín ng̃ latikó. || fig. Duhagihin; aglahiin.
HOSTIL. adj. Kaaway; kalaban.

HOSTILIDAD. f. Pagkakaalí || Pagdigmâ sa isáng bayan, hukbó ó mğa kawal. || *Romper las hostilidades.* frs. *Mil* Dumigmâ.
HOSTILIZAR. v. a. Gumawâ ng kapangğanyayaan sa mğa kaaway.
HOY. adv. t Ngğayón. || Sa kasalukuyan. || *De hoy en adelante* m. adv. Magmulâ ngayón.
HOYA. f. Lu ák; hukay na malakí sa lupà. || Libingğan.
HOYO. m. Yungíb; lunggâ. || Hukay. || Libingğan
HOYOSO, SA. adj Maraming hukay; malubák.
HOZ. f. L lik; panggapas.
HOZADERO. m. Poók na pinagsusungkalán ng mğa baboy.
HOZADURA. f. Hukay na gawâ ng sungkál ng baboy ó ibáng hayop.
HOZAR. v. a. Sungkalín ang lupà ng ngusò ng baboy at ibá pang hayop.
HUECO, CA. adj. Hungkág; waláng lamán ang loób. || f g. Mayabang; hambóg. || Mahagong na tunóg. || m. Pagitan ng panahón; puang.
HUELGA. f. Panahóng waláng gawâ ang isáng tao. || Aklasan. || Pagliliwalíw sa parang ó poók na kaayaaya.
HUELGO. m. Hiningá. || Pagitan; puang.
HUELGIUSTA. com. Ang umaklás sa pagawaan.
HUELLA. f. Bakás ng paá ng tao ó hayop sa lupà. || Pagyurak. || Kalaparan ng baytáng na tinatapakan. || Bakás ng sulat ó limbág sa papel.
HUELLO. m. Póók ó lupang niyayapakan. || Pagyurak ng kabayo. || Ilalim ng kukó ng hayop.
HUÉRFANO, NA. adj. y s. Ulila. || fig. Kulang sa tangkilik ó alagà.
HUERO, RA. adj. fig. Waláng lamán. || Amér. Bulók.
HUERTA. f. Lupang halamanán; lagwerta.
HUERTO. m. Taniman ng mğa gulaygulay.
HUESA. f. Libingğan.
HUESO. m. Butó.
HUESOSO, SA. adj. Nauukol sa butó.
HUESPÉD, DA. m. y f. Panauhin sa bahay. || May-arì ng bahay-patuluyan.
HUESTE. f Hukbóng nakikipagdigmâ.
HUESUDO, DA. adj. Mabutó.
HUEVA f. Itlóg ng mğa isdâ.
HUEVAR. v. n. Magsimuláng magkaitlóg ang mğa hayop na may pakpák
HUEVERA. f. Babaíng naglalakô ng itlóg. || Babaing asawa ng magiitlóg
HUEVERO m Lalakíng naglalakô ó nangğangğalakal ng itlóg.
HUEVO. m. Itlóg.
HUIDA. f. Pagtakas; paglayas. || Pagilag na biglâ ng kabayo sa landás na tinatakbuhán.

HUIR. v. n. Tumakas; lumayas. || fig. Lumayô ng̃ matulin ang isáng bagay. || fig. Umilag sa isáng bagay na masamâ; umiwas.

HULLA. f. Uling ng̃ bató.

HUMANIDAD. f. Katauhan. || Karupukáng loób ng̃ tao. || Pagkamaramdamin sa kapahamakán ng̃ ating kapuwà. || Kalambután ng̃ loób; kalumanayan || fam. Kalakhán ng̃ pang̃ang̃atawán; katabaán.

HUMANITARIO, RIA. adj. Sa ikabubuti ng̃ kapuwà ó katauhan.

HUMANO, NA. adj. Nauukol ó katutubò sa tao. || fig. Maawaín sa kapuwà. || m. Tao.

HUMAREDA. f. Karamihan ng̃ asó.

HUMAZO. m. Asóng masinsín at marami.

HUMEANTE. p. a. ng̃ Humear. Umaasó.

HUMEAR. v. n. Umasó; magasó; magusok. || Suming̃áw ang kumukulóng tubig na parang asó. || fig. Maiwan ang bakás ng̃ isáng kaguluhan ó pagkakaalít na lumipas.

HUMEDAD. f. Kahalumigmigán.

HUMEDECER, v. a. Basaín ng̃ bahagyâ. || v. r. Mabasâ ng̃ bahagyâ.

HÚMEDO, DA. adj. Halumigmíg; Basâ ng̃ bahagyâ.

HÚMERO. m. Padaluyang asó.

HUMERO. m. Butó ng̃ dagadagaan ó itaás ng̃ bisig.

HUMILIDAD. f. Kababaang loób; kapakumbabaán. || Kabinhinán; kababaan ng̃ pagkatao. || Pagpapakumbabâ; pagsunód.

HUMILDE. adj. Mababang loób; mapagpakumbabâ. || fig. Pandák. || fig. Mababang pagkatao.

HUMILLACIÓN. f. Pagpapakumbabâ; pang̃ang̃ayupapà.

HUMILLAR. v. a. Pagpakumbabaín; pang̃ayupapaín. || v. r. Magpakumbabâ; mang̃ayupapà.

HUMO. m. A-ò. || Sing̃áw na parang asó ng̃ tubig na mainit. || fig. Kayabang̃an; kapalaluan.

HUMOR. m. Ang anománg katás ng̃ katawán ng̃ hayop. || fig. Asal; gawî. || fig. Ugaling masayá. || fig. Mabuting pang̃ang̃atawán ng̃ isáng tao upang gumawâ ng̃ isáng bagay.

HUMOSO, SA. adj. Umaasó. || fig. Nagtatapon ng̃ sing̃áw ng̃ tubig na parang asó.

HUNDIMIENTO. m. Pagpapalubóg. || Paglubóg.

HUNDIR. v. a. Palubugín. || fig. Inisín; siilín. || fig. Iwasák; sirain; iguhò. || v. r. Lumubóg. || Maguhò; mawasák. || fig. y fam. Mawalâ at sukat ang isáng bagay na dî malaman kung saán napasoót.

HURACÁN. m. Bagyóng malakás. || Hang̃ing napakalakás at may kasamang ipoipo.

HURAÑÍA. f. Pagilag sa pakikiharáp sa kapuwà tao.

HURAÑO, ÑA. adj. Umiilag at nagtatagò sa pakikiharáp sa kapuwà tao.

No.

HURGAR. v. a. Alugín; ligligin. || fig. Udyukán; ibunsód.

HURTADILLAS. (A) m. adv. Patagô; panakáw.

HURTAR. v. a. Mangumít. || Magdayà sa pagbibilí. || fig. Ilihís; ilayô. || v. r. fig. Magtagò; lumihís.

HURTO. m. Pañguñgumít. || Ang inumít na bagay. || *A hurtó* m. adv. Patagô; panakáw.

HUSMA. f. Pagamóy; pagmamanmán.


HUSMEAR. v. a. Amuyán ang isáng bagay. || fig. y fam. Mamanán; tiktikán. || v. n. Mañgamóy.

HUSMEO. m. Pagamóy; pagmamanmán.

HUSMO. m. Amóy nğ karné kung nagsisimuláng mabulók.

HUSO. m. Pangpilí nğ sinulid. || Pilihán nğ sinulid.

¡HUY! interj. Arúy!





I

I. f. Ikásampúng titik ñg abakadang kastilà at pangatló sa kaniyáng mga vocal.

IBICE. m. Kambíng bundók.

ICTIÓFAGO, GA. adj. y s, Kumakain ñg mga isdâ.

IDA. f. Pagyao; pagparoón.

IDEA. f. Diwà; pagiisip. ‖ Pagkakilala; palagáy sa isáng bagay. ‖ Katalasan ñg isip.

IDEAL. adj. Nauukol sa diwà ó pagiisip. ‖ Mithî; sa isip. ‖ m. Paparisán; huwaran. ‖ Layon.

IDEAR. v. a. Magisip; magakalà. ‖ Tuklasín ó kathaín ang isang bagay.

IDEM. pron. lat. Iyón din; gayún dín.

IDÉNTICO, CA. adj. Kaparis; kaisá; kamukhâ; katulad.

IDENTIDAD. f. Pagkakaparis; pagkakámukhâ; pagkakatulad.

IDENTIFICAR. v. a, Pagparisin; pagtularin. ‖ v. r. Magkaparis; magkamukhâ; magkátulad.

IDILIO. m. Pagsusuyuang katutubò sa mga taong lakí sa parang. ‖ Bahagi ñg isáng akdáng tumutukoy sa pagsisintahan.

IDIOMA. m Wikà; salitâ ñg isáng bayan ó bansâ.

IDIOMÁTICO CA. adj. Nauukol sa isáng wíkà ó salitâ.

IDIOSINCRASIA. f. Asal na katutubò sa bawa't tao.

IDIOTA. adj. y s. Waláng pagiisip; ulian.

IDIOTEZ. f. Kawalán ñg pagiisip; paguulian.

IDIOTISMO. m. Kamangmangán; kawalán ñg turò. ‖ *Gram.* Pañgungusap na walâ sa alituntunin ñg gramátika, ñguni't karaniwang gamitin.

IDÓLATRA. adj. y s. Sumasambá sa hindî tunay na diyos; dumidiyós sa kahi't anó.

IDOLATRAR. v. a. Sumambá sa hindî tunay na diyós; dumiyós sa kahí't anó. ‖ fig. Umibig ng̃ labis sa isáng tao ó bagay.

IDOLATRÍA. f. Pagsambá sa mg̃a hindî tunay na diyós. ‖ fig. Malabis na pagibig sa isáng tao.

ÍDOLO. m. Diyúsdiyusan. ‖ fig. Tao ó bagay na pinakaiibig ng̃ labis.

IDONEIDAD. f. Karapatán; kakayahán sa isáng bagay.

IDÓNEO, A. adj. Marapat; may kaya sa isáng bagay.

IGLESIA. f. Kapisanan ng̃ mg̃a binyagan. ‖ Simbahan.

ÍGNEO, A. adj. May pagkaapóy. ‖ Kulay apóy.

IGNICIÓN. f. Pagaapóy; pagbabaga.

IGNITO, TA. adj. Nagaapóy; nagbabaga.

IGNÍVOMO, MA. adj. poét. Bumubugá ng̃ apóy.

IGNOMINIA. f. Paghalay; pagdustâ.

IGNOMINIOSO, SA. adj. Humahalay; dumudustâ.

IGNORANCIA. f. Kamangmang̃án.

IGNORANTE. adj. y s. Mangmáng.

IGNORAR. v. a. Hindî malaman; hindî mabatíd.

MOLAR. adj Nauukol sa bagáng. || Maiging lumigís.

MOLDE. m. Hulmahan; bubuán. || Katipunan ng mga titik na ayos na sa limbagan. || fig. Ang taong ulirán dahil sa pagsapit sa isáng bagay na mataás.

MOLE. f. Bagay na malakí ang buntón. || adj. Malambót.

MOLÉCULA. f. Ang kaliitliitang bahagi ng isáng buô.

MOLEDERO, RA. adj. Maliligís ó maaaring ligisín.

MOLEDURA. f. Pagligís. || Dami ng naligís na ng paminsanan.

MOLENDERO, RA. m. y f. Manglilinis; mangmumulí.

MOLER. v. a. Ligisín; mulihín. || fig. Paguring mabuti. || fig. Sirain; saktán.

MOLERO. m. Ang manggagawà ng ngipin ng gilingan.

MOLESTAR. v. a. Abalahin; mangabala; muhiín || v. r. Maabala; mamuhî.

MOLESTIA. f. Abala; yamót; pagál; galit.

MOLESTO, TA. adj. Nakaaabala; nakamumuhî; nakayayamót.

MOLETA. f. Batóng pangligís. || Kasangkapang panginis.

MOLICIE. f. Kalambutan.

MOLIENDA. f. Pagligís. || Ang dami ng asukal, trigo at ibp. na niligís ng minsanan. || Gilingán. || fig. y fam. Pagod; pagál; abala.

MOLIFICACIÓN. f. Pagpapalambót; paglambót.

MOLIFICAR. v. a. Palambutín. || v. r. Lumambót.

MOLIFICATIVO, VA. adj. Nagpapalambót.

MOLINERO. m. Ang nagiingat ó gumagawâ sa gilingán.
MOLINILLO. m. Pangligís na maliit.
MOLINO. m. Gilingán.
MOLITIVO, VA. adj. Nagpapalambót.
MOLONDRO. m. fam. Lalaking tamád at batugan.
MOLLAR adj. Malambót at madalíng pirasuhin.
MOLLEAR. v. n. Mahubog; mabaluktót.
MOLLEDO. m. Bahaging malamán at mabilog ng̃ katawán ng̃ hayop. ‖ Duróg ng̃ tinapay.
MOLLEJA. f. Ang mabilog na lamang nasa ilalim ng balát; balumbalungan.
MOLLEJÓN. m. Lalaking napakatabâ at mahinà.
MOLLERA. f. Bumbunan.
MOLLETA. f. Tortang tinapay na may halong gatas. ‖ pl. Panggupít ng̃ titis.
MOLLETE. m. Tinapay na bu haghág at malambót. ‖ Pisng̃íng matabâ at mabilog.
MOLLETUDO, DA. adj. Pisng̃ihan.
MOLLINA. f. Uláng mahinà.
MOLLIZNA. f. Ambón.
MOLLIZNAR. v. n. Umambón.
MOMENTÁNEO, A. adj. Daglî; saglít.
MOMEMTO. m. Sangdalî; saglít. ‖ *Al momento*. Kapagkaraka.
MOMIA. f. Bangkáy na pinatuyô.
MOMIO, A. adj. Payát; waláng tabâ.
MOMO. m. Bikas ó anyóng ginagawâ upang magpatawá.
MOMÓRDIGA. f. Halamang ampalayá.
MONA. f. Matsíng na babae.
MONACAL. adj Nauukol sa mg̃a parì ó monghe
MONACATO. m. Ang kalagayang pagkamonghe.
MONACILLO. m. Sakristán.
MONADA. f. Kilos na katutubò ng̃ matsíng. ‖ Kilos na nakamumuhî ó nakagagalit; paguululululan.
MONAGUILLO. m. Sakristán.
MONARCA. m. Harì.
MONARQUÍA. f. Kaharian. ‖ Pamahalaán ng̃ harì.
MONÁRQUICO, CA. adj. Nauukol sa harì ó kaharian.
MONASTERIAL. adj Nauukol sa kumbento ng̃ mg̃a monghe.
MONASTERIO. m. Kumbento ó tahanan ng̃ mg̃a monghe.
MONÁSTICO, CA. adj. Nauukol sa kalagayan ng̃ mg̃a monghe ó kumbento nitó.
MONDA. f. Paglilinis ó paghawan ng̃ nakasusukal. ‖ Paghukay ng̃ mg̃a butó sa libing̃an.
MONDADIENTES. m. Kasangkapang panglinis ng̃ ng̃ipin; panghinukí.
MONDADURA. f. Paglilinis. ‖ Pinagtalupan; pinagkayasan.
MONDAOREJAS. m. Panghinulí.
MONDAR. v. a. Linisin ang isáng bagay; hawanan. ‖ Pulakin ang mg̃a halaman. ‖ Talupan ng̃ balát ang mg̃a bung̃angkahoy. ‖ Putulan ng̃ buhók. ‖ fig. Pagnakawan ang isáng tao.

MONDO, DA. adj. Malinis at waláng sagabal. ‖ *Mondo y lirondo.* loc. fg. y fam. Malinis at waláng halong anomán.

MONDONGO. m. Mğa bituka at tiyán nğ baboy. ‖ fam. Bituka at tiyán nğ tao.

MONEDA. f. Salapî; kuwalta.

MONEDAJE. m. Ang bayad sa harì sa paggawâ nğ salapî.

MONEDAR. v. a. Gumawâ nğ salapî.

MONEDERÍA. f. Hanapbuhay na paggawâ nğ salapî.

MONEDERO. m. Manggagawà nğ salapî.

MONERÍA. f. Kilos na katutubò nğ mğa matsíng. ‖ fig. Ang anománg bagay na waláng kabuluhán.

MONESCO, CA. adj. fam. Katutubò sa mğa matsíng.

MONETARIO, RIA. adj. Nauukol sa salapî. ‖ m. Katipunan nğ mğa salapî at medalya.

MONETIZACIÓN. f. Pagpapagalà nğ salapî.

MONETIZAR. v. a. Magpagalà ó magpakalat nğ salapî.

MONICIÓN. f. Pagtatawag sa simbahan.

MONIGOTE. m. Uldóg sa simbahan. ‖ fig. y fam. Taong mangmáng at waláng muang. ‖ fig. y fam. Manikà ó tautauhan.

MONIPODIO. m. Kasunduan nğ mğa taong magkakaanib at magkakasapakát sa paggawâ nğ labág sa matuwíd.

MONÍS. f. Bagay na malít. ‖ m. pl. fam. Salapî.

MONITOR. m. Tagápagbalità ó tagápagtawag.

MONITORIO, RIA. adj. Nauukol sa tagápagbalità ó tagapagtawag. ‖ m. Babalâ.

MONJA. f. Mongha.

MONJE. m. Monghe ó paring nagtitirá sa iláng na poók.

MONO, NA. adj. fig. y fam. Makinis; masayá. ‖ m. Matsíng ó ungóy na lalaki.

MONOCEFALIA. f. Pagkakadalawáng katawán na iisáng ulo.

MONOCÉFALO, LA. adj. Nauukol sa may dalawáng katawáng iisá ang ulo.

MONÓCULO, LA. adj y s. Iisá ang matá. ‖ m. Salamín sa isáng matá.

MONODÁCTILO, LA. adj. y s. May isáng dalirì lamang.

MONOGAMIA. f. Pagaasawa sa isá lamang.

MONÓGAMO, MA. adj. y s. Kasál sa isá.

MONOPOLIO. m. Paglangkóm nğ anománg kalakal. ‖ Kasunduan nğ mğa manğanğalakál sa pagbibilí sa tiyák na halagá.

MONOPOLISTA. com. Ang lumalangkóm sa pagbibilí nğ anománg kalakal.

MONOPOLIZAR. v. a. Langkumín ang pagbibilí nğ anománg kalakal.

MONOSÍLABO, BA. adj. Nauukol sa panğunğusap na iisá ang silabá.

MONOTEISMO. m. Ang pagsambá sa iisáng Diyós.
MONOTEISTA. adj. y s. Sumasambá sa isáng Diyós.
MONTAÑA. f. Bundók. || Kabundukan.
MONTAÑÉS, SA. adj. y s. Tagábundók; taong bundók. || Nauukol sa bundók.
MONTAÑOSO, SA. adj. Nauukol sa bundók. || Bulubundukin.
MONTAR. v. n. y r. Sumakáy; lumulan. || fig. Magkahalagá ang isáng bagay. || v. a. Pagakmaín ang piraso ó bahagi ng̃ isáng kasangkapan.
MONTE. m. Bundók. || Kagubatan.
MONTEAR. v. a. Mang̃aso sa bundók.
MONTERÍA. f. Pang̃ang̃aso ng̃ mg̃a baboy damó, usá at ibp. || Kaalamán sa pang̃ang̃aso.
MONTERO, RA. m. y f. Mang̃ang̃asó
MONTÓN. m. Buntón; salansán.
MONUMENTAL. adj. Nauukol sa alaalang pangbansâ ó panghabang panahón.
MOÑO. m. Pusód ng̃ buhók. || Lasong panglagáy sa pusód ng̃ buhók. || Ang tumpók ng̃ mg̃a balahibo sa batok ng̃ ibon.
MOÑUDO, DA. adj. May pusód. || Nauukol sa balahibo sa tuktók ng̃ mg̃a hayop na may pakpák.
MORADA. f. Tahanan; bahay.
MORADO, DA. adj. Kulay ubi; murado.
MORADOR, RA. adj. y s. Naninirahan; tumatahán sa isáng poók.
MORAL. adj. Nauukol sa kabutihang asal at ugalì. || f. Karunung̃ang nagtuturò ng̃ kabutihang asal.
MORALEJA. f. Aral; mabuting halimbawà.
MORALIDAD. f. Kabutihang asal.
MORALIZAR v. a. Baguhin ang masamáng asal; aralan.
MORAR. v. n. Tumahán ó manirahan sa isáng poók.
MÓRBIDO, DA. adj. May sakít ó nakapagkakasakít.
MORBO. m. Karamdaman; sakít.
MORBOSO SA. adj. Maysakít. || Nakapagkakasakít.
MORCILLA. f. Bituka ng̃ baboy, tupa ó bakang sinisiksikán sa loób ng̃ dugóng lutò at may sangkáp na pangpalasa.
MORCILLO. m. Kalamnán ng̃ bisig.
MORDAZA. f. Busal sa bibíg.
MORDEDURA. f. Pagkagát. || Kagát.
MORDER. v. a. Kagatín. || Gasgasín ang isáng bagay. || fig. Laitin; murahin ang isáng tao.
MORDICACIÓN. f. Pagkatí ng̃ balát na parang kinakagát ng̃ hayop.
MORDICANTE. adj. Makatí.
MORDICAR. v. a. Kumatíng parang kinakagát ng̃ hayop.
MORDICATIVO, VA. adj. Nagpapakatí.

MORDIDO, DA.. adj. fig. Sirâ; kapós; kulang.

MORDIMIENTO. m. Pagkagát. ‖ Kagát.

MORDISCAR. v. a. Kagatín ng̃ marahan.

MORDISCO. m. Pagkagát ng̃ marahan. ‖ Pirasong nakukuha sa isáng bagay na kagát.

MORENO, NA. adj. Kayumanggí.

MORGUE. f. Bulwagang pinaglalagyán ng̃ mg̃a bangkáy na dî makilala, upang tuntunín ng̃ kaniláng mg̃a kamaganak.

MORIBUNDO, DA. adj. y s. Naghihing̃alô; malubhâ ang lagáy.

MORIGERACIÓN. f. Katamtaman ó kasukatán sa mg̃a paguugalì at ayos ng̃ pamumuhay.

MORIGERAR. v. a. Ilagáy sa katamtaman ang mg̃a paguugalì at mg̃a kilos. ‖ v. r. Magpigil ng̃ loób.

MORIR. v. n. Mamatáy. ‖ fig. Matapos; maubos. ‖ fig. Mamatáy ang ilaw ó apóy.

MORISCO, CA. adj. Nauukol sa moro. ‖ adj. y s. Ang morong binyagan.

MORISMA. f. Pananampalataya ng̃ mg̃a moro. ‖ Kawan ng̃ mg̃a moro.

MORISQUETA. f. Laláng ó pakanáng katutubò sa mg̃a moro. ‖ fig. y fam. Hang̃ád ng̃ isáng tao na gumawâ ng̃ dayà, libák ó aglahì sa kapuwà ‖ Sinaing; kanin.

MOROSIDAD. f. Kabagalan; katagalán. ‖ Kawalán ng̃ sipag.

MOROSO, SA. adj. Mabagal; matagál.

MORRA. f. Tuktók ng̃ ulo.

MORRADA. f. Untóg ng̃ ulo.

MORRIÓN. m. Bakal na panglagáy sa ulo na ginagamit na pananggaláng sa pakikipagbaka.

MORTAJA. f. Sapot sa bangkáy.

MORTAL. adj. May kamatayan ó mamamatáy. ‖ Nakamamatáy. ‖ s. Ang tao.

MORTALIDAD. f. Pagkakaroón ng̃ kamatayan. ‖ Bilang ng̃ mg̃a namamatáy sa isáng bayan.

MORTANDAD. f. Pagkakamatáy.

MORTERO. m. Lantaka; kanyóng malakí. ‖ Lusóng.

MORTÍFERO, RA. adj. Nakamamatáy; pumapatáy.

MORTIFICACIÓN. f. Pagpapakahirap; pagpapakasakit sa sarili. ‖ fig. Pagpipigil sa sariling kagustuhan.

MORTIFICAR. v. a. Pahirapan; pasakitan ang sarili. ‖ fig. Pigilin ang sarili. ‖ fig. Pagpighatiín. ‖ v. r. Magpakahirap; magpakasakit sa sarili.

MORTUORIO, RIA. adj. Nauukol sa patáy ó namatáy.

MOSAICO, CA. adj. Nauukol kay Moises. ‖ Nauukol sa gawáng pinamutihan ng̃ mg̃a batóng ibá't ibáng kulay.

MOSAISMO. m. Ang kautusán ni Moisés.

MOSCA. f. Langaw. || fig. y fam. Ang taong nakamumuhî at maulit.

MOSCARDA. f. Bangaw.

MOSCARDÓN. m. Bangaw. || fig. y fam. Taong maulit at nakayayamót.

MOSCÓN. m. Langaw na malakí.

MOSQUEADOR. m. Pangbugaw ng langaw.

MOSQUEAR. v. a. Bugawin ang langaw. || fig. Paluin; hampasín. || v. r. Mabugaw ang langaw.

MOSQUEO. m. Pagbugaw ng langaw.

MOSQUERO. m. Bigkís ng damó ó papel na ginupít na ginagawáng pangbugaw ng langaw.

MOSQUIL. adj. Nauukol sa langaw.

MOSQUITERO. m. Kulambô.

MOSQUITO. m. Lamók.

MOSTACHO. m. Bigote; balbás sa ngusô.

MOSTAZA. f Halamang kelwà; mustasa.

MOSTO. m. Katás ng ubas na inaalak.

MOSTRAR. v. a. Iturò; ipakilala; itanghál. || Ipaliwanag ang isáng bagay. || v. r. Magpakilala; magpakita.

MOTA. f. Himulmól ng kayo. || Buról; pantukin. || Pilapil.

MOTE. m. Alamát na nagtatagláy ng isáng lihim na nangangailangan ng isáng paliwanag. || Palayaw.

MOTEJAR. v. a. Palayawan ang mga kilos ó gawî ng isáng tao.

MOTÍN. m. Pagaalsá; paghihimagsík.

MOTIVAR. v. a. Bigyáng dahilán ang isáng bagay. || Magbigáy ng katuwiran ó dahilán sa paggawâ ng isáng bagay.

MOTIVO. m. Dahilán; sanhî.

MOTÓN. m. Kalô.

MOTOR, RA. adj. Nagpapagaláw. || m. Ang nagpapagaláw sa isáng bagay.

MOTRIZ. adj. Nagpapagaláw.

MOTU PROPRIO. m. adv. lat. Kusà; sa sarili.

MOVEDIZO, ZA. adj Madalíng gumaláw; lipatlipat. || Waláng kapanatagán. || fig. Salawahan.

MOVER. v. a. Kilusin; galawín. || fig. Udyukán; ibuyó. || v. r. Kumilos; gumaláw.

MOVIBLE. adj. Gumagaláw. || fig. Nagbabago; waláng kapanatagán.

MÓVIL. adj Gumagaláw. || Waláng kapanatagán. || m. Ang nagpapagaláw sa isáng bagay.

MOVILIDAD. f. Kagalawán.

MOVILIZACIÓN. f. Pagpapakilos; pagpapagaláw.

MOVILIZAR. v. a. Pakilusin; pagalawín.

MOVIMIENTO. m. Pagpapagaláw; paggaláw. || Galáw; kilos. || fig. Pagbabago ng kalooban; kabalisahán.

MOZO, ZA. adj. y s. Binatà ó dalaga. || m. y f. Utusán sa bahay.

MUCETA. f. Balabal na ipinapatong sa balikat hanggáng dibdíb

MUCOSIDAD. f Bagay na malapot na kahawig ng̃ uhog.

MUCOSO, SA. adj. Kahawig ng̃ uhog

MUCHACHADA. f. Kilos na katutubò sa mg̃a batà.

MUCHACHEAR. v. n. Magkilos batà

MUCHACHERÍA. f. Kilos na katutubò sa mg̃a batà.

MUCHACHEZ. f. Pagaasal batà.

MUCHACHO, CHA. m. y f Batà. || Ang walâ pang muang; musmós. || Utusán ó alilà.

MUCHEDUMBRE. f. Karamihan at kakapalán ng̃ mg̃a tao ó bagay.

MUCHO, CHA. adj. Marami; hindî mabilang.

MUDA. f. Pagbabago ng̃ isáng bagay.

MUDABLE. adj. Madalíng magbago.

MUDANZA. f. Pagbabago. || Pagsasalawahán.

MUDAR. v. a. Baguhin ang kalagayan ng̃ isáng bagay. || Magbago. || Magibá ng̃ balahibo ang mg̃a ibon. || fig. Baguhin ó ibahín ang panukalà. || v. r. Magbago ng̃ pamumuhay ó kalagayan. || Magbihis ng̃ damít. || Lumipat ng̃ tirahan.

MUDEZ. f Pagkapipi.

MUDO, DA. adj Pipi; hindî makapagsalitâ. || fig. Waláng imík ó kibô.

MUEBLE. m. Kasangkapang buhatbuhat

MUECA. f. Ng̃iwî.

MUELA. f. Gilingang bató. || Batóng hasaán; bugaán. || Bagáng.

MUELLAJE. m. Buwís na sinising̃íl sa pagdaóng ng̃ sasakyán sa daung̃an.

MUELLE adj. Maselang; malambót. || m. Kasangkapang bakal na nayuyutyót. || Daung̃an ó punduhan ng̃ mg̃a sasakyáng-dagat.

MUERTE f. Kamatayan. || Pagkamatáy. || Pagpatáy sa kapuwà. || fig. Paggibâ; pagsirà; pagguguhò.

MUERTO, TA. adj. Patáy. || Nauukol sa apóy na pinatáy sa tubig. || fig. Kupás; lantá.

MUESCA. f. Kabkáb ó sabak.

MUESTRA. f. Tandáng kinakikilalanan ng̃ isáng bagay ó kalakal. || Retasong naparisán. || Huwaran; ulirán. || Bikas; kilos.

MUGIDO. m. Ung̃â ng̃ baka.

MUGIR. v. n. Umung̃â ang baka.

MUGRE. m. Dumí ng̃ lana; libág.

MUGRIENTO, TA. adj. Malibág.

MUHARRA. f. Sibát sa dulo ng̃ tagdán ng̃ bandilà.

MUJER. f. Babae. || Ang babaing nasa hustúng gulang. || Ang asawang babae.

MUJERCILLA. f. Babaing labasâ.

MUJERIEGO, GA. adj. Nauukol sa babae || Nauukol sa lalaking mahilig sa mg̃a babae. || m. Katipunan ng̃ mg̃a babae.

MUJERIL. adj. Nauukol sa babae.

MUJERÍO. m. Katipunan ng̃ mg̃a babae.

MULA. f. Kabayong babae.

MULADAR. m. Tapauán ng̃ mg̃a tai ng̃ kabayo ó sukal.

MULAR. adj. Nauukol sa kabayo.

MULATO, TA. adj. Nauukol sa taong anák ng̃ isáng putî at isáng itím; kayumanggíng magulang.

MULETA f. Tungkód na ginagamit ng̃ dî makalakad.

MULO. m. Kabayong lalaki.

MULTA. f. Kaparusahán sa pamamagitan ng̃ salapî; multá.

MULTAR. v. a. Parusahan ng̃ multá.

MULTICOLOR. adj. May ibá't ibá ó sarisaring kulay.

MULTIFORME. adj May maraming anyô ó hugis

MULTIPLICACIÓN. f. Pagpapa-rami ó pagdami.

MULTIPLICADOR, RA. adj. y s. Nagpaparami.

MULTIPLICANDO. adj Ang nauukol sa pinararami.

MULTIPLICAR. v. a. Paramihin; palakihín ang bilang. ‖ v. r. Dumamí; kumapál ang bilang.

MULTIPLICIDAD f. Karamihan; kakapalán ng̃ bilang.

MULTITUD. f. Karamihan ng̃ mg̃a tao ó bagay.

MULLIR. v. a. Buhaghagín ang isáng bagay upang lumambót.

MUNDANO, NA. adj. Nauukol sa kalupaán. ‖ Nauukol sa taong mahilig sa mg̃a bagay sa kalupaán.

MUNDO. m. Daigdíg. ‖ Lupà. ‖ Kapisanan ng̃ mg̃a tao; sangkatauhan.

MUNICIÓN. f. Mg̃a kasangkapang ginagamit sa isáng hukbó.

MUNIFICENCIA. f. Kagandahang loób. ‖ Kagandahang asal ng̃ isáng harì ó punò

MUNÍFICO, CA. adj. Marangál na kaloòban; magandáng loób.

MUÑECA. f. Galánggalangán. ‖ Manikà.

MUÑIR. v. a. Tumawag ng̃ pulong ó ng̃ ibáng bagay.

MURAL. adj. Nauukol sa kutà.

MURALLA. f. Kutà; muóg.

MURAR. v. a. Lagyán ng̃ kutà ó muóg ang isáng siyudad.

MURCIÉLAGO. m. Kabagkabág.

MURMUJEAR. v. n. fg. y fam. Bumulóngbulóng.

MURMULLO. m. Bulóng. ‖ Bulungbulung̃an

MURMURACIÓN. f Pagalimura; pagwiwikà ng̃ masamâ sa kapuwà.

MURMURACIÓN. v. n. Umugong ang tubig na umaagos. ‖ Umugong ang anománg bagay. ‖ fig. Bumulóngbulóng. ‖ fig. y fam. ‖ Alimurahin ang kapuwà.

MURO. m. Bakod na bató. ‖ Kutà.

MUSA. f. Ang bawa't diyusdiyusang nagtitirá sa kagubatan.

MUSEO. m. Bahay na laan sa pag-aaral ng̃ mg̃a karunung̃an. ‖ Taguán ng̃ mg̃a bagay na ukol sa karunung̃an.

MUSGO. m. Lumot.
MUSGOSO, SA. adj. Malumot.
MÚSICA. f. Tugtugin.
MUSICAL. adj. Nauukol sa tugtugin.
MUSITAR. v. n. Bumulúngbulóng.
MUSLO. m. Hità.
MUSTIO, TIA. adj. Mapangláw; malungkót. || Luóy; lantá.
MUTABILIDAD. f. Pagbabago ng̃ isáng bagay.
MUTACIÓN. f. Pagbabago.
MUTILACIÓN. f. Pagputol ó pagluráy ng̃ bahagi ng̃ katawán ng̃ tao ó hayop.
MUTILAR. v. a. Putulin ó paglurayluráyín ang katawán ng̃ tao ó hayop. || Putulan ó bawasan ang bahagi ng̃ anománg bagay. || v. r. Magkaluráyluráy.
MUTISMO. m. Pagkapipi ó kapipihan.
MUTUO, TUA. adj. Nauukol sa ginagawâ kapuwà ng̃ dalawá.
MŨY. adv. Lubhâ; napaká.





N

N. f. Ikalabinganim na titik nğ abakadang kastilà at panglabíngtatló sa kaniyáng mğa consonante.

NÁCAR. m. Bagay na matigás, maputî, makináng at may kulay bahagharì ang loób, gaya nğ kapís, kontsa at ibp.

NACARADO, DA. adj. Kakulay at kasingkináng nğ nakar.

NACER. v. n. Sumilang; ipanğanák. || Sumibol ang halaman. || fig. Sumikat ang bituin. || fig. Magsimulâ. || fig. Bumukál.

NACIDO, DA. adj. Katutubò at likás nğ isáng bagay. || m. Bukol.

NACIENTE. p. a. nğ Nacer. Sumisilang. || adj. fig. Sariwangsariwà; hindî pa natatagalán.

NACIMIENTO. m. Kapanğanakan; pagsilang. || Pook na sinisipután nğ isáng bukál. || Bukal. || Poók na pinagmulán nğ isáng bagay.

NACIÓN. f. Bansâ. || fam. Pagsilang.

NACIONAL. adj. Nauukol sa bansâ. || Tubò sa isáng bansâ.

NACIONALIDAD. f. Ang kalagayan at kaugaliang katutubò sa mğa bayan at mğa mamamayán sa isáng bansâ. || Kalagayang likás nğ isáng taong sumilang sa isáng bansâ.

NADA. f. Kawaláng ganáp nğ isáng bagay. || adv. n. Kailán man.

NADADERA. f. Timbulan sa paglanğóy.

NADADERO. m. Lanğuyan.

NADADOR, RA. adj. y s. Lumalanğóy. || m. y f. Ang sanáy lumanğóy.

NADAR. v. n. Lumanğóy. || Lumutang ang anomán sa ibabaw nğ tabig. || fig. Sumaganà sa isáng bagay.

NADIE. pron. indet. Sinománg tao.

NAIPE. m. Baraha.
NALGA. f. Pigî.
NALGADA. f. Ang lamán sa gawíng pigî ng̃ baboy. || Hampás sa pigî.
NALGAR. adj. Nauukol sa pigî.
NALGUDO, DA. adj. Matatambók ang pigî.
NAO. f. Daóng.
NARANJA. f. Bung̃a ng̃ suhà. || Pungló ng̃ kanyón.
NARANJAL. m. Poók na taniman ng̃ mg̃a punong suhà.
NARANJERO, RA. m. y f. Magsusuhâ.
NARANJILLA. f. Dalandán.
NARANJO. m. Punò ng̃ suhà.
NARCÓTICO, CA. adj. *Med*. Nagpapatulog. || m. Pangpatulog.
NARIGUDO, DA. adj. y s. Ilung̃án. || Hugis ilóng.
NARIZ. f. Ilong.
NARRABLE. adj. Maisasaysáy.
NARRACIÓN. f. Pagsasaysáy ng̃ isáng bagay.
NARRADOR, RA. adj. y s. Nagsasaysáy.
NARRAR. v. a. Magsalaysáy; magsabi ng̃ mg̃a pangyayari ng̃ isáng bagay.
NARRATIVO, VA. adj. Nauukol sa pagsasaysáy.
NASAL. adj. Nauukol sa ilóng.
NATA. f. Lináb ng̃ gatas ó sabáw. || fig. Ang pinakadakilà at mahalagá] sa isáng bagay.
NATACIÓN. f. Paglang̃óy. || Karunung̃an sa paglang̃óy.
NATAL. adj. Nauukol sa kapang̃anakan. || m. Kapang̃anakan.
NATALICIO, CIA. adj. Nauukol sa araw ng̃ kapang̃anakan. || m. Araw ng̃ kapang̃anakan.
NATALIDAD. f. Bilang ng̃ mg̃a sumisilang sa isáng bayan.
NATATORIO, RIA. adj. Nauukol sa paglang̃óy.
NATIVIDAD. f. Kapang̃anakan.
NATIVO, VA. adj. Tumutubong sadyâ. || Nauukol sa bayang pinang̃anakán sa isáng tao. || Katutubò; likás.
NATURAL. adj. Nauukol sa kalikasán. || Katutubò; likás sa isáng bayan ó bansâ. || m. Ugalì; asal; gawî.
NATURALEZA. f. Kalikasán; katutubong gawî ó ugalì. || Kinamulatang bayan.
NATURALIDAD. f. Pagkalikás ng̃ isáng bagay. || Katapatan at kabanayaran sa pakikiharáp sa kapuwà.
NATURALIZAR. v. a. Tanggapin ang isáng tao ng̃ parang tubò sa isáng bayan. || Ipasok sa isáng bayan ang mg̃a bagay na parang katutubò doón. || v. r. Manirahan sa isáng bayan ang tagaibáng lupà na parang doón tubò.
NAUFRAGAR. v. n. Malubóg ang isáng sasakyángdagat. || fig. Mapasamâ ang isáng hang̃arin ó kalakal.
NAUFRAGIO. m. Pagkalubóg ng̃ sasakyángdagat. || fig. Pagkaluging malakí; pagkapahamak.
NAÚFRAGO, GA. adj. Nalubóg ang sasakyángdagat. || m. Patíng.

NAUSEA. f. Alibadbád ng̃ sikmurà; pagkaibig na masuká. || fig. Yamót ó kamuhiáng nililikhâ ng̃ isáng bagay.

NAUSEABUNDO, DA. adj. Nakasusuká. || Mapagsuká.

NAUSEAR. v. n. Alibadbarán ang sikmurà; magkaroón ng̃ pagkaibig na masuká.

NAUSEOSO, SA. adj. Nakasusuká.

NÁUTICA. f. Karunung̃an sa paglalayág.

NÁUTICO, CA. adj. Nauukol sa paglalayág.

NAVAJA. f. Pangahit; labasa. || fig. Pang̃il ng̃ baboy damó.

NAVAJADA. f. Hiwà ng̃ labasa.

NAVAL. adj. Nauukol sa mg̃a sasakyángdagat at paglalayág.

NAVE. f. Daóng ó sasakyángdagat.

NAVEGABLE. adj. Malalayag.

NAVEGACIÓN. f. Paglalayág. || Panahóng itinatagál ng̃ paglalayág.

NAVEGADOR, RA. adj. y s. Naglalayág; manglalayág.

NAVEGANTE. p. a. ng̃ Navegar. s. Manglalayág; naglalayág.

NAVEGAR. v. n. Maglayág; maglakbáy dagat. || v. a. Paglayagín; paglakbayín dagat.

NAVETA. f. Daóng na maliít. || Lalagyán ng̃ insiyensong pangsuób sa oras ng̃ pagmimisá.

NAVIDAD. f. Kapang̃anakan sa ating Mahál na Pang̃inoón. || Paskó ng̃ pang̃ang̃anák.

NAVIERO, RA. m. y f. Ang may-arì ng̃ sasakyángdagat.

NAVÍO. m. Sasakyángdagat na pangdigmâ.

NEBLINA. f. Ulap na makapál at mababà.

NEBULOSO, SA. adj. Maulap. || fig. Mapangláw; malungkót. || fig. Madilím. || fig. Mahiráp maunawà.

NECEAR. v. n. Magsalitâ ng̃ mg̃a kaululán. || Ipagpilitan ng̃ paung̃ás ang isáng bagay.

NECEDAD. f. Kaung̃asán; kahunghang̃án. || Gawâ ó salitáng paung̃ás.

NECESARIA. f. Palikuran.

NECESARIO, RIA. adj. Kailang̃an; kinakailang̃an.

NECESIDAD. f. Pang̃ang̃ailang̃an. || Lahát ng̃ mg̃a bagay na kailang̃an sa buhay. || *Necesidad mayor.* Pagdumí. || *Necesidad menor.* Pagihì.

NECESITADO, DA. p. p. ng̃ Necesitar. || adj. y s. Gipít; nang̃ang̃ailang̃an; kinakapós.

NECESITAR. v. a. Kailang̃anin. || v. n. Mang̃ailang̃an; magipít sa buhay ang isáng tao.

NECIO, CIA. adj. y s. Ung̃ás; mangmáng; hang̃ál. || Waláng baít; matigás ang ulo.

NECROLOGÍA. f. Maiklíng kasaysayan ng̃ buhay ng̃ isáng taong hindî pa naluluatang namatáy. || Talaan ng̃ mg̃a patáy.

NÉCTAR. m. Katás.

NEFANDO, DA. adj. Hindî karapatdapat; katakwiltakwíl.

NEFARIO, RIA. adj. Napakasamâ; napakalupít.

NEGABLE. adj. Matatanggihán; matatatuwaán.

NEGACIÓN. f. Pagtanggí; pagtatuwâ. || Kawaláng ganáp ng̃ isáng bagay.

NEGADOR, RA. adj. y s. Tumatatuwâ.

NEGAR. v. a. Tanggihán; tatuwaán; ipagkailâ. || v. r. Magdahiláng gawín ang isáng bagay; tumanggí.

NEGATIVA. f. Pagtanggí; pagkakailâ.

NEGATIVO, VA. adj. Tumatuwâ; tumatanggí. || Nauukol sa pagtanggí ó pagtatuwâ.

NEGLIGENCIA. f. Kapabayaan; kawaláng ing̃at.

NEGLIGENTE. adj. y s. Pabayâ; waláng ing̃at.

NEGOCIABLE. adj. Makakalakal ó maaaring kalakalin.

NEGOCIACÍÓN. f. Pang̃ang̃alakal.

NEGOCIANTE. m. Mang̃ang̃alakál.

NEGOCIAR. v. n. Mang̃alakal, || Magusap ang mg̃a bansâ hinggíl sa isáng bagay ó usapín.

NEGOCIO. m. Ang alinmáng gawain, hanapbuhay ó pinapasukan. || Kalakal. || Ang anománg bagay na pinagkakakitaan. || Tubò ó pakinabang sa isáng hanapbuhay.

NEGOCIOSO, SA. adj. Masipag at maing̃at sa kaniyáng mg̃a kalakal.

NEGRECER. v. n. y r. Umitím.

NEGRO, GRA. adj. y s. Maitím; itím. || fig. Napakalungkót; kapangláwpangláw. || fig. Kapóspalad. || fig. y fam. Gipít sa kabuhayan.

NEGRURA. f. Kaitimán.

NEGRUZCO, CA. adj Kayumanggíng magulang; maitímitím.

NÉMINE DISCREPANTE. loc. lat. Waláng pagkakaalít; pinagkasunduán ó pinagkayarián.

NEÓFITO, TA. m. y f. Ang bagong binyagan.

NEOLOGÍA. f. Pagtuklás ng̃ mg̃a bagong pang̃ung̃usap sa isáng wikà.

NEOLOGISMO. m. Pang̃ung̃usap ng̃ mg̃a bago sa isáng wikà.

NEOMENIA. f. Unang araw ng̃ buwán.

NÉRVEO, A. adj. Nauukol sa litid. || Kawang̃is ng̃ litid.

NERVIO. m Litid. || Kuwerdas ng̃ kasangkapang pangtugtóg. || fig. Lakás. || fig. Bisà ng̃ katuwiran.

NERVIOSO, SA. adj. Malitid. || Nauukol sa mg̃a litid. || Masindakin. || fig. Malakás.

NERVOSIDAD. f. Lakás at galáw ng̃ mg̃a litid. || fig. Lakás at bisà ng̃ katuwiran ó pagmamatuwíd.

NERVOSO, SA. adj. Malitid; matibay.

NERVUDO, DA. adj. May malalakás na litid.

NETO, TA. adj. Malinis at waláng halò. ‖ Kabuuáng natirá sa pagtutuós ng̃ isáng kuwentahin.

NEURASTENIA. f. *Med.* Sakít na buhat sa panghihinà ng̃ mg̃a litid.

NEURASTÉNICO, CA. adj. *Med* Nauukol sa sakít sa mg̃a litid. ‖ adj. y s. May sakít na nerbiyos.

NEUTRAL. adj. Waláng kinikiling̃an.

NEUTRALIDAD. f. Kawalán ng̃ pagkiling saanmán.

NEUTRO, TRA. adj. *Gram.* Hindî lalaki ó babae.

NEVADO, DA. adj. Natatakpán ng̃ busilak. ‖ Maputíng parang busilak.

NEVAR. v. n. Umulán ng̃ busilak. ‖ v. a. fig. Paputiín ang isáng bagay.

NEVERA. f. Taguán ng̃ busilak ó yelo. ‖ fig. Tahanang napakalamíg.

NEVOSO, SA. adj. Mayelo; mabusilak.

NI. conj. cop. Man; kahit; dî.

NICHO. m. Guang sa batóng pinaglalagyán ng̃ mg̃a estatuwá, ó ibáng bagay. ‖ Butas sa batóng pinaglilibing̃án ng̃ mg̃a bangkáy.

NIDADA. f. Katipunan ng̃ mg̃a itlóg sa pugad. ‖ Katipunan ng̃ mg̃a inakáy sa pugad.

NIDAL. adj. Pang̃itlugan. ‖ Pang̃atíng itlóg. ‖ fig. Simalâ ó batayán ng̃ isáng bagay.

NIDIFICAR. v. n. Magpugad ang mg̃a ibon.

NIDO. m. Pugad. ‖ fig. Tahanan ng̃ isáng tao. ‖ fig. Poók na pinagtataguan ng̃ masasamáng tao.

NIEBLA. f. Ulap na mababà. ‖ fig. Kadilimán at panglalabò na dî ikakslala sa isáng bagty.

NIETO, TA. m. y f. Apó

NIEVE. f. Busilak. ‖ fig. Kaputiáng lubhâ.

NIMBO. m. Sinag na mabilog ng̃ buwán at sa ulo ng̃ mg̃a santo.

NIMIEDAD. f. Kalabisán; kalaluan. ‖ fam. Kaliitán; kauntián.

NIMIO, MIA. adj. Malabis; lalò.

NINFA f. *Mit.* Diwatà. ‖ fig. Dalagang magandá.

NINGUNO, NA. adj. Walâ isá man. ‖ pron indet. Waláng kabuluhán. ‖ Waláng sinomán.

NIÑA. f. Batang babaing ulila. ‖ *Niña del ojo.* Balintatáw.

NIÑADA. f. Gawáng batà.

NIÑEAR. v. n. Magkilos batà.

NIÑERÍA. f. Gawâ ó kilos batà. ‖ fig. Saiitâ ó gawáng waláng gaanong kabuluhán.

NIÑETA. f. Balintatáw ng̃ matá.

NIÑEZ. f. Kabataan. ‖ fig. Simulâ ng̃ isáng bagay.

NIÑO, ÑA. adj. Nasa kabataan. ‖ fig. Musmós. ‖ m. y f. Batà.

NIPA. f. Pawid.

NIQUELADO. m. Paglulubóg sa nikel.

NIQUELAR. v. a. Ilubóg sa nikel.

NITRAL. m. Poók na kinukunan ng̃ salitre.

NITRERÍA. f. Poók na pinagtataguan ng̃ salitre.

NITRO. m. Salitre.

NITROSO, SA· adj. May halong salitre.

NIVEL. m. Pamatag. ‖ fig. Kapantayáng lubós ng̃ anománg bagay.

NIVELACIÓN. f. Ang pagkilala ng̃ kapantayán sa pamamagitan ng̃ kasangkapang pamantáy.

NIVELAR. v. a. Kilalanin ang kapantayán ng̃ isáng bagay sa pamamagitan ng̃ kasangkapang pamantáy.

NIVELAR. v. a. Kilalanin ang kapantayán ng̃ isáng bagay sa pamamagitan ng̃ kasangkapang pamantáy,

NO. adv. n. Hindî; dî; huwág. ‖ *No más*. expr. Lamang.

NOBLE. adj. Marilág; mahál. ‖ Dakilà.

NOBLEZA. f. Kamahalan; karilagán; kadakilaan.

NOCIÓN. f. Pagkakilala ó diwà sa isáng bagay.

NOCIVO, VA. adj. Nakasasamâ; nakapipinsalà.

NOCTURNO, NA. adj. Nauukol sa gabí ó ginagawâ sa gabí. ‖ Ang naglalakád ng̃ magisá at malungkót.

NOCHE. f. Gabí. ‖ fig. Kaguluhan; kadiliman; kalungkutan.

NODRIZA. f. Tagapagalagà ng̃ batà; sisiwà.

NOMBRAMIENTO. m. Pagtawag sa pang̃alan ng̃ isáng tao ó bagay. ‖ Katibayan ng̃ paghirang sa isáng tao upang gumanáp ng̃ isáng tungkól.

NOMBRAR. v. a. Tawagin ang pang̃alan ng̃ isáng tao ó bagay. ‖ Tukuyin; banggitín. ‖ Hirang̃in ang isáng tao upang manupád ng̃ isáng tungkól.

NOMBRE. m. Pang̃alan; ng̃alan; pamagát; tawag sa isáng tao ó bagay.

NÓMINA. f. Talaan ng̃ pang̃alan.

NOMINACIÓN. f. Paghirang sa isáng tao upang manupád ng̃ isáng tungkól. ‖ Pagtawag sa ng̃alan ng̃ isáng tao ó bagay. ‖ Pagng̃ang̃alan.

NOMINAL. adj. Nauukol sa pang̃alan. ‖ May pang̃alan.

NOMINAR. v. a. Ng̃alanan; tawagin ang pang̃alan ng̃ isáng tao ó bagay.

NON. adj y s Gansál.

NONAGENARIO, RIA. adj. y s. May siyámnapúng taóng gulang.

NONAGÉSIMO, MA. adj. Ikasiyám na pû.

NONATO, TA. adj. Hindî kusang ipinang̃anák kungdî kinuha sa tiyán ng̃ iná.

NONO, NA. adj. Ikasiyám.

NORIA. f. Makinang pangpaakyát ng̃ tubig.

NORMA. f. Eskuwala. ‖ fig. Alituntunin dapat sundín.

NORMAL. adj. Nasa kalagayang mahusay. ‖ Nagsisilbíng alituntunin ó patakarán.

NORTE. m. Hilagà ó hilagaán.

NOSOTROS, TRAS. pron. pers. Tayo ó kamí.

NOSTALGIA. f. Damdaming likhâ nĝ pagkalayô sa kaniyáng bayan ó kamaganakan at mĝa kaibigan.

NOTA. f. Tandâ. ‖ Puná ó pansíng ginagawâ sa isáng aklát ‖ Paliwanag. ‖ Babalâ; paunawà. ‖ Kabantugan; bunyî ‖ Talâ.

NOTA BENE. loc. lat. Paliwanag.

NOTABLE. adj. Mahalagá; dakilà.

NOTAR. v. a. Tandaán. ‖ Punahín; pansinín. ‖ Lagyán nĝ mĝa paliwanag ang isáng aklat.

NOTARÍA. f. Tungkuling pagkanotaryo. ‖ Tanggapan nĝ mĝa notaryo.

NOTARIADO. m. Pagnunutaryo.

NOTARIAL. adj. Nauukol sa notaryo. ‖ Ginawâ nĝ notaryo.

NOTARIO. m. Ang tagapagpatutoo nĝ mĝa katibayan ó kasulatan.

NOTICIA. f. Kaalaman. ‖ Balità.

NOTICIAR. v. a. Ibalità; ipaalám.

NOTICIOSO, SA. adj. May kinalaman ó balità sa isáng bagay.

NOTIFICACIÓN. f. *For.* Pagbibigáy alám; pagpapatalastás.

NOTIFICAR. v. a. *For.* Ipagbigáyalám; ipatalastás ang isáng bagay sa pamamagitan nĝ hukuman.

NOTORIEDAD. f. Kahayagán ó pagkahayág sa sinomán.

NOTORIO, RIA. adj. Hayág sa madlâ.

NOVATO, TA. adj. Baguhan.

NOVEDAD. f. Kabaguhan; bagong litáw. ‖ Pangyayaring nababago; balità. ‖ fig. Pagtataká ó panggigilalás na likhâ nĝ mĝa bagay na dî pa nakikita.

NOVEL. adj. Bago; walâ pang kaalamán sa isáng bagay.

NOVELESCO, CA. adj. Likás ó katutubò sa mĝa nobela.

NOVELISTA. com. Ang sumusulat nĝ mĝa nobela.

NOVENA. f. Pagsisiyám.

NOVENARIO. m. Pagsisiyám na ginagawâ sa mĝa simbahan bago magpistá.

NOVENO, NA. adj. Ikasiyám. ‖ Ang bawa't ikasiyám na bahagi nĝ isáng kabuuán.

NOVENTA. adj. Siyamnapû.

NOVENTÓN, NA. adj. Nauukol sa may gulang na siyámnapung taón.

NOVIA. f. Babaing bagong kasál. ‖ Babaing malapit nang magasawa.

NOVICIO, CIA. m. y f. Ang bagong kapapasok sa isáng relihiyon. ‖ fig. Baguhan ó nagsisimulâ pa lamang sa isáng gawâ ó karunungan.

NIVILUNIO. m. Bagong buwán sa lanĝit.

NOVILLA. f. Bakang hindî pa maamò.

NOVILLADA. f. Kawan nĝ mĝa bakang batà at hindî pa maamò.

NOVILLERO. m. Ang nagaalagà ng̃ mg̃a bakang batà at dî pa maamò. || Kural ng̃ mg̃a baka.

NOVILLO. m. Bakang batà at hindî pa maamò.

NOVIO. m. Lalaking bagong kasál. || Ang lalaking malapit ng̃ magasawa. || fig. Ang bagong pasok sa isáng katungkulan.

NUBARRÓN. m. Ulap na malakí at makapál.

NUBE. f. Ulap; pang̃anorin. || Bilíg ng̃ matá.

NUBLADO. m. Ulap ó dilím ng̃ lang̃it.

NUBLOSO, SA. adj. Maulap; madilím ang lang̃it. || fig. Sawing-palad.

NUCA. f. Batok.

NÚCLEO. m Butó ng̃ mg̃a bung̃angkahoy. || Ubod.

NUDILLO. m. Bukó ng̃ dalirì.

NUDO. m. Buhól. || Bukó. || fig. Talì; gapos. || fig. Ang malakíng dahilán ó alinlang̃an sa isáng bagay.

NUDOSO, SA. adj. Mabuhól; mabukó.

NUERA. f. Manugang na babae.

NUESTRO, TRA. pron. poses. Amin; atin; natin.

NUEVA. f. Balità.

NUEVO, VA. adj. Bago. || Kadaratíng sa isáng bayan. || *De nuevo.* m. adv. Mulî.

NULIDAD. f. Kawaláng bisà ó kabuluhán. || Kawalán ng̃ kakayahán. || Taong waláng kakayahán.

NULO, LA. adj. Waláng bisà ó kabuluhán. || Waláng kakayahán.

NUMEN. m. Ang alinmán sa mg̃a diyusdiyusang sinasambá ng̃ mg̃a dî binyagan. || Pagiisip sa paggawâ ng̃ isáng bagay.

NUMERABLE. adj. Mabibilang.

NUMERACIÓN. f. Pagbilang.

NUMERAL. adj. Nauukol sa bilang.

NUMERAR. v. a. Bilang̃in. || Isulat ng̃ número; numiruhán.

NUMÉRICO, CA. adj. Nauukol sa bilang ó número.

NÚMERO. m. Bilang. || Ang dami ng̃ mg̃a tao ó bagay na may isáng urì.

NUMEROSIDAD. f. Karamihan ng̃ bilang.

NUMEROSO, SA. adj. Marami ang bilang.

NUNCA. adv. t. Kailanmáng panahón. || *Nunca jamás.* m. adv. Magpakailanmán.

NUNCIO. m. Tagapagbalità. || Sugò ng̃ Papa. || fig. Babalâ; palatandaan.

NUPCIAL. adj. Nauukol sa kasál ó pagiisáng dibdíb.

NUPCIAS. f. pl. Kasál; pagiisáng-dibdíb.

NUTRICIÓN. f. Pagpapalusóg ó paglusóg.


NUTRIMIENTO. m. Pagpapalusóg ó paglusóg. || Pangpatabâ ó pangpalusóg.

NUTRIR. v. a. Palusugín; patabaín sa pamamagitan ng̃ pagkain. || fig. Palakasín. || v. r. Lumusóg; tumabâ.

NUTRITIVO, VA. adj. Nagpapalusóg; nagpapatabâ.

NUTRIZ. f. Sisiwa.

NY. f. Pang̃atlóng titik ng abakadang griyego, at katimbáng ng̃ *ene* sa kastilà.





Ñ

Ñ. f. Ikalabíngpitóng titik ñg abakadang kastilà at panglabíng-apat sa kaniyáng mg̃a consonante.

ÑAGAZA. f. Pañgatíng ibón. || fig. Pakanâ; silò.

ÑIQUIÑAQUE. m. fam. Tao ó bagay na lubháng alipustâ.

ÑOCLO. m. Minasang may halong asukal, mantikà, itlóg at alak.

ÑOÑERÍA. f. Kilos ó gawáng katutubò ñg mg̃a ulian.

ÑOÑO, ÑA. adj. fam. Nauukol sa taong mahinà ang isip, masasaktín at magugulatín; ulian.

ÑUDOSO, SA. adj. Mabuhól ó mabukó.





O

O. f. Ikalabíngwalóng titik ng̃ abakadang kastilà at pangapat sa kaniyáng mg̃a vocal.

Ó. conj. disy. O; dilì kayâ.

OASIS. m. Poók na mahalaman sa gitnâ ng̃ isáng iláng.

OBCECACIÓN. f. Pagdidilím ng̃ isip.

OBCECAR. v. a. Padilimín ó panglabuin ang isip. ‖ v. r. Magdilím ó manglabò ang isip.

OBEDECER. v. a. Sumunód; matalima. ‖ fig. Sumunód ang isáng bagay sa pamamagitan ng̃ lakás ó batak.

OBEDIENCIA. f. Pagsunód; pagtalima. ‖ Kasunuran.

OBEDIENTE. p. a. ng̃ Obedecer. Sumusunód. ‖ adj. Masunurin.

OBESIDAD. f. Katabaang labis.

OBESO, SA. adj. Matabáng tutoo.

ÓBICE. m. Sagwíl; hadláng; sagabal.

OBJECIÓN. f. Katuwirang iniharáp laban sa ibáng palagáy; tutol.

OBJETO. m. Bagay. ‖ Akalà. ‖ Dahilán ó layunin ng̃ isáng bagay.

OBLACIÓN. f. Handóg at paghahain sa Diyós.

OBLIGACIÓN. f. Katungkulang pagtupád. ‖ Pagganti ng̃ utang na loób. ‖ Kasulatang kinatatalaán ng̃ kapang̃akuan sa ikatutupad ng̃ isáng bagay.

OBLIGAR. v. a. Piliting gumawâ ó tumupád ng̃ isáng bagay. ‖ Akitin ang kalooban ng̃ kapuwà sa pamamagitan ng̃ mabuting pakitang loób. ‖ v. r. Mapilitang tumupád sa isáng bagay.

OBLIGATORIO, RIA. adj. Sapilitán.

OBLONGO, GA. adj. Talihabâ.

ÓBOLO. m. fig. Abuloy.

OBRA. f. Gawâ ó yarì. ‖ Kathâ; akdâ. ‖ *Obra de caridad.* Kawanggawâ sa kapuwà.

OBRADOR, RA. adj. y s. Gumagawâ. ‖ m. Pagawaan ó gawaan.

OBRAR. v. a. Gumawâ; yumarì. ‖ Lumikhâ; kumathâ. ‖ Magtayô. ‖ v. n. Magkursó.

OBRERO, RA. m. y f. Manggagawà; upahán.

OBSCENIDAD. f. Kahalayan; kalaswaán.

OBSCENO, NA. adj. Mahalay; malaswâ.

OBSCURECER. v. a. Padilimín. ‖ fig. Pagdilimín ang isip. ‖ *Pint.* Sombraháng mabuti ang mg̃a larawan. ‖ v. n. Dumilím; gumabí. ‖ v. r. Magdilím; magkulimlím ang lang̃it.

OBSCURECIMIENTO. m. Pagpapadilím.

OBSCURIDAD. f. Kadilimán. ‖ fig. Kababaang loób; pagkahamak sa pakikipagkapuwà. ‖ fig. Kadilimán ng̃ isip. ‖ fig. Kalabuan ng̃ sinulat.

OBSCURO, RA. adj. Madilím. ‖ fig. Mababang loób. ‖ fig. Malabò; magulóng magsalitâ.

OBSECUENTE. adj. Masunurin; matalimahin.

OBSEQUIAR. v. a. Magalay; maghandóg sa kapuwà. ‖ Magpakitang gilas.

OBSEQUIO. m. Pagaalay; paghahandóg. ‖ Alay ó kaloób.

OBSEQUIOSO, SA. adj. Mapagalay; mapaghandóg.

OBSERVACIÓN. f. Pagsisiyasat; pagmamatyág.

OBSERVADOR, RA. adj. y s. Nagsisiyasat; nagmamatyág.

OBSERVANCIA. f. Pagtupád ng̃ ganáp sa iniuutos. ‖ Galang; papuri at pitagan sa mg̃a punò.

OBSERVAR. v. a Siyasatin; matyagán. ‖ Tumupád sa iniuutos. ‖ Punahín; pansinín. ‖ Subukan.

OBSTÁCULO. m. Sagwíl; balakid; hadláng.

OBSTANTE. p. a. ng̃ Obstar. Bumabalakíd. ‖ *No obstante.* m. adv. Gayún mán.

OBSTAR. v. n. Bumalakíd; pumigil. ‖ impers. Magíng balakid ó kalaban ng̃ isáng bagay.

OBSTINACIÓN. f. Kaulitan; katigasán ng̃ ulo.

OBSTINARSE. v. r. Magmaulit; magmatigás sa kaniyáng likóng kagustuhan.

OBSTRUIR. v. a. Hadlang̃án; sarhán ang daán. ‖ v. r. Magsará ang isáng butas ó puang.

OBTENCIÓN. f Pagtatamó; pagkakamít; pagkakaroón.

OBTENER v. a. Tamuhín; kamtán; masunduán ang isáng bagay. ‖ Magkaroón.

OBTUSO, SA. adj. Pulpól. ‖ fig. Mabagal umunawà.

OBVIAR. v. a. Ilayô ó alisín ang nakasasagabal ó nakahahadláng. ‖ v. n. Makasagabal.

OBVIO, VIA. adj. Hayág. ‖ fig. Napakalinaw; napakaliwanag.

OCASIÓN. f. Pagkakataón. ‖ Sanhî; dahilan. ‖ Kapang̃aniban.

OCASIONAR. v. a. Magíng dahilán ó sanhî ng̃ pangyayari ng̃ isáng bagay. ‖ Magudyók. ‖ Ilagáy sa pang̃anib.

OCASO. m. Paglubóg na araw. ‖ Kanluran. ‖ f g. Pagkahapáy; pagkatapos.

OCCIDENTAL. adj. Nauukol sa ni ulubugán ng̃ araw ó kanluran.

OCCIDENTE. m. Kanluran; lubugan ng̃ araw.

OCEÁNICO, CA. adj. Nauukol sa karagatan.

OCEÁNO. m. Karagatan.

OCIAR. v. n. Magpahing̃á sa paggawâ; magliwalíw.

OCIO. m. Pagpapahing̃á sa paggawâ; pagliliwalíw.

OCIOSIDAD. f. Katamaran; pagpapagayúnggayón.

OCIOSO, SA. adj. y s. Tamád; waláng gawâ. ‖ Waláng kabuluhán; waláng pakinabang.

OCTAVO, VA. adj Ikawaló. ‖ Nauukol sa ikawalóng bahagi ng̃ isáng buô.

OCTOGENARIO, RIA. adj. y s. Ang may walungpúng taóng gulang.

OCTOSÍLABO, BA. adj. May walóng silaba.

OCULAR. adj. Nauukol sa matá

OCULISTA. com. Manggagamot sa sakít ng̃ matá.

OCULTACIÓN. f. Pagkukublí; pagtatagò.

OCULTAR. v. a. Ikublí; itagò; iling̃íd. ‖ Ipagkailâ. ‖ v. r. Magkublí; magtagò

OCULTO, TA. adj. Kublí; tagô. ‖ *En oculto*. m. adv. Pal hím.

OCUPACIÓN. f. Pagkuha. ‖ Gawain. ‖ Pinapasukan; hanapbuhay; katungkulan.

OCUPAR. v. a. Kunin; ariin ó sakupin ang isáng bagay. ‖ Magkamít; gumanáp ng̃ isáng gawâ ó tungkulin. ‖ Lamnán ang isáng poók na waláng lamán. ‖ Tirahán ang isáng bahay. ‖ Bigyán ng̃ magagawâ ang isáng tao. ‖ v. r. Gumawâ; gumanáp ng̃ isáng tungkulin. ‖ Magabalá sa isáng bagay ó kalakal.

OCURRENCIA. f. Pagkakataón; pangyayaring dî sinasadyâ. ‖ Pagsaksák ng̃ biglâ sa gunitâ ng̃ isáng bagay.

OCURRIR. v. r. Magpauná; maghandâ; sumalubong. ‖ Mangyari; magkataón. ‖ Sumaksák na biglâ sa gunitâ ang isáng bagay. ‖ Dumaló; makisalamuhà.

OCHENTA. adj. Walungpû

OCHOCIENTOS, TAS. adj. Walúng daán.

ODIAR. v. a. Kamuhián; kapootán; ipagtaním sa loób.

ODIO. m. Pagkamuhî; pagkapoót; pagtatanim sa loób.

ODIOSO, SA. adj. Nakamumuhî; nakapopoót.

ODONTALGIA. f. *Med*. Sakít ng̃ bagáng ó mg̃a ng̃ipin na may kasamang pamamagâ.

ODONTOLOGÍA. f. Pagaaral sa mg̃a ng̃ipin.

ODORÍFERO, RA. adj. Mabang̃ó; mahalimuyak.

OESTE. m. Lubugan ng̃ araw; kanluran. ‖ Hang̃ing habagat.

OFENDER. v. a. Saktán; tampalasanin. ‖ Murahin; laitin. ‖ Yamutín; pagalitin. ‖ v. r. Magalit; mapoót.

OFENSA. f. Pagtampalasan; pagsakít. ‖ Pagmura; paglait. ‖ Pagpapagalit. ‖ Pagkapoót.
OFENSIVO, VA. adj. Umaalimura; lumalait. ‖ Nakagagalit; nakapopoót.
OFENSOR, RA. adj. y s. Nanampalasan; nanakít. ‖ Umaalimura; lumalait. ‖ Nagpapagalit.
OFERENTE. adj. y s. Nagaalay; naghahandóg.
OFERTA f. Pañgakong magbigáy, tumupád ó gumawâ nğ isáng bagay. ‖ Alay; handóg.
OFICIAL. adj. Nauukol sa pangkalahatán. ‖ m. Ang gumagawâ sa isáng hanapbuhay. ‖ Kawaning nasa ilalim nğ isáng punò.
OFICINA. f. Poók na ginagawán nğ isáng bagay. ‖ Kawanihan.
OFICIO. m. Gawain; hanapbuhay. ‖ Tungkulin.
OFICIOSIDAD. f. Kasipagan at pagsisikap sa paggawâ.
OFICIOSO, SA. adj. Nauukol sa taong masipag at masikap. ‖ Makabuluhán; mapakinabang.
OFRECER. v. a. Mañgakò. ‖ Ihandóg; ialay. ‖ v. r. Sumagunitáng biglâ sa alaala ang isáng bagay. ‖ Mangyari; magkataón. ‖ Humandóg.
OFRECIMIENTO. m. Paghahandóg; pagaalay.
OFRENDA. f. Alay; handóg; hain sa Diyós.
OFUSCACIÓN. f. Panglalabò nğ paningín. ‖ fig. Pagdidilím ang isip.
OFUSCAR. v. a. Panglabuin ang paniñgín. ‖ fig. Pagdilimín ang isip. ‖ v. r. Manglabò ang paniñgín. ‖ v. r. fig. Magdilím ang isip.
OIDA. f. Pakikiníg. ‖ *De oidas* m. adv. Sa diníg diníg.
OIDO. m. Pangdiníg. ‖ Taiñga.
OIDOR, RA. adj. y s. Dumidiníg ó nakíkiníg. ‖ m. Ang tagahatol sa kaharian sa mğa usapín.
OIR. v. a. Pakinggán; dinggín. ‖ Makiníg.
OJAL. m. Suutan nğ bitones; uhales.
¡OJALA! interj. Kahimanawari; manu nañgâ.
OJALAR. v. a. Maguhales.
OJEADA. f. Sulyáp.
OJEAR. v. a. Magmasíd; magmalas. ‖ Itabóy ang pinañgañgaso sa pamamagitan nğ sigáw, iñgay at palakpák.
OJERA. f. Mansáng nañgiñgitím sa paligid nğ matá.
OJERIZA. f. Poót at pagtataním sa kapuwà.
OJERUDO, DA. adj. Malakí ang mğa taiñga.
OJETE. m. Uhales na maliít. ‖ fam. Tumbóng.
OJO. m. Matá. ‖ Butas nğ karayom, palakól at ibp.
OLA. f. Alon.
OLAJE. m. Sunuúdsunód na alon.
OLEADA. f. Along malakí; salpók nğ alon.
OLEAGINOSO, SA. adj. Malañgís.
OLEAJE. m. Sunúdsunód na alon.

ÓLEO. m. Langís.
OLEOSO, SA. adj. Malangís.
OLER. v. a. Amuyín ó amuyán. ‖ fig. Manmanán ang isáng bagay na kublí. ‖ v. n. Mañgamóy.
OLFACCIÓN. f. Pagamóy.
OLFATEAR. v. a. Amuyáng madalás. ‖ fig. y fam. Siyasatin; manmanán.
OLFATO. m. Pangamóy
OLFATORIO, RIA. adj Nauukol sa pangamóy.
OLISCAR. v. a. Amuyíng mabuti at madalás ang isáng bagay. ‖ v. n. Mañgamóy; umalingasaw.
OLOR. m. Amóy; samyô. ‖ fig. Pagasa; pañgakò ó pagaalay ñg isáng bagay. ‖ fig. Ang dahilán ñg ipinaghihinalà. ‖ fig. Kabantugan.
OLOROSO, SA. adj. Mabañgó; masamyô.
OLVIDADIZO, ZA. adj. Makakalimutín.
OLVIDADO, DA. adj. Nakalimutan; nalimutan.
OLVIDAR. v. a. Limutin; pagkalimot sa isáng bagay.
OLLA. f. Palayók; balañgâ; katiñgán.
OLLERÍA. f. Gawaan ñg mñga palayók, balañgâ at ibp.
OLLERO, RA. m. y f. Magpapalayók; manggagawâ ñg palayók.
OMBLIGO. m. Pusod. ‖ fig. Ubod ñg isáng bagay.
OMBLIGUERO. m. Pamigkís sa pusod ñg mñga sanggól.
OMISIÓN. f. Kakulañgán sa pagtupád sa isáng bagay; pagpapabayà.
OMISO, SA. adj. Pabayâ; mapagpabayâ.
OMITIR. v. a. Ipagpabayang gawín ang isáng bagay. ‖ Huwag kibuín ang isáng bagay. ‖ v. r. Mapabayaan.
OMNÍMODO, DA. adj. Sumasakláw sa lahát.
OMNIPOTENCIA. f. Ganáp na kapangyaring tagláy ñg Diyós. Kapangyarihang malakí.
OMNIPOTENTE. adj. Ganáp na makapangyarihan.
OMNISCIENCIA. f. Karunuñgan sa lahát na tagláy ñg Diyós.
OMNISCIO, CIA. adj. Marunong sa lahát. ‖ Nauukol sa maalam ñg maraming bagay.
OMOPLATO. m. Butó sa paypáy.
ONCENO, NA. adj. Ikalabíngisá.
ONDA. f. Alon. ‖ Pagaspás sa hihip ñg hañgin.
ONDEAR. v. n. Umalon ang tubig sa hihip ñg hañgin. ‖ Madalá ñg alon ang isáng bagay. ‖ v. r. Pumagaspás sa hihip ng hañgin.
ONDEO. m. Pagalon. ‖ Pagaspás ñg isáng bagay sa hañgin.
ONDULADO, DA. Alúnalón.
ONEROSO, SA. adj. Mabigát; may buwís.
ONOMÁSTICO, CA. adj. Nauukol sa mñga pañgalan.
ONZA. f Ikalabínganim na bahagi ñg isáng llbra.

OPACIDAD. f. Kalabuan ó pag kamalabò ng isáng bagay na dî tinatagusán ng̃ liwanag.

OPACO, CA. adj. Madilím; hindî tagusán ng̃ liwanag. || fig. Mapangláw.

OPCIÓN. f. Kalayaan at kapangyarihang makapilì || Pagpilì.

ÓPERA. f. Duláng nasa tugtugin.

OPERABLE. adj. Magagawâ.

OPERACIÓN. f. Paggawâ || Pagyarì ng̃ isáng bagay. || *Cir*. Pagbusbós.

OPERADOR, RA. adj. y s. *Cir*. Bumubusbós.

OPERAR. v. a. *Cir*. Bumusbós. || v. n. Gumawâ.

OPERARIO, RIA. m. y f. Manggagawà.

OPIMO, MA. adj. Masaganà; malusóg.

OPINABLE. adj. Mapaguukulan ng̃ kurùkurò.

OPINAR. v. n. Magpalagáy ng̃ kurùkurò.

OPINIÓN. f. Kurùkurò; palagáy.

OPÍPARO, RA. adj. Masaganà at maalindóg, na kadalasa'y ina uukol sa handaan ó pigíng.

OPONER. v. a. Salansang̃ín; tutulan; salung̃atín. || v. r. Sumalansáng; tumutol; sumalung̃át.

OPONIBLE. adj. Masasalansáng; matututulan.

OPORTUNIDAD. f. Kagaling̃an at kaayusan ng̃ panahón at poók upang igawâ ng̃ isáng bagay.

OPORTUNO, NA. adj. Ginagawâ ó nangyayari sa karampatang panahón.

OPOSICIÓN. f. Pagsalansáng; pagtutol; pagsalung̃át. || Pagkakalaban ng̃ dalawáng bagay. || Paligsahan.

OPOSITOR, RA. m. y f. Ang sumasalansáng ó tumututol. || Ang nagaadhikà ng̃ isáng bagay sa pamamagitan ng̃ isáng paligsahan.

OPRESIÓN. f. Pagimpít; paginís.

OPRESIVO, VA. adj. Umiimpít; umiinís.

OPRIMIR. v. a. Impitín; daganán. || Inisín. || fig. Pahirapan ang isáng tao.

OPROBIO. m. Palibhasà; siphayò.

OPROBIOSO, SA. adj. Pumapalibhasà; sumisiphayò.

OPTAR. v. a. Pasukan ang isáng katungkulan. || Piliin ang isáng bagay sa marami.

OPTIMISTA. adj. y s. Minamabuti ang lahát ng̃ bagay.

ÓPTIMO, MA. adj. Napakabuti; kabutibutihan.

OPUESTO, TA. adj. Kasalung̃át; kalaban.

OPULENCIA. f. Kasaganaan; kayamanan.

OPULENTO, TA. adj. Masaganà sa lahát ng̃ bagay; mayaman.

OPÚSCULO. m. Akdáng muntî sa karunung̃an ó sa wikà.

ORA. conj. dist. Naroon; man.

ORACIÓN. f. Talumpating binibigkás sa haráp ng̃ madlà. || Panalang̃in; dasál. || *Gram*. Buong kawikaan; kaisipán.

ORACIONAL. m. Aklát ng̃ mg̃a panalang̃in.

ORADOR, RA. m. y f. Mananalumpatì. ‖ m. Tagapang̃aral.

ORAL. adj. Sinasalitâ ó sinasabi sa bibíg.

ORAR. v. n. Magtalumpatì. ‖ Manalang̃in. ‖ v. a. Isamò; iluhog.

ORATE. com. Ang sirâ ang isip. ‖ fig. y fam. Ang taong maiklî ang isip.

ORATORIA. f. Pananalumpatì.

ORATORIO, RIA. adj. Nauukol sa pananalumpatì ó pagtatalumpatì.

ORBE. m. Kabilugan. ‖ Kabilugan ng lupà ó lang̃it. ‖ Daigdíg.

ORBICULAR adj. Mabilog.

ÓRBITA. f. *Astron.* Ang ńilalakáran ng̃ isáng tangláw sa lang̃it ‖ Ang hukay na kinalalagyán ng̃ mg̃a matá.

ORDEN. m. Ayos ó husay ng̃ mg̃a bagay. ‖ Kaayusan ng mg̃a bagay. ‖ Alituntuning sinusunód sa pagsasagawâ ng̃ isáng bagay. ‖ Hanáy ó pagkakasunúdsunód ng̃ mg̃a bagay. ‖ f. Utos ó atas. ‖ amb. Ang bawa't isá sa mg̃a baytang ng̃ sakramentong pagpaparì.

ORDENANZA. f. Paraan, husay at pagkakaayos ng̃ mg̃a bagay na ginagawâ. ‖ Kautusán.

ORDENAR. v. a. Ayusin; italatág; ihanáy ng maayos ang anománg bagay. ‖ Magutos. ‖ Bigyán ng̃ tungkuling pagkaparì. ‖ v. r. Magparì.

ORDEÑADERO. m. Kasangkapang pinagsasahuran ng̃ gatas.

ORDEÑADOR, RA. adj. y s. Gumagatas; manggagatas.

ORDEÑAR. v. a. Gumatas.

ORDINARIO, RIA. adj. Karaniwan. ‖ Palasak at waláng gaanong halagá. ‖ Waláng pinagaralan.

OREAR v. a. Pahang̃inan; patuyuin ang isáng bagay sa hang̃in. ‖ v. r. Magpahang̃ín ó sumagap ng̃ hang̃in.

OREJA. f. Tainga; pangdiníg.

OREJEAR. v. n. Pagalawín ng̃ mg̃a hayop ang kaniláng tainga. ‖ fig. Gawín ang isáng bagay ng̃ matamláy at biglábiglâ.

OREJUDO, DA. adj. May mg̃a tainga. ‖ Nauukol sa hayop na may mahahabà at malalakíng tainga.

OREO m. Hihip na marahan ng̃ hang̃in.

ORFANDAD. f. Pagkaulila. ‖ fig. Kawalán ng̃ sukat na tumulong ó luming̃ap.

ORGANISMO. m. Katipunan ng̃ mg̃a nagpapagaláw sa katawán.

ORGANIZAR. v. a. fig. Itatag ó ayusin ang isáng bagay ng̃ ayon sa mg̃a tuntunin at pagkakaayon ng̃ kaniyáng mg̃a bahagi.

ÓRGANO. m. Kasankapang tinutugtóg na kahawig ng̃ piyano. ‖ Ang alinmáng bahagi ng̃ katawán.

ORGULLO. m. Pagmamalakí; kapalaluan.

ORGULLOSO, SA. adj. y s Managmalakí; palalò.

ORIENTAL. adj. Nauukol sa silañganan.

ORIENTE. m. Pagsilang ng̃ isáng bagay. ‖ Silañganan.

ORIFICIO. m. Butas. ‖ Tumbong.

ORIGEN. m. Pinagmulán; pinagbuhatan. ‖ Tinubuang bayan. ‖ Angkán. ‖ fig. Mulâ; sanhî ng̃ isáng bagay.

ORIGINAL. adj. Nauukol sa pinagmulán. ‖ m. Akdáng sarili na dî kinuha sa ibá. ‖ Alinmáng sulat na pinagpaparisan.

ORIGINAR. v. a. Pagmulán; pagbuhatan. ‖ v. r. Magmulâ; magbuhat.

ORILLA. f Tabí; gilid ng̃ isáng bagay. ‖ Uryá ó laylayan ng̃ kayo. ‖ Baybayin; dalampasigan ng̃ ilog ó dagat. ‖ Tabí ng̃ da ang nilalakaran ng̃ mg̃a manglalakbáy. ‖ fig. Hanggá ó wakás ng̃ isáng bagay na waláng katawán.

ORILLAR. v. a. fig. Tapusin; husayin ang isáng bagay. ‖ v. n. y r. Dumaán ó lumagáy sa tabí. ‖ Tutupán ang uryá ng̃ kayo.

ORÍN. m. Kalawang. ‖ pl. Ihì.

ORINA. f. Ihì.

ORINAL. m. Saburán ng̃ ihì.

ORINAR. v. n. Umihì. ‖ v. r. Mapaihì.

ORINIENTO, TA. adj. Kalawangín.

ORIUNDO, DA. adj. Galing ó buhat sa isáng bayan.

ORLA. f. Palamuting inilalagáy sa laylayan ng̃ mg̃a damít.

ORNAMENTAR. v. a. Gayakán; palamutihan.

ORNAMENTO. m. Palamuti; gayák. ‖ pl. Mg̃a kasangkapan at kasuutan ng̃ parì.

ORNAR. v. a. Gayakán; palamutihan.

ORNATO. m. Gayák; palamuti.

ORO m. Gintô. ‖ fig. Salapî; kayamanan.

OROPEL. m. Palaráng kulay gintô. ‖ fig. Bagay na waláng gaanong halagá.

OROPELERO. m. Ang lalaking magpapalarâ.

OROPÉNDOLA. f. Ibong kulyawan.

ORTIGA. f. Halamang lipá.

ORTODOXO, XA. adj. Kaayon sa pananampalatayang katóliko.

ORTOGRAFÍA. f. *Gram.* Bahagi ng̃ gramatikang nagtuturò ng̃ wastô at maayos na pagsulat.

ORTOGRÁFICO, CA. adj. Nauukol sa wastô at maayós na pagsulat.

ORTOLOGÍA. f. Karunuñgan sa pagbigkás na mabuti ng̃ mg̃a pañguñgusap.

ORUGA. f. Uod na nagiging paruparó.

ORZUELO. m. Gulitì.

OS. pron. pers. Kayó.

OSADÍA. f. Kapangãhasan; kalakasang loób.

OSADO, DA. adj. Pangãhás; malakás ang loób.

OSAR. v. n. Mangãhás; maglakás loób. || m. Hukay na pinagbabaunán nğ mğa butó nğ tao.

OSARIO. m. Hukay na pinagbabaunán nğ mğa butó nğ tao.

OSCILACIÓN. f. Pagugóy; pagundayog. || Ugóy.

OSCILAR. v. n. Umugóy; umundayog.

ÓSCULO. m. Halík.

OSCURECER. v. a. Padilimín. || v. r. Magdilím.

OSCURIDAD. f. Kadilimán.

OSCURO, RA. adj. Madilím.

ÓSEO, A. adj. Sa butó. || May uring butó.

OSIFICARSE. v. r. Magíng butó ó magparang butó.

OSOSO, SA. adj. Nauukol sa butó. || May mğa butó.

OSTENSIBLE. adj. Maipakikilala ó maipakikita.

OSTENSIÓN. f. Pagpapakilala ó pagpapakita nğ isáng bagay; pagpaparanğalan.

OSTENSIVO, VA. adj. Nagpapakilala ó nagpapakita nğ isáng bagay; nagpaparanğalan.

OSTENTACIÓN. f. Pagpapahayag; pagpaparanğalan; pagpapalalô.

OSTENTAR. v. a. Ipakilala ó ihayág ang isáng bagay. || Magparanğalan; magparanyâ.

OSTENTATIVO, VA. adj. Nagpaparanğalan ó nagpaparanyâ.

OSTENTOSO, SA. adj. Marilág; dakilà; marinğal.

OSTRA. f. Talabá.

OSTRAL. m. Pabiyayan nğ talabá; talabahán.

OSTRERO, RA. m. y f. Magtatalabá.

OSTRO. m. Timog.

OSUDO, DA. adj. Mabutó.

OTORGAR. v. a. Ipahintulot; pumayag. || *For.* Makipagkasundô.

OTRO, TRA. adj. Ibá; kaibá.

OTROSÍ. adv. c. Bukúd dito; tanğì dito. || s. *For.* Panğalawáng kahilinğan.

OVACIÓN. f. Palakpák ó papuri nğ madlâ sa isáng tao ó bagay.

OVAL. adj. Hugis itlóg.

OVALADO, DA. adj. Hugis; itlóg; taluhabâ.

OVALAR. v. a. Gawíng hugis itlóg.

OVAR. v. a. Manğitlóg.

OVEJA. f. Tupang babae.

OVEJUNO, NA. adj. Nauukol sa tupa.

OVILLAR. v. n. Magkidkíd ng̃ sinulid. || fig. Paikliín ó dagliín. || v. r. Mang̃urong na parang kinikidkíd.

OVILLO. m. Kinidkíd na sinulid. || fig. Bagay na gusót at nabibilot ng̃ mabilog.

OVÍPARO, RA. adj. Nauukol sa mg̃a hayop na nang̃ing̃itlóg.

OVÍVORO, RA. adj. Nabubuhay sa pagkain ng̃ mg̃a itlóg.

OXEAR. v. a. Bumugaw ng̃ mg̃a manók.

OYENTE. p. a. ng̃ Oir. y s. Nakikiníg.





P

P. f. Ikalabíngsiyám na titik ng̃ abakadáng kastilà at panglabíng-limá sa kaniyáng mg̃a consonante.

PABELLON. m. Barongbarong na lonang pahing̃ahan ng̃ mg̃a hukbó ‖ Gayák na inilalagáy sa ibabaw ng̃ hihigán; kulgadura. ‖ Bandilà ng̃ isáng bansâ.

PÁBILO. m. Mitsá ó pabilo.

PÁBULO. m. Pagkain.

PACER. v. n. Mang̃inain ang mg̃a hayop ng̃ damó. ‖ v. a. Pang̃inainin ang mg̃a hayop ng̃ damó.

PACIENCIA. f. Pagtitiís; pagbabatá.

PACIENTE. adj. Mapagtiís. ‖ com. Ang maykaramdaman; ang nagpapagamót.

PACIENZUDO, DA. adj. Mapagtiís na tutoó.

PACIFICACIÓN. f. Pagpayapà. ‖ Kapayapaán; katahimíkan.

PACIFICADOR, RA. adj. y s. Pumapayapà; nagpapatahimik.

PACIFICAR. v. a. Payapain; patahimikin. ‖ v. r. fig. Pumayapà; tumahimik.

PACÍFICO, CA. adj. Payapà; tahimik; waláng basagulo.

PACTAR. v. a. Makipagkasundô sa isáng kalakal ó bagay.

PACTO. m Kasunduan.

PADECER v. a. Magdanas ng̃ sákit ó hirap. ‖ Magdamdám. ‖ Damdamin ang mg̃a pagapí, alimura at ibp.

PADECIMIENTO. m. Pagdaranas ng̃ sákit ó hirap; pagdaramdám.

PADRASTRO. m. Amaín sa pakinabang. ‖ fig. Amáng masamâ.

PLAZO. m. Taning na panahón; takdáng araw.

PLEAMAR. f. Lakí ng̃ tubig sa dagat.

PLEGABLE. adj. Mailulupî; matitiklóp.

PLEGADIZO, ZA. adj. Madaling mailupî ó matiklóp.

PLEGAR. v. a. Kubután ang isáng bagay; piligesan. ‖ Itupî; itiklóp. ‖ v. r. fig. Pahinuhod; sumunód.

PLEITEAR. v. a. Makipagusáp.

PLEITO. m. Usáp; usapín. ‖ Pagtataló; pagaaway.

PLENILUNIO. m. Kabilugan ng̃ buwán sa lang̃it.

PLENITUD. f. Kabuuán; kapunuán.

PLENO, NA. adj. Punô; tigíb.

PLÉTORA. f. Kasaganaan sa dugô

PLÉYADE. f. fig. Lipon ng̃ pitóng taong mariríliág.

PLIEGE. m. Tiklóp; lupî; pileges.

PLOMO. m. Tinggâ. ‖ Pabigát. ‖ fig. Pungló

PLUMA. f. Pakpák; bagwís. ‖ Panulat; panitik. ‖ fig. Kagaling̃an sa pagsulat. ‖ fig. Manunulát.

PLUMAJE. m. Katipunan ng̃ balahibong nagpapadilág sa hayop na may pakpák. ‖ Balahibo ng̃ ibong inilalagáy na palamuti sa sumbrero at ibp.

PLUMISTA. m. Ang naghahanapbuhay sa pamamagitan ng̃ pagsulat. ‖ Ang gumagawâ ng̃ mg̃a bagay na yaring balahibo ó pakpák ng̃ ibon.

PLURAL. adj. y s. Marami.

PLURALIDAD. f. Karamihan ng̃ bilang.

PLUS ULTRA. loc. lat. Sa dako pa roón.

PLUVIOSO, SA. adj. Maulán.

POBLACIÓN. f. Pamamayan. ‖ Bilang ng̃ mg̃a tao sa isáng bayan. ‖ Siyudad; kabayanan.

POBLADO. m. Siyudad, bayan; nayon ó poók.

POBLADOR, RA. adj. y s. Mamamayán.

POBLAR. v. a. Mamayan; pamayanan ang isáng poók. ‖ Mag parami. ‖ v. r. Lumagô; dumami ang mg̃a dahon ng̃ punungkahoy ó halaman.

POBRE. adj. Mahirap ang buhay; dukhâ. ‖ fig. Timawà; hamak. ‖ fig. Kulangpalad; kaawaawà.

POBREZA. f. Kahirapan ng̃ buhay; karukhaán. ‖ Kawalán ng̃ sukat na pagkunan; kasalatán.

POCILGA. f. Kulung̃án ng̃ mg̃a baboy. ‖ fig. y fam. Alinmáng poók na mabahò at nakaririmarim.

POCO, CA. adj. Kauntî; kapós. ‖ m. Kakauntián. ‖ adv. c. Kakauntî. ‖ *Poco á poco*. m. adv. Untîuntî; dahandahan. ‖ *Poco más o menos*. m. adv. Humigít kumulang. ‖ *Por poco*. m. adv. Muntí na.

PODA. f. Pagpulak ng̃ mg̃a sang̃áng labis ng̃ halaman.

PODAR. v. a. Pulakin ang mg̃a sang̃áng labis ng̃ halaman.

PODER. m. Kapangyarihan; lakás na makapagutos. ‖ Pagmamay-arì sa isáng bagay. ‖ v. a. Maka pangyari. ‖ Magkaroón ng̃ kapangyarihan. ‖ Mangyari; maarì.

PODERDANTE. com. Ang nagbibigáy ng̃ kapangyarihan sa ibá upang makapang̃atawán sa kaniyá sa paglilitis.

PODEHABIENTE. m. Ang binigyán ng̃ kapangyarihang makapang̃asiwà sa kayamanan ó pagaarì ng̃ nagbigáy.

PODEROSO, SA. adj. y s. Makapangyarihan. ‖ Napakayaman. ‖ Dakilà; tanyág. ‖ Mabisà.

PODRE. f. Nanà.

PODREDUMBRE. f. Kabulukán. ‖ Nanà. ‖ fig. Damdamin sa loób na dî naipahahayag.

PODREDURA. f. Pagkabulók.

POEMA. m. Akdáng tulâ.

POESÍA. f. Tulâ ‖ Pagtulâ.

POETA. m. Makatà.

POÉTICO, CA. adj. Nauukol sa tulâ.

POETISA. f. Babaing manunulâ.

POETIZAR. v. n. Tumulâ. ‖ v. a. Tulaín.

POLEA. f. Kalô.

POLÉMICA. f. Karunung̃ang nagtuturò ng̃ mg̃a kaparaanan sa paglusob ó pagtatanggól sa alinmáng kutà. ‖ Pagtatalong ginagawâ sa pamamagitan ng̃ sulat.

POLEMISTA. com. Manunulát na nakikipagtalo sa sinusulat.

POLEN. m. Pulbós na nasa ubod ng̃ mg̃a bulaklák.

PÓLICE. m. Daliring hinlalakí.
POLIGAMIA. f. Pagaasawa sa minsanan ng̃ isáng lalaki sa maraming babae.
POLÍGAMO, MA. adj. y s. Nauukol sa lalaking maraming asawa.
POLIGLOTO, TA. adj. Nasusulat sa ibá't ibáng wikà. ‖ Nauukol sa taong maalam ng̃ maraming wikà.
POLILLA. f. Tang̃à. ‖ fig. y fam. Ang taong nakamumuhî.
POLÍN. m. Panggulong.
PÓLIPO. m. Dikyâ.
POLISÍLABO, BA. adj. Nauukol sa pang̃ung̃usap na may maraming silaba.
POLITÉCNICO, CA. adj. Sumasakláw ng̃ maraming karunung̃an.
POLITEISMO. m. Aral na nagtuturò ng̃ maraming Diyós.
POLÍTICA. f. Karunung̃an ng̃ pamamahalà sa bayan. ‖ Kabutihang pakikiharáp sa kapuwà.
POLÍTICO, CA. adj. Nauukol sa karunung̃an ng̃ pamamahalà sa bayan. ‖ Magalang; mabuting makiharáp sa kapuwà.
POLTRÓN, NA. adj. Mahiman; tamád.
POLTRONEAR. v. n. fam. Magtamád.
POLTRONERÍA. f. Katamaran.
POLTRONIZARSE. v. r. Magpakatamád.
POLVAREDA. f. Alikabók na isinasabóg ng̃ hang̃in.
POLVERA. f. Lalagyán ng̃ pulbós sa mukhâ.
POLVO. m. Alikabók. ‖ Pulbós.
POLVOREAR. v. a. Alikabukán ang isáng bagay.
POLVORIENTO, TA. adj. Punô ng̃ alikabók.
POLVOROSO, SA. adj. Maalikabók.
POLLA. f. Dumalagang manók.
POLLERÍA. f. Poók na pinagtitindahán ng̃ mg̃a manók.
POLLO. m. Sisiw. ‖ Inakáy ng̃ mg̃a pukyutan.
POMEZ. f. Bugà.
POMPA. f. Ding̃al; garà. ‖ Pagsasayáng maring̃al.
POMPOSO, SA. adj. Maring̃al; magarà.
PÓMULO. m. Butó ng̃ pisng̃í.
PONDERABLE. adj. Matitimbáng.
PONDERACIÓN. f. Pagtaimtím, pagsasaloób at pagiing̃at sa sinasabi ó ginagawáng bagay. ‖ Pagpapahalagá sa isáng bagay. ‖ Pagtimbáng sa isáng bagay.
PONDERAL. adj. Nauukol sa timbáng.
PONDERAR. v. a. Timbang̃ín. ‖ Pahalagahán; pamahalín.
PONDERATIVO, VA. adj. Nagpapahalagá sa isáng bagay. ‖ Nauukol sa taong nagbibigáy ng̃ malabis na halagá sa mg̃a bagay.
PONDEROSO, SA. adj. Mabigát. ‖ fig. Mahál na asal.
PONEDERO, RA. adj. Nauukol sa mg̃a hayop na may pakpák na nang̃ing̃itlóg.

PONER. v. a. Ilagáy sa isáng poók ang isáng tao ó bagay. ‖ Ihandâ ang isáng bagay. ‖ Bumilang. ‖ Pumustá. ‖ Ipaubayà ang isáng bagay sa kapasyahán ng ibá. ‖ Isulat. ‖ Mangi lóg ang mga hayop na may pakpák ‖ Iukol ang isáng tao sa isáng hanapbuhay ó katungkulan. ‖ Ikapit; iakmâ ‖ Ibingit sa pa ngánib. ‖ v. r. Lumagáy. ‖ v r. Tumuto'; makipagharáp; lumaban. ‖ v. r. Magbihis; maggayák. ‖ v. r. Lumubóg ang araw.

PONIENTE. m. Kanluran; lubugan ng araw.

PONTAZGO. m. Bayad na si nisingíl sa pagdaraan sa mga tuláy.

PONTEAR. v. a. Gumawâ ng tu láy.

PONTIFICAL. adj. Nauukol sa Papa ó Arsubispo.

PONTÍFICE. m. Ang Arsubispo ó Ubispo sa isáng bayan.

PONZOÑA. f. Kamandág; lason. ‖ fig. Aral na sumisirà sa mabuting kaugalian.

PONZOÑOSO, SA. adj. Makamandág. ‖ fig. Nakasasamâ sa kagalingan ng kaluluwá.

POPA. f. Hulihán ng mga sasakyángdagat.

POPULACHERÍA. f. Kabantugang natatamó sa mga taong pangka raniwan.

POPULACHO. m. Mamamayang pangkaraniwan.

POPULAR. adj. Nauukol sa bayan. ‖ Hayág sa bayan ó mamamayán.

POPULARIDAD. f. Pagkabantog ng isáng tao sa bayan.

POPULARIZAR. v. a. Ibantóg ó itanyág ang isáng tao sa bayan. ‖ v r. Mabantóg ó matanyág sa bayan.

POPULOSO SA. adj. Nauukol sa lalawigan ó siyudad na may marami mamamayán.

POQUEDAD f. Kauntián; katimawaan. ‖ Kahinaan ng loób; kaduwagán.

POR. prep. Sa; dahil sa.

PORCIÓN f. Bahaging kinuha sa karamihan

PORDIOSEAR. v. n. Magpalimós

PORDIOSEO. m. Pangbibingî ng limós.

PORDIOSERO, RA. adj. y s. Nagpapalimós.

PORFÍA. f. Pakikipagtalo ng maulit. ‖ Pagmamaulít.

PORFIADO, DA. adj. Matigás ang ulo; maulit.

PORFIAR v. n. Makipagtalo ng maulit. ‖ Magmaulít; magpilit. ‖ Magpilit sa isáng gawâ.

PORO. m. Kilabot ng balát; butas na maliliít.

POROSO, SA. adj. May mga butas.

PORQUE. conj. caus. Sapagka; pagka. ‖ ¿Porque? Bakit. ‖ conj. final. Upang; nang.

PORQUÉ. m. fam. Dahilán; sanhî.

PORQUERÍA. f. fam. Karumihán; linág; sukal. ‖ fam. Gawáng marumí ó kabastusán.

PORQUERIZA. f. Kulungán ng baboy.

PORQUERIZO. m. Ang tagapag-alagà ng mga baboy.

PORRA. f. Pangbambó.

PORRAZO. m. Hampás ng bambó.

PORTADA. f. Palamuting inilalagáy sa haráp ng mga tahanang malakí. ‖ fig. Mukhâ ng isáng bagay. ‖ Takíp ó unang mukhâ ng aklát.

PORTADOR, RA. adj. y s. May tagláy ó may dalá.

PORTAL. m. Pintúang malakí ng bahay.

PORTAR. v. a. ant. Dalhín. ‖ v. r. Magpakaigi; magpakahusay.

PORTÁTIL. adj. Buhatbuhat

PORTAVOZ. m. *Mil.* Pakakak.

PORTE. m. Pagdadalá. ‖ Upa sa pagdadalá ng isáng bagay sa ibáng poók. ‖ Paguugalì ó kaasalán.

PORTEAR. v. a. Dalhín ó ihatíd ang isáng bagay sa ibáng dako. ‖ v. n. Kumatóg sa pintô ó bintanà.

PORTENTO. m. Hiwagà· pangyayaring nakamamanghâ.

PORTENTOSO, SA. adj. Kaisá-isá at waláng kaparis na nakamamanghâ.

PORTERÍA. f. Pintuang malakí na pinapasukan sa bahay. ‖ Katungkulang pagkatanod pintô.

PORTERO, RA. m. y f. Tanod-pintô.

PORVENIR. m. Panahóng haharapín ó darating.

POS. prep. insep. Sa likód; sa hulí. ‖ *En Pos*. m. adv. Sa kabilâ.

POSADA. f. Tahanang sarili ng isáng tao. ‖ Bahay patuluyan.

POSADERAS. f. pl. Mga pigi.

POSADERO, RA. adj. y s. Ang nagpapatuloy sa kaniyáng bahay sa pamamagitan ng upa.

POSDATA. f. Ang inihahabol sa hulí ng sulat.

POSEEDOR, RA. adj. Nagmamay·arì.

POSEER. v. a. Magmay·arì ng isáng bagay. ‖ Makaalám ng ganáp ng isáng wikà. ‖ v. r. Makapangyari sa sarili.

POSESIÓN. f. Pagmamay-arì; pagkakamít ng isáng bagay.

POSESIONAR. v. a. Ipaarì ang isáng bagay. ‖ v. a Magmay-arì ng isáng bagay.

POSIBILIDAD. f. Pangyayaring magkaroón ó makagawâ ng isáng bagay. ‖ Kapangyarihang makagawâ. ‖ Kayamanan ng isáng tao.

POSIBLE. adj. Mangyayari ó maaarì.

POSICIÓN. f Tindíg; lagáy; tayô. ‖ Paglalagáy. ‖ Kalagayan ó katayuan ng bawa't tao.

POSITIVO, VA. adj. Tunay; hindî mapagaalinlanganan.

POSO. m. Tining; latak. ‖ Katahimikan; katiwasayán.

POSPONER. v. a. Ipagpahulí. || fig. Tingnán ang isáng tao ó bagay ng̃ mababà kaysa ibá.

POSTE. m. Haligi.

POSTEMA. f. Pigsá; bagâ.

POSTERGACIÓN. f. Pagantala.

POSTERGAR. v. a. Antalahin; patagalí.

POSTERIDAD. f. Inapó.

POSTERIOR. adj. Hulí; kasunód.

POSTERIORIDAD. f. Pagkahulí.

POSTILLA. f. Lang̃íb ng̃ sugat.

POSTILLOSO, SA. adj. May lang̃íb.

POST MERIDIEM. loc. lat. Sa hapon.

POSTRAR. v. a. Pasukuin; papagpakumbabaín ó igibâ ang isáng bagay. || Papanghinain ang isáng tao. || v. r. Manikluhód; mang̃ayupapà.

POSTRE. adj. Hulí || m. Himagas. || *Á la Postre*. m. adv. Sa hulí; sa wakás

POSTRER. adj. Hulí.

POSTRERO, RA. adj. Hulí sa hanáy; katapusán.

POSTRIMERÍA. f. Mg̃a hulíng taón ng̃ kabuhayan. || Ang bawa't isá sa apat na hulíng bagay na sasapit sa tao na gaya nitó: kamatayan, paghuhukóm, apóy na waláng hanggán at kaluwalhatian.

PÓSTUMO, MA. adj. Sumilang sa maliwanag pagkaraáng mamatáy ng̃ amá ó ng̃ may gawâ.

POSTURA. f. Tayô; bikas; astâ. || Paglalagáy ó pagtataním ng̃ mg̃a punungkahoy.

POTABLE. adj. Maiinóm.

POTENCIA. f. Kapangyarihang makagawâ ng̃ isáng bagay. || Kaharián; pagsakop. || Kapangyarihan at lakás ng̃ isáng bansâ. || Ang alinmán sa tatlóng bisà ng̃ kaluluwa, na isip, baít, at alaala. || Bansâ.

POTENTADO. m. Harì ó prinsipeng makapangyarihan at mayaman.

POTENTE. adj. May lakás ó kapangyarihan. || Makapangyarihan.

POTESTAD. f. Kapangyarihan sa isáng bagay.

POTRA. f. fam. Luslós.

POTROSO, SA. adj. Nilulusluśán.

POZA. f. Lubák.

POZO. m. Balón. || Kalaliman ng̃ ilog.

PRÁCTICA. f. Pagsasanay sa alinmáng gawâ ó tungkulin.

PRACTICABLE. adj. Maisasagawâ.

PRACTICAR. v. a. Sanayin; isagawâ || Magsanay.

PRADERA. f. Pastulan; parang.

PRADO. m. Pastulan ng̃ mg̃a hayop; parang. || Poók na kaayaaya na pasyalan.

PREÁMBULO. m. Pasimulâ; paunáng salitâ.

PRECAUCIÓN. f. Pagiing̃at; sa anománg kapang̃anibán.

PRECAUCIONARSE. v. r. Magiing̃at; mang̃ilag sa kapang̃aniban.

PRECAVER. v. a. Ilagan ang isáng kapang̃aniban. || v. r. Maging̃at; umilag sa kapang̃aniban.

PRECAVIDO, DA. adj. Maingat.
PRECEDENCIA. f. Kaunahán; pagkakauná. || Katangián; kadakilaan.
PRECEDENTE. p. a. ng̃ Preceder. Nauuna ó nangung̃una. || m. Pangyayaring nauna.
PRECEDER. v. a. Ipagpauna. || Iuna || fig. Magkaroón ng̃ katang̃ián ang isáng tao sa ibá.
PRECEPTO. m. Atas; utos.
PRECEPTOR. m. Tagapagturò.
PRECEPTUAR. v. a. Maglagdâ ng̃ utos ó tuntunin.
PRECES. f. pl. Mg̃a samò ó luhog. || Mg̃a panalang̃in sa Diyos, sa Mahál na Birhen ó sa mg̃a Santo.
PRECIADO, DA. adj. Mahalagá. || Mapagmapurí; mapagpahang̃à.
PRECIAR. v. a. Pahalagahán. || v. r. Magmapurí; magpahang̃à.
PRECIO. m. Halagá. || fig. Kamahalan ó kahalagahan.
PRECIOSIDAD. f. Kahalagahan. || Bagay na mahalagá.
PRECIOSO, SA. adj. Mahalagá. || Mapagpatawá; masayá. || fam. Magandá.
PRECIPICIO. m. Bang̃ín. || Pagkahulog na biglâ.
PRECIPITADO, DA. adj. Biglábiglâ; dalosdalos.
PRECIPITAR. v. a. Ibulíd; itulak mulâ sa poók na mataás. || v. r. fig. Magdalosdalos sa paggawâ ng̃ isáng bagay.
PRECÍPITE. adj. Nasa pang̃anib na mabulíd.
PRECISAR. v. a. Takdaán ó tiyakín ng̃ lubusan. || Piliting gumawâ ng̃ isáng bagay.
PRECISIÓN. f. Pang̃ang̃ailang̃ang hindî maiwasan.
PRECISO, SA. adj. Kailang̃an; hindî maiiwasan; sapilitán. || Ganáp; tunay; tiyák.
PRECITADO, DA. adj. Nabanggít nang mauna.
PRECITAR. v. a. Banggitíng mauna.
PRECLARO, RA. adj. Marilág; dakilà.
PRECOCIDAD. f. Pagkamaaga; kaunahán sa panahón.
PRECONCEBIR. v. a. Isiping maaga ang isáng bagay.
PRECONIZACIÓN. f. Pagpuri sa isáng tao ó bagay ng̃ hayagan.
PRECONIZAR. v. a Purihin ng̃ hayagan ang isáng tao ó bagay.
PRECONOCER. v. a. Hulaan; kilalaning mauna ang isáng bagay.
PRECOZ. adj. Maaga; una sa panahón. || fig. Nauukol sa tao na nasa kabataan pa ay nagpapakilala na ng̃ malabis na katalinuhan.
PRECURSOR, RA. adj. Nang̃ung̃una.
PREDECIR. v. a. Hulaan.
PREDESTINAR. v. a. Ilaán kapagkaraka na ang isáng bagay sa kinauukulan.
PREDICACIÓN. f. Paghahayág ng̃ isáng bagay. || Pang̃ang̃aral || Aral na inihahayág.

PREDICADOR, RA. adj. y s. Na ñgañgaral. ‖ m. Tagapañgaral nğ ebanghelyo.

PREDICAR, v. a. Ipahayag ang isáng bagay. ‖ Mangaral ó mag sermon ‖ Purihing labis ang isáng tao. ‖ fig. Pañgusapan nğ buóng bagsík ang isáng tao sa masamáng hilig

PREDICCIÓN. f Paghulà.

PREDILECCIÓN. f. Pagmamahál sa isáng tao nğ tañgì sa ibá.

PREDILECTO, TA. adj. Pinakamamahál nğ tañgì.

PREDISPONER. v. a. Ihandáng mauna ang mğa bagay ó kalooban nğ mğa tao sa isáng tiyák na layunin. ‖ v. r. Humandâ

PREDOMINAR. v. a. Manaíg. ‖ Humigít sa taás ang isáng bagay sa ibá.

PREDOMINIO. m. Kapangyarihan; kataasan; pananaíg.

PREFACIO. m. Paunang salitâ.

PREFERENCIA. f. Kalamangán ó katangiián nğ isáng tao ó bagay sa ibá.

PREFERENTE p. a. nğ Preferir. Itinatañgì; minamagalíng.

PREFERIBLE. adj. Karapatdapat itañgì ó magalingin.

PREFERIR. v. a. Itañgì; magalingín. ‖ Palaluin; lumamáng.

PREGÓN. m. Pagtatawag.

PREGONAR. v. a Magpatawag ó magtawag. ‖ Magduro. ‖ fig. Isiwalat; ihayág sa madlâ ang isáng bagay na nakukublí.

PREGONERO, RA. adj. y s. Nagtatawag ó naghahayág. ‖ m. Tagapagtawag.

PREGUNTA. f. Tanóng.

PREGUNTAR. v. a. Magtanóng; magusisà.

PREJUICIO. m. Pagkukurong maaga sa isáng bagay.

PREJUZGAR v. a. Magkurong maaga sa isáng bagay; magpasyáng mauna.

PRELADO. m. Paring may mataás na katungkulan.

PRELIMINAR. adj. Nagsisilbíng pasimulâ. ‖ Pasimulâ.

PRELUDIO m. Simulâ.

PREMATURO, RA. adj. Maaga. ‖ Nangyayari nğ una sa panahón. ‖ *For.* Nauukol sa babaing hindî pa makapagaasawa.

PREMEDITACIÓN. f. Pagiisip muna sa isáng bagay bago isagawâ.

PREMEDITAR. v. a. Isipin muna ang isáng bagay bago isagawâ. ‖ *For.* Isiping mabuti ang isáng kasalanan bago gawín.

PREMIAR. v. a. Gantihíngpalà.

PREMIO. m. Gantíngpalà.

PREMURA. f. Kahigpitan; kagipitan; pagmamadalî.

PRENDA. f. Sanglâ. ‖ Alinmáng hiyás, kasangkapan ó palamuti sa bahay. ‖ fig. Ang pinakaiibig nğ lubós, gaya nğ mğa anák, asawa at ibp.

PRENDAR v. a Magpasanglâ. ‖ Maakit ang kalooban nğ isáng tao. ‖ v. r. Mahilig; umibig nğ labis sa isáng tao ó bagay.

PRENDER. v. a. Tangnán ó hawakan ang isáng bagay. ‖ Hulihin; pilitin. ‖ v. n. Magugát ang halaman sa lupà. ‖ v. r. Maglagáy ng̃ hiyás ang mg̃a babae.

PRENDIMIENTO. m. Paghuli; pagpilit.

PRENSA. f. Hapitán. ‖ fig. Limbagan. ‖ fig. Pagkamamahaláy.

PRENSAR. v. a. Hapitin; daganán.

PRENSIÓN. f. Pagtang̃an sa isáng bagay.

PREÑADO, DA. adj. Buntís ‖ fig. Punô ó tigíb. ‖ m. Kabuntisán; pagbubuntís.

PREÑEZ. f. Kabuntisán; pagbubuntís.

PREOCUPACIÓN. f. Kaabalahán ng̃ isip sa isáng bagay.

PREOCUPAR. v. a. Pagkaabalahán ng̃ isip ang isáng bagay. ‖ fig. Ihandáng mauna ang kalooban ng̃ isang tao. ‖ v. r. Humandâ sa isáng bagay.

PREPARACIÓN. f. Paghahandâ; paghandâ.

PREPARAR. v. a. Maghandâ ‖ Ihandâ ang isáng tao sa isáng gawâ. ‖ v. r. Humandâ.

PREPARATIVO, VA. adj. Nauukol sa inihahandâ. ‖ m. Handâ

PREPUCIO. m. Balát na nakababalot sa dulo ng̃ pagaarì ng̃ lalaki.

PRESA. f. Paghuli ó pagkuha ng̃ isáng bagay. ‖ Bagay na nakuha; huli. ‖ Padaluyangtubig. ‖ Pang̃il ng̃ mg̃a hayop. ‖ Kukó ng̃ mg̃a ibong mangdaragit.

PRESAGIAR. v. a. Hulaan ang mangyayari sa pamamamagitan ng̃ mg̃a palatandaan.

PRESAGIO. m. Palatandaang nagbababalà ng̃ mangyayari.

PRESCIENCIA f. Pagkakilala sa mg̃a bagay na darating.

PRESCINDIBLE. adj. Maiiwasan ó maipauubayà; maaaring huwág gawín.

PRESCINDIR. v. n Iwasan; alisín; huwág isagawâ.

PRESCRIBIR. v. a. Iutos; itakdâ ang isáng bagay. ‖ *For*. Tamuhín ang pagmamay-arì ng̃ isáng bagay sa pamamagitan ng̃ paglampás ng̃ panahón. ‖ Mawaláng bisà ang isáng tungkulin ó kasalanan sa pamamagitan ng̃ paglipas ng̃ panahón.

PRESCRIPCIÓN. f. Paguutos; pagtatakdâ ng̃ isáng bagay. ‖ *For*. Pagkatamó ng̃ isáng bagay sa pamamagitan ng̃ paglipas ng̃ panahón.

PRESEA. f. Hiyás ó bagay na mahalagá.

PRESENCIA. f. Pagharáp. ‖ Tindíg, bikas at ayos ng̃ katawán. ‖ fig. Alaalang kasalukuyan sa isáng bagay.

PRESENCIAR. v. a. Humaráp.

PRESENTACIÓN. f. Paghaharáp ó pagharáp,

PRESENTAR. v. a. Ipakilala ang isáng bagay; iharáp sa isáng tao. || Ibigáy ng̃ walang bayad at kusangloób sa kapuwà ang isáng bagay. || Ipalagáy ang isáng tao sa isáng katungkulan. || v. r. Magpakilala; humaráp. || v. r. Humandóg ng̃ kusangloób sa kapuwà.

PRESENTE. adj. Nasa haráp; kaharáp. || Kasalukuyan. || m. Kaloób ó alay na ibinibigáy sa kapuwà.

PRESENTIMIENTO. m. Kutób ng̃ loób; kabá ng̃ dibdíb sa mangyayari.

PRESENTIR. v. a. Kumutób sa loób ang anománg pangyayaring daratíng. || Makiníkinitá; kumabá ang dibdíb.

PRESERVACIÓN. f. Pagliligtás; pagkaligtás.

PRESERVAR. v. a. Iligtás ang isáng tao ó bagay sa pang̃anib. || v. r. Maligtás sa pang̃anib.

PRESIDENCIA. f. Katungkulang pagkapang̃ulo. || Pang̃ung̃ulo. || Poók na kinadoroonan ng̃ pang̃ulo.

PRESIDENTA. f. Ang babaing nang̃ung̃ulo. || Asawa ng̃ pang̃ulo.

PRESIDENTE. m. Pang̃ulo. || Punò ng̃ isáng kapulung̃án ó pulong.

PRESIDIARIO. m. Bilanggô.

PRESIDIO m. Bilangguan.

PRESIDIR. v. a. Mang̃ulo. || Pumang̃ulo.

PRESIÓN. f. Paghigpít ó pagpisâ.

PRESO, SA m. y f. Bilanggô.

PRESTACIÓN. f. Pagpapahirám.

PRESTAMISTA. com. Ang nagpapahirám ng̃ salapî sa ibá.

PRÉSTAMO. m. Pagpapahirám ng̃ salapî.

PRESTAR. v. a. Magpahirám. || Tumulong sa ikapagtatamó sa isáng bagay. || v. r. Humandóg.

PRESTATARIO, RIA. adj. y s. Nanghihirám ng̃ salapî.

PRESTEZA. f. Kadalián; kaliksihán sa paggawâ ó pagsasabi ng̃ isáng bagay.

PRESTIGIO. m. Kabantugan; katanyagán sa madlâ.

PRESTO, TA. adj. Madalî; maliksíng gumawâ. || adv. t. Kapagdaka; kagyát.

PRESUMIDO, DA. adj. Palalò; mapagpanggáp.

PRESUMIR. v. a. Maghinalà; magpalagáy. || v. n. Magpalalô; magpanggáp.

PRESUNCIÓN. f. Paghihinalà; pagpapalagáy. || Pagpapalalô; pagpapanggáp. || *For.* Hinalà.

PRESUNTUOSIDAD. f. Kapalaluan; pagpapanggáp.

PRESUNTUOSO, SA. adj. y s. Palalò; mapagpanggáp.

PRESUPONER. v. a. Magpalagáy. || Magbalak.

PRESUPUESTO. m. Sanhî; dahilán sa paggawâ ng̃ isáng bagay. || Palagáy; balak. || Handáng gugol.

PRESUROSO, SA. adj. Madalî; matulin.

PRETENDER. v. a. Hangarín; naisin ‖ Pagsikapan.

PRETENDIENTE. p. a. ng Pretender Nahahangád; nagnanais.

PRETENSIÓN. f. Hangád; nais. ‖ pl. Mga mithiin

PRETERICIÓN. f. Pagbawas ó pagkáligtâ sa isáng tao ó bagay.

PRETERIR. v. a. Bawasin ó kaligtaán ang isáng tao ó bagay.

PRETÉRITO, TA. adj. Nauukol sa nakaraan ó nangyari na.

PRETEXTAR. v. a. Magdahilán.

PRETEXTO. m. Pagdadahilán.

PRETINA. f. Platina ng saya ó salawál.

PREVALECER. v. n. Makapangyari; manaíg; makahigít.

PREVENCIÓN. f. Pagagap. ‖ Paghahandâ upang makaiwas sa isáng kapahamakán ó makagawâ ng isáng bagay. ‖ Laang pagkain ‖ Pagtatanod sa isáng pook upang maagapan ang masasamáng loób.

PREVENIDO, DA. p. p. ng Prevenir. ‖ Handâ; laan. ‖ Saganà sa mga kailangan. ‖ Maagap; maingat.

PREVENIR. v. a. Ihandâ; ilaan. ‖ Agapan ang isáng kapahamakán ó kapinsalaan. ‖ Iwasan; pigilin ang isáng bagay. ‖ Ibalità; ipagbigáyalám. ‖ v. r. Humandâ; umagap.

PREVER. v. a. Makitang mauna; hulaan ang mangyayari sa pamamagitan ng mga palatandaan.

PREVIO, VIA. adj. Una; nasa unahán.

PREZ. amb. Karangalang natatamó sa isáng pagtatagumpáy ó pagwawagí.

PRIESA. f. Pagmamadalí. ‖ A. o *de priesa*. m. adv. Madalî.

PRIETO, TA. adj. Halos itím ó itimán.

PRIMACÍA. f. Kataasan at kahigtán ng isáng bagay sa ibá.

PRIMA FACIE expr. adv. lat. Sa unang malas.

PRIMARIO, RIA. adj. Una.

PRIMAZGO. m. Pagpipinsan.

PRIMERIZO, ZA. adj. y s. Baguhan. ‖ Nanganganay.

PRIMERO, RA. adj. Nauuna; una. ‖ Dakilà at nakahihigít sa ibá.

PRIMICIA. f. Unang bunga ng alinmáng bagay.

PRIMITIVO, VA. adj. Una; waláng pinanggalingang ibáng bagay.

PRIMO, MA. adj. Una. ‖ Dakilà. ‖ m. y f. Pinsan.

PRIMOGÉNITO, TA. adj. y s. Panganay.

PRIMOGENITURA; f. Pagkapanganay.

PRIMOR m. Kagalingan; kaayusan sa paggawâ ó pagsasabi ng isáng bagay.

PRIMORDIAL. adj. Waláng pinanggalingan; una. ‖ Nauukol sa simulang batayán ng isáng bagay.

PRIMOROSO, SA. adj. Marikít, maayos at ganáp. ‖ Sanáy.

PRINCIPAL. adj. Nauukol sa taong dakilà at nañguñguna sa ibá. ‖ Marilág; bunyî. ‖ Dakilà. ‖ m Punò sa isáng bahay kalakal.

PRÍNCIPE. m. Ang una at pinakadakilà sa isáng bagay. ‖ Anák na lalaking pañganay ng̃ harì. ‖ Harì sa isáng bansâ. ‖ Katibayang pangdañgál na ipinagkakaloób ng̃ mg̃a harì.

PRINCIPIANTE. p. a. ng̃ Principiar. Nagsisimulâ. ‖ m. Bagong nagsisimuláng magaral ó gumanáp ng̃ isáng katungkulan.

PRINCIPIAR. v. a. Simulán ang isáng bagay.

PRINCIPIO. m. Simulâ. ‖ Saligán; pinagmulán. ‖ Simulain.

PRINGOSO, SA. adj. May mantikà

PRINGUE. amb. Mantikà ng̃ tabâ ó ibáng bagay na kamukhâ. ‖ fig. Karumihán ó mantikang naninikít sa damít at ibá pang bagay.

PRIORIDAD. f. Pagkauná sa hanáy ó sa panahón ng̃ isáng bagay sa ibá.

PRISA. f. Kadalián.

PRISIÓN. f. Pagdakíp; pagsunggáb; paghuli. ‖ Bilangguan. ‖ pl. Pañgáw.

PRISIONERO. m. Bihag na kawal.

PRIVACIÓN. f. Pagbabawal; pagsausalà; pagpapaalís. ‖ Kawalán ng̃ isáng bagay sa isáng taong dapat magkaroón.

PRIVADO, DA. adj. Hindî hayagan; tañgì.

PRIVAR. v. a. Alisán ang isáng tao ng̃ bagay na tagláy ó inaarì; ilitan. ‖ Alisán ng̃ tungkól. ‖ Pagbawalan. ‖ Alisán ng̃ malay. ‖ v. r. Mawalán ng̃ malay.

PRIVILEGIO. m. Biyayà; pahintulot.

PRO. amb. Kapakinabañgán. ‖ *En pro.* m. adv. Kasangayon.

PROA. f. Unahán ng̃ bangkâ; doóng ng̃ sasakyáng dagat.

PROBANZA. f. Pagsubok.

PROBAR. v. a. Subukin. ‖ Siyasatin. ‖ Patibayan; patutohanan.

PROBIDAD. f. Kabutihan; kamahalan ng̃ ugalì; karañgalan.

PROBLEMA. f. Suliranin.

PROBO, BA. adj. Mabuti; mahál na ugalì; marañgál.

PROCAZ. adj. Walánghiyâ; pangahás; tampalasan.

PROCEDENCIA. f. Pinagmulán; pinagbuhatan.

PROCEDENTE. p. a. ng̃ Proceder. Nagmulâ; nanggaling sa isáng tao ó bagay. ‖ Sangayon sa matuwíd ó utos.

PROCEDER. m. Paraan ng̃ pakikiharáp at pamamahalà sa sarili. ‖ v. n. Sumunód ang isáng tao sa ibá na tagláy ang mabuting ayos. ‖ Manggaling; magbuhat ang isáng bagay sa ibá. ‖ Magpakabuti ng̃ asal at pamamahalà sa sarili. ‖ Isagawâ. ‖ Maayon sa matuwíd ó utos.

PROCEDIMIENTO. m. Pamamaraan ó kaparaanán ng̃ paggawâ ng̃ isáng bagay.

PRÓCER. adj. Mataás; dakilà. ‖ m. Taong may mataás na katungkulan.

PROCERIDAD f. Kataasan; kadakilaan. ‖ Lakás; kalaguán.

PROCESIÓN. f. Panggagaling ó pagbubuhat ng̃ isáng bagay sa ibá. ‖ Prusisyón. ‖ fig. y fam. Hanáy ng̃ mg̃a tao ó hayop na nagtutung̃o sa isáng poók.

PROCLAMA. f. Pahayag sa madlâ; tawag sa ikinakasál.

PROCLAMACIÓN. f. Pagpapatawag; paghahayág sa madlâ ng̃ isáng utos. ‖ Pagpupuring hayág.

PROCLAMAR. v. a. Itawag ó ipagpatawag; ipahayag sa madlâ. ‖ Ipagsayá ang unang pagtatatag ng̃ kaharián at ibp.

PROCREAR. v. a. Paramihin ang tao ó mg̃a hayop.

PROCURADOR, RA. adj. y s. Ang nagsisikap upang matamó ang isáng bagay. ‖ m. Ang gumagawâ ng̃ isáng bagay sa pang̃alan ng̃ ibá.

PROCURAR. v. a. Pagsikapan ang isáng bagay na ninanais.

PRODIGALIDAD. f. Paglulugsák ó pagaaksayá ng̃ sariling kayamanan. ‖ Kasaganaan.

PRODIGAR. v. a. Maglugsák ó magaksayá ng̃ sariling kayamanan. ‖ Ipagbiyayà. ‖ fig. Magukol na madalás ng̃ papuri, paglingap at ibp.

PRODIGIO. m. Kababalaghán. ‖ Bagay na tang̃ì at dî pangkaraniwan. ‖ Himalâ.

PRODIGIOSO, SA. adj. Kahang̃ahang̃à; kahimahimaâ.

PRÓDIGO, GA. adj y s. Alibughâ; mapaglugsák ng̃ sariling yaman: ‖ Mapagbiyayang lubhâ.

RRODUCCIÓN. f. Paglikhâ; pagpaparami. ‖ Bagay na nilikhâ ‖ Ani.

PRODUCIR. v. a. Lumikhâ; magparami. ‖ Umani. ‖ Magbigáy ng̃ pakinabang. ‖ v. r. Magpaliwanag sa pamamagítan ng̃ salitâ.

PRODUCTO. m. Bagay na nilikhâ. ‖ Ani ó pakinabang.

PROEMIO. m Paunang salitâ.

PROEZA. f. Katapang̃an; kabayanihan.

PROFANACIÓN. f. Paglapastang̃an.

PROFANAR. v. a. Lapastang̃anin; huwág igalang ang isáng bagay na kagalanggalang. ‖ fig. Panglabuin; dung̃isan ang kapurihán.

PROFANO. NA. adj. Hindî kagalánggalang. ‖ Nalalaban sa paggalang sa mg̃a bagay na kagalanggalang. ‖ Mahilig sa mg̃a ibabaw sa lupà.

PROFECÍA, f. Hulà. ‖ Panghuhulà.

PROFERIR. v. a. Bigkasín; wikain; ipang̃usap.

PROFESAR. v. a. Gumanáp ng̃ isáng karunung̃an, hanapbuhay at ibp. ‖ Magturò ng̃ isáng karunung̃an ó arte. ‖ Pumasok sa pagpaparì ó pagmomongha. ‖ Magpakahilig ng̃ pagganáp ng̃ isáng bagay. ‖ Sumampalataya.

PROFESIÓN. f. Pagganáp ng̃ isáng karunung̃an ó hanapbuhay. ‖ Hanapbuhay; katungkulan

PROFESOR, RA. m. y f. Tagapagturò.

PROFETA. m. Manghuhulang lalaki.

PROFETISA. f. Manghuhulang babae.

PROFETIZAR. v. a. Manghulà.

PROFICUO, CUA. adj. May kapakinabang̃án.

PRÓFUGO, GA. adj. y s. Tumakas; tanan.

PROFUNDIDAD. f. Kalaliman. ‖ Lalim.

PROFUNDIZAR. v. a. Laliman; palaliman. ‖ fig. Tarukín ng̃ isip.

PROFUNDO, DA. adj. Malalim. ‖ fig. Dî sukat matarók.

PROFUSIÓN. f. Kasaganaan. ‖ Kalabisán sa paggugugol; kabiyayaan.

PROFUSO, SA. adj. Masaganà; malabis gumugol.

PROGENIE. f; Angkán.

PROGENITOR. m. Kanunuang pinagbuhatan.

PROGRAMA. m. Patawag ó pahayag sa madlâ. ‖ Palatuntunan.

PROGRESAR. v. n. Umunlád; sumulong sa isáng bagay.

PROGRESIVO, VA. adj. Umuunlád; sumusulong.

PROGRESO. m. Pagunlád; pagsulong.

PROHIBICIÓN. f. Pagbabawal.

PROHIJAR. v. a. Parahing anák ang isáng tao.

PROHOMBRE. m. Taong tanyág.

PRÓJIMO. m. Kapuwà.

PROLE. f. Lahì; inanák.

PROLETARIO, RIA. adj. Mahirap ang buhay. ‖ fig. Pangkaraniwan.

PROLIJIDAD. f. Kahabaan ó kawigwigáng lubhâ.

PROLIJO, JA. adj. Mahabà; mawigwíg na lubhâ. ‖ Napakamaingat. ‖ Nakamumuhî.

PRÓLOGO. m. Paunang salitâ ng̃ isáng akdá.

PROLOGUISTA. m. Ang sumusulat ng̃ mg̃a paunang salitâ.

PROLONGACIÓN. f. Pagpapahabà ó paghabà. ‖ Bahaging mahabà ng isáng bagay.

PROLONGADO, DA. adj. Mahabà; malawig.

PROLONGAR. v. a. Pahabain; palawigin. ‖ Paluatín ó patagalín. ‖ v. r. Humabà; lumawig. ‖ v. r. Magluát; tumagál.

PROMEDIO. m. Kalagitnaan.

PROMESA. f. Pang̃akò. ‖ Panata.

PROMETER. v. a. Mang̃akò. ‖ v. r. Asahan ang isáng bagay. ‖ Magpanata. ‖ v. rec. Magpang̃akuan sa pagiisángpalad.

PROMINENCIA. f. Kataasan ng̃ isáng bagay.

PROMINENTE. adj. Mataás.

PROMISCUAR. v. n. Maghalò ng̃ pagkain ng̃ karné at isdâ sa araw ng̃ kurismá.

PROMISCUO, CUA. adj. Halobalò. ‖ May dalawáng kahulugán na mangyayaring gamitin ang alinmán sa dalawá.

PROMISIÓN. f. Pangakó.

PROMOCIÓN. f. Pagkataás sa tungkól.

PROMONTORIO. m. Kataasang tutoó ng lupà; tugatog. ‖ Tatgos.

PROMOVER. v. a. Pasulungin ang isáng bagay hanggáng sa sumapit sa kaganapán. ‖ Itaás sa tungkól.

PROMULGAR. v. a. Ihayág; ipaalám sa madlâ. ‖ fig. Pakalatin sa kaalamán ng lahát ang isáng bagay.

PRONOMBRE. m. *Gram*. Panghalili sa ngalan.

PRONOSTICACIÓN. f. Paghulà.

PRONOSTICAR. v. a. Manghulà.

PRONTITUD. f. Kadalián. ‖ Katalasan ng isip.

PRONTO, TA. adj. Madalî; matulin. ‖ Handâ sa paggawâ.

PRONUNCIACION. f. Pagbigkás. ‖ Paghahayág.

PRONUNCIAR v. a. Bumigkás; maghadyá. ‖ *For.* Ipahayag ang hatol. ‖ v. r. fig. Maghimagsík.

PROPAGACION. f. Pagpaparami; pagdami. ‖ Pagpapalaganap ó paglaganap ng isáng bagay.

PROPAGANDA. f. Pagpapakalat; pagpapalaganap.

PROPAGAR. v. a. Paramihin. ‖ fig. Palaganapin. ‖ v. r. Dumami. ‖ v. r. fig. Lumaganap.

PROPALAR. v. a. Ihayág ó isiwalat ang isáng bagay na lihim.

PROPASAR. v. a. Lampasán. ‖ v r. Lumampás; lumabis.

PROPENDER. v. n. Mahilig ang isáng tao sa isáng bagay.

PROPENSIÓN. f. Hilig.

PROPENSO, SA. adj. Mahilig.

PROPICIAR. v. a. Pahupaín ang galit ng isáng tao.

PROPICIO, CIA. adj. Mabuting loób; mahilig na gumawâ ng mabuti.

PROPIEDAD. f. Pagaarì. ‖ Uring katutubò ng isáng tao ó bagay. ‖ fig. Pagkakawangkî ó pagpaparis na lubós.

PROPIETARIO, RIA. adj. y s. Nagmamay arì

PROPINA. f. Pabuyà; paragala.

PROPIO, PIA. adj. Sarili. ‖ Katutubò. ‖ Bagay at karapatdapat.

PROPONER. v. a. Ipalagáy; imungkahì. ‖ v. r. Magpasyá sa sarili.

PROPORCION. f. Pagkakabagay ó pagkakaukol ng mga bahagi ng isáng bagay sa kabuuán.

PROPORCIONAL. adj. Bagay; angkóp; ukol.

PROPORCIONAR. v. a. Bagayan; pagukulan. ‖ Ilagáy sa ayos ang mga bagay upang matamó ang nilalayon. ‖ Ilagáy sa kapakanán ng isáng tao ang kinakailangan ó nararapat.

PROPOSICION. f. Pagpapalagáy.

PROPÓSITO. m. Tangkâ; hangád ‖ Bagay na tinutukoy. ‖ *Á propósito.* m. adv. Bagay. ‖ *De Propósito.* m. adv. Kusà; sadyâ.

PROPUESTA. f. Palagáy.

PRORRATA. f. Bahaging nauukol sa bawa't isá; kaparté. ‖ *Á Prorrata.* m. adv. Untíuntî ‖

PRÓRROGA. f. Palugit.

PRORROGABLE. adj. Mapalulugitan.

PRORROGAR. v. a. Palugitan. ‖ Abalahin; pigilin.

PRORRUMPIR. v. a. Lumabás na biglâ ang isáng bagay. ‖ fig. Bumulalás ang tinig, buntúnghiningá ó damdamin.

PROSAPIA. f. Angkán.

PROSCRIBIR. v. a. Itapon ang isáng tao sa kaniyang bayang tinubuan.

PROSCRIPCIÓN. f. Pagtatapon sa isáng tao sa kaniyáng bayang tinubuan.

PROSECUCIÓN. f. Pagpapatuloy.

PROSEGUIBLE. adj. Maipagpapatuloy.

PROSEGUIR. v. a. Ipagpatuloy; magpatuloy.

PROSÉLITO. m. Hindî binyagang nagbalik loób. ‖ fig. Kakampí sa isáng lapian ó aral.

PROSODIA. f. *Gram.* Bahagi ng̃ gramatikang nagtuturó ng̃ maayos at wastóng pagbigkás ng̃ mg̃a pang̃ung̃usap.

PROSPECTO. m. Maiklíng patalastas sa madlâ hinggil ta isáng akdâ.

PROSPERAR. v. a. Pasaganain; paginhawahin. ‖ v. n. Lumusog; guminhawa.

PROSPERIDAD. f. Kasaganaan; kaginhawahan; kapalarang mabuti.

PRÓSPERO, RA. adj. Masaganà; mapalad; maginhawa.

PROSTITUCIÓN. v a Pagbibil ng̃ puri; pang̃ang̃alakal ng̃ lamán.

PROSTITUIR. v a Magbilí n puri; mang̃alakal ng̃ lamán. ‖ fig. Siraan ng̃ puri; magbilí ng̃ katungkulan. ‖ v. r. Sumamâ.

PROSTITUTA f. Puta; masamáng babae.

PROTAGONISTA. com. Pinakapang̃ulong lumalabás sa dulâ.

PROTECCIÓN. f. Pagkaling̃à; pagkupkóp.

PROTECTOR, RA. adj. y s. Kumakaling̃à; nagkukupkóp.

PROTEGER. v. a. Kaling̃ain; kupkupín.

PROTEGIDO, DA. m. y f. Kinakaling̃à; kinukupkóp.

PRO TÉMPORE. loc. lat. Sangayon sa panahón; pangsamantalá.

PROTESTA. f Pagtutol.

PROTESTAR. v. a. Tumutol.

PROTOTIPO. m. Parisán.

PROVECHO m. Kapakinabang̃án. ‖ Pakinabang na tinatamó.

PROVECHOSO, SA. adj. May kapakinabang̃án.

PROVEER. v. a. Maglaan at magtipon ng̃ mg̃a kailang̃an. ‖ Pagkalooban ng̃ katungkulan. ‖ ‖ Bigyán ng̃ kinakailang̃an sa isáng layon. ‖ v r. Magkaroón ng̃ mg̃a kinakailang̃an.

PROVENIR. v. a. Magbuhat; manggaling ang isáng bagay sa ibá.

PROVERBIO. m. Kasabihán.

PROVIDENCIA. f. Katalagahan. || fig. Diyós. || *For.* Hatol ng̃ hukóm.

PROVIDENCIAL. adj. Nauukol sa katalagahan.

PROVINCIA f. Lalawigan.

PROVINCIAL. adj. Nauukol sa lalawigan.

PROVISIÓN. f. Pagbibigáy ng̃ mg̃a kinakailang̃an. || Paglalaan ng̃ mg̃a pagkabuhay ó kayamanan. || Pagkain ó pagkabuhay.

PROVISIONAL. adj. Pangsamantalá.

PROVOCACIÓN. f. Paghamon; paguudyók.

PROVOCAR. v. a. Udyukán; sulsulán || Hamunin.

PROVOCATIVO, VA. adj. Nakapaguudyók; nakabubuyó.

PROXIMIDAD. f. Kalapitan; kadulutan

PRÓXIMO, MA. adj. Malapit; dulot.

PROYECTIL. m. Alinmáng panudlâ, gaya ng̃ sibát, pungló at ibp.

PROYECTO. m. Balak; panukalà.

PRUDENCIA. f Kabaitan. || Hinahon; lumanay.

PRUDENTE. adj. Mabait; malumanay; mahinahon.

PRUEBA. f. Pagpapatunay. || Patunay ó patutoó. || Subok. || Tikím.

PRURITO. m. *Med.* Katí. || fig. Pitang malabis.

PSEUDÓNIMO. m. Pang̃alang dî tunay ó sagisag.

PSICOLOGÍA. f. Bahagi ng̃ pilosopiya na tumutukoy sa kaluluwá at kapangyarihan nitó.

PÚA. f. Tulis; subyáng. || Ng̃ipin ng̃ sukláy. || Panugtóg sa gitara. || Pakò ng̃ trumpó.

PÚBER, RA. adj. y s. Magbabagúngtaó; magdadalagá.

PUBERTAD. f. Pagbabagúngtaó; pagdadalagá.

PUBESCER. v. n. Magbagúngtaó; magdalagá.

PUBLICACION. f. Paglalathalà.

PUBLICAR. v. a. Itawag sa madlâ ang isáng bagay. || Ilathalà; ihayág. || Isiwalat ang isáng lihim.

PUBLICIDAD. f. Pagkahayág; pagkalathalà. || Paglalathalà.

PÚBLICO, CA. adj. Hayág. || Karaniwan ó alám ng̃ lahát. || Nauukol sa bayan. || m. Mamamayán. || *En Publico.* m. adv Hayagan.

PUCHERO. m. Palayók. || fig y fam. Pagkain sa arawaraw at karaniwan.

PUDENDO, DA. adj. Pang̃it; nakahihiyâ. || m. Pagaarì ng̃ lalaki

PUDICICIA. f. Kahinhinán ng̃ mg̃a kilos at pagsasalitâ.

PÚDICO, CA. adj. Mahinhín; malinis na asal.

PUDIENTE. adj. y s Makapangyarihan; mayaman.

PUDOR. m Kahinhinán.
PUDOROSO SA. adj. Mahinhín.
PUDRICION. f. Pagkabulók ‖ Kabulukán.
PUDRIR. v. a. Bulukín. ‖ v. r Mabulók.
PUEBLO. m. Bayan. ‖ Mamamayán. ‖ Ban-â.
PUENTE. amb. Tuláy.
PUERCA. f. Baboy na babae. ‖ fig. y fam. Babaing salaulà. ‖ fig. y fam. Babaing waláng pinagaralan.
PUERCO. m. Baboy na lalaki. ‖ fig. y fam. Lalaking salaulà ‖ fig. y fam. Lalaking waláng pinagaraaln.
PUERICIA. f. Kabataan.
PUERIL. adj. Nauukol sa batà.
PUERILIDAD. f. Pagkabatà ‖ Gawâ ó salitáng batà. ‖ fig Bagay na waláng gaanong halagá.
PUERTA. f. Pintô.
PUERTO. m. Daungan nğ mğa sasakyángdagat. ‖ fig. Ampunan.
PUES. conj. causal. Sapagka't; dahil sa. ‖ conj. continuativa. Ngâ. ‖ conj. ilativa. Kung ga yón
PUESTA. f. Paglubóg nğ araw ó buwán. ‖ Pustá.
PUESTO, TA. p. p. irreg. nğ Poner. ‖ m. Kinalalagyán nğ isáng bagay. ‖ Poók na pinagsasagawán nğ isáng bagay. ‖ Pinagtitindahán. ‖ Katungkulan. ‖ fig. Katayuan nğ isáng bagay, ‖ *Puesto que*. modo conjuntivo. Yayamang.
PUGILATO. m. Pagpapanuntukan.
PUGNA. f. Labanán; away. ‖ Pagkakaalít nğ mğa tao ó bagay.
PUGNAR. v. n. Bumabag; umaway. ‖ fig. Magsumikap. ‖ fig. Magpilit upang matamó ang isáng bagay.
PUJANZA. f. Siglá; lakás upang makaganáp.
PUJAR. v. a. Magpilit na mauná ó makapagpatuloy sa isáng gawâ. ‖ Magdagdág nğ tawad sa tiyák na halagá nğ isáng bagay.
PUJO. m. Hilab. ‖ fig. Nais na mapilí sa isáng bagay.
PULCRITUD. f. Kagandahan; karıktán.
PULCRO, CRA. adj. Magandá; marikít.
PULGA. f. Pulgás.
PULGADA. f. Dalì.
PULGAR. m. Daliring hinlalakí.
PULGARADA. f. Kató ng hinlalakí.
PULGOSO, SA. adj Mapulgás.
PULIDEZ. f. Kakinisan.
PULIDO, DA. adj. Makinis; marikít.
PULIMENTAR. v. a. Pakinisin; pakintabín.
PULIMENTO. m. Pagpapakinis; pagpapakintáb.
PULIR. v. a. Kinisin; pakintabín ‖ Pamutihan; ayusin.
PULMÓN. m. Bagà.
PULMONAR. adj. Nauukol sa bagà.

PULMONÍA. f. *Med.* Pamamagâ ng bagà.
PULSACIÓN. f. Pagpulsó. ‖ Tibók ng pulsó.
PULSAR. v. a. Hipuin; tapikín. ‖ Pulsuhán. ‖ fig. Tayahin ang isáng bagay. ‖ v. n. Tumibók ang pulsó, pusò at ibp.
PULSO. m. Tibók. ‖ Pulsó. ‖ Pagtaya sa isáng kalakal.
PULULAR. v. n. Magusbóng ó magsuwí ang halaman. ‖ Duming biglâ sa isáng poók ang mga hayop.
PULVERIZAR. v. a. Pulbusín. ‖ v. r. Magpulbós.
PUNDONOR. m. Kapurihán; karangalan.
PUNDONOROSO, SA. adj. May puri; marangál.
PUNIBLE. adj. Kaparuparusa.
PUNTA. f. Tulis. ‖ Dulo. ‖ Lupang nakaungós sa dagat; tangos.
PUNTADA. f. Durò ng karayóm, balibol at ibp.
PUNTAL. m. Suhay. ‖ fig. Tukod; batayán.
PUNTAPIÉ. m. Sipà ó tadyák.
PUNTIAGUDO, DA. adj. Matulis; mahayap.
PUNTO. m. Tuldók.
PUNTUAL. adj. Madalî; masipag; hustó sa panahón. ‖ Hindî mapagaalinlanganan; tunay. ‖ ‖ Ayon; akmâ.
PUNTUALIDAD. f. Ingat at sipag sa paggawâ ng isáng bagay. ‖ Kaangkupán sa bagay na pinagúukulan.
PUNZADA. f. Sugat na gawâ ng durò. ‖ fig. Damdamin ng kalooban.
PUNZAR. v. a. Duruin; saksakín. ‖ fig. Damdamín sa loób ang isáng bagay.
PUÑADA. f. Suntók.
PUÑADO. m. Dakót.
PUÑAL. m. Panarak.
PUÑALADA. f. Saksák; ulos ng panarak.
PUÑETAZO. m. Suntók.
PUÑETE. m. Suntók.
PUÑO. m. Kamáy na nakatikom ang mga dalirì. ‖ Dakót. ‖ Punyós. ‖ Puluhán.
PUPILA. f. Batang babaing ulila. ‖ *Zool.* Balintatáw ng matá.
PUPILAJE. m. Kalagayan ng batang ulila. ‖ Bahay patirahan sa mga nagaaral. ‖ Upa sa pagtirá ng mga nagaaral.
PUPILERO, RA. m. y f. Ang tumatanggáp ng pagtirá ng mga nagsisipagaral sa pamamagitan ng upa.
PUPILO. m. Batang lalaking ulila. ‖ Ang nagbabayad sa pagtirá sa bahay ng ibá.
PUREZA. f. Kadalisayan.
PURGACIÓN. f. Paglilinis; pagdalisay ng isáng bagay.
PURGAR. v. a. Linisin; dalisayin ang isáng bagay. ‖ Purgahín. ‖ v. r. Magpurgá.
PURIDAD. f. Kalinisan; kadalisayan. ‖ Lihim.
PURIFICACIÓN. f. Paglilinis; pagdalisay. ‖ Pagkadalisay.

PURIFICAR. v. a. Dalisayin; linisin. ‖ v. r. Madalisay; luminis.

PURO, RA. adj. Dalisay; malinis. ‖ fig. Wagás; lubós.

PURULENTO, TA. adj. *Med.* May nanà.

PUS. m. Nanà.

PUSILÁNIME. adj. y s. Mahinang loób; duwág.

PUSILANIMIDAD. f. Kahinaan ng̃ loób; kaduwagán.

PUTA. f. Babaing masamâ.

PUTAISMO. m. Pagpuputa.

PUTAÑEAR. v. n. Magpakahilig sa masamáng babae.

PUTATIVO, VA. adj. Inaaring amá, kapatíd at ibp.

PUTREFACCIÓN. f. Pagbulók. ‖

PUTREFACTIBLE. adj. Mabubulók ó madalíng mabulók.

PUTREFACTO, TA. adj. Bulók.

PUTRIDEZ. f. Kabulukán.

PÚTRIDO, DA adj. Bulók.

PUTRÍVORO, RA. adj. *Zool.* Kumakain ng̃ mg̃a bulók.





Q

Q. f Ikadalawangpúng titik nğ abakadang kastilà at panglabíng-anim sa kaniyáng mğa consonante.

QUE. f. pron. rel. Na. ‖ pron. interrog. ¿Anó? ‖ conj. cop. At. ‖ conj. caus. Sapagka't.

QUEBRABLE. adj. Mababasag.

QUEBRADA. f. Biták sa mğa bundók.

QUEBRADIZO, ZA. adj. Marupók; madalíng mabasag.

QUEBRADO, DA. adj. y s. Nalugi. ‖ Nilulusłusán. ‖ Mahinà. ‖ Nauukol sa lupang bakílbakíl. ‖ m. Kasiraan; kabakilán.

QUEBRADOR, RA. adj. y s, Bumabasag ó sumisirà nğ isáng bagay. ‖ fig. Lumalabág sa isáng batás.

QUEBRADURA. f. Basag; lamat. ‖ Luslós.

QUEBRAJA. f. Lahang.

PUEBRAJAR. v. a. Palahanğin. ‖ v. r. Maglahang.

QUEBRAJOSO, SA. adj. Marupók. ‖ Malahang.

QUEBRANTABLE. adj. Mababasag. ‖ Malalabág ang kautusán.

QUEBRANTADOR, RA. adj. y s. Sumisirà; bumabasag. ‖ Lumalabág.

QUEBRANTAMIENTO. m. Pagsirà; pagbasag; pagkasirà; pagkabasag ‖ Paglabág sa kautusán.

QUEBRANTAR. v. a. Sirain; basagin. ‖ Paglahanğin. ‖ Dikdikín. ‖ Lapastanğanin. ‖ fig. Labagín ang kautusán ó kapanğakuán. ‖ fig. Papanghinain. ‖ v. r. Manghinà ang katawán dahil sa damdamin ó sakít.

QUEBRANTO. m. Pagsirà; pagbasag; pagkasirà; pagkabasag. ‖ fig. Panghihinà. ‖ fig. Panghihinayang; habág. ‖ fig. Kalugihán ó kasiraáng malakì. ‖ fig. Pighatì; damdamin.

QUEBRAR. v. a. Basagin; sirain. ‖ Baluktutìn; baliin. ‖ v. n. fig. Sumirà nğ pagkikilala nğ kapuwà. ‖ v. r. Luslusán. ‖ v. r. *Com.* Manğulugi.

QUEDAR. v. n. y r. Maiwan ó magpaiwán sa isáng poók. ‖ Matirá; malabí ang bahagi nğ isáng bagay.

QUEDO, DA. adj. Tahimik. ‖ adv. m. Bulóng. ‖ *A*, ó *de quedo.* m. adv. Dahandahan.

QUEHACER. m. pl. Gawain.

QUEJA. f. Daíng; hinanakít. ‖

QUEJARSE. v. r. Dumaíng. ‖ Maghinanakít. ‖ Magharáp nğ sumbóng.

QUEJICOSO, SA. adj. Madainğin; mahihinakitin.

QUEJIDO. m. Daíng; halinghíng.

QUEJOSO, SA. adj; May hinanakít; dumaraíng. ‖ Maselang; maramdamin.

QUEJUMBRE. f. Daíng na madalás na karaniwa'y waláng gaanong dahilán.

QUEJUMBROSO, SA. adj. Madainğing labis.

QUEMA. f. Pagsunog ó pagkasunog. ‖ Sunog.

QUEMADERO, RA. adj. Mangyayaring sunugin. ‖ m. Sunugán.

QUEMADOR, RA. adj. y s. Sumusunog. ‖ Manununog.

QUEMADURA. f. Pasò. ‖ Paltós sa pagkapasò.

QUEMAR. v. a. Sunugin. ‖ Pasuin. ‖ v. n. Uminit nğ labis

QUEMAZÓN. f. Pagsunog ó pagkasunog. ‖ Malabis na init. ‖ fig. y fam. Katí nğ balát.

QUERELLA. f. Daíng. ‖ Kagalitan; away. ‖ *For.* Sumbóng.

QUERELLANTE. p. a. nğ Querellarse. s. Dumaraíng; nagsusumbóng.

QUERELLARSE. v. r. Dumaíng. ‖ *For.* Magsumbóng laban sa isáng tao; magsakdál.

QUERELLOSO, SA. adj. y s. Nagsusumbóng. ‖ Madainğin.

QUERENCIA. f. Pagibig. ‖ Hilig nğ tao ó iláng hayop na manumbalip sa poók na kinamulatan. ‖ Poók na kinawiwilihan nğ sinomán.

QUERER. v. a. Nasain; pitahin. ‖ Ibigin; sintahín. ‖ *Sin querer.* m. adv. Hindî sinasadyâ.

QUERIDO, DA. p. p. nğ Querer. ‖ adj. Iniibig; sinisintá. ‖ m. y f. Kalunyâ.

QUESEAR. v. n. Gumawâ nğ keso.

QUESERA. f. Babaing gumagawâ ó nagtitindá nğ keso. ‖ Gawaan nğ keso. ‖ Taguán nğ keso. ‖ Lalagyán nğ keso sa mesa.

QUESERÍA. f. Panahóng iginagawâ nğ keso ‖ Gawaan nğ keso. ‖ Tindahan nğ keso.

QUESERO. m. Lalaking gumagawâ ó nagtitindá nğ keso.

QUESO. m. Gatas na pinatigás ó keso.

QUICIO. m. Kahoy na kinakakabitán nğ pintô ó bintanà sa pagpaspás.
QUIEBRA. f. Basag. ‖ Lahang ó biták nğ lupà. ‖ Kalugihán ó pangğulugi.
QUIEN. pron. rel. Na; sino.
QUIENQUIERA. pron. indet. Sinomán.
QUIETO, TA. adj. Waláng galáw. ‖ fig. Tahimik; matiwasáy.
QUIETUD. f. Kawalán nğ galáw. ‖ fig. Katahimikan; katiwasayán.
QUIJADA f. Pangğá; sihang.
QUIJAL. m. Pangğá; sihang. ‖ Bagáng.
QUIJARUDO, DA. adj. Pangğahán
QUILATE. m. Urì.
QUILATERA. f. Urián.
QUILLA. f. *Mar.* Lunas nğ sasakyángdagat.
QUIMERA. f. fig. Guniguní; hakahakà. ‖ fig. Away.
QUIMÉRICO, CA. adj. Malikmatá; hakahakà.
QUIMERISTA. adj. y s. Maibigín sa mğa hakahakà. ‖ Palaawáy.
QUIMERIZAR. v. n. Lumikhâ nğ mğa bagay na hindî tutoó ó hakahakà.
QUINCALLA. f. Katipunan nğ mğa bagay na yaring bakal na karaniwa'y maliít ang halagá, gaya nğ guntíng, didal at ibp.
QUINCALLERÍA. f. Gawaan, tindahan ó pangğangğalakal nğ mğa bagay na yaring bakal, gaya nğ guntíng, didál at ibp.
QUINCE. adj. Labínglimá. ‖ m. Ang kabilangğang labínglimá.
QUINCENA. f. Sa loób nğ labínglimáng araw. ‖ Sahod sa loób nğ labínglimáng araw.
QUINCENAL. adj. Sumusunód ó nauulit sa tuwíng labínglimáng araw. ‖ Nagtatagál nğ labínglimáng araw.
QUINCUAGENARIO, RIA. adj. May bilang na limangpû. ‖ Limangpuín taóng gulang.
QUINCUAGÉSIMO, MA. adj. Ikalimangpû.
QUINDÉCIMO, MA. adj. y s. Ikalabínglimáng bahagi nğ isáng buô.
QUINDENIO. m. Labínglimáng taón.
QUINGENTÉSIMO, MA. adj. Ikalimàng daan.
QUINIENTOS, TAS. adj. Limángdaan.
QUINQUENIO. m. Limáng taón.
QUINTA. f. Bahay liwaliwan sa parang.
QUINTAL. m. Timbáng na sangdaang libra.
QUINTO, TA. adj. Ikalimá.
QUINTUPLICAR. v. a. Gawíng makalimáng dam ‖ v. r. Magíng makalimáng dami.
QUÍNTUPLO, PLA. adj. Makalimáng dami.
QUINZAVO, VA. adj. *Arit.* Ikalabínglimáng bahagi nğ isáng buô.
QUIROMANCIA. f. Panghuhulà sa pamamagitan nğ mğa guhit nğ palad.

QUISCOSA. f. fam. Bugtóng.
QUITAAGUAS. m. Payong.
QUITAPÓN. m. Tanggalin.
QUITAR. v. a. Alisín. ‖ Umitín. ‖ Pigilin. ‖ Pagbawalan. ‖ Pawaláng bisà ang isáng batás. ‖ v. r. Maalís ang isáng bagay. ‖ Lumayô.
QUITASOL. m. Payong na ginagamit kung tagaráw.
QUITASUEÑOS. m. Pangalís ng antók.
QUITE. m. Pagaalís.
QUIZÁ. adv. d. Marahil; tila.
QUIZÁS. adv. d. Marahil; tila.
QUÓRUM. m. Bilang ng mga kasangguning kinakailangan sa pagpupulong.



R

R. f. Ikadalawangpú't isáng titik ng̃ abakadang kastilà at panglabingpitó sa kaniyáng mg̃a consonante.

RABADILLA. f. Tulatód.

RABANAL. m. Lupang taniman ng̃ labanós.

RABANERA. f. Babaing nagtitindá ng̃ labanós.

RABANERO, RA. adj. fig. y fam. Nauukol sa damít na maiklî ng̃ mg̃a babae. ‖ fig. y fam. Nauukol sa kilos at pagsasalitáng magaslâw at bastós. ‖ m. Lalaking nagtitindá ng̃ labanós.

RABANIZÀ. f. Binhî ng̃ labanós.

RÁBANO. m. Labanós.

RABEAR. v. n. Pumaspás ang buntót.

RABEO. m. Pagpaspás ng̃ buntót.

RABIA. f. Sakít na nagbubuhat sa kamandág ng̃ kagát. ‖ fig. Galit; poót,

RABIAR. v. n. Magkasakít dahil sa kagát na makamandág. ‖ fig. Magdamdám ng̃ isáng matinding kirót na ikinahahalinghíng. ‖ fig. Magng̃itng̃ít; magalit.

RABIATAR. v. a. Talian sa buntót.

RABICORTO, TA. adj. Nauukol sa hayop na maiklî ang buntót. ‖ fig. Nauukol sa taong nananamít ng̃ maiklî kaysa karaniwan.

RABIETA. f. fig. y fam. Ng̃itng̃it; malakíng poót.

RABILARGO, GA. adj. Nauukol sa hayop na mahabà ang buntót. ‖ fig. Nauukol sa taong nananamít ng̃ mahabang humihilahod sa lupà.

RABIOSO, SA. adj. y s. May sakít na buhat sa kagát na makamandág. ‖ Nagagalit; nang̃ing̃itng̃ít. ‖ fig. Masidhî; marahás.

RABO. m. Buntót. ‖ fig. y fam. Alinmáng bagay na nakalawít na parang buntót ng̃ hayop.
RABÓN, NA. adj. Nauukol sa hayop na maiklî ang buntót kaysa karaniwan.
RABOSO, SA. adj. May buntót ó himulmól ang laylayan.
RABUDO, DA. adj. Malakí ang buntót.
RACIMO. m. Buwíg.
RACIMOSO, SA. adj. May buwíg; mabuwíg.
RACIOCINAR. v. n. Magwarì; magisipisip.
RACIOCINIO. m. Isip. ‖ Pagiisip ó pagwawarì. ‖ Matuwíd.
RACIÓN. f. Bahagi ng̃ pagkaing ibinibigáy sa tao ó hayop sa bawa't oras ng̃ pagkain.
RACIONAL. adj. Nauukol sa katuwiran. ‖ adj. y s. May pagiisip.
RACIONALIDAD. f. Pagkamatuwiran ó pagkamayisip.
RACIONAR. v. a. *Mil.* Mamahagi ng̃ pagkain sa mg̃a kawal.
RACIONERO. m. Ang tagapamahagi ng̃ pagkain sa isáng kapisanan.
RADA. f. Kanlung̃an ng̃ mg̃a sasakyángdagat.
RADIANTE. adj. Nagsasabog ng̃ liwanag. ‖ fig. Nagniningníng. ‖ fig. Masayá; nasisiyahán.
RADIAR. v. n. Magsabog ng̃ liwanag.
RADICAL. adj. Nauukol sa ugát. ‖ fig. Pinagbabatayan.
RADICAR. v. n. Magugát.
RAEDERA. f. Kudkuran.
RAEDIZO, ZA. adj. Madalíng kudkurín ó kakasin.
RAEDURA f. Pagkudkód; pagkakas. ‖ Pinagkudkurán ó pinagkakasan.
RAER. v. a. Kudkurín; kakasin.
RÁFAGA. f. Alinmáng ulap na manipís, kapag nagbabago ang panahón. ‖ Hampás ng̃ liwanag na matindí at biglâ.
RAIBLE. adj. Makukudkód ó makakakas.
RAIDO, DA. p. p. ng̃ Raer. ‖ adj. Gasgás; gamít nang tutoó. ‖ adj. fig. Hindî nahihiyâ.
RAIGÓN. m. Ugát na malakí. ‖ Punò ng̃ bagang at ng̃ipin.
RAIZ. f. Ugát ng̃ halaman. ‖ fig. Ibabâ ó paá ng̃ isáng bagay. ‖ fig. Pinagmulán ng̃ isáng bagay.
RAJA. f. Pidpíd ng̃ kahoy. ‖ Lahang; lamat ng̃ isáng bagay. ‖ Piraso ng̃ bung̃angkahoy ó ibáng kakanín.
RAJAR. v. a. Sipakín; tilarín. ‖ Biyakín. ‖ fig. y fam. Magsasalitâ; dumaldál.
RALEAR. v. n. Mangdalang; lumabnáw.
RALEZA. f. Pangdadalang; kalabnawán.
RALO, LA. adj. Madalang; malabnáw.
RALLADURA. f. Daan ng̃ kayod. ‖ Nakayod.
RALLAR. v. a. Kayurin; gadgarín.
RALLO. m. Gadgaran; kayurán.

RAMA. f. Sangá. ‖ fig. Angkán; labì.

RAMAJE. m. Katipunan ng mga sangá.

RAMERA. f. Babaing nangangalakal ng puri.

RAMIFICACIÓN. f. Pagsasangá.

RAMIFICARSE. v. r. Magsangá.

RAMILLETE. m. Kumpól ng mga bulaklák na ginagawáng palamuti.

RAMIZA. f. Katipunan ng mga sangáng pinutol.

RAMO. m. Sangáng may kaliliitan. ‖ Sangáng pinutol sa punò. ‖ Kumpól ng mga bulaklák, sangá ó damó na pinagsalítsalít. ‖ fig. Bahagi ng isáng kabuuán.

RAMONEAR. v. n. Pumutol ng mga sangá ng punungkahoy.

RAMOSO, SA. adj. Masangá.

RANA. f. Palakâ.

RANCAJO. m. Salubsób.

RANCIO, CIA. adj. Maantá.

RANGO. m. Urì ng kalagayan ng isáng tao.

RAPACIDAD. f. Pagkamangdaragit ó pagkamagnanakaw.

RAPADOR, RA. adj. y s. Umaahit. ‖ m. fam. Mangaahit ng balbás.

RAPADURA. f. Pagahit ó pagaahit.

RAPAR. v. a. Ahitan. ‖ fig. y fam. Umitán ó pagnakawan. ‖ v. r. Magahit.

RAPAZ. adj. Magnanakaw; mangdaragit. ‖ *Rapaz, za.* m. y f. Batang paslít.

RAPIDEZ. f. Kabilisán; katulinan.

RÁPIDO, DA. adj. Mabilís; matúlin.

RAPIÑA. f. Pangdaragit; pangangagáw.

RAPIÑAR. v. a. fam. Dagitin; agawin.

RAPISTA. m. fam. Mangaahit ng balbás.

RAPTAR. v. a. Agawin ang babae.

RAPTO. m. Pangangagaw. ‖ Pagagaw ng babae. ‖ *Med.* Pagkawalâ ng malay.

RAPTOR, RA. adj. y s. Umagaw; tumangáy sa babae.

RAQUÍTICO, CA. adj. fig. Malíit; mahinà.

RARO, RA. adj. Bihirà; hindî karaniwan. ‖ Dakilà; katangitangì.

RASADURA. f. Pagkalos. ‖ Pagsagì ng marahan.

RASAR. v. a. Kalusin. ‖ Isaging marahan ang isáng bagay sa ibá.

RASCADOR. m. Pangamot.

RASCADURA. f. Pagkamot.

RASCAR. v. a. Kamutin; kaskasín. ‖ v. r. Makamot; makaskás.

RASCAZÓN. f. Katí.

RASERO. m. Kalos.

RASGADURA. f. Pagpunit. ‖ Punit.

RASGAR. v. a. Punitin; pilasin.

RASGO. m. Guhit na pangpagandá sa titik na sinusulat. ‖ fig. Kilos na makisig at dakilà na katutubò sa damdamin. ‖ Tabas ng mukhâ.

RASGÓN. m. Punit ng̃ damít ó kayo.

RASGUÑAR. v. a. Kamutin ó galusan.

RASGUÑO. m. Kamot; galos; gurlís.

RASO, SA. adj. Patag; makinis

RASPADOR. m. Pangkatkát sa sinulat.

RASPADURA. f. Pagkatkát. || Pinagkatkatán.

RASPAR. v. a. Katkatín. || Sumigíd ang alak sa ng̃aláng̃alá.

RASPEAR. v. n. Gumaralgál ang panitik.

RASTRALLAR. v. n. Humaginít ang latikó kung ipinapalò.

RASTREAR. v. a. Bakasín. || fig. Siyasatin; hanapin ang isáng bagay.

RASTRILLO. m. Pang̃alaykáy.

RASTRO. m. Bakás.

RASTROJO. m. Dayami.

RASURA. f. Pagahit. || Pinagkakasan.

RASURAR. v. a. Ahitan. || v. r. Magahit.

RATA. f. Dagáng babae.

RATEAR. v. a. Bawasan ng̃ untíuntî. || Pagbahagihin ng̃ magkasingdami. || Mangumít ng̃ mg̃a bagay na maliít ang halagá. || v. n. Magipód sa lupà.

RATERÍA. f. Panguumít.

RATERO, RA. adj. y s. Tekas. || adj. Nagiipód sa lupà.

RATIFICACIÓN. f. Pagpapatunay; pagpapatibay.

RATIFICAR. v. a. Patunayan; patibayan. || v. r. Mapatunayan; magtibay.

RATO. m. Sangdalî; saglít.

RATÓN. m. Dagáng lalaki.

RATONA. f. Dagáng babae.

RATONAR. v. a. Ng̃atng̃atín ng̃ dagâ.

RATONERA. f. Panghuli ng̃ dagâ. || Lunggá ng̃ dagâ.

RATONESCO, CA. adj. Nauukol sa dagâ.

RAUDAL m. Kasaganaan ng̃ tubig na tumatakbó ng̃ matulin. || fig. Karamihan ng̃ mg̃a bagay na biglâ at paminsanang nagkakatipon.

